


# Ang mga Aralin

## Para sa mga

# BAGONG MUSLIM

Sinalisik at Inihanda ni:
Eisa "Rene" Saturno - Batallones

# الدروس الإسلامية

## للمسلم الجديد

إعداد : عيسى بتالونس

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد
وتوعية الجاليات بالجبيل

JUBAIL DA'WAH & GUIDANCE CENTER
☎ 03-3625500 🖷 03-3626600
P.O. Box 1580 JUBAIL 31951 SAUDI ARABIA

الرقم: 154

تقالق
TAGALOG

# مكتب الدعوة وتوعية الجاليات بالجبيل

# JUBAIL DA'WAH & GUIDANCE CENTER

| OUR MESSAGE | حَتَّى يَكُونَ الدِّينُ كُلُّهُ لِلَّهِ<br>Till the religion becomes Allah's in its entirety | رسالتنا |
|---|---|---|

## Our objectives

1-Invite Non-Muslims to the path of Islam and help them remain on it.

2-Educate Muslims in Islam according to the Qur'an & Sunnah, and qualify them for Da'wah.

3-Participate in developing means of Da'wah.

## أهدافنا

1-دعوة غير المسلمين للدخول في الإسلام والاستقامة عليه.

2-تفقيه المسلمين في الدين وفق الكتـــاب والسنة وتأهيلهم للدعوة إليه.

3-المساهمة في تطوير الدعوة إلى الله تعالى.


**هاتف: (03) 3625500 فاكس: (03) 3626600 ص ب 1580 - الجبيل 31951**

Tel.:03-3625500 Fax: 03- 3626600- P.O. Box: 1580- Jubail: 31951

**رقم الحساب في مصرف الراجحي (العام: 1460000219 - الكتب والأشرطة: 1460000268)**

Account No. in Al-Rajhi Bank (General 1460000219 – Books& Cassettes: 1460000268)

# Ang
# mga Aralin
# Para sa mga
# Bagong Muslim

# الدروس الإسلا مية للمسلم الجديد

**Sinaliksik at Inihanda ni:**
Eisa "Rene" Saturno – Batallones
Tanggapang Panawagan at Pamatnubay
Ng Al Jubail, Kaharian ng Saudi Arabia

Unang Paglimbag
2006

Ang aklat na ito ay lathalain ng:
Jubail Da'awah and Guidance Center
Jubail Kingdom of Saudi Arabia

ح المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالجبيل، ١٤٢٧هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

بتالونس، عيسى

الدروس الإسلامية للمسلم الجديد . / عيسى بتالونس، مكتب توعية الجاليات بالجبيل .- الجبيل، ١٤٢٧هـ

١٥٨ ص A4

ردمك : ٤ - ٥-٩٧٣٦ - ٩٩٦٠

( النص باللغة التقالق )

١- الإسلام - مبادئ عامة　　أ. مكتب توعية الجاليات بالجبيل (مترجم)

ب- العنوان

ديوي ٢١٠　　١٤٢٧/٢٣٩٠

رقم الإيداع ١٤٢٧/٢٣٩٠

ردمك : ٤ - ٥-٩٧٣٦ - ٩٩٦٠

حقوق الطبع محفوظة

الطبعة الأولى ١٤٢٧هـ

# Ang mga Aralin Para sa mga Bagong Muslim

# الدروس الإسلامية للمسلم الجديد

**Sinaliksik at Inihanda ni:**
Eisa "Rene" Saturno – Batallones
Tanggapang Panawagan at Pamatnubay
Ng Al Jubail, Kaharian ng Saudi Arabia

Unang Paglimbag
2006

Ang aklat na ito ay lathalain ng:
Jubail Da'awah and Guidance Center
Jubail Kingdom of Saudi Arabia

# ANG MGA NILALAMAN


| PAKSA | PAHINA | الصفحة | المحتوي |
|---|---|---|---|
| Panimula | 3 | ٣ | المقدمة |
| Ang Ibadah | 5 | ٥ | العبادة |
| Ang Tahara at ang Salah | 7 | ٧ | أحكام الطهارة والصلاة |
| Ang Katayugan ng Dunong sa Islam | 33 | ٣٣ | فضل تعلم الإسلام |
| Ang Kagandahan ng Islam | 33 | ٣٣ | نعمة الإسلام |
| Ang mga Pinaniniwalaan sa Islam | 34 | ٣٤ | أصول العقيدة |
| Ang mga Haligi ng Islam | 37 | ٣٧ | أركان الإسلام |
| 1. Ang Shahadatayn | 37 | ٣٧ | الشهادتان |
| 2. Ang Ṣalāh o Dasal. | 42 | ٤٢ | الصلاة |
| 3. Ang mga Alituntunin sa Zakah | 44 | ٤٤ | أحكام الزكاة |
| 4. Ang Pag-aayuno | 50 | ٥٠ | الصيام |
| 5. Pagsasagawa ng Hajj | 60 | ٦٠ | أعمال الحج |
| Ang mga Haligi ng Pananampalataya | 69 | ٦٩ | أركان الأيمان |
| 1. Ang Paniniwala kay Allah | 69 | ٦٩ | الإيمان بالله |
| 2. Ang Paniniwala sa mga Anghel | 70 | ٧٠ | الإيمان بالملائكة |
| 3. Ang Paniniwala sa mga Aklat | 73 | ٧٣ | الإيمان بالكتب |
| 4. Ang Paniniwala sa mga Sugo | 74 | ٧٤ | الإيمان بالرسل |
| 5. Ang Paniniwala sa Huling Araw. | 76 | ٧٦ | الإيمان باليوم الآخر |
| 6.Ang Paniniwala sa Tadhana at Pagtatakda. | 80 | ٨٠ | الإيمان بالقدر |
| Ang Kabilang Buhay | 84 | ٨٤ | يوم البعث |
| Maikling Talambuhay ng Propeta | 91 | ٩١ | مختصر السيرة النبوية |
| Ang Pagsunod sa Propeta (SAS) | 109 | ١٠٩ | إتباع الرسل |
| Ang mga Muslim at ang Mananampalataya | 110 | ١١٠ | المسلمون والمؤمنون |
| Kagandahang Asal at Pag-uugali | 113 | ١١٣ | حسن الخلق والادب |
| Etiko at Pagiging Marangal | 113 | ١١٣ | الأداب |
| Ang Alituntunin sa Pagkain | 114 | ١١٤ | أحكام الأطعمة |
| Ang mga Alituntunin at ang mga Magagandang Asal sa Islam | 119 | ١١٩ | أحكام وآداب إسلامية |
| Ang mga Kababaihan sa Islam. | 133 | ١٣٣ | المرأة في الإسلام |
| Mga Mahahalagang Payo | 134 | ١٣٤ | نصائح و توجيهات مهمة |
| Ang mga Alituntunin sa Pag-aasawa | 141 | ١٤١ | أحكام النكاح |
| Ang mga Alituntunin para sa Muslima | 142 | ١٤٢ | أحكام المرأة المسلمة |
| Pangwakas na Salita | 156 | ١٥٦ | خاتمة الكلام |

## PANIMULA

Alamin... Na ang pinakamapagkakatiwalaang salita ay ang Aklat ni Allah (Subhanahu wa ta'ala)[1] (Ang Qur'an) at ang pinakamahusay na gabay ay ang gabay ni Muhammad (Sallallahu Alayhi wa Sallam)[2] (Ang Hadith). Ang pinakapangit na gawa ay ang kabaguhan at ang bawat kabaguhan ay Bid'ah at ang bawat Bid'ah ay kapariwaraan at ang bawat kapariwaraan ay sa Impiyerno ang hantungan.

Ang pagpupuri ay kay Allah lamang, ang Panginoon ng mga nilikha. Ako ay sumasaksi sa Nag-iisang Diyos at ako ay sumasaksi na si Muhammad (sas) ang huling Sugo ng Diyos. Hinihiling ko ang gabay at pagpapala ni Allah. Nawa'y ang kapayapaan at ang pagpapala ay sumakanyang Propeta na si Propeta Muhammad (sas), sa kanyang angkan at mga kasamahan at sa lahat ng taong tumatahak sa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Ang bawat isa sa atin ay naghahangad ng biyayang kailan man ay hindi pa natin nalalasap dito sa mundong Kanyang pinaglagakan sa atin pansamantala. Tayo na Kanyang nilikha ay nagnanais na masaksihan ang kaibig-ibig at kapanapanabik na araw na tayo ay Kanyang gagantimpalaan sa ating mga ginawang kabutihan at makapasok sa paraisong kailan man ay walang kahalintulad ang kagandahan nito dito sa Mundong Kanyang nilikha.

Nawa ay magsilbing daan ang aklat na ito sa mga kapatid kong Muslim na nagsasaliksik ng kaalaman hinggil sa pananampalatayang kanyang nasumpungan. Sapagkat ang pagsasaliksik ng kaalaman ay isang pamamaraan ng pagsamba at ito ay may magandang pagpapala buhat sa Tagapaglikha. Magsilbi nawa ang aklat na ito upang matutunan ang mga wastong kaalaman hinggil sa iba't-ibang uri ng pagsambang ating ginagawa upang maging kalugud-lugod sa mata ni Allah ang Nag-iisang Diyos – Ang Maawain, Ang Mahabagin...ameen

**Eisa "Rene" Saturno-Batallones**
Tanggapang Panawagan at Pamatnubay
Ng Al Jubail, Kaharian ng Saudi Arabia

[1] Subhanahu wa Ta'ala (swt): Kataastaasan. Binabanggit ito sa tuwing tinutukoy si Allah.
[2] Sallallahu 'Alayhi wa Sallam (sas): Sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ni Allah. Binabanggit ito sa tuwing tinutukoy si Propeta Muhammad (sas).

# Para sa Unang Baitang
## Unang Bahagi

*"At ang mga nanga-unang yumakap sa Islam sa Muhajirun (yaong mga lumikas sa Makkah patungong Madina), at sa Ansar ang mga mamamayan ng Madina na tumulong sa Muhajirun), at sila na nagsisunod sa kanila nang tumpak (sa pananampalatay), si Allah ay labis na nalulugod sa kanila, gayundin, sila ay nalulugod sa Kanya. Siya ay naghanda para sa kanila ng mga Halamanan nasa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), upang Manahan dito magpakailan man. Ito ang rurok ng tagumpay." (At-Taubah:100)*


| BLNG. | MGA NILALAMAN | PAHINA |
|---|---|---|
| 1 | Pagsasanay Bilang. I | 6 |
| 2 | Ang Kahalagahan nito sa Relihiyong Islam | 7 |
| 3 | Ang mga Uri ng Tubig at ang mga Batas sa Paggamit nito. | 8 |
| 4 | Ang Najāsah | 8 |
| 5 | Ang Dalawang Pamamaraan ng Paglilinis | 9 |
| 6 | Ang Wudhu | 10 |
| 7 | Ang mga Kinakailangan sa Pagsasagawa ng Wudhu | 10 |
| 8 | Ang Pamamaraan sa pagsasagawa ng Wudhu | 10 |
| 9 | Ang anim na Farouḍ sa pagsasagawa ng Wudhu. | 11 |
| 10 | Ang Ghusul | 12 |
| 11 | Ang Pagsasagawa ng Ghusul | 12 |
| 12 | Ang mga Ipinagbabawal sa Janub | 12 |
| 13 | Ang Tayamun | 12 |
| 14 | Ang Pagsasagawa ng Tayamun | 13 |
| 15<br>16 | Ang mga Kinakailangan sa Pagsasagawa ng Tayamum | 13 |
| 17 | Ang Pagpupunas ng medyas | 13 |
| 18 | Ang Salah | 13 |
| 19 | Papaano Magsagawa ng Salah | 15 |
| 20 | Ang mga Nakakasira sa Salah | 18 |
| 21 | Ang mga Lugar na Hindi Maaaring Pagdausan ng Salah | 19 |
| 22 | Ang mga Kundisyon ng Salah | 19 |
| 23 | Ang mga Wajib sa Salah | 19 |
| 24 | Ang mga Saligan ng Salah | 19 |
| 25 | Ang mga Sunnah ng Salah | 19 |
| 26 | Ang Iba't-ibang Uri ng Salah. | 20 |
| 27 | Ang Nahuli sa Salah | 23 |
| 28 | Ang Pagkakamali sa Salah | 23 |
| 29 | Ang Salah para sa Musafir | 24 |
| 30 | Ang mga Dhikir Pagkatapos ng Salah | 24 |
| 31 | Ang mga Sunnah Ratibah | 26 |
| 32 | Pagsusulit Bilang. I | 27 |
| 33 | Pagsusulit Bilang. II | 29 |
| 34 | Pagsusulit Bilang. III | 30 |

العبادة

# ANG IBADAH

Ang tao bilang alipin ng Allah ay matatag na nananalig at naniniwala na walang dapat sambahin at bigyan ng tunay na ganap na katapatan kundi ang Kanyang Tagapaglikha. Ang katapatan ay naipapahayag ng isang tao sa kaniyang pananalita, at sa kaniyang puso ay naka-ukit ito at tunay na nasisilayan sa aktuwal na gawain at pamumuhay.

Ang katagang Ibadah (pagsamba) ay hango sa salitang Arabe na ***"Abd"*** na nagangahulugan ng alipin o lingkod. Ang tao ay isinilang na napapailalim sa kapangyarihan ng Allah. Kapag siya ay lumapit sa Allah ng may pagpapakumbaba at pagkamataimtim, siya ay gumaganap ng isang gawaing ***"Ibadah".*** Ang Ibadah ay isang paraan upang padalisayin ang buhay pisikal at ispirituwal. Sa Islam, ang bawat pag-aalay ay mabuting gawa na naghahangad na magbigay kasiyahan sa Allah ay isang pagsamba.

Ang Allah (Ang Kataas-taasang Panginoon) ay nagsabi sa Kanyang Banal na Qur'an: *{Wa maa khalaqtul-jinna wal'insa ' illa liya 'budoon}* "Hindi Ko nilikha ang Jinn at Tao maliban na ako ay kanilang sambahin lamang."

Maliwanang mula sa talatang ito na ang layunin at dahilan ng ating pagsilang at ng ating buhay ay walang iba maliban yaong pagsamba sa Allah (Ang makapangyarihan). Kayat bilang tao nararapat nating alamin ang tunay na kahulugan ng Ibadah" (pagsamba).

Ang unang tungkulin ng isang alipin, ay ang pagiging matapat sa kaniyang pinaglilingkuran. Ang tao bilang alipin ni Allah ay matatag na nananalig at naniniwala na walang dapat sambahin at bigyan ng tunay na ganap na katapatan kundi ang Kanyang Tagapaglikha. Ang katapatan ay naipapahayag ng isang tao sa kaniyang pananalita, at sa kaniyang puso ay naka-ukit ito at tunay na nasisilayan sa aktuwal na gawain at pamumuhay.

Ang ikalawang tungkulin ng isang alipin ay ang laging masunurin sa kaniyang Panginoon, tinutupad niya ang mga kautusan, hindi siya tumatalikod sa kaniyang mga tungkulin at umiiwas siya sa pananalita mula sa kaniyang sariling pag-iisip o di kaya siya ay hindi nakikinig sa salita na laban sa kagustuhan at batas ng kaniyang Panginoon. Bilang alipin ay sinusunod niya ang Batas ni Allah at hindi ang batas na gawa ng tao. Nangingibabaw sa kanya ang batas ni Allah at hindi ang batas ng kasamaan. Ang pagsasaalang-alang niya kay Allah bilang Panginoon ay nananatili sa kaniyang isip at puso.

Ang isang alipin ni Allah ay nananatiling alipin sa lahat ng oras, panahon at sa lahat ng pagkakataon at kalagayan. Wala siyang karapatang magsabi na siya ay susunod sa isang partikular na kautusan at hindi sumusunod sa ibang kautusan. Hindi siya alipin sa isang takdang panahon lamang o kaya ay malaya sa kaniyang tungkulin sa ibang panahon. Siya ay mananatiling alipin magpakailan man. Marami sa atin na hindi kayang gampanan ang pagsunod sa Allah kagaya ng nasasaad sa Hadith ng Propeta na nagsasabi: ***"Siya na may hawak ng aking buhay, walang sinuman ang mayroon pananampalataya hanggat hindi niya ako minamahal nang higit pa sa kanyang ama at mga anak."*** (Abu Huraira)

At gayundin pinatunayan ito sa isang hadith at sinabi: ***"Siya na may hawak ng aking buhay, walang sinuman ang mayroon pananmpalataya hanggat hindi niya ako minamahal nang higit pa sa kanyang ama at mga anak at ng buong sangkatauhan."*** (Annas)

Ang ilan sa atin ay hindi kayang tanggapin na mahalin ang Propeta ng higit sa kaniyang magulang.

Ang ikatlong tungkulin ng isang alipin ay ang pagbibigay galang at pagdakila sa kaniyang Panginoon. Ang isang alipin ay nararapat sundin ang pamamaraan na ibinigay ng kaniyang Panginoon para sa paggalang at pagdakila sa Kanya. Siya ay nararapat na palagiang nakahanda sa anumang oras na itinakda ng kanyang panginoon upang magpakita ng paggalang at pagdakila bilang pagpapatunay na siya ay matapat at sumusunod sa Kanya.

Ito ang mga pangangailangan na siyang binubuo ng "Ibadah";

- **Una** – Ang katapatan sa kaniyang Panginoon
- **Pangalawa** – Pagkamasunurin at pagtalima sa kaniyang Panginoon
- **Pangatlo** – Paggalang at Pagdakila (o pasasalamat) para sa kaniyang Panginoon

Kung ano ang sinasabi ni Allah sa Talatang " Hindi Ko nilikha ang Jinn at tao maliban na ako ay kanilang sambahin lamang" ito ay aktuwal na nangangahulugan na nilikha ni Allah ang tao at jinn upang manalig at sumamba lamang sa Kaniya na sila ay dapat sumunod ng buong katapatan sa mga kautusan ni Allah.

Ang Ibadah ay hindi paglisan o pag-iwas ng sarili mula sa gawain na pang araw-araw dito sa mundo at ang pag-upo sa isang tabi habang bumibigkas ng "Allah". Ang tunay na kahulugan ng Ibadah ay yaong anuman ang gawain natin dito sa mundo, kinakailangang ito ay nasa itinakdang batas ni Allah. Ang ating pagtulog, paggising, pagkain, pag-inom, pag-galaw ay nararapat na nasa pagsunod sa Batas ni Allah.

## PAGSASANAY BLNG. I

SAGUTIN ANG MGA TANONG:

1. Ano ang kahulugan ng salitang Ibadah sa salitang tagalog? ***Sagot.***____________________
2. Ano ang Sura sa Qur'an kung saan nabanggit ang "Hindi ko nilikha ang jinn at tao maliban sa pagsamba sa akin? ***Sagot:***____________________
3. Ano ang tatlong bagay na bumubuo sa Ibadah?
   i) ____________________
   ii) ____________________
   iii) ____________________
4. Ang Ibadah ay hango sa salitang Arabe na ang ibig sabihin ay alipin o lingkod. ***Sagot:***____________________
5. Ipaliwang sa maikling salita ang ibig ipakahulugan ng pagsasagawa ng Ibadah sa nag-iisang Diyos. ***Sagot:***____________________
6. Ipaliwanag – Bakit kailangan nating mahalin si Propeta Mohammad (SAS) ng higit pa sa ating mga magulang? ***Sagot:***____________________
7. Ang katapatan na siyang naglilinis upang ang isang nanunumpa o nagpapahayag ay makalayo o makaiwas mula sa anumang uri ng 3shirk ay isang patakaran na dapat tuparin ng isang mabuting alipin ng Allah? ***Sagot:*** ____________________
8. Ang tunay na kahulugan ng Ibadah ay yaong anuman ang Gawain natin dito sa mundo, kinakailangang ito ay nasa itinakdang batas ni Allah? ***Sagot:***____________________
9. Ang isang alipin ay may karapatang magsabi na siya ay susunod sa isang partikular na kautusan at hindi sumusunod sa ibang kautusan. ***Sagot:*** ____________________
10. Sa nabanggit na pagpapaliwanang hinggil sa Ibadah ang ika-apat na tungkulin ng isang alipin ay ang pagbibigay galang at pagdakila sa kaniyang Panginoon. ***Sagot:*** ____________________

## أحكام الطـــهـــــارة والصلاة
## ANG TAHARA AT ANG SALAH

Ang Tahara ay salitang Arabe na ang kahulugan ay kadalisayan, kalinisan at pananatiling dalisay. Ang tahara ay hindi limitado sa pisikal na kadalisayan bagkos kailangang sikapin ng isang Muslim ang pagiging dalisay nito sa puso, isipan, katawan at buhay. "ang kadalisayan ng buong diwa ay isang biyaya mula kay Allah"

Sa banal na Qur'an, ang pagsisisi ay binabanggit na kasama ng kadalisayan.

*"...innal-laaha yahibbut-tawwaabeena wa yahibbul-mutatahhireen."*[3]

{"Katotohanan, mahal ni Allah ang sino man na palagiang bumabaling sa Kanya (ng pag-sisisi) at mahal Niya rin ang nananatiling dalisay at malinis sa kanilang sarili.}

Sa Islam ay walang pagkakasalungatan sa magkakaibang uri ng kadalisayan. Halimbawa ay kadalisayang pang-ispiritual, pangka-asalan, pangka-isipan, panlipunan o pangkatawan.

### Ang kahalagahan nito sa Relihiyong Islam.

Ang Islam ay palagiang iminumungkahi at ipinangangaral ang kalinisan at kadalisayan lalot higit sa lahat ang pagsasagawa ng dasal kung saan ito ay obligado at nararapat na gawin ng isang alipin ng Allah at ito ay isang pangangailangan (ash-shart) ng dasal. Sa ganitong kadahilanan, ito ay obligado sa Islam na maging malinis at dalisay ang mga parte ng katawan, kung saan ito ang sumasagap ng mga dumi at alikabok , kung saan ito ay nararapat maging malinis sa dumi man o kasalanang nagawa sapagkat siya ay haharap sa kanyang Panginoon sa pamamagitan ng dasal. Ang Tahara ay mahigpit na ipinag-uutos sa Islam. Dahil ang dumi ay pumapasok sa mga butas ng balat sa katawan at nagdadala ng mikrobyo sanhi ng pagkakaroon ng sakit, ang paglilinis ay pumipigil ng kahit anong sakit. Kung kayat, ang prinsipyo hingil sa pagpigil ng kahit anong sakit ay natagpuan sa Islam noon pa bago nagsulputan ang mga Doktor o mga Manggagamot.

Sa pagsasagawa ng *ṯahārah*[4] ay ginagamit ang tubig, gaya ng ulan, dagat atbp. Ipinahihintulot ding gamitin ang tubig na musta'mal[5] sa pagsasagawa ng ṯahārah at gayon din ang tubig na nahaluan ng isang bagay na ṯāhir[6] at nanatiling tubig, na hindi nagbago sa pagiging tubig. Ang nahaluan ng najis[7] ay hindi na ipinahihintulot na gamitin sa pagsasagawa ng ṯahārah kapag nabago ng najāsah[8] ang lasa ng tubig o ang amoy nito o ang kulay nito. Kung wala namang nabagong anuman doon, ipinahihintulot na gamitin iyon sa pagsasagawa ng ṯahārah. Ipinahihintulot ding gamitin ang natirang tubig sa lalagyan matapos inuman, maliban sa ininuman ng aso at baboy sapagkat ito ay najis na.

Kung ikaw ay nagnanais na mag-alay ng dasal, kinakailangan na ikaw ay nagtataglay ng kadalisayan o kalinisan bilang simbulo ng iyong pagdakila sa iyong Panginoon: Si Allah ang nag-iisa at karapat-dapat na paghandugan ng panalangin.

Ang kadalisayan ay mapapanatili sa pamamagitan ng pagsasagawa ng wudhu (paghuhugas) sa pamamaraan na ipinag-utos ni Allah (swt) sa ika-anim na talata ng ika-apat na kabanata ng Banal na Kur'an. Sinabi ni Allah:*"O! kayong mga naniniwala, kung kayo ay nagnanais na mag-alay ng as-salat* (ang pagdarasal)":

1. "Hugasan ang inyong mukha"; at kabilang dito ang pagmumumog ng inyong bibig, pagsinghot ng tubig sa ilong at pagpapalabas sa pamamagitan ng pagsinga.
2. "At ang inyong mga kamay hanggang siko". At ito ay kinakailangan na hugasan ang parehong kamay hanggang siko at ito ay kinakailangan na unahin ang kanang braso at pagkatapos nito ay isunod ang kaliwang braso.

---

[3] Qur'an 2:222
[4] Ang hinihiling na kalinisan o paglilinis bago magsagawa ng pagsamba.
[5] Ang nagamit na sa pagsasagawa ng ṯahārah. Maaaring gamitin ngunit hindi madalas; ginagamit lamang ito kapag kinapos ng tubig.
[6] Anumang bagay na **hindi** itinuturing ng Sharī'ah na nakapagpaparumi o marumi.
[7] Anumang bagay na itinuturing ng Sharī'ah na marumi at nakapagpaparumi.
[8] Anumang bagay na najis o ang itinuturing ng Sharī'ah na karumihan.

3. "At punasan (pagdaan ng basang kamay sa ulunan) ang inyong ulo". Binanggit sa talata ang pagpupunas sa buong bahagi ng ulo at kasama ang tainga na kabahagi nito.
4. "At (hugasan) ang inyong paa hanggang bukong-bukong"; Ito ay kinakailangan nang paghuhugas ng parehong paa hanggang bukong-bukong. Muli, iminumungkahi na unahing hugasan ang kanang paa bago ang kaliwa.

Itinatagubilin at karapat-dapat na ang apat na bahagi ng katawan na ito ang dapat hugasan. Ang dalawang uri ng karumihan na nangangailangan ng paghuhugas (Wuḏū) at paliligo (Ghusul). Kung ikaw ay nananatiling malinis at dalisay, hindi na kinakailangan pang muling isagawa ang paglilinis sa bawat dasal hangga't ang wudhu ay hindi nawawalan ng bisa. Maliban na lamang sa mga sumusunod na magpapawala ng bisa nito:

1. Ang lahat na maaring lumabas sa pribadong bahagi ng katawan (ang butas sa ari at butas sa puwet) tulad halimbawa ng ihi, dumi, pag-utot, semilya at dugo.
2. Ang pakikipagtalik.
3. Ang direktang paghawak sa pribadong parte na kamay lamang ang ginamit.
4. Ang pagkakahimbing ng pagtulog, pagkawala ng malay at pagkalasing.
5. Pagkain ng karne ng kamelyo.

**At ang mga ito ay nahahati sa dalawang uri ng karumihan;**

- ***Ang Hadath Al-Asgar*** (maliit na karumihan) pag-utot, pag-dumi, pag-hipo sa maselang bahagi ng katawan, pagkain ng karne ng Camelo, pagkawala ng ulirat, pag-inom ng nakalalasing na likido. Ang mga ito ang sanhi upang isagawa ang paghuhugas o ang Wuḏū.

Sa mga sumusunod na katayuan o pangyayari, (Wudhu) ang paghuhugas ay hindi sapat, kung kaya, ang buong katawan ay kinakailangan na hugasan o paliguan bago magsagawa ng pagdarasal:

- ***Ang Hadath Al-Akbar*** (malaking karumihan) pakikipagtalik, paglabas ng simeno, buwanang dalaw, pagkawala ng pagdurugo sanhi ng panganganak, paghawak o paghugas sa patay na pinangangambahang maaaring may dalang nakahahawang sakit, paghawak o ang pagdiit ng ari ng lalaki sa ari ng babae kahit pa ang mga ito ay hindi nilabasan.

**Ang Mga Uri ng Tubig at ang mga Batas sa Paggamit nito.**

Siguruhing ang gamit na tubig ay angkop sa ipinag-uutos sa Islam kagaya na ang tubig ay;

- ***At Tahoor***: (malinis at dalisay na Tubig) Tubig na nanggaling sa Ilog, dagat, Ulan, atbp[9].

At ating mababatid na ang tubig ay may karumihan kung ito ay;

- ***An Ranjuus***: (tubig na Marumi) Ang lasa ay nagbago, Ang Kulay ay nagbago, Ang amoy ay nagbago.

Tantos na ipinagbabawal ang paggamit ng maruming tubig upang gamiting panglinis. Ito ay ipinagbabawal din sa bilang gamit sa pagluluto o inumin maliban kung dala ng pangangailangan.

Ito ay ayon sa batas ng Islam na kung ang ipinagbabawal ay maaaring gamiting alternatibo kung kinakailangan.

1. Ang Propeta Mohammad (sas) ay ipinagbawal sa kaniyang mga Umma ang pag-ihi sa tinag na tubig o ang maghugas at maligo dito. At kaniyang sinabi: Walang isa man sa inyo ang iihi sa tinag o permanenteng tubig o ang maghugas dito. (Bukhari at Muslim)
2. Ang sinuman ang hindi talos ang kadalisayan ng tubig o alin man na hindi siya sigurado sa kalinisan nito. Kung kaya kung ito man ay marumi dapat itong suriin kung alin ang marumi at malinis. Ito ay batay na rin sa batas ng Islam na ang isang bagay ay hindi maaalis ng pagaalinlangan.
3. Kung ang isang bagay sa parte nito ay marumi o ang alin man ay malabo para sa kaniya kailangan nitong hugasan na mabuti upang ang karumihan nito ay maalis.
4. Kung ang marumi at malinis na tubig ay naghalo kailangan niyang alamin ang malinis upang gamitin nitong paghugas. Subalit kung hindi niya alam kung alin ang marumi at malinis dapat

[9] Gaya ng tubig na galing sa niyebe, balon, bukal, batis, ilog, sapa at lawa.

niyang iwanan ang mga ito at magsagawa siya ng tayamum. Kung wala siyang makitang tubig.

5. Ang pag-aalis ng karumihan ay kinakailangan maging malinis hanggang walang makitang bakas ng karumihan o kulay man nito.
6. Kung ang karumihan ay sanhi ng aso kailangan itong hugasan ng pitong beses, ang una ay lupa. Ang Propeta ay nagwika: "Kung ang inyong gamit ay nadampian ng laway ng aso, kailangan mo itong hugasan ng pitong beses, ang una ay isang beses na linisin ng lupa" (Bukari at Muslim)

**Ang Najāsah**

Ang najāsah ay bagay na kailangang iwasan ng isang Muslim at hugasan ang anumang kumapit sa kanya mula rito. Kailangang hugasan ang damit at katawan kapag nadiitan o nakapitan ng najāsah nang sa gayon ay maaalis ito sa mga iyon. Kung ang najāsah ay nakikita gaya ng dugo, kung may matira mang bakas na mahirap maalis kahit matapos hugasan o labhan ay walang masama doon. Subalit kung ang najāsah ay hindi nakikita, sapat nang ito ay hugasan kahit isang beses lamang.

Ang lupa, kapag nalagyan ng najāsah, ay nagiging ṯāhir sa pamamagitan ng pagbubuhos ng tubig dito. Nagiging ṯāhir din ang lupa kapag natuyo ang najāsah kung ito ay likido. Subalit kung ang najāsah ay solido, ang lupa ay hindi magiging ṯāhir kung hindi maaalis ang najāsah.

**Ilang Alituntunin Hinggil sa Najāsah.**

1. Kapag nakapitan ang isang tao ng isang bagay na hindi niya malaman kung ito ay najis o hindi, hindi na niya kailangang usisain pa ito at hindi na rin niya kailangang hugasan pa.
2. Kapag nakatapos nang magsagawa ng ṣalāh at ang isang tao ay may nakitang najāsah sa katawan o damit, ngunit hindi niya nalaman iyon bago nagsagawa ng ṣalāh, o nalalaman nga ngunit nakalimutan, ang kanyang ṣalāh ay tanggap pa rin.
3. Kung hindi makita ang kinapitan ng najāsah sa damit, kailangang labhan o hugasan ang buong damit.
4. Ang najāsah ay maraming uri:
   - Ang *wady*. Ito ay malapot na puting likidong lumalabas pagkatapos umiihi.
   - Ang *madhy*. Ito ay malagkit na puting likidong lumalabas sa ari sa sandali ng matinding pagnanasang seksuwal. Ang wady at madhy ay najāsah na kailangang hugasan at labhan ang bahagi ng katawan at kasuutan na nakapitan nito. Ang *manī* (*semen*) ay ṯāhir ngunit kanais-nais na hugasan kapag ito ay basa pa at kuskusin kapag tuyo na.
   - Ang ihi at ang dumi ng hayop na ipinagbabawal kainin sa Islam ay najis, ngunit ang ihi at ang dumi ng hayop na ipinahihintulot kainin ay hindi najis.[10]
   - Ang ihi, dumi, dugo, nana at suka ng tao ay najis.

**Ang dalawang pamamaraan ng paglilinis;**

1. ***Al Istinja*** – gamit ang tubig sa paglilinis
2. ***Al istijmar*** – gamit ang mga papael na hindi nagtataglay ng banal na kasulatan o Pangalan ni Allah, Tissue paper, dahon at bato.

**Paalala:**

- ***Dahon*** - Ang lahat ng mga dahon ng punong namumunga kahit na ito ay natuyo na ay hindi maaaring gamitin pampunas ng karumihan.
- ***Dung*** – Ang natuyong dumi ng hayop ay hindi maaaring gamitin sapagkat ito ay pagkain ng mga jinni.
- ***Buto*** - ang mga buto ng mga hayop ay hindi maaaring gamiting panglinis ng karumihan sapagkat ito ay pagkain ng jinni.

[10] Itinatugibilin paring hugasan ang bahagi ng katawan o kasuutan na nakapitan nito.

### Ilang Kaasalan sa Paggamit ng Palikuran:

Ang mga alituntunin na dapat isa-alang-alang sa pagpasok ng palikuran ay ang mga sumusunod;

1. Bago pumasok sa palikuran ay magsasabi ng ganito: ***bismillāh, allāhumma innī a'ūdhu bika minal khubthi wal khabā'ith.***[11] Inuuna ang kaliwang paa sa pagpasok sa palikuran. Pagkalabas ay magsasabi naman ng ***ghufrānak.***[12] Inuuna naman ang kanang paa sa paglabas.
2. Hindi magdala sa loob ng palikuran ng anumang bagay na may nakasulat na pangalan ni Allah maliban na lamang kung nangangambang mawawala kapag iniwan sa labas.
3. Ang hindi pagharap o pagtalikod sa Qiblah kapag iihi o dudumi sa disyerto o ilang (lantad na lugar)
4. Ang pagtatakip ng 'awrah[13] sa harap ng ibang tao at hindi magpapabaya sa bagay na ito. Ang 'awrah ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod at ang sa babae naman ay ang kanyang buong katawan, maliban sa mukha kapag nagsasagawa ng s̲alāh.
5. Ang pag-iingat na hindi madikitan ang katawan o kasuutan ng ihi o dumi.
6. Ang paglilinis ng sarili sa pamamagitan ng tubig matapos umihi o dumumi, o sa pamamagitan ng paggamit ng papel o bato at iba pang katulad nito upang maalis ang bakas ng najāsah (sanhi ng ihi at dumi) kapag walang tubig, at ang paggamit ng kaliwang kamay sa paglilinis.

### Ang Wud̲ū'

Hindi tanggap ang s̲alāh na walang wud̲ū'[14] sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Hindi tatanggapin ni Allah ang s̲alāh ng sinuman sa inyo kapag nawalan ng saysay ang kanyang wud̲ū' hangga't hindi siya nagsasagawa ng wud̲ū'."***


Kailangang ayon sa pagkasunod-sunod at tuloy-tuloy ang pagsasagawa ng wud̲ū'. Sunnah din na magtipid sa tubig. Sa isang Hadīth na isinalaysay ni Ibnu Mājah, ang Propeta (SAS) ay nakakita ng isang ıalaking nagsasagawa ng wud̲ū' kaya nagsabi siya rito: ***"Huwag kang magsayang, huwag kang magsayang [ng tubig]."***

### Ang mga kinakailangan sa pagsagawa ng Wud̲ū?

1. *At-Tamyeez* (pagtatangi) kung ang bata ay umabot sa gulang na pitong taon.
2. *Nīyah* (hangarin) ito ay isinasapuso at hindi kailangang bigkasin ng malakas.
3. Ang tubig ay kinakailgang malinis at dalisay.
4. Ang pagtataggal ng anumang bagay na makakapigil upang ang tubig ay pumasok sa balat, kuko at mabasa ang buhok kagaya ng galapong, grasa, putik, langis at wax.

### Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Wud̲ū'

1. Isasapuso ang *nīyah* (hangarin) na magsasagawa ng wud̲ū' nang hindi na binibigkas ang nīyah. Ang nīyah ay ang pagpapasya ng isip na gawin ang isang bagay
2. Pagkakatapos ay magsasabi ng ***bismillāh*** (sapagkat ito ay wajib na banggitin) isunod ang pamamamaraan na nakalarawan sa ibaba.



**3**

Huhugasan ang mga kamay nang tatlong beses. Kuskusin pati ang pagitan ng mga daliri. Mag-umpisa sa kanan at pagkatapos ay sa kaliwa.



**4**

Magmumumog ng tatlong *(Gamitin sa pagmumumog ang kanang kamay sa pagkuha ng tubig)*

---

[11] Sa ngalan ni Allah. O Allah, tunay na ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa masama at mga demonyo.

[12] Hinihingi ko po (Allah) ang Iyong kapatawaran.

[13] Ang 'awrah ng lalaking nasa wastong gulang ay ang bahagi ng katawan sa pagitan ng pusod at tuhod. Ang 'awrah naman ng babaing nasa wastong gulang ay ang buong katawan. May mga iskolar ng Islam na nagsasabing kasama sa 'awrah ng babae ang mukha at kamay kaya dapat ding takpan at mayroon namang nagsasabing hindi kasama ang mukha at kamay kaya hindi kailangang takpan.

[14] Ang wud̲ū' ay ang kinakailangang paghuhugas bago magsagawa ng s̲alāh upang maging tanggap ang s̲alāh. Kailangan din ang wud̲ū' kapag magsasagawa ng t̲awāf sa Ka'bah at kapag hihipuin ang talata ng Qur'ān. Ang t̲awāf ay ang pag-ikot ng pitong ulit sa palibot Ka'bah.

**5**




Linisin ang ilong sa pamamagitan ng pagsinghot ng tubig gamit ang kanang kamay.

**6**



Isinga ang singhot na tubig gamit ang kaliwang kamay. Gagawin ang mga ito nang tigtatatlong beses.

**7**



Hugasan ang mukha nang tatlong beses: mula sa mga tinutubuan ng mga buhok sa noo hanggang sa dulo ng balbas.

**8**



Huhugasan nang tigtatatlong beses ang kamay at braso mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa siko. Simulan sa kanan at pagkatapos ay sa kaliwa.

**9**



Hahaplusin ang ulo nang isang beses. Babasain ang mga kamay at ihahaplos mula unahan ng ulo (sa tinutubuan ng buhok sa noo )

**10**



hanggang sa hulihan nito sa tinutubuan ng buhok sa batok)

**11**



Ihaplos pabalik sa unahan ng ulo.

**12**



Hahaplusin nang isang beses ang mga tainga: ipapasok ang mga hintuturo sa butas ng mga tainga habang ang likod ng mga tainga ay hinahaplos ng hinlalaki mula sa ibaba papuntang itaas ng tainga gawin ito ng isang bes.

**13**



Huhugasan ang mga paa nang tatlong beses mula sa dulo ng mga daliri hanggang sa bukong-bukong. Magsimula sa kanan at pagkatapos ay sa kaliwa. (Sunna na kuskusin ang mga pagitan ng mga dasliri sa paa).

Pagkatapos nito ay manalangin ng panalanging ito na nasasaad sa Hadīth: ***ash'hadu allā ilāha illallāh, wahdahu lā sharīka lah, wa ash'hadu anna Muhammadar rasūlullāh.***[15]

**Ang anim na Faroud (obligadong gawin) sa pagsasagawa ng wudū.**

1. Ang paghuhugas ng mukha, kabilang ang pagmumumog ng bibig at pagsinghot ng tubig sa ilong at isinga ito.
2. Ang paghuhugas ng mga kamay at braso hanggang siko.
3. Ang pagpunas sa ulo kabilang ang mga taenga.
4. Ang paghuhugas ng mga paa hanggang sa bukong-bukong.
5. Ang paghuhugas ng sunod-sunod na ang ibig sabihin ay walang mauuna kung ang isang parte ng katawan na dapat unang hugasan.
6. Al-Muwaalat na ang ibig sabihin ay wala sa isang parte ng katawan na mabinbing hugasan, kung ang isang parte ay nahugasan na at ito ay natuyo.

[15] Sumasaksi ako na walang totoong Diyos kundi si Allah; tanging Siya lamang, wala Siyang katambal; at sumasaksi ako na si Muhammad ay Sugo ni Allah.

## Ang Ghusl (Ritual na Paliligo)

Ang ghusl ay pagbubuhos ng tubig sa buong katawan sa layuning magsagawa ng ṯahārah: kailangang hugasan ang lahat ng bahagi ng katawan, kasama na rito ang pagmumumog at pagsinga sa tubig na ipinasok sa ilong. Nagiging sapilitan ang ghusl kapag nangyari ang isa sa limang ito:

1. Ang paglabas ng manī ng lalaki o babae,[16] nang may kasamang pagnanasang seksuwal, gising man o tulog; ngunit kapag lumabas ang manī nang walang kasamang pagnanasang seksuwal, hindi na kailangang magsagawa ng ghusl. Kapag nanaginip na nakikipagtalik at wala namang nakitang may lumabas na manī, hindi na rin kailangang magsagawa ng ghusl; kailangan lamang ang ghusl kapag may nakitang likido.
2. Ang pagtatagpo ng mga ari ng lalaki at babae: ang pagpasok ng dulo ng ari ng lalaki sa puwerta ng ari ng babae, kahit man walang nangyaring paglabas ng manī.
3. Ang paghinto ng regla at nifās: pagdurugo dahil sa pagsilang.
4. Ang kamatayan, sapagkat kailangang paliguan ang patay.
5. Kapag yumakap sa Islam ang Kāfir, kailangang magsagawa siya ng ghusl.

## Ang pagsasagawa ng Ghusul.

Isinalaysay ni A'ishah (RA): Ang sugo ng Allah (SAS) ay nagsabi na ang paliligo ay;

1. Intention
2. Sabihin ang; "Bismillah"
3. Hugasan ang mga kamay ng tatlong beses, una ang kanang kamay at isunod ang kaliwa.
4. hugasan ang ari (private part) ng kaliwang kamay.
5. Magsagawa ng kompletong wudhu.
6. Magbuhos ng tubig sa ulo, basain ang buhok hanggang tumagos sa anit nito. Magbuhos ng tatlong beses.
7. Paliguan ang kabuuang katawan. Umpisahan sa kanang bahagi nito at pagkatapos ay ang kaliwang bahagi nito. Iniulat ni Imam al- Bukhari

## Ang mga Ipinagbabawal sa Junub

1. Ang paghawak at pagdadala ng kopya ng Qur'ān at ganoon din ang pagbigkas ng talata buhat sa Qur'ān—may tunog man o walang tunog, buhat sa memorya man o direktang pagbabasa mula sa Qur'ān;
2. Ang pananatili sa loob ng masjid: hindi ipinahihintulot sa junub ni sa nireregla, ngunit ang pagdaan sa loob ay walang masama.
3. Ang pagsasagawa ng ṣalāh at ṯawāf.

Kung walang tubig o ito ay hindi maaaring gamitin, ang pagsasagawa ng Tayamum ang mabisang pamalit. Sa pagsasagawa ng Tayamum, ihampas ang inyong kamay sa lupa o buhangin at saka ito ipunas sa inyong mukha at sa ibabaw ng inyong mga kamay; unahin ang kanang kamay bago isunod ang kaliwa.

## Ang Tayammum

Ipinahihintulot ang tayammum sa di-naglalakbay at sa musāfir (naglalakbay). Ito ay pamalit sa wuḏū' o ghusl kapag ang isa sa mga sumusunod na kadahilanan ay lumitaw:

1. Kapag walang makitang tubig matapos ang masidhing paghahanap—o kung mayroon man ay hindi makasasapat para sa wuḏū' o ghusl o bagaman malapit ang pinagkukunan ng tubig ay nangangambang baka may masamang mangyari sa sarili o sa ari-arian kapag umalis at kumuha ng tubig—ay magsasagawa ng tayammum.
2. Kapag may sugat sa ilang bahagi ng katawan na kailangang hugasan, ito ay huhugasan pa rin ng tubig kapag magsasagawa ng wuḏū'. Ngunit kung ang paghuhugas ng tubig sa sugat ay makasasama, papahiran na lamang ang sugat: babasain ang kamay at ihahaplos nito sa sugat. Kung ang pagpapahid ay makasasama pa rin dito, magsasagawa na ng tayammum para rito: magsasagawa muna ng wuḏū', huhugasan ang maaaring hugasan at ang bahagi na hindi maaaring hugasan o pahiran ay hahayaan—at pagkatapos ng wuḏū' ay magsasagawa ng tayammum.

---

[16] Ang *manī* para sa babae ay ang kulay puting malabnaw na likido na kadalasang lumalabas kapag nikipagtalik o nanaginip na nakikipagtalik. Iba ito sa regular na pamamasa (*wetness*) na dinaranas ng babae o sa *vaginal discharge*.

3. Kapag ang tubig o ang klima ay lubhang malamig at nangangambang ang paggamit ng tubig ay baka makapinsala.
4. Kung may tubig man ngunit ito ay lubhang kailangan para sa inumin, magsasagawa na rin ng tayammum.

### Ang Pagsasagawa ng Tayammum

1. Isasapuso ang hangaring magsasagawa ng tayammum.
2. Bibigkasin ang ***bismillāh***.
3. Itatapik nang isang beses ang mga palad sa tuyong lupa.[17]
4. Ihahaplos nang isang beses ang mga palad sa mukha.
5. Ihahaplos ang kaliwang palad sa kanang kamay at pagkatapos ay ihahaplos naman ang kanang palad sa kaliwang kamay nang tig-iisang beses.

Ang nakasisira sa tayammum ay ang nakasisira rin sa wuḏū'. Nawawala ang bisa ng wuḏū' kapag nagkaroon na ng tubig ang isang walang tubig bago nagsagawa ng ṣalāh o samantalang ito ay nagsasagawa nito. Subalit kapag nakatapos na siyang magsagawa ng ṣalāh ay saka pa lamang nagkaroong ng tubig, tanggap pa rin ang kanyang ṣalāh.[18]

### Ang mga kinakailagan (Shuruut) sa pagsasagawa ng Tayyamum

1. Intensiyon (*nīyah – hangarin)*
2. Ang kawalan na makatagpo ng malinis na tubig.
3. Dapat na ang lupa na gagamitin ay dalisay at walang karumihan.
4. Na ang ginamit na lupa ay hindi ninakaw o ito ay hindi nakamit na galling sa pangangamkam.

### Ang Pagpupunas sa Medyas

Bahagi ng kaluwagan at kagaanan ng Relihiyong Islam ay na ipinahintulot nito ang pagpupunas sa ibabaw ng suot na medyas (sa halip na hubarin at hugasan ang paa). Ito ay napatunayang ginawa ng Propeta (SAS). Subalit ay may kundisyon ang pagpupunas sa medyas: kailangang isuot ito habang hindi pa nawawala ang bisa ng wuḏū'. Ang pagpupunas ay sa ibabaw nito; hindi pupunasan ang suwelas nito. Ang haba ng panahon na ipinahihintulot ang pagpapahid (mula nang unang pahiran ang suot na medyas) ay isang araw at isang gabi (24 oras) para sa hindi naglalakbay at tatlong araw at tatlong gabi (72 oras) para sa isang musāfir (naglalakbay). Nawawala ang bisa ng pagpapahid kapag natapos na ang takdang panahon nito, o kapag hinubad na ang mga medyas matapos napunasan, o kapag naging junub[19] ang nakasuot ng medyas dahil kailangang hubarin na ito para magsagawa ng ghusl.
**Tandaan:** Sa pagsusuot ng medyas kailangan na ang isang tao ay malinis sa anumang karumihan, siya ay nakapaligo o nakapagsagawa na ng wuḏū.

## Ang Salah

Ang Salah ay may kaukulang bilang, at ang Tawag dito ay Rak'ah. Ang Rak'ah ay isang kompletong tayuan sa pagdarasal. At ang bawat Rak'ah ay halos magkakapareho maliban lamang sa ibang mga bagay.

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA) ***"Nagsabi ang sugo ni Allah (SAS); Tunay na ang pinakamabigat na salah para sa mga Munafiq ay ang salah sa isha at ang salah sa fajar. Kung nalalaman lamang nila ang taglay (na gantimpala) sa dalawang ito ay talagang dadaluhan nila ang dalawang ito, kahit pa man pagapang. (Minsan ay) talagang nagbalak na akong mag-utos na isagawa ang salah at isasagawa na ang iqama. Pagkatapos ay mag-uutos ako sa isang lalaki upang mamuno sa salah sa mga tao. Pagkatapos ay lilisan ako na may kasama akong mga lalaki na may dalang mga bigkis ng panggatong, patungo sa mga taong hindi dumadalo sa salah at sisilaban ko sila sa mga bahay nila ng apoy".*** Iniulat nina Imam al-Bikhari at Imam Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA). "May dumating na isang lalaking bulag at nagsabi ito; O sugo ni Allah wala akong taga-akay na aakay sa akin patungong masjid. Hiniling nito sa sugo ni

---

17 Maliban sa tuyong lupa, maaari rin ang kahit anong bagay na may alikabok gaya ng pader, bato, buhangin at iba pa.

18 Nawawala rin ang bisa ng tayammum kapag ang mga hadlang sa pagsasagawa ng wuḏū' at ghusl ay nawala.

19 Naging *junub* ang isang tao kapag nakipagtalik siya, kapag may lumabas na *semen* sa kanya kalakip ng pagnanasang seksuwal, kapag dumating ang buwanang dalaw ng isang babae at habang may *nifās* (pagdurugo sanhi ng panganganak).

Allah (sas) na payagan ito na magdasal sa bahay nito. Pinayagan naman niya ito. Subalit nang makatalikod na ito ay tinawag niya ito at nagsabi siya rito: ***Narinig mo ba ang panawagan ng salah?*** Sumagot ito: Opo. Kaya nagsabi ang sugo (SAS) ***Kaya naman tugunin mo.***" Iniulat ni Imam Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abdullah Ibn Mas'ud (RA), nagsabi ang sugo ni Allah (SA):***"Ang sinumang masisiyahang makatagpo niya si Allah bukas bilang isang Muslim ay pangalagaan niya ang mga salah na ito yamang nanawagan sa mga ito, sapagkat tunay na si Allah ay nagsabatas sa Propeta ninyo ng mga kalakaran ng patnubay. Kung kayo ay nagdasal sa mga bahay ninyo, talagang napabayaan na ninyo ang sunnah ng Propeta ninyo. Kung napabayaan ninyo ang sunnah ng Propeta ninyo, talagang naligaw na kayo. Walang nagpapaiwan sa salah kundi isang Munafiq na kilala sa pagka Munafiq. Talagang noon nga ay may isang lalaking inihahatid na inaalalayan sa pagitan ng dalawang lalaki upang makatayo sa hanay."*** Iniulat ni Imam Muslim.

**Ang Kalamangan ng Salah sa Jaama'ah**

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang sugo ni Allah (SAS) : "*Ang salah ng lalaki sa Jama'ah ay pinag-iibayo ng dalawamput limang ulit (ang gantimpala) kaysa sa salah niya sa bahay niya at sa tindahan niya. Iyan ay dahil kapag nagsagawa siya ng wudu' at hinusayan niya ang wudu, pagkatapos ay lumabas siya patungo sa masjid at walang nagpalabas sa kanya kundi ang salah, wala siyang hinakbang na hakbang na hindi siya tataasan ni Allah ng antas sa pamamagitan niyon at aalisan siya Niya sa pamamagitan niyon ng masamang nagawa. Kapag nagdasal siya, hindi titigil ang mga anghel na nananalangin ng pagpapala para sa kanya sa sandaling siya ay nasa pinagdarasalan niya: O Allah, pagpalain Mo po siya. Patuloy ang bawat isa sa inyo na nasa isang salah habang hinihintay niya ang salah." Iniulat ni Imam Bukhari at Imam Muslim.*

**Ang Paglalakad Patunong Masjid ng may Kahinahunan.**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): ***"Kapag narinig ninyo ang iqamah ay lumakad kayo, panatilihin ninyo ang kapanatagan at ang kahinahunan, at huwag kayong magmadali. Kaya ang anumang naabutan ninyo ay dasalin ninyo at ang anumang nalaktawan ninyo ay lubusin niny."*** Iniulat ni Imam Muslim at Imam Bukhari

Ang mga kaukulang bilang ng mga (Rak'ah'h) sa bawat obligadong Salah.

| Mga Uri ng Salah | Sunna (Bago) | Bilang ng Rak'ah | Sunna (Pagkatapos) | Oras ng Salah |
|---|---|---|---|---|
| Salatul Fajr | 2 Rak'ah | Dalawang Rak'ah (2) | Wala | Madaling Araw |
| Salatul Dhuhur | 4 Rak'ah | Apat na Rak'ah (4) | 2 Rak'ah | Tanghali |
| Salatul Asr | Wala | Apat na Rak'ah (4) | Wala | Hapon |
| Salatul Magribh | Wala | Tatlong Rak'ah (3) | 2 Rak'ah | Paglubog ng Araw |
| Salatul Isha | Wala | Apat na Rak'ah (4) | 2 Rak'ah | Gabi |

Kailangang isagawa ang ṣalāh nang may kapanatagan at kababaang-loob. Ang pagtuturo ng ṣalāh ay may kalakip na aktuwal na pagsasagawa nito at kailangang tiyakin na lubos itong natutuhan ng mga mag-aaral.

## Papaano Magsagawa ng Salah (Pagdarasal)

A. Una: Siguraduhin ang iyong isasagawang pagdadasal ay nasa tamang oras.

B. Pangalawa: Siguraduhin na ikaw ay malinis at dalisay at ikaw ay walang karumihan (e.g. umihi, may dugo, o nadumi) sa iyong katawan, kasuotan at sa lugar na pagsasagawaan ng iyong pagdadasal.

C. Pangatlo: Siguraduhin na ang inyong awrah ay nakatakip at hindi nakalantad, ito ay mula pusod hanggang tuhod. Hindi ipinahihintulot ang pagsasagawa ng pagdarasal kung ang isa sa mga ito ay nakalabas o nakalantad. Ang mga kababaihan ay kinakailangan na nakatakip ang buo nilang katawan maliban sa kanilang mga mukha at kamay.

D. Kung nagnanais na magsagawa ng dasal, kinakailangan na humarap sa Qibla (Ka'bah Makkah) ang buong katawan niya nang walang paglihis o paglingon. Ito ay ang banal na mosque na pinili ni Allah (swt) sa lahat ng mga Muslim na humarap sa tuwing magsasagawa ng pagdarasal. Ang dalawang Propeta na sina Ibrahim at Ismail (sumakanila ang kapayapaan) ang gumawa ng Ka'bah sa pagsunod sa utos ng Allah (swt). Sundan ang mga hakbang sa pagsasagawa nito:

1



**TAYO (QIYAM)** Lalayunin sa puso ang salāh na ninanais na isagawa, nang walang kalakip na pagbigkas sa nīyah[20] nito at mas makakabuti na ito ay bigkasin ng malumanay. Ang niya na para sa mga Obligado at hindi obligadong dasal .

2



Habang itinataas ang dalawang kamay malapit sa mga balikat na nakabukas ang mga palad na nakaharap sa qibla Tumayo ng matuwid para magdasal at sabihin ang takbiratul ihram: *Allāhu Akbar*[21] الله أكبر,

3



Pagkatapos ay ibaba ito at ilagay sa dibdib-ilapat ang kanang kamay sa kaliwang kamay. Panatilihin ang mga mata na nakasentro sa lugar na pagpapatirapaan sa oras ng pagdarasal. Tahimik na sasabihin ang istiftāh: ***subhanaka 'llahumma wa bihamdika wa tabarak'ah 'smuka wa ta'ala jadduka wa la ilaha ghayruk.***[22] سبحانك اللهم وبحمدك وتبارك اسمك وتعالى جدك ولا إله غيرك.

Tahimik na sasabihin ang isti'ādhah:
***a'ūdhu billāhi minash shaytānir rajīm..*** ( أعوذ) بالله من الشيطان الرجيم

---

[20] Ang nīyah ay ang layunin. May mga taong bumibigkas ng nīyah batay sa isang takdang anyo para sa isang takdang pagsamba subalit ang gawaing ito ay mali dahil kailanman hindi ito ginawa ng Sugo (SAS).

[21] Si Allah ay pinakadakila.

[22] Kaluwalhatian sa Iyo, o Allah, at pagpupuri sa Iyo. Mapagpala ang pangalan Mo, kataastaasan ang kabunyian Mo at walang totoong Diyos maliban sa Iyo.

**9**





Habang nakapatirapa ay magsasabi ng ***subhāna rabbiyal a'lā***[29] سبحان ربي الأعلى Ang sunnah ay tatlong ulit itong sasabihin ngunit ipinahihintulot din naman kahit ilang ulit, kahit isang ulit pa.


**10**





**UNANG UPO.** Iaangat ang ulo kasama ng katawan mula sa pagkakapatirapa habang nagsasabi ng ***Allāhu akbar.*** Uupo—sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa—nang pag-upong Iftirāsh: nakaupo sa kaliwang paa na nakahiga at nakaturo ang mga daliri nito sa gawing kanan samantalang nakatukod ang kanang paa habang nakalagay ang kanang kamay sa dulo ng kanang hita sa tabi ng tuhod at ang kaliwang kamay sa dulo ng kaliwang kamay sa tabi ng tuhod. Samantalang nakaupo na ay magsasabi ng: **Rabbi 'ghfir lī wa 'rhamnī wa 'hdinī wa 'rzuqnī wa 'jburnī wa 'āfinī**[30] رب اغفر لي وارحمني واهدني وارزقني واجبرني وعافني

**11**





**IKALAWANG SUBSOB.** Mag-papatirapa katulad ng sa unang pagpapatirapa habang nagsasabi ng ***Allāhu akbar***. Sabihin kung ano ang sinasabi at ginagawa kagaya ng unang ginawa. Banggitin muli ang: ***subhāna rabbiyal a'lā*** سبحان ربي الأعلى

**12**



**IKALAWANG UPO.** Magsasabi ng ***Allāhu akbar***, pansamantalang maupo (***julus istirahah*** – جلوس للاستراحة) at tumayo nang tuwid.

* Isasagawa ang ikalawang rak'ah na tulad ng sa unang rak'ah sa kung ano ang sinasabi at ginagawa ngunit hindi na bibigkasin ang istiftāh at ang isti'ādhah. Magsimula sa bilang 4. Pagkatapos ng ikalawang pagkakapatirapa ay uupo.

**13**





**Unang Tashahhud*:** ***attahiyātu lillāhi wa 's salawātu wa 't tayyibāt, assalāmu 'alayka ayyuha 'nnabīyu wa rahmatu 'llāhi wa barakātuh, assalāmu 'alaynā wa 'alā 'ibādi 'llāhi 's sālihīn, ash'hadu allā ilāha illa 'llāh, wa ash'hadu anna muhammadan 'abduhu wa rasūluh.***[31] التحيات لله والصلوات والطيبات، السلام عليك أيها النبي ورحمة الله وبركاته، السلام علينا وعلى عباد الله الصالحين، أشهد أن لا إله إلا الله وأشهد أن محمدا عبده ورسوله.

**PAALALA:** Pagagalawin ang nakaturong kanang hintuturo habang binibigkas ang Shahādah.

---

[28] Panginoon ko, patawarin Mo po ako, kaawaan Mo po ako, patnubayan Mo po ako, tustusan Mo po ako, pariwasain Mo po ako at palusugin Mo po ako.

[29] Kaluwalhatian sa Panginoon ko ang Kataastaasan.

[30] Panginoon ko, patawarin Mo po ako, kaawaan Mo po ako, patnubayan Mo po ako, tustusan Mo po ako, pariwasain Mo po ako at palusugin Mo po ako.

[31] Ang mga pagbati ay ukol kay Allah, at ang mga dasal at mga mabubuting gawa. Ang kapayapaan ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Allah at ang biyaya Niya. Ang kapayapaan ay sumaamin nawa at makamit nawa ng matutuwid na mga lingkod ni Allah. Sumasaksi ako na walang totoong Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal, at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

14

## Ang Ikalawang Tashahhud:

***Allāhumma <u>s</u>alli 'alā Muhammad wa 'alā āli Muhammad, kamā <u>s</u>allayta 'alā ibrāhīm, wa 'alā āli ibrāhīm, innaka hamīdum majīd; wa bārik 'alā Muhammad, wa 'alā āli Muhammad, kamā bārakta 'alā ibrāhīm, wa 'alā āli ibrāhīm, innaka <u>h</u>amīdum majīd; allāhumma innī a'ūdhu bika min 'adhābi jahannam, wa min 'adhābil qabri, wa min fitnatil ma<u>h</u>yā wal mamāt, wa min fitnatil masī<u>h</u>id dajjāl.***[32] **اللهم صل على محمد وعلى آل محمد، كما صليت على إبراهيم وعلى آل إبراهيم، إنك حميد مجيد؛ وبارك على محمد وعلى آل محمد، كما باركت على إبراهيم وعلى آل إبراهيم، إنك حميد مجيد؛ اللهم إني أعوذ بك من عذاب جهنم، ومن عذاب القبر، ومن فتنة المحيا والممات، ومن فتنة المسيح الدجال.**


Pagkatapos ng Tashahhud ay manalangin ng anumang maibigan na makabubuti sa Mundo at sa Kabilang-buhay.

15



Pagkatapos ay magsasagawa ng taslīm: magsasabi ng ***assalāmu 'alaykum wa ra<u>h</u>matu 'llāh***[33] **السلام عليكم ورحمة الله** habang lumilingon sa kanan.

16



Pagkatapos ay ibaling naman ang mukha sa gawing kaliwa at magsabi din ng ***assalāmu 'alaykum wa ra<u>h</u>matu 'llāh*** **السلام عليكم ورحمة الله**

## Paalaala:

1. Kapag nagsasagawa ng <u>s</u>alāh na tatluhang rak'ah gaya ng <u>s</u>alāh sa maghrib pagkatapos ng dalawang rak'ah ay tumayong muli sambitin ang ***Allāhu akbar*** at gawin ang panghuling isang rak'ah lamang at bigkasin ang una at ang huling Tashahhud.
2. Para sa pang apatang rak'ah gaya ng <u>s</u>alāh sa <u>dh</u>uhr o 'a<u>s</u>r o 'ishā' . Hahatiin ito sa tigagalawang rak'ah, sa unang dalawang rak'ah ay titigil sa katapusan ng Unang Tashahhud. At tumayong muli sambitin ang ***Allāhu akbar*** at gawin ang gaya ng ginawa sa bilang 4 hanggang sa matapos ang natitirang dalawang rak'ah at banggitin ang una at ang huling Tashahhud.
3. Sa pagsasagawa ng pang tatlong rak'ah at pang apat ay tanging Sūrah al-Fātihah lamang ang bibigkasin habang nakatayo.
4. Sa Huling Tashahhud ng <u>s</u>alāh na <u>dh</u>uhr, 'a<u>s</u>r, maghrib at 'ishā' ay uupo ng pag-upong Tawarruk: nakatukod ang kanang paa, nakalabas ang kaliwang paa sa ilalim ng kanang lulod at maaaring nakaupo sa lapag. Habang nakaupo ay nakalagay ang mga kamay sa mga hita gaya ng pagkakalagay sa unang Tashahhud. Bibigkasin ang Una at Ikalawang Tashahhud sa upong ito at pagkatapos ay magsasagawa ng Taslīm.

## Ang mga Nakasisira sa <u>S</u>alāh

1. Ang pagsasalita nang sadya kahit kaunti lamang,
2. Ang paglihis ng buong katawan sa pagkakaharap sa Qiblah,
3. Ang pag-utot o paglabas sa katawan ng anumang bagay na nagiging dahilan kung bakit kailangan ang wu<u>d</u>ū' at ghusl,
4. Ang maraming sunod-sunod na paggalaw na hindi kailangan,
5. Ang pagtawa kahit kaunti lamang,
6. Ang sinasadyang pagpapalabis sa bilang ng pagyukod o pagtayo o pagpapatirapa o pag-upo, at
7. Ang sinasadyang pakikipag-unahan sa Imām.

---

32 O Allah, ipagbunyi Mo po si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbunyi Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. Pagpalain Mo po si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa Impiyerno at laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa tukso ng Bulaang Kristo.

33 Ang kapayapan ay sumainyo at ang awa ni Allah.

**Ang mga lugar na hindi maaaring pagdausan ng Salah.**

1. Sementeryo
2. Palikuran
3. Sa mga daan ng sasakyan
4. Sa mga kulungan ng hayop
5. Sa Parian (Palengke)
6. Sa mga lugar na marumi.

**Ang mga kundisyon ng Ṣalāh**

1. Muslim
2. Sapat na pag-iisip
3. Tamang gulang
4. Pagsasagawa ng (wuḏū', ghusl at tayyamum)
5. Kalinisan, ang pag-aalis ng maruruming bagay sa katawan, damit at lugar na pagsasagawaan ng dasal.
6. Ang maayos na pagtatakip ng Awra.
7. Pagsasagawa sa takdang oras
8. Pagharap sa Qibla (direksiyon ng Mekka)
9. Pagkakaroon ng niyyah (hangarin na magsagawa ng salah)

**Ang mga Wājib o Kinakailangan sa Ṣalāh**

1. Ang lahat ng takbīr (pagsasabi ng **Allāhu akbar**) maliban sa takbīratul iḫrām,
2. Ang pagsabi ng **subḫāna rabbiyal 'aḏhīm** habang nakayukod,
3. Ang pagsabi ng **sami'allāhu liman ḫamidah** para sa mag-isang nagsasagawa ng ṣalāh at para sa imām,
4. Ang pagsabi ng **rabbanā wa lakal ḫamd** matapos iangat ang ulo at katawan mula sa pagkakayukod,
5. Ang pagsabi ng **subḫāna rabbiyal a'lā** habang nakapatirapa,
6. Ang pagsabi ng **rabbi'ghfir lī** sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa,
7. Ang pagbigkas ng Unang Tashahhud, at
8. Ang pag-upo para sa Unang Tashahhud.

**Ang mga Rukn o Saligan ng Ṣalāh**

1. Ang pagtayo hanggang makakaya,
2. Ang pagsabi ng takbīratul iḫrām o panimulang takbīr,
3. Ang pagbigkas ng Sūratul Fātiḫah sa bawat rak'ah,
4. Ang pagyukod,
5. Ang pagbangon mula sa pagkakayukod,
6. Ang pagpapatirapa sa pitong bahagi ng katawan,
7. Ang pag-angat ng ulo at katawan mula sa pagkakapatirapa,
8. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa,
9. Ang kapanatagan,
10. Ang pagbigkas ng Huling Tashahhud,
11. Ang pag-upo para sa Huling Tashahhud,
12. Ang dalangin ng pagpapala para sa Propeta (isinama na ito sa Huling Tashahhud),
13. Ang pagsasagawa ng Taslīm,
14. Ang pagkakasunod-sunod.

**Ang mga sunnah sa salah.**

1. Ang pagbigkas ng Du'a al Istiftah
2. Ang paglagay ng mga kamay sa dibdib, ang kanang kamay ay nakapatong sa kaliwang kamay habang nasa nakatayong posisyon.
3. Ang pagtaas ng mga kamay hanggang sa balikat na ang mga daliri ay magkakadikit at nagsasabi ng "Alahu akbar" habang sinisimulan ang Salah, kapag nagsagawa ng Ruko, kapag bumalik sa pagkakatayo, pagkatapos magsagawa ng Ruko, at kapag bumalik sa pagkakatayo para simulan ang ikatlong bahagi (unit) ng Salah.
4. Ang pagsasabi ng "Subhana Rabbiyal Adheem at Subhana Rabbiyal A'la ng higit sa isang beses habang nasa posisyon ng Ruko at Sujud.

5. Ang pagsasabi ng Rabbighfirli Warhamni Warzukni Wa'afini Wajburni (O aking panginoon, patawarin mo po ako, kahabagan mo po ako) ng higit sa isang beses sa pagitan ng isang Sujud.
6. Ang pagyuko na ang ulo at likuran ay nasa pantay na posisyon. Ito ay ang tamang posisyon ng Ruko.
7. Habang nasa posisyon ng Sujud (pagpapatirapa), ang mga braso ay hindi dapat nakadikit sa tagiliran at ang dibdib ay hindi dapat nakadikit sa mga hita.
8. Ang pagtaas ng braso na hindi nakalapat sa sahig o lupa habang nasa Sujud (pagpapatirapa) na posisyon.
9. Ang panalangin (Tashahud) para kay Propeta Muhammad (sas) sa kanyang pamilya at para kay Propeta Ibrahim (as) sa kanyang pamilya (ang huling Tashahud ang tinutukoy dito)
10. Ang may boses (tunog) sa pagsasagawa ng dasal para sa Fajar, Magridh at Isha.
11. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang Sujud na ang kaliwang pigi ay nakapatong sa kaliwang paa (na nakahiga) habang ang kanang paa ay nakatukod at ang daliri nito ay nakasayad sa sahig.
12. Ang pag-upo ng upong tinatawag na "Tawarruk" habang binibigkas ang huling Tashahud. Ang pag-upong ito ay ganito: nakatukod ang kanang paa, nakalagay ang kaliwang paa sa ilalim ng kanang paa, sa ilalim ng kanang binti, at nakadikit sa lapag ang kaliwang pigi.
13. Ang tahimik na pagbigkas ng Du'a pagkatapos ng huling Tashahud.
14. Ang tahimik na pagsasagawa ng Salah sa Dhuhur at Asr sa huling rak'ah ng Magribh, at sa huling rak'ah ng Isha
15. Ang pagbigkas ng mga piling talata sa Banal na Qur'an pagkatapos bigkasin ang Al-Fatiha.

### Ang Iba't-ibang Uri ng Salah

1) **Obligadong Dasal** (Ang Fard na Dasal)
2) **Ang dasal sa araw ng Biyernes** (Jumu'ah) – Ito ay binubuo ng dalawang rak'ah (dalawang posisyon na pagyuko) na isinasagawa kahalili ng "Dhuhur" na dasal sa tanghali, obligado ang dasal na ito na isagawa ng samasama na kasama ang kapuwa kalalakihang Muslim sa mosque. Kung sakali, na ang sinuman ang hindi naisagawa ang dasal na ito, siya ay kinakailangan na magsagawa ng apat na rak'ah katulad ng kanyang ginagawa sa pagtanghaling dasal. May anghel na nakatala sa pintuan ng masjid na naglilista ng bawat tao na punapasok sa masjid:

    **Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA);** nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang pinakamainam na sinikatan ng Araw ay ang araw ng Biyernes: sa araw na ito nilikha si Adan, sa araw na ito ipinasok siya sa Paraiso, at sa araw na ito pinalabas doon."*** Iniulat ni Imam Muslim.

    **Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA);** nagsabi ang Sugo ni Allah (sas); *"Ang sinumang magsagawa ng wudhu' at hinusayan niya ang pagsasagawa ng wudhu, pagkatapos ay pumunta siya sa salah sa Jumu'ah at nakikinig at nananahimik, patatawarin siya sa pagkakasala sa pagitan ng [Jumu'ah na] ito at ng [kasunod na] Jumu'ah at karagdagang tatlong araw. Ang sinumang humipo ng mga bato ay nakagawa na ng walang kabuluhan."* Iniulat ito ni Imam Muslim

3) **Dasal para sa Namatay** (Salatul Jannasa)
    1. Ito ay ginagawa nang nakatayo at mayroong apat na takbeer.
        - Sa unang Takbeer ay kailangang bigkasin ang Sura Al-Fatiha
        - Sa ikalawang Takbeer ay kailangang bigkasin ang ikalawang bahagi ng Tashahud.
        - Sa ika-tatlong Takber ay magsagawa ng natatanging Du'a para sa namatay at ganoon din para sa iyo.
        - At ang huling Takber ay mag Tasleem sa Kanang Bahagi at hindi na kailangang gawin ang Tasleem sa kaliwang bahagi.
        - Ang Salatul Jannasa ay walang ruku at walang sujud.

4) **Salatul Istikhara** – ito ay kinapapalooban ng dalawang rak'ah na kung saan ang taong nagsasagawa nito ay humihingi kay Allah na gabayan siya sa tamang daan, hinggil sa

tanging gawain o pangyayari na kailangan niyang malaman kung ano ang nararapat na gawain.

Ayon sa sinabi ni Jabir (RA): Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagtuturo noon sa amin ng istikharah kaugnay sa lahat ng bagay gaya ng pagtuturo niya sa amin ng mga surah ng Qur'an. Sinabi niya: Kapag nagpasya ang sinuman sa inyo na gawin ang isang bagay ay magsagawa siya ng dalawang rak'ah na salah na hindi faridah at pagkatapos ay magsabi siya ng ganito.

***"Allahumma inni astakhiruka bi'ilmika, wa astaqdiruka min fadlikal 'adhimi, fa'innaka taqdiru wa la aqdir, wa anta 'allamul ghuyub. Allahuma in kunta ta'lamu anna hadhal amra khayrun li fi dini wa ma'ashi wa aqibati amri."***

- na ang ibig sabihin; "O allah, sumasangguni ako sa Iyo sa pamamagitan ng kaalaman Mo. Humihingi ako sa Iyo ng kakayahan sa pamagitan ng kakayahan Mo. Humihingi ako mula sa dakilang kagandahang-loob Mo sapagkat tunay na Ikaw ay nakakakaya at hindi ako nakakakaya, at nakaaalam Ka at hindi ako nakaaalam, at Ikaw ay ang pinakanakaaalam sa mga nakalingid. O allah, kung nalalaman Mo na ang bagay na ito ay mabuti para sa akin, sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahihinatnan ng balak ko.

5) **Salatul Istisqā** – Ito ay kinapapalooban ng dalawang rak'ah upang humiling kay Allah ng ulan sa panahon ng tagtuyot.

**Ayon sa sinabi ni A'ishah (RA):** "Idinaing ng mga tao sa Sugo ni Allah (SAS) ang mga kawalan ng ulan. Kaya nag-utos siya [na kumuha] ng plataporma at ilagay ito para sa kanyang dasalan. At nagtakda siya ng isang araw na dadaluhan ng mga tao." At sinabi pa ni A'ishah (RA): "Lumabas ang Sugo ni Allah (SA) ng lumitaw ang gilid ng araw. Naupo siya sa plataporma at nagdakila at nagpuri siya kay Allah, ang Makapangyarihan at Kapita-pitagan. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***Ang lahat ng papuri ay ukol kay Allah ang Panginoon ng mga nilalang, ang Pinakamaawain, Ang Maawain, ang nag-aari ng Araw ng Pagganti. Walang diyos kundi si Allah; ginagawa Niya ang anumang naisin. O Allah, Ikaw si Allah; walang diyos kundi Ikaw. Ikaw ang mayaman samantalang kami ang mga maralita; magpababa Ka sa amin ng ulan at gawin Mo ang ibaba Mo para sa amin na lakas at panawid sa pansamantala***. Pagkatapos ay inangat niya ang mga kamay niya at patuloy siya sa pag-angat hanggang sa lumitaw ang kaputian ng kilikili niya. Pagkatapos ay iniharap niya ang likod niya sa mga tao at binaligtad niya ang balabal niya habang inaangat niya ang mga kamay niya. Pagkatapos ay humarap siya sa mga tao at bumaba sa [plataporma] at nagdasal ng dalawang rak'ah. Gumawa si Allah ng ulap at kumulog at kumidlat. Pagkatapos ay umulan ayon sa kapahintulutan ni Allah. Hindi pa siya nakararating sa kanyang masjid ay dumaloy na ang baha. Nang Makita niya ang pagmamadali nila papunta sa silungan ay tumawa siya hanggang lumitaw ang mga bagang niya at nagsabi: ***Sumasaksi ako na si Allah ay may kakayahan sa lahat ng bagay at ako ay Lingkod ni Allah at Sugo Niya***" Iniulat ni Imam Abu Dawud.

6) **Salatul Eid-al-Fitr** – ang Salatul Eid ay binubuo ng dalawang Rak'ah ito ay walang Adhan at walang Iqamat at walang sunnah maliban na ito ay ginawa sa malaking masjeed na kailangang magbigay ng dalawang Rak'ah na salatul masjeed. Sa unang Rak'ah ito ay may pitong Takbeer at sa pangalawang Rak'ah ay may limang takbeer. Ang kuthbah (sermon) ay pagkatapos ng dalawang Rak'ah.

**Ayon sa sinabi ni Anas (RA)**: *"Ang Sugo ni Allah (SAS) ay hindi pumupunta [sa pinagdarausan ng salah para] sa **'Idulfitr** hanggat hindi siya nakakain ng isang datiles."*

7) **Tahajjud** – Ito ay isang uri ng dasal na isinasagawa pagkatapos ng Salatul Isha at bago dumating ang Salatul Fajr. Sa dasal na ito na kung saan Si Allah ay bumababa sa ikatlong bahagi ng gabi upang tugunan ang kahilingan, dalangin ng taong nagsasagawa nito sa oras na yaon.

**Ayon kay Jabir (RA)**; "Narining ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: *Tunay na sa gabi ay may isang sandali na kapag natapat dito na humihiling ang isang taong Muslim ng*

*mabuting bagay sa Mundo at Kabilang-buhay ay tiyak na ibibigay Niya ito doon. Iyan ay tuwing gabi."* Iniulat ni Imam Muslim

Sinabi ni Allah: ***"Nilalayuan ng mga tagiliran nila ang mga higaan upang manalangin sa Panginoon nila dahil sa takot at pagmimithi, at mula sa iniutos Namin sa kanila ay gumugol sila."***[34] Sinabi pa Niya; ***"Sila ay nangatutulog nang kaunti sa gabi. At sa mga huling bahagi ng gabi, sila ay nagsisihingi ng patawad."***[35]

Ayon kay Abu Hurayrah, ang sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi; *"Nagbubuhol ang demonyo sa likod ng ulo sa bawat isa sa inyo, kapag kayo ay natutulog, nang tatlong buhol. Umuusal siya sa kinanalalagyan ng bawat buhol (ng ganito): Sumaiyo ay isang mahabng gabi, kaya matulog ka. Kapag nagising ito at naalala nito si Allah ay nakakalag ang isang buhol. Kapag nagisagawa itong wudhu ay nakakalag ang isa pang buhol. Kapag nagdasal ito ay nakakalag ang (huling) buhol, kaya naman dinadatnan siya ng umaga ng masigla at mabuti ang lagay ng kalooban, at kung hindi dadatnan siya ng umaga na masama ang lagay ng kalooban at matamlay."* Iniulat ni Iman al-Bukhari at Imam Muslim.

8) **Tarāwih** – ito ay ang dasal na ginagawa sa gabi pagkatapos ng dasal sa Ishā sa panahon ng Ramadān. Ito ay maaaring gawin na magisa o nang samasama.

**Ayon sa sinabi ni A'ishah (RA):** "Ang Sugo ni Allah ay hindi nagpapalabis sa Ramadan man o sa ibang [buwan] ng higit sa labing isang rak'ah. Pagkatapos ay nagdarasal siya ng apat [na rak'ah] at huwag mo ng itanong pa ang ganda nito at ang haba nito. Pagkatapos ay nagdarasal siya ng apat [na rak'ah] at huwag mo ng itanong pa ang ganda nito at ang haba nito. Pagkatapos ay nagdarasal siya ng tatlong [rak'ah]." Sinabi pa ni A'ishah, (RA): "Nagsabi ako: 'O Sugo ni Allah,, natutulog ka pa ba muna bago magsagawa ng witr? Nagsabi ito: ***O 'A'ishah, tunay na ang mga mata ko ay natutulog ngunit hindi natutulog ang puso ko.:***

9) **Salatul Khusuf** (eclipse) ito ay may Takbeer at Al-Fatiha sa unang rak'ah at mahaba ang sura na dapat bigkasin at pagkatapos ay magsagawa ng matagal na Ruku at pagtayo mula sa pagkakayuko ay kailangang banggitin muli ang Al-Fatiha at sundan muli ng sura subalit medyo maikli sa naunang sura na binigkas pagkatapos ay magsagawa ng sujjud na matagal at tumayo upang gawin ang pangalawang Rak'ah gawin ang ginawa sa unang Rak'ah hanggang mawala ang eclipse.

**Ayon sa sinabi ni Abu Bakrah (RA):** *"Nakaupo kami noon sa tabi ng Sugo ni Allah (SAS) nang maglaho ang araw. Tumayo ang Propeta (SAS) na hinihila-hila niya ang balabal niya hanggang sa makapasok siya sa masjid. Pumasok din kami at pinamunuan niya kami sa dasal na dalawang rak'ah hanggang sa lumitaw ang araw. Pagkatapos ay nagsabi siya: Tunay na ang araw at ang Buwan ay hindi naglalaho dahil sa pagkamatay ng sinuman kapag nakita ninyo ang paglaho ay magdasal kayo at manalangin kayo hanggang sa mahawi sa inyong [paningin ang paglaho]"* Iniulat ni Imam al-Bukhari.

**Ayon sa sinabi ni A'ishah (RA):** "Naglaho minsan ang araw noong panahon ng sugo ni Allah (SAS), kaya namuno siya sa mga tao sa isang dasal. Tumayo siya at tinagalan niya ang pagkakatayo. Pagkatapos ay yumukod siya at tinagalan niya ang pagkakayukod; pagkatapos ay tumayo muli at tinagalan niya ang pagkakatayo, ngunit maikli kaysa sa unang pagkakatayo. Pagkatapos ay yumukod muli siya, ngunit maikli kaysa sa unang pagkakayukod. Pagkatapos ay nagpatirapa siya [matapos tumayo] at tinagalan niya ang pagkakapatirapa. Pagkatapos ay ginawa niya sa ikalawang rak'ah ang tulad ng ginawa niya sa unang [rak'ah] at saka niya tinapos [ang salah] ng nakalitaw na ang Araw. Pagkatapos ay nangaral siya sa mga tao. Nagpuri siya at nagbunyi kay Allah at pagkatapos ay nagsabi: *Tunay na ang Araw at Buwan ay dalawang tanda sa dalawang tanda ni Allah; hindi naglalaho ang mga ito dahil sa pagkamatay ng sinuman sa inyo ni dahil o sa pagkabuhay (pagkasilang) nito. Kapang nakita ninyo iyan ay gunitain ninyo si*

[34] Qur'an 32:16
[35] Qur'an 51:17-18

*Allah, dakilain ninyo, magdasal kayo, at magkawang gawa kayo.* Pagkatapos ay nagsabi pa siya: *O mga tagasunod ni Muhammad, sumpa man kay Allah, walang isang higit na mapanibughuin pa kaysa kay Allah [kaya bawal] na mangalunya ang lalaking lingkod Niya o mangalunya ang babaing lingkod Niya. O mga taga sunod ni Muhammad,* sumpa man kay Allah, kung nalalaman lamang ninyo ang nalalaman ko, talaga namang tatawa kayo nang madalang at talaga namang iiyak kayo ng madalas." Iniulat ni Imam al- Bukhari.

May mga dasal na di-sapilitan, subalit may malaking pagpapala ang sinuman na magsagawa nito. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Dalawang rak'ah bago magsimula ang pang-umagang dasal (Fajr).
2. Apat na rak'ah (dalawang magkahiwalay na rak'ah na susundan ng panibagong dalawang rak'ah) bago magsimula ang obligadong dasal ng Dhuhr at dalawa pagkatapos ng obligadong dasal.
3. Dalawang rak'ah pagkatapos ng Magrib.
4. Dalawang rak'ah pagkatapos ng Isha.
5. Apat na rak'ah (dalawang magkahiwalay na susundan na panibagong magkahiwalay na dalawa pa) pagkatapos ng obligadong dasal kung araw ng Biyernes (Jumu'a).
6. Pagkatapos ng mga di-sapilitang dasal pagkatapos maisagawa ang obligadong dasal para sa panggabing dasal (Isha) may isa pang di-sapilitan ang pagsasagawa ng pagdarasal, ito ay ang tinatawag na "Witr". Walang katiyakan ang bilang mga rak'ah nito, ngunit hangga't maaari ay gansal na bilang isa, tatlo o lima na rak'ah lamang subalit maaari itong isagawa ng isang rak'ah lamang.
7. Kung ikaw ay papasok sa loob ng mosque, sunna at itinatagubilin na kinakailangan mong magbigay ng pagpupugay na dasal sa pamamagitan ng pagsasagawa ng dalawang rak'ah bago ka umupo.

   **Ayon kay Qatadah (RA):** ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Kapag pumasok ang sinuman sa inyo sa masjid ay magdasal siya ng dalawang rak'ah bago maupo."*** Iniulat ni Imam al-Bukhari at Imam Muslim.

### Ang Nahuli sa Ṣalāh

Bubuuhin ang bahagi ng ṣalāh na hindi naabutan kasabay ng imām pagkatapos na magsagawa ng taslīm ang imām. Ang maging simula ng ṣalāh ay ang rak'ah na naabutan kasabay ng Imām. Naaabutan ang isang rak'ah kapag naabutan ang pagyukod (rukū') sa rak'ah ng ṣalāh kasabay ng Imām. Subalit kung hindi naabutan kasama ng Imām ang pagyukod sa rak'ah na iyon, hindi na naabutan ang buong rak'ah ng ṣalāh na iyon. Ang Nahuli sa ṣalāh, kapag dumating sa masjid, ay dapat na lumahok kaagad sa jamā'ah maging anuman ang posisyon nila-nakatayo o nakayukod o nakapatirapa man sila o maging ano pa man ang ginagawa nila, at hindi na niya hihintayin ang kanilang pagtayo para sa kasunod na rak'ah. Isasagawa niya ang takbīratul iḥrām samantalang siya ay nakatayo, maliban na lamang kung may dahilang hindi tumayo gaya ng isang may-sakit.

### Ang Pagkakamali sa Salāh

Kapag nagkamali ang isang tao sa kanyang ṣalāh, halimbawa ay may nakaligtaang isang **wājib ng ṣalāh** gaya ng Unang Tashahhud o anumang tulad nito na kabilang sa mga **wājib ng ṣalāh**, siya ay magsasagawa ng ***sujūdus sahw***—dalawang magkasunod na pagpapatirapa habang nakaupo—bago magsagawa ng Taslim sapagkat ang pagkakamaling ito ay itinuturing na kakulangan sa ṣalāh.

Subalit kapag nakagawa siya ng kalabisan sa ṣalāh, siya ay magsasagawa ng Sujūdus Sahw pagkatapos ng Taslīm at saka magsasagawa muli ng Taslīm. Ngunit kapag may isa sa mga Rukn ng ṣalāh na nakaligtaan, kailangang isagawa ang nakaligtaang ***rukn*** ng ṣalāh[36] at kailangan ding magsagawa ng Sujūdus Sahw bago magsagawa ng Taslīm.

---

36 Kung naalaala kaagad ang nakaligtaang rukn ng ṣalāh, ngunit kung marami nang kilos ang namagitan kailangang ulitin na ang buong rak'ah na kinapapalooban ng nakaligtaang rukn ng ṣalāh.

## Ang Salah para sa Musafir (Manlalakbay)

Kung ang isang tao ay maglalakbay ng hindi bababa sa 80 km ang apat na rak'ah sa Dhuhur, Asr, Isha ay gagawing dalawang rak'ah lamang.

| Mga Uri ng Salah | Sunna (Bago) | Bilang ng Rak'ah | Sunna (Pagkatapos) | Oras ng Salah |
|---|---|---|---|---|
| Salatul Fajr | 2 Rak'ah | Dalawang Rak'ah (2) | X | Madaling Araw |
| Salatul Dhuhur | X | Dalawang Rak'ah (2) | X | Tanghali |
| Salatul Asr | X | Dalawang Rak'ah (2) | X | Hapon |
| Salatul Magribh | X | Tatlong Rak'ah (3) | X | Paglubog ng Araw |
| Salatul Isha | X | Apat na Rak'ah (4) | X | Gabi |
| Witir | | Isang Rak'ah (1) | O higit pa sa isa na may gansal na bilang | |

Ang pagsasama ng mga salah ay pinahihintulutan upang maging madali para sa isang mananampalataya ang maglakbay.

1. *Taqdeem* (Pagpapauna). Ginagawa kaagad ang Salatul Asr pagkatapos ng Salatul Dhuhur at ginagawa naman ang Salatul Isha pagkatapos ng Salatul Magribh. Ito ay kinapapaloobañ ng isang Adhan at may magkahiwalay ng Iqamat.
2. *Ta'akheer* (Pagpapaliban). Ang Salatul Dhuhur ay ipinagpapaliban sa takdang oras ng Salah at ito ay ginagawa sa oras ng Salatul Asr na mayroon isang Adhan at magkahiwalay na Iqamat. Gayundin ang dapat gawain sa pagsasagawa ng Magribh at Isha, subalit hindi kailangang paigsiin ang Salatul Magribh.

## Ang mga Dhikr Pagkatapos ng Ṣalāh

| | |
|---|---|
| **astaghfiru'llāh** (3x).[37]<br>**Allāhumma anta'ssalāmu wa minka'ssalām, tabārakta yā dha'ljalāli wa'l'ikrām.**[38] | (٣) أستغفر الله<br>اللهم أنت السلام ومنك السلام تباركت ياذا الجلال والإكرام. |
| **lā ilāha illa'llāh waḫdahu lā sharīka lah, lahu'lmulku wa lahu'lḫamd, wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr.**[39] | لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على كل شيء قدير. |
| **Allāhumma lā māni'a limā a'ṯayta, wa lā mu'ṯiya limā mana'ta, wa lā yanfa'u dha'ljaddi minka'ljadd.**[40] | اللهم لا مانع لما أعطيت، ولا معطي لما منعت، ولا ينفع ذا الجد منك الجد. |
| **lā hawla wa lā qūwata illā bi'llāh, lā ilāha illa'llāh, wa lā na'budu illā iyyāh, lahu'nni'matu wa lahu'lfaḏlu wa lahu'ththanā'u'lḫasan, lā ilāha illa'llāh mukhliṣīna lahu'ddīna wa law kariha'lkāfirūn.**[41] | لا حول ولا قوة إلا بالله،لا إله إلا الله ولا نعبد إلا إياه، له النعمة وله الفضل<br>وله الثناء الحسن، لا إله إلا الله مخلصين له الدين ولو كره الكافرون. |

37 Humihingi ako ng kapatawarin ni Allah (3x).

38 O Allah, Ikaw ang Walang-kapintasan at mula sa Iyo ang kapayapaan. Mapagpala Ka, o Ikaw na karapat-dapat sa pagpipitagan at pagpaparangal.

39 Walang Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan.

40 O Allah, walang makapipigil sa anumang ibinigay Mo at walang makapagbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi makapagdudulot ng pakinabang sa may yaman ang yaman laban sa Iyo.

41 Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah. Walang totoong Diyos kundi si Allah, at wala tayong sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya at ukol sa Kanya ang pagmamagandang-loob at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang totoong Diyos kundi si Allah, wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya.

Pagkatapos ng salāh sa fajr at maghrib, kanais-nais na ulitin nang 10 beses ang sumusunod:

| | |
|---|---|
| ***lā ilāha illa 'llāh, wahdahu lā sharīka lah, lahu 'lmulku wa lahu 'lhamd, yuhyī wa yumīt, wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr.***[42] | لا إله إلا الله، وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد، بحي ويميت، وهو على كل شيء قدير. |

Pagkatapos ay sasabihin ang sumusunod:

| | |
|---|---|
| ***subhāna'llāh*** (33x), ***alhamdu lillāh*** (33x), ***Allāhu akbar*** (33x).[43] | سبحان الله (٣٣)، الحمد لله (٣٣)، الله أكبر (٣٣). |
| ***lā ilāha illa 'llāh, wahdahu lā sharīka lah, lahu 'lmulku wa lahu'lhamd, wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr.***[44] | لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على كل شيء قدير. |
| **Sūratul Ikhlās**<br>***bismi 'llāhi 'rrahmāni 'rrahīm, [1]qul huwa 'llāhu ahad, [2]allāhu 's samad, [3]lam yalid wa lam yūlad, [4]wa lam yakul lahū kufuwan ahad.***[45] | بسم الله الرحمن الرحيم؛ قل هو الله أحد؛ الله الصمد؛ لم يلد ولم يولد ولم يكن له كفوا إحد. |
| **Sūratul Falaq**<br>***bismi 'llāhi 'rrahmāni 'rrahīm, [1]qul a'ūdhu birabbi 'lfalaq, [2]min sharri mā khalaq, [3]wa min sharri ghāsiqin idhā waqab, [4]wa min sharri 'nnaffāthāti fi'l'uqad, [5]wa min sharri hāsidin idhā hasad.***[46] | بسم الله الرحمن الرحيم؛ قل أعوذ برب الفلق؛ من شر ما خلق؛ ومن شر غاسق إذا وقب؛ ومن شر النفثات في العقد؛ ومن شر حاسد إذا حسد. [4] |
| **Sūratun Nās**<br>***bismi 'llāhi 'rrahmāni 'rrahīm, [1]qul a'ūdhu birabbi 'nnās, [2]māliki 'nnās, [3]ilāhi 'nnās, [4]min sharri 'lwaswāsi 'lkhannās, [5]alladhī yuwaswisu fī sudūri 'nnās, [6]mina 'ljinnati wa 'nnās.***[47] | بسم الله الرحمن الرحيم؛ قل أعوذ برب الناس؛ مالك الناس؛ إله الناس؛ من شر الوسواس الخناس؛ الذي يوسوس في صدور الناس من الجنة والناس.[5] |
| **Āyatul Kursī**<br>***Allāhu lā ilāha illā huwa 'lhayyu 'lqayyūm, lā ta'khudhuhu sinatuw wa lā nawm, lahū mā fi'ssamāwāti wa mā fi'lard, man dha'lladhī yashfa'u 'indahu illā bi'idhnih, ya'lamu mā bayna aydīhim wa mā khalfahum, wa lā yuhītūna bishay'im min 'ilmihi illā bimā shā', wasi'a kursīyuhu 'ssamāwāti wa 'l'ard, wa lā ya'ūduhu hifdhuhumā, wa huwa 'l'alīyu 'l'adhīm.***[48] | الله لا إله إلا هو الحي القيوم، لا تأخذه سنة ولا النوم، له ما في السموات وما في الأرض،<br>من ذا الذي يشفع عنده إلا بإذنه، يعلم ما بين أيديهم وما خلفهم، ولا يحيطون بشيء من<br>علمه إلا بما شاء، وسع كرسيه السموات والأرض، ولا يؤوده حفظهما، وهو العلي العظيم. |

---

[42] Walang totoong Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang pupuri. Nagbibigay Siya ng at bumabawi Siya ng buhay, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan.

[43] Kaluwalhatian kay Allah (33x). Ang papuri ay ukol kay Allah (33x). Si Allah ay Pinakadakila (33x).

[44] Walang totoong Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang pupuri, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan.

[45] Sa ngalan ni Allah, ang Pinakanaaawa, ang Maawain. [1]Sabihin mo: "Siyang si Allah ay iisa. [2]Si Allah ay ang Dulugan. [3]Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, [4]at walang iisa na naging kapantay Niya."

[46] Sa ngalan ni Allah, ang Pinakanaaawa, ang Maawain. [1]Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukang-liwayway, [2]laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya, [3]at laban sa kasamaan ng nagdidilim na gabi kapag sumapit ito, [4]at laban sa kasamaan ng mga *mangkukulam na* umiihip sa mga buhol, [5]at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag nainggit ito."

[47] Sa ngalan ni Allah, ang Pinakanaaawa, ang Maawain. [1]Sabihin mo: "Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao, [2]na Hari ng mga tao, [3]na Diyos ng mga tao; [4]laban sa kasamaan ng na palakubli — [5]na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao — [6]na kabilang sa mga jinn at mga tao."

[48] Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buhay, ang Tagapag-aruga. Hindi Siya natatangay ng antok ni ng pagkatulog. Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino kaya ang makapamamagitan sa Kanya nang walang kapahintulutan Niya? Nalalaman Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Wala silang matatalos sa anuman mula sa kaalaman Niya maliban sa niloob Niya. Nasaklawan ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Mataas, ang Dakila.

Bibigkasin ang **Āyatul Kursī**, ang **Sūratul Ikhlās**, ang **Sūratul Falaq** at **Sūratun Nās** sa bawat ṣalāh. Kanais-nais na ulitin nang tatlong beses ang tatlong Sūrah na ito pagkatapos ng ṣalāh sa fajr at maghrib.

### Ang mga Sunnah Rātibah

Kanais-nais para sa bawat Muslim at Muslimah na panatilihin ang pagsasagawa ng 12 rak'ah na sunnah Rātibah kapag hindi naglalakbay: apat na rak'ah bago isagawa ang ṣalāh sa dhuhr at dalawang rak'ah pagkatapos nito, dalawang rak'ah pagkatapos ng ṣalāh sa maghrib, dalawang rak'ah pagkatapos ng ṣalāh sa 'ishā' at dalawang rak'ah pagkatapos ng ṣalāh sa fajr sapagkat ang Propeta (SAS) ay nagpapanatili noon sa pagsasagawa ng mga ito. Nagsabi siya: ***"Ang sinumang magsagawa ng labindalawang rak'ah sa kanyang araw at gabi bilang pagkukusang-loob, gagawan siya ng bahay sa Paraiso."*** sunnah rin para sa isang Muslim na magsagawa ng ṣalāh na Witr, na isinasagawa sa pagitan ng pagkatapos ng ṣalāh sa 'ishā' hanggang sa bago magmadaling-araw. Ang Witr at sunnah Rātibah sa fajr ay kabilang sa mga sunnah na palaging isinasagawa noon ng Sugo (SAS), naglalakbay man siya o hindi naglalakbay.

**PAGSASANAY BLNG. II**

SAGUTIN ANG MGA SUMUSUNOD NA KATANUNGAN.

1. Sa iyong palagay papaano tatanggapin ng Allah ang mga ginagawa mong pagsamba sa Kanya, ano ang iyong basehan hinggil dito?
2. Ang Ibadah ba ay limitado sa isang gawa lamang na patungkol sa pagsasagawa ng dasal. Kung Oo ang iyong sagot bakit, kung hindi, bakit?
3. Kailan ginagamit ang pagsasagawa ng wudhu?
4. Ano ang sura sa Qur'an na kung saan nabanggit ang " ***Wa maa khalaqtul-jinna wal'insa ' illa liya 'budoon'*** at ano ang ibig sabihin nito sa salitang tagalog?
5. Ano ang basehan upang ang ginagawa mong pagdarasal ay katanggap-tanggap?
6. Ano ang *Taqdeem* at *Ta'akheer*, papaano ito isinasagawa. Ipaliwanang?
7. Ipaliwanang ang pagkakaroon ng Salatul Magribh ng apat na Tasshahud. Sino ang nagsalaysay ng Hadith hinggil sa paghingi ng ulan ng Propeta Muhammad (SAS) sa Allah (SWT).

**AL FATIHA:** ____________________

**ADHAN SA UMAGA:** ____________________

**SURA IKHLAS:** ____________________

PAGSASANAY BLNG.IV
PAGSUSULIT BLNG. I

PANGALAN:______________ PETSA:__________
PANGALAN NG GURO: ______________
LAGDA: ______________ MARKA:__________

## I. SAGUTIN ANG MGA HINIHILING NA KATANUNGAN.

__________ 1. Ano ang wajibat ng wudhu?
__________ 2. Ano ang tawag sa taong namumuno sa dasal?
__________ 3. Pagkatapos mong magdasal ng Salatul Fajar ilang sunnah ang dapat mong gawin?
__________ 4. Ang tubig na nagbago ang amoy at kulay ay tinatawag sa salitang Arabe na ano?
__________ 5. Ilang tasleem mayroon ang salatul Janasa?
__________ 6. Ilang tashahud ang iyong gagawin kung ikaw ay nahuli sa dasal na Magribh at naabutan mo silang tumayo sa pangalawang ruku'u?
__________ 7. Sa ginagawang salah at nagkamali ang imam at lalabis ang kanyang sujood ano ang dapat mong sabihin upang mapaalalahanan siya?
__________ 8. Ano ang tawag sa harang na iyong inilalagay sa tuwing ikaw ay magsasagawa ng pagdarasal?
__________ 9. Kung ikaw ay nahuli sa salatul Magribh at naabutan mo sila sa pangalawang ruku'u na nakatayo na ilang ruku'u pa ang dapat mong gawin upang makumpleto ang dasal na ito
__________ 10. Ang paglilinis na gamit ang tubig ay tinatawag sa salitang Arabe na ano?
__________ 11. Kung ikaw ay magdadasal ng salatul Janasa ilang sujood ang iyong gagawin?
__________ 12. Ang pagdarasal para sa Eid Al Fitr at Eid Al Adha ay ginagawa sa labas ng masjeed ng may ilang takbeer sa pangalawang rak'ah?
__________ 13. Ano ang du'a kapag ikaw ay lumabas ng palikuran?
__________ 14. Ano ang iyong babanggitin sa tuwing ikaw ay magsasagawa ng wudhu?
__________ 15. Ang At-tamyeez ay pre-requisite ng wudhu na nararapat na gawin ng isang tao kung siya ay na sa gulang na ano?

## II. SALONGUHITAN ANG TAMANG SAGOT.

1. Ang paghuhugas na gamit ang tubig ay may katumbas sa salitang Arabe na ?
   a) At Tahoor b) Al istinjaa k) Al Istijmar d) An Ranjus
2. Ang At Tamyeez ay pre-requisite ng ano?
   a) Wudhu b) Ghusul k) Tayammum d) Salah
3. Ang salah ay may mga haligi, pang ilang haligi ng dasal ang Al Fatiha?
   a) Una b) Pangalawa k) Pangatlo d) Panglabing isa
4. Ang malinis na tubig, walang kulay,amoy,lasa ay nabibilang sa ?
   a) At Tahoor b) Al Istinjaa k) Al Istijmar d) An Ranjus
5. Ang unang sinasabi sa salatul Jannasa ay ang ?
   a) ang takbeer b) Al Fatiha k) tasshahud d) du'a
6. Ang adhan sa umaga ay katulad sa adhan sa anong obligadong dasal
   a) wala b) dhuhur k) asr d) Magribh
7. Ang pagsasagawa ng witr sa gabi ay ginagawa ng may ilang rak'ah?
   a) 4 b) 1 k) 6 d) 10
8. Ang pagkalasing o pagkain ng laman ng Kamelyo ay nabibilang sa anong uri?
   a)Hadat al Askar b) Hadat Al Akbar k) Hadat Al Asgar d) Hadat Al Sagir
9. Ang tasleem ay pang ilan sa haligi ng salah?
   a)pang dalawa b) pang apat k) pang sampo d) pang pito
10. Ang namumuno sa dasal ay tinatawag na?
   a) Iman b) Muadhin K) mumeen d) Imam

## III. ISULAT ANG TITIK "W" KUNG ANG SALITA AY NAGSASABING WAJIBAT AT ISULAT ANG TITIK "H" KUNG ANG SALITA AY NAGSASABING HALIGI AT TITIK "P" KUNG ITO AY PRE-REQUISITE.

_______ 1. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa.
_______ 2. Bismillah.
_______ 3. Ang pagsasabi ng Sami Allah Huliman Hamida.
_______ 4. Ang pagsasabi ng Takbeerat (maliban sa Tabeerat Al Hiram)
_______ 5. Ang pagsasabi ng Subhanna Rabeeyal Adheem
_______ 6. Tasleem
_______ 7. Ang pag-upo para sa huling tasshahud
_______ 8. Qiyam
_______ 9. At Tamyeez
_______ 10. Ang pagalis ng bagay upang pumasok ang tubig sa balat.
_______ 11. Nusok (Niyah)
_______ 12. Ang tubig ay kinakailangan na puro at dalisay.
_______ 13. Ang pagsasabi ng Subhanna Rabeeyal Allah.
_______ 14. Al Muwaalat .
_______ 15. Ang pagsasabi ng Rabigfirly.

## IV. PAGSUNOD-SUNORIN. LAGYAN NG BILANG SA BAWAT PATLANG.

### Ang anim na Faroud (obligadong gawin) sa pagsasagawa ng wuḍū.

_______ Al-Muwaalat na ang ibig sabihin ay wala sa isang parte ng katawan na mabinbing hugasan, kung ang isang parte ay nahugasan na at ito ay natuyo.
_______ Ang paghuhugas ng mga paa hanggang sa bukong-bukong.
_______ Ang paghuhugas ng sunod-sunod na ang ibig sabihin ay walang mauuna kung ang isang parte ng katawan na dapat unang hugasan.
_______ Ang paghuhugas ng mga kamay at braso hanggang siko.
_______ Ang pagpunas sa ulo kabilang ang mga taenga.
_______ Ang paghuhugas ng mukha, kabilang ang pagmumumog ng bibig at pagsinghot ng tubig sa ilong at isinga ito.

### Ang mga Rukn o Saligan ng Ṣalāh

_______ Ang kapanatagan,
_______ Ang pagkakasunod-sunod.
_______ Ang pagtayo hanggang makakaya,
_______ Ang pagpapatirapa sa pitong bahagi ng katawan,
_______ Ang pag-upo para sa Huling Tashahhud,
_______ Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa,
_______ Ang pagsasagawa ng Taslīm,
_______ Ang pagsabi ng takbīratul iḥrām o panimulang takbīr,
_______ Ang dalangin ng pagpapala para sa Propeta (isinama na ito sa Huling Tashahhud),
_______ Ang pagbangon mula sa pagkakayukod,
_______ Ang pagbigkas ng Huling Tashahhud,
_______ Ang pagyukod,
_______ Ang pag-angat ng ulo at katawan mula sa pagkakapatirapa,
_______ Ang pagbigkas ng Sūratul Fātiḥah sa bawat rak'ah,

PAGSUSULIT BLNG. II

PANGALAN:______________________ PETSA: ____________
PANGALAN NG GURO: ____________________
LAGDA: ______________________ MARKA: ____________

## I. PUNAN ANG PATLANG.

________ 1) Kapag ang bata ay umabot na sa pitong taong gulang siya ay marapat na magsagawa ng wudhu at ang tawag dito sa salitang Arabe ay?
________ 2) Ito ay ang kadalisayan, kalinisan at pananatiling dalisay o paglilinis at pag-aalis ng dumi?
________ 3) Ang tawag sa posisyon nang pagdarasal sa pagitan ng dalawang rak'ah bago tumayo at isagawa ang pangalawang rak'ah?
________ 4) Ang tawag sa tubig na nilikha ng Allah na nananatiling dalisay at walang taglay na kulay, amoy o lasa?
________ 5) Ito ay isinasapuso at hindi kailangang banggitin ng malakas?
________ 6) Ang unang salita na kailangang banggitin kapag nagsagawa ng wudhu?
________ 7) Ang tawag sa pag-alis ng najis na bagay na kumapit sa damit o sa balat sa pamamagitan ng tubig ay ?
________ 8) Ito ay ginagawa kung ikaw ay nakipagtalik upang ikaw ay maging tahir?
________ 9) Kung walang tubig na matagpuan ito ay kinakailangan gawin ng isang tao na nasa estado ng junub?
________ 10) Ito ay paglilinis ng sarili sa pamamagitan ng paghuhugas ng iba't-ibang parte ng katawan na pinag-utos ng Allah?

## II. IBIGAY ANG MGA HINIHINGI.

1) Ang pre-requisite ng Tayamum
a) ____________
b) ____________
k) ____________
d) ____________

2) Magbigay ng apat na dalisay na tubig?
a) ____________
b) ____________
k) ____________
d) ____________

3) Ang pagsasagawa ng ghusul?
a) ____________
b) ____________
k) ____________
d) ____________
e) ____________
g) ____________

4) Ang makakasira sa wudhu? (Al Asgar)
a) ____________
b) ____________
k) ____________
d) ____________

5) Ang makakasira sa wudhu? (Al Akbar)
a) ____________
b) ____________
k) ____________
d) ____________

6) Ang makakasira sa pagdarasal?
a) ____________
b) ____________
k) ____________
d) ____________
e) ____________
g) ____________

## III. TAMA O MALI

______ 1. Ang tawag sa namumuno sa dasal ay iman?
______ 2. Ang Adhan sa umaga ay katulad din ng Adhan sa Magribh?
______ 3. Ang salatul jannasa ay binubuo ng apat na rak'ah?
______ 4. Ang pag-aalaga ng aso ay nakawawala ng isang kirat na mabuting gawa araw-araw?
______ 5. Ang ghusul ay ginagawa kung ikaw ay nadumi sa iyong pantalon?
______ 6. Ang ghusul ay ginagawa kung ikaw ay naihi sa iyong banig?
______ 7. Ang mga natuyong tae ng hayop ay mga pagkain ng jinn?
______ 8. Ang Gufranak ay sinasabi sa tuwing papasok ng masjid?
______ 9. Ang bismillah ay sinasambit kung ikaw ay magsasagawa ng ghusul?
______ 10. Ang dahon ng saging ay pwedeng gamiting pamunas kung ikaw ay nadumi?

PAGSUSULIT BLNG. III

PANGALAN:____________________________ PETSA:__________
PANGALAN NG GURO:____________________________
LAGDA:____________________________ MARKA:__________

## I. IPALIWANAG ANG MGA PANGYAYARI O SITWASYON.

1) Kung ikaw ay nagsasagawa ng sunnah na dasal sa loob ng iyong kuwarto ng biglang may kumatok sa pintuan upang hingin ang kanyang gamit, ano ang iyong gagawin, bubuksan mo ba o babaliwalain mo ito? Ipaliwanag ang iyong kasagutan hinggil dito ng limang talata lamang.
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________.

2) Sa iyong pagdarasal ng Isha ng bilang may dumaan sa iyong harapan ano ang iyong gagawin at bakit? ______________________________________________________
______________________________________________________________.

3) Kung narinig mo ang Adhan sa Umaga ano ang sasabihin mo kapag sinabing Hayya alla salah?
______________________________________________________________.

4) Kung ikaw ay nagsasagawa ng dasal sa Dhuhur at napansin mong sumobra ang rak'ah na ginawa ng Imam, una – ano ang iyong gagawin upang maitama ang kanyang kamalian? ______________________________ pangalawa - ano ang dapat ninyong gawin? Ipaliwanang ang inyong gagawin. ______________________________.

5) Kung ikaw ay naglakbay ng mahigit na isang daang kilometro sa loob ng bayan na iyong tinitirahan, dapat mo bang paikliin ang iyong mga dasal at bakit? ______________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

## II. PUNAN ANG MGA PATLANG

1) Āyatul Kursī.

Allāhu lā ilāha illā ______________ 'lhayyu 'lqayyūm, lā ta'khu______________ sinatuw wa lā ______________, lahū mā ______________ wa mā fi'lard, ______________dha'lladhī ______________ 'indahu illā bi'idhnih, ya'lamu mā ______________ aydīhim wa mā ______________, wa lā yuhītūna bishay'im min 'ilmihi illā ______________, wasi'a kursīyuhu 'ssamāwāti wa 'l'ard, wa lā ______________ hifdhuhumā, wa huwa 'l'alīyu 'l'______________.

2) Tashahhud (Unang Bahagi)

attahiyātu lillāhi wa 's salawātu wa 't tayyibāt, assalāmu 'alayka _______ 'nnabīyu wa _________ 'llāhi wa barakātuh, assalāmu 'alaynā wa 'alā ______ 'llāhi 's sālihīn, ash'hadu allā ilāha illa _____, wa ash'hadu ______________ muhammadan ______________ wa rasūluh.

3) Tashahhud (Ikalawang Bahagi)

______________ salli 'alā Muhammad wa 'alā āli ______________, kamā sallayta 'alā ______________, wa 'alā āli ibrāhīm, ______________ hamīdum majīd; wa ______________ 'alā Muhammad, wa 'alā āli Muhammad, kamā ______________ 'alā ibrāhīm, wa 'alā āli ibrāhīm, innaka ______________; allāhumma innī a'ūdhu bika min 'adhābi ______________, wa min 'adhābil ______________i, wa min fitnatil ______________ wal mamāt, wa min fitnatil ______________.

## III. ISULAT ANG TITIK SA TAPAT NA NAGSASABI NG TAMANG SAGOT.

| | | | |
|---|---|---|---|
| _____ | 1) Ibadah | A. | Ang dasal upang humingi ng ulan |
| _____ | 2) Faroud | B. | Pag-upo bago tumayo mula sa pagkakasubsob |
| _____ | 3) Al Istijmar | C. | Pagsamba |
| _____ | 4) Salatul Istikhara | D. | Paglilinis na gamit ang mga bagay na tahir kagaya ng tissue paper, mga tuyong dahon, atbp. |
| _____ | 5) Hadat Al Asgar | E. | Paghuhugas na gamit ang Tubig |
| _____ | 6) Fard A'yn | F. | Obligadong gawain ng pangkalahatan kagaya ng dasal. |
| _____ | 7) Fard Kifaya | G. | Mga maliliit na karumihan kagaya ng pag-utot |
| _____ | 8) Julus Istirahah | H. | Mga kinakailangan gawain (Shurut) |
| _____ | 9) Ta'akheer | I. | Dapat gawin ngunit hindi obligado para sa lahat kagaya ng dasal sa patay. |
| _____ | 10) Salatul Istisqa | J. | Bagay na malinis sa kaanyuan. |
| _____ | 11) Tahir | K. | Ang tubig na walang amoy, walang lasa, walang kulay |
| _____ | 12) Najāsah | L. | Ang pagsasagawa ng paliligo sa panahon na ang isang tao ay junub. |
| _____ | 13) Hadat Al Akbar | M. | Ang pagpapaliban ng dasal sa panahon nang paglalakbay |
| _____ | 14) Najis | N. | Ang pagdarasal upang humingi ng gabay |
| _____ | 15) An Ranjus | O. | Ang mga bagay na nakapitan ng marumi. |
| _____ | 16) Abd | P. | Ang malalaking karumihan kagaya ng pakikipagtalik, regla. |
| _____ | 17) Taqdeem | Q. | Ang karumihan |
| _____ | 18) At Tahoor | R. | Ang ibig sabihin ay alipin |
| _____ | 19) Al Istinja | S. | Ang pagpapauna ng dasal sa panahon nang paglalakbay. |
| _____ | 20) Ghusul | T. | Ang tubig na nagbago ang kulay, amoy at lasa |

## IV. IPALIWANAG ANG MGA SUMUSUNOD.

1. Bakit kailangan ng tao ang gawang pagdarasal? ______________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

2. Ano ang mga pangako ni Allah sa mga taong nagbibigay puri sa kanya?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3. Papaano mo ibibigay ang gawang pagsamba kay Allah sa pamamagitan ng iyong puso?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

# Para sa Ikalawang Baitang Ikalawang Bahagi.

*"O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay pinagsabihan na maglaan ng lugar sa mga pagtitipon, (magsikalat kayo) at magbigay ng puwang. Si Allah ang magkakaloob ng (sapat) na lugar sa inyo (mula sa Kanyang Habag). At kung kayo ay pagsabihan na tumindig, magsitindig kayo. Si Allah ang mag-aangat ng (akmang) hanay (at antas) sa inyo na sumasampalataya at sila na pinagkalooban ng karunungan. At si Allah ang ganap na Nakakabatid nang lahat ng inyong ginawa."*

*(Al Mujadilah:11)*


| BLNG. | MGA NILALAMAN | PAHINA |
|---|---|---|
| 1 | Ang Katayugan ng Dunong sa Islam | 33 |
| 2 | Ang Kagandahan ng Islam | 33 |
| 3 | Ang Tawhid ar-Rububiyah | 34 |
| 4 | Ang Tauhid al-Uluhiyah | 35 |
| 5 | Ang Tauhid al-Asma wa as-Sifat | 36 |
| 6 | Pagsasanay Bilang III | 36 |
| 7 | Ang Shahadatayn/ Kahulugan ng Unang Bahagi | 37 |
| 8 | Ang mga Kundisyon ng La ilaha Illalah | 38 |
| 9 | Ang Kahulugan ng Muhammad Rasulullah | 40 |
| 10 | Pagsasanay Bilang IV | 41 |
| 11 | Ang Salah | 42 |
| 12 | Ang Kahalagahan ng Salah | 43 |
| 13 | Pagsasanay Bilang V | 43 |
| 14 | Ang Hatol Kaugnay sa Zakah | 44 |
| 15 | Pagsasanay Bilang VI | 49 |
| 16 | Ang Kahulugan ng As-Siyam | 50 |
| 17 | Ang Hatol sa Pag-aayuno | 50 |
| 18 | Pagsusulit Bilang IV | 58 |
| 19 | Ang Pagsasagawa ng Hajj | 60 |
| 20 | Ang Ihram | 61 |
| 21 | Ang Talong Uri ng Hajj | 61 |
| 22 | Ang Tawaf | 63 |
| 23 | Ang Say | 64 |
| 24 | Ang Ikawalong Araw ng Dhul Hijja | 65 |
| 25 | Ang Ikasiyam na Araw (Sa Araw ng Arafah) | 65 |
| 26 | Sa Muzdalifa | 65 |
| 27 | Ang Ikasampung Araw: Araw ng 'Id | 65 |
| 28 | Ang Ika-11 Ara ng Dhul Hijja | 66 |
| 29 | Sa Ika-12 ng Dhul Hijjah | 66 |
| 30 | Pagsasanay Bilang VIII | 67 |
| 31 | Ang Mga Haligi ng Pananampalataya | 69 |
| 32 | Ang Paniniwala Kay Allah | 69 |
| 33 | Ang Paniniwala sa mga Anghel | 70 |
| 34 | Ang Paniniwala sa mga Aklat | 73 |
| 35 | Ang Paniniwala sa mga Sugo | 74 |
| 36 | Ang Paniniwala sa Huling Araw | 76 |
| 37 | Ang Paniniwala sa Tadhana at Pagtatakda | 80 |
| 38 | Pagsusulit Bilang V | 82 |
| 39 | Ang Kabilang Buhay | 84 |
| 40 | Ang Impiyerno at ang Pagdurusa Roon | 89 |
| 41 | Ang Katangian ng Paraiso | 90 |
| 42 | Pagsasanay Bilang VI | 90 |
| 43 | Ang Talambuhay ng Propeta | 91 |
| 44 | Pagsusulit Bilang VI | 104 |

فضل تعلم الإسلام

## ANG KATAYUGAN NG DUNONG SA ISLAM

Nilikha ka ng Allah upang sambahin lamang siya na nag-iisa, bilang Allah - ang Pinakamaluwalhati ay nagwika, : *"Hindi ko nilikha ang Jinn at ang Tao maliban sa Ako ay kanilang sambahin lamang. Ako ay hindi nangangailangan ng kahit na anong tulong na magmumula sa kanila o kaya Ako ay pakainin nila. Katotohanon si Allah ay Ang Tagapagbigay, Ang nagtataglay ng lahat ng Lakas, at Matatag."*[1]

Samakatuwid, upang sambahin ang Allah (sa pamamaraan na Kanyang nais), kailangang-kailangan na iyong matutuhan ang mga katuruan na Kanyang mga ibinatas.

Ito ay sapilitan na dapat mong malaman ang hinggil sa Islam, na iyong inangkin bilang iyong relihiyon, at ng sa ganoon kung sinuman ang magtanong sa iyo ng katanungang "bakit mo pinili ang Islam bilang iyong relihiyon?"

Upang ang iyong kagustuhang pukawin ang iba na yakapin ang Islam, nararapat na iyong pag-aralan ang Islam at maunawaan ito ng husto.

Ikaw ay magkakaroon ng maraming karapatan sa mata ng Allah kung ikaw ay magtataglay ng maraming kaalaman at pang-unawa hinggil sa relihiyon ni Allah ang Islam. Ang iyong Propeta (SAS) ay nagsabi: *"Kung nanaisin ni Allah na gumawa ng mabuti sa isang tao, kanyang mauunawaan ang relihiyon"*. (Bukhari).

Ang Propeta ay nagpahayag din sa atin ng isang mabuting balita, at kanyang sinabi: *"Si Allah ay maglalaan ng isang maginhawang landas tungo sa Paraiso para sa mga kalalakihan at kababaihan na naghahangad ng daan sa kaalamang pangrelihiyon"*. (Muslim)

نعمة الإسلام

## ANG KAGANDAHAN NG ISLAM

Tumingin ka lang sa iyong paligid, pagnilay-nilayin ang lahat ng mga nilikhang pawang may buhay na iyong nakikita, ano kaya ang mga narooron sa kalawakan? At ito nga ay maringal kung iyong pagmamasdan. Huwag ka ng lumayo pa, pagbulay-bulayin sa iyong sarili at talaga nga, doon ay iyong matutuklasan ang mga simbulo ng mga kahanga-hangang mga nilikha at itong kamangha-manghang sansinukob. Walang pag-aalinlangan, na ang lumikha ng napakalaking sansinukob ay sadyang namumukod tanging nag-iisa. Kung magkaganon, ang pagkakaayon at pagkakaugma-ugma ng lahat ng nasa kalawakan ay magkakaroon ng isang matinding kasaligutgutan.

Dahil dito, tantos at walang pasubali na kinakailangan nating isuko ang ating mga sarili sa Tagapaglikha ng mga ito. Dumais ka ng malapitan sa Kanya, at pag-aralan ang Kanyang mga kautusan na namumutiktik ng kaalaman at kabutihang loob.

Totoo at kilala natin na ang tao ay may katwirang pang-ilalim, walang humpay na siya ay mag-isip hinggil sa kanyang sarili at sa lahat ng bagay na mga nakapaligid sa kanya. Hindi siya sumusuko na magbigay ng mga maseselang katanugan kagaya halimbawa ng: "Saan ako nanggaling?" "Bakit ako naririto?" at "Saan ako patutungo?" Bilang isang manlalakbay na kasama ng iba pang manlalakbay, marapat niyang malaman kung saan siya pupunta, sapagkat, ang buhay ay isang napakahaba at mayroong karapat-dapat na paglalakbay.

Hindi mo mababatid ang sapat at kapanipaniwalang kasagutan, na tanging sa Islam lamang matatagpuan, at kung ipakikilala ang tao sa kanyang Tagapaglikha, ito ang magpapalinaw sa tamang landas na maghahatid sa tao upang mapalapit sa kanyang Panginoon ay magpapaliwanag ng ano ang mangyayari pagkatapos ng kamatayan. Ito ay may garantiyang kasiyahan at katahimikan sa isang Muslim.

---

[1] Qur'an 51:56-58

Katotohanan, ang Islam ay isang relihiyon na mananatili magpakailan man. Ang Islam ay nagtataglay ng Banal na Qur'an na kung saan ito ay bantog ang katangian at walang kapantay kumpara sa ibang mga aklat o mga kasulatan. Maging sa kasalukuyan, ang lahat ng mga katuruan ng Propeta (SAS) ay napangalagaan at nanatiling buo pa.

Bilang karagdagan, ang Islam ay lubos at may malawak na saklaw na katangian hinggil sa lahat ng uri ng gawain at hilig ng sangkatauhan. Ito rin ay nanghihikayat na hanapin ang lahat ng makabubuti at kapaki-pakinabang na kaalaman. Ipinag-uutos lamang ang kabutihan at ipinagbabawal ang kasamaan. Higit pa dito, ito ay may payak na tuntunin o batas, at palaganapin ang katarungan, at pagmamahalan ng tao sa bawa't-isa.

Sa pagiging isang Muslim, ang isang tao ay ganap na pinatawad sa kanyang mga kasalanan. Hindi mahalaga kung gaano kasama ang mga nagawang kasalanan. Sa katunayan, kapag tinanggap ng isang tao ang Islam ang lahat ng kanyang kasalanan ay nawala o nabura at siya ay parang isa muling bagong silang na sanggol.

Higit pa dito, tinanggap ni Allah at pinanatili ang lahat ng kanyang mga mabubuting-gawa, kagaya ng pagkakawanggawa, ang lahat na kanyang inihandog kay Allah bago niya yakapin ang Islam. Siya nga si Allah (ang Pinakadakila) na pinagpala Niya ang relihiyong ito sa pamamagitan ng napakaraming gamtimpala at magagandang gawain na lampaslampasan ng maraming ulit.

أصـــول الــعـــقـــيـــدة

# ANG MGA PINANINIWALAAN SA ISLAM

## Ang Tawh̠īd at ang mga Uri Nito.

Ang **Tawh̠īd** ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa anumang nauukol sa Kanya at sa anumang kinakailangang gampanan sa Kanya na mga uri ng pagsamba. Ito ang itinuturo sa relihiyon ng mga Mensahero na isinugo upang ipabatid sa tao ang Kanyang Kaisahan. Nagsabi si Allah[2]: *"Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako."*[3] Nagsabi pa Siya: *"Sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman."*[4] Ang Tawh̠īd ay tatlong uri: ang Tawh̠īd al-Ulūhīyah (Paniniwala sa Kaisahan sa Pagkadiyos), ang Tawh̠īd ar-Rubūbīyah (Paniniwala sa Kaisahan sa Pagkapanginoon) at ang Tawh̠īd al-Asmā' wa as̠-S̠ifāt (Paniniwala sa Kaisahan sa mga Pangalan at mga Katangian).

### 1. Ang Tawh̠īd ar-Rubūbīyah.

Ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa **paglikha**, **pangangasiwa** sa Sandaigdigang ito, **pagtutustos, pagbibigay-buhay, pag-aalis-buhay** at **paghahari't pagmamay-ari** sa mga langit at lupa. Nagsabi Siya: *"May tagapaglikha bang iba pa kay Allah na nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? Walang Diyos kundi Siya."*[5] Sinabi pa Niya: *"Mapagpala Siya na nasa kamay Niya ang paghahari at Siya ay nakakakaya sa lahat ng bagay"*[6] Ang paghahari ni Allah ay paghaharing sumasaklaw sa lahat ng nasa Sansinukob, ginagawa Niya rito ang ninanais Niya.

Tungkol naman sa pamumukod-tangi ni Allah sa pangangasiwa, tunay na si Allah ay namumukod-tangi sa pangangasiwa dahil Siya lamang ang nangangasiwa sa mga nilikha. Sinabi Niya: *"Tunay ngang ukol sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos. Mapagpala si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang."*[7] Walang nagkakaila sa uri ng Tawh̠īd na ito kundi ang mga abnormal sa mga tao. Ikinakaila nila ito sa salita sa kabila ng pagkilala nila nito sa kaibuturan ng kanilang mga puso, gaya nga ng sinabi ni Allah: *"At ikinaila nila ang mga tanda, samantalang natiyak ito ng kanilang mga sarili,..."*[8]

---

[2] Ang mga talata ng Qur'an o mga H̠adīth na sinipi rito ay salin lamang mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin.

[3] Qur'an 51:56

[4] Qur'an 4:36

[5] Qur'an 35:3

[6] Qur'an 67:1

[7] Qur'an 7:54

[8] Qur'an 27:14

Ang tawheed na ito ay pinatutohanan ng mga hindi nananampalataya subalit hindi ito sapat na mabilang sila sa lipon ng mga naniniwala at tawagin silang Muslim at ang Mensahero ni Allah (sas) ay nakipaglaban sa kanila hinayaang dumanak ang kanilang dugo at kamkamin ang kanilang mga ari-arian. Ang isang pruweba nito ay kapag inyong tinanong kung sino ang lumikha ng langit at lupa at kanilang sasabihin – si Allah.

Ang mga tao ay nilikha ni Allah ng may katutubong karapatan hinggil sa tawheed at kanilang nalalaman ang hinggil sa Nag-iisang Diyos. At winika ni Allah: "Kung gayon ibaling mo Muhammad ang iyong mukha sa tunay at likas na relihiyon at wala kang dapat sambahin maliban kay Allah. Ang Fitrah ni Allah na kung saan Kanyang nilikha ang sangkatauhan ay hindi magbabago at hayaan silang nasa relihiyon ni Allah…"

## 2. Tawh̲īd al-Ulūhīyah o Kaisahan sa Pagkadiyos.

Ang Tawh̲īd al-Ulūhīyah ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa lahat ng mga uri ng pagsamba: hindi gagawan ng tao si Allah ng isa pang sasambahin at pag-uukulan ng pagsamba. Ang uring ito ng Tawh̲īd ay ang dahilan kung kaya nilikha ni Allah ang mga nilikha, gaya nga ng sinabi Niya: ***"Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako."***[9] Ito rin ang dahilan kung kaya isinugo Niya ang mga propeta at ibinaba Niya ang mga Banal na Aklat, gaya nga ng sinabi Niya: ***"Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng sugo kung hindi Namin isiniwalat dito na walang Diyos kundi Ako, kaya sambahin ninyo Ako."***[10] Ang uring ito ng Tawh̲īd din ang ikinaila ng mga Mushrik[11] noong anyayahan sila ng mga sugo sa Tawh̲īd: ***"Sinabi nila: "Dumating ka ba sa Amin upang sambahin namin si Allah lamang at iwan namin ang sinasamba noon ng aming mga ninuno?…"***[12]

Dahil dito, hindi matatanggap na magbaling ng anuman sa mga uri ng pagsamba sa iba pa kay Allah, ni sa anghel na malapit kay Allah, ni sa propeta na isinugo, ni sa matuwid na tao, at ni sa isa man sa mga nilikha sapagkat ang pagsamba ay hindi matatanggap kung hindi ukol kay Allah. Ang kahalagahan ng Tawh̲īd al-Ulūhīyah:

1. Ito ang paksa na ipinananawagan ng lahat ng mga Propeta, mula sa una hanggang sa kahulihulihan, nagwika si Allah : ***"At katotohanan kami ay nagsugo sa bawat Ummah (bansa o pamayanan) ng isang Sugo (na nagpapahayag)'Sambahin lamang si Allah at iwasan (o layuan) ang lahat ng Taghut (lahat ng mali o huwad na sinasamba, maliban kay Allah)***[13] Karagdagan pa dito, ang mga Mensahero at Propeta ay nagsisimula sa pagtawag hinggil sa kaisahan ng Diyos ang Tawh̲īd al-Ulūhīyah kagaya ni Noah, Hud, Saleh, Shuayb, ang mga ito ay nagsabi; ***"O aking pamayanan sambahin si Allah, wala kayong ibang Diyos maliban sa kanya."***[14]
2. Ito ang unang obligasyon ng sinumang humantong sa tamang edad (15 years old) at may pananagutan (al-mukallaf) at ito ay isinalaysay ni Umar (ra) na sinabi ni Propeta Muhammad: "*Aking ipinag-utos na makipaglaban sa mga tao hanggat sila ay magpahayag at manumpa na walang ibang diyos maliban kay Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah.* (Bukhari at Muslim).

   Si Allah ay nagsabi: ***"Kaya't inyong malaman (O Muhammad) na la ilaha illa allah (wala ng iba pang diyos na dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah) at ikaw ay humingi ng kapatawaran sa iyong pagkakamali.***[15]
3. Ang kaligayahan sa mundong ito ay naka base dito.
4. Ito ang pundasyon na kung saan ang lahat ng gawa at kilos ay nakabatay dito, kung gayon kung wala ito ang lahat ng gawa ay hindi tatanggapin at mawawalan ng saysay sapagkat kung wala ito ang pagtatambal (shirk) ang siyang magiging kapalit nito. At nagwika si Allah: ***"At itatambad namin sa kanila ( sa mga hindi sumasampalataya), mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan) ang anumang kanilang ginawa, at gagawin Namin ang mga gawaing yaon na tulad ng lumulutang na alikabok"***[16]

---

[9] Qur'an 51:56
[10] Qur'an 21:25
[11] Taong gumagawa ng Shirk o lumalabag sa Tawh̲īd. Sa kabuuan ang Mushrik ay ang sinumang naniniwalang may iba pang Panginoon bukod pa kay Allah, ang namumukod-tanging tunay na Diyos, at sumasamba sa iba pa kay Allah.
[12] Qur'an 7:70
[13] Qur'an 16:36
[14] Qur'an 7: 85
[15] Qur'an 47:19
[16] Qur'an 25:23

### 3. Tawhīd al-Asmā' wa as-Sifāt o Kaisahan sa mga Pangalan at Katangian.

Ang Tawhīd al-Asmā' wa aṣ-Ṣifāt ay ang paniniwala [sa pamumukod-tangi ni Allah] sa anumang ipinangalan Niya at sa anumang ipinanlarawan Niya sa Kanyang sarili [na nasasaad sa Qur'an], o sa anumang ipinangalan ng Kanyang Sugo (SAS)[17] sa Kanya at sa anumang ipinanlalarawan nito sa Kanya [na nasasaad sa Hadīth][18] at ang pagkikilala sa mga ito sa paraang naaangkop sa Kanyang kadakilaan nang walang ***tahrīf*** (pagpapalit ng kahulugan), walang ***ta'ṭīl*** (pag-aalis ng kahulugan), walang ***takyīf*** (paglalarawan ng kahulugan), at walang **tamthīl** (paghahalintulad), ayon sa tunay na kahulugan ng mga ito, hindi ayon sa kahulugang patalinhaga.

Ang halimbawa nito ay na si Allah ay nagpangalan sa Kanyang sarili ng ***al-Hayy*** (ang Nabubuhay), kaya naman tungkulin nating maniwala na ang *al-Hayy* (ang Nabubuhay) ay isa sa mga pangalan ni Allah at tungkulin din nating maniwala sa anumang katangiang nilalaman ng pangalang ito at iyon ay ang ganap na buhay na hindi naunahan ng kawalang-buhay at hindi susundan ng pagkalipol. Pinangalanan ni Allah ang sarili Niya na *as-Samī'*(ang Nakaririnig) kaya tungkulin nating maniwala na ang *as-Samī'*ay isa sa mga pangalan Niya, na ang pagdinig ay isa sa mga katangian Niya, at na Siya ay Nakaririnig.

Isa pang halimbawa. Nagsabi si Allah: ***"Nagsabi ang mga Hudyo: "Ang kamay ni Allah ay nakagapos." Maigapos nawa ang mga kamay nila at isinumpa sila dahil sa sinabi nila. Bagkos ang dalawang Kamay Niya ay nakaabot: nagkakaloob Siya sa paraang niloloob Niya...."***[19] Samakatuwid, kinilala ni Allah na nagtataglay ang Kanyang sarili ng dalawang kamay, na inilarawang nakaabot: masaganang nagbibigay. Kaya, tungkulin nating maniwala na si Allah ay may dalawang kamay na nakaabot upang magbigay at magbiyaya. Subalit tungkulin nating huwag nating tangkain—sa pamamagitan ng imahinasyon ng ating mga isip ni sa pamamagitan ng pagbigkas ng ating mga bibig—na ilarawan ang kahulugan ng dalawang kamay na iyon ni ihalintulad ang mga iyon sa mga kamay ng mga nilikha sapagkat si Allah ay nagsasabi: ***"...Walang anumang katulad sa Kanya. At Siya ang Nakaririnig, ang Nakakikita."***[20]

Ang buod ng tinalakay tungkol sa uri ng Tawhīd na ito ay na tungkulin nating kilalanin ang anuman sa mga pangalan at mga katangian na kinilala ni Allah na taglay ng Kanyang sarili at kinilala ng Kanyang Sugo (SAS) na taglay Niya ayon sa tunay na kahulugan ng mga ito, nang walang Tahrīf (pagpapalit ng kahulugan), walang Tamthīl (paghahalintulad), walang Takyīf (paglalarawan ng kahulugan), at walang Ta'ṭīl (pag-aalis ng kahulugan).

**PAGSASANAY BLNG.III**

Sagutin ang mga tanong.

1) Magbigay ng Sampung katangian at pangalan ni Allah (al-Asmā' wa aṣ-Ṣifāt ).
2) Ipaliwanag sa maikling salita na si Allah ang Panginoon ng sanlibutin gamit ang isa sa tawheed?
3) Marapat bang ihalintulad si Allah sa Kanyang mga nilikha ipaliwanag gamit ang isa sa Tawheed?
4) Sa iyong palagay ano ang nakakabighani sa pananampalatayang Islam at bakit?
5) Bakit kailangang malaman ng tao na karapat dapat sambahin ang Nag-iisang Diyos?
6) Ano ang ibig sabihin ng Al Hayy?
7) Ano ang Ta'til?
8) Ipaliwanag ang Tawhīd al-Asmā' wa aṣ-Ṣifāt
9) Ipaliwanang ang Tawhīd al-Ulūhiyah
10) Ipaliwanag ang nasasaad sa banal na Qur'an 21:25

[17] (SAS): Sallallāhu 'Alayhi wa Sallam: Basbasan at batiin siya ni Allah. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.
[18] Ang Hadīth ay ang ulat hinggil sa Sunnah ng Propeta Muhammad (SAS). Ang Sunnah ay kung ano ang sinabi, ang ginawa at ang sinang-ayunan ng Propeta Muhammad (SAS).
[19] Qur'an 5:64
[20] Qur'an 42:11

أركـــان الإســـلام

# ANG MGA HALIGI NG ISLAM

Mayroong limang tiyak na mahalagang kilos o hakbangin sa pagsamba na binuo bilang pundasyon ng Islam. Ito ay kilala sa tawag na "Haligi ng Islam", at ito ay ang mga sumusunod:

الشهادتان

## 1. Ang Shahadatayn

(Ang Pagpapahayag ng Pananampalataya)

Katulad ng mga naunang nabanggit sa aklat na ito, ang pagpapahayag na ito ay binubuo ng dalawang bahagi. *"Ash-hadu an laa Ilaha Illallah, at ash-hadu anna Muhammadan Rasoolullah"* Ito ang batayan ng relihiyong Islam.

Matapos bigkasin at maipahayag, na alam ang buong kahulugan nito at ganap na pagtibayin ang paniniwalang ito sa dalawang bahagi, ikaw ay ganap ng isang Muslim kahit pa ito ay hindi binigkas sa karamihan ng tao.

### Ang kahulugan ng unang bahagi:

**"LAA ILAHA ILLALLAH"**: Ang kapasyahang paniniwala na walang ibang Diyos na dapat sambahin maliban lamang sa Allah sapagkat. Siya ang Tagapaglikha ng lahat dito sa mundo. Hindi Siya ipinanganak at hindi Siya nanganak at wala Siyang asawa. Wala Siyang katulad sa Kanyang Pangalan, Katangian, at Kaganapan. Walang sinuman maliban sa Kanya ang makalilikha o magtataglay ng kapangyarihan na makapagbigay ng kapakinabangan o makapanakit o ang nakababatid ng mga hindi nakikita. Samakatuwid, ang panalangin, pagpapatirapa o anumang uri ng pagsamba ay kinakailangan na nauukol tanging sa Allah lamang.

### Ang kahulugan ng ikalawang bahagi:

**"Muhammad Rasoolullah"** Ang kapasyahang paniniwala na si Muhammad, na anak ni Abdullah na nagmula sa lahi ng mga Arabo sa tribo ng Quraish ay isinugo ng Allah na may kapahayagan, kautusan at panuntunan para sa sangkatauhan. Siya ang kahulihulihan sa lahat ng mga Sugo at Propeta ng Allah, ito ay kinakailangan nating paniwalaan, sundin at mahalin siya. Ang ating isasagawang pagsamba ay hindi katanggap-tanggap hanggat hindi natin ito isinagawa ayon sa turo ng Propeta (SAS)

### Ang Lā Ilāha Illallāh

Ang paniniwala sa ***Lā Ilāha Illallāh***:

***Walang Diyos Kundi si Allah*** ay ang pangunahing saligan ng Islam at ito ay may pinakadakilang kalagayan sa Relihiyong Islam sapagkat ito ang una sa mga haligi ng Islam, ang pinakamataas na sangay sa mga sangay ng pananampalataya, at ang pagtanggap ni Allah sa mga gawa ng tao ay nakabatay sa pagpapahayag nito at sa pagkilos o paggawa ayon sa mga hinihiling nito.

Tungkol naman sa totoong kahulugan nito na hindi dapat lumihis dito ang pag-unawa ay ***walang sinasamba sa totoo kundi si Allah***; ang kahulugan nito ay hindi 'walang Tagapaglikha kundi si Allah,' o 'walang may kakayahang lumalang kundi si Allah,' o 'walang umiiral kundi si Allah.' Ang pahayag na ito ay may dalawang Saligan:

1. Ang pagkakaila. Ito ay napapaloob sa pagsabi natin ng ***Lā Ilāha***: Walang Diyos, sapagkat ikinaila nito ang pagkadiyos sa lahat ng bagay.
2. Ang pagkilala. Ito ay napapaloob sa pagsabi natin ng ***Illallāh***: Kundi si Allah, sapagkat kinilala nito na ang pagkadiyos ay ukol kay Allah lamang: wala Siyang katambal.

Samakatuwid, walang sasambahin kundi si Allah lamang at hindi ipinahihintulot na magbaling ng anuman sa mga uri ng pagsamba sa iba bukod pa kay Allah. Kaya ang sinumang magsabi ng ***Lā Ilāha Illallāh***, nang nalalaman niya ang kahulugan nito at kumikilos ayon sa hinihiling nito gaya ng pagtanggi sa Shirk at pagkilala sa kaisahan ni Allah, kalakip ng matatag na paniniwala sa isinasaad nito at ng pagkilos ayon dito, siya talaga ang Muslim. Ang sinumang kumikilos ayon sa hinihiling ng ***Lā Ilāha Illallāh***, ngunit walang paniniwala rito, siya ay isang Munāfiq;[21] ang sinumang kumikilos nang salungat sa hinihiling nito gaya ng paggawa ng Shirk, siya ay isang Mushrik na Kāfir;[22] kahit pa man sabihin niya ito sa pamamagitan ng kanyang bibig.

## Ang Kapakinabangang Dulot ng *Lā Ilāha Illallāh*

Ang pahayag na ito ay may maraming mga kapakinabangan at mga bungang idinudulot. Ang mga sumusunod ang ilan sa mga ito:

1. Na ito ay isang dahilang humahadlang upang manatili magpakailanman sa Impiyerno ang sinumang naniniwala sa Tawhīd na naging karapat-dapat na pumasok sa Impiyerno (dahil sa mga nagawang masama). Nasasaad sa Hadīth sa Sahīh al-Bukhārī at Sahīh Muslim na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ilalabas sa Impiyerno ang sinumang nagsabi ng Lā Ilāha Illallāh habang sa kanyang puso ay may kasimbigat ng isang butil na barley na kabutihan, at ang sinumang nagsabi ng Lā Ilāha Illallāh habang sa kanyang puso ay may kasimbigat ng isang butil na trigo na kabutihan, at ilalabas din sa Impiyerno ang sinumang nagsabi ng Lā Ilāha Illallāh habang sa kanyang puso ay may kasimbigat ng isang butil na alabok na kabutihan."***
2. Alang-alang dito ay nilikha ang jinn at ang tao. Sinabi ni Allah: ***"At hindi Ko nilikha ang Jinnī at ang Tao kung hindi upang sambahin nila Ako."***[23]
3. Ito rin ang dahilan kaya isinugo ang mga Sugo at ibinaba ang mga Banal na Aklat. Sinabi Niya: ***"At hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng isang sugo kung hindi Namin isiniwalat dito na walang Diyos kundi Ako, kaya naman sambahin ninyo Ako."***[24]
4. Ito ang susi ng pag-aanyaya ng mga sugo ni Allah. Silang lahat ay nag-anyaya sa katuruang ito. Ang bawat isa sa kanila, ayon sa nasasaad sa Qur'ān, ay nagsasabi sa mga taong pinagsuguan sa kanila: ***"…Sambahin ninyo si Allah; wala na kayong Diyos na iba pa sa Kanya…."***[25]
5. Ito ang pinakamainam na binabanggit sa paggunita kay Allah, gaya nga ng sinabi ng Propeta (SAS): ***"Ang pinakamainam na sinabi ko at ng mga propeta na nauna sa akin ay Lā ilāha illallāh, wahdahu lā Sharīka lah (Walang Diyos kundi si Allah—tanging Siya lamang: wala Siyang katambal)."***

## Mga Kundisyon ng *Lā Ilāha Illallāh*

Ang paniniwala sa ***Lā Ilāha Illallāh*** ay may pitong kundisyon; hindi magiging makabuluhan ang pagbigkas niyon kung hindi nabuo ang mga ito at sinunod ng tao ang mga ito nang walang pagsalungat sa anuman sa mga ito.

### 1. Ang Kaalaman

Ito ay ang kaalaman sa kahulugan nito batay sa pagkakaila (na may iba pang totoong Diyos) at pagkilala (na tanging si Allah ang totoong Diyos) at batay sa ang anumang gawaing hinihiling nito. Samakatuwid, kapag nalaman ng isang tao na si Allah ang kailangang sambahin lamang, na ang pagsamba sa iba sa Kanya ay walang saysay at gumawa siya ayon sa hinihiling ng kaalamang iyon, siya ay talagang nakaaalam sa kahulugan ng ***Lā ilāha illallāh***. Nagsabi si Allah: ***"Kaya pakaalamin mo na walang Diyos kundi si Allah,…"***[26] Sinabi naman ng Sugo (SAS): ***"Ang sinumang mamatay at nalalaman niya na walang Diyos kundi si Allah, papasok siya sa Paraiso."***

[21] Nagkukunwari o nagpapanggap na sumasampalataya sa Islam.
[22] Isang di-Muslim o isang tumatangging sumampalataya sa Islam.
[23] Qur'an 51:56
[24] Qur'an 21:25
[25] Qur'an 7:73
[26] Qur'an 47:19

**2. Ang Katiyakan**

Ito ay nangangahulugang bibigkasin ang Shahādah: ***Lā ilāha illallāh*** ayon sa katiyakang ikinapapanatag ng puso nang hindi pinapasukan ng anumang mga pag-aalinlangang ihinahasik ng mga demonyong jinnī tao at mga demonyong tao. Manapa'y sinasabi ito nang may ganap na katiyakan sa ipinahihiwatig nito. Nagsabi si Allah: ***"Ang mga sumasampalataya lamang ay ang mga naniwala kay Allah sa Kanyang Sugo, at pagkatapos ay hindi sila nag-alinlangan ..."***[27] Nagsabi naman ang Sugo (SAS): ***"Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at na ako ay Sugo ni Allah. Walang makikipagtagpo kay Allah na isang taong hindi nagdududa sa dalawang [pagsasaksing] ito nang hindi papasok sa Paraiso."***

**3. Ang Pagtanggap**

Nangangahulugan ito na tatanggapin ang lahat ng hinihiling ng paniniwala sa ***Lā Ilāha Illallāh***, sa isip at sa salita. Kaya naman paniniwalaan ang mga Kapahayagan ni Allah at ang lahat ng nasasaad mula sa Sugo (SAS). Tatanggapin ang lahat ng ito, at walang anumang tatanggihan sa mga ito. Nagsabi si Allah: ***"Sumampalataya ang Sugo sa ibinaba sa kanya mula sa Panginoon niya, at gayon din ang mga Mananampalataya. Bawat isa ay sumampalataya kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga Aklat Niya, at sa mga sugo Niya. "Hindi kami nagtatangi-tangi sa mga sugo," sabi nila. At sinabi pa nila: "Narinig namin at tumalima kami; igawad Mo po ang Iyong kapatawaran, Panginoon namin; at sa Iyo ang Hantungan."***[28]

Pumapasok sa larangan ng pagtanggi at kawalan ng pagtanggap ang sinumang tumututol o tumatanggi sa ilan sa mga patakaran o mga kaparusahan na itinakda ng Sharī'ah (Batas ng Islam), gaya ng mga tumututol sa parusang iginagawad sa salang pagnanakaw o pangangalunya, o sa pag-aasawa ng higit sa isa, o sa paraan ng paghahati ng mana, at iba pa. Nagsabi si Allah: ***"Hindi nararapat para sa lalaking mananampalataya ni sa babaing mananampalataya, kapag nagtakda si Allah at ang Kanyang sugo ng isang kautusan, na magkakaroon pa sila ng pagpipilian sa kanilang pagpapasya...."***[29]

**4. Ang Pagpapaakay**

Ito ay ang pagsuko at ang pagpapaakay sa pamamagitan ng pagpapaakay sa ipinahihiwatig ng ***Lā Ilāha Illallāh.*** Marahil ang pagkakaiba sa pagitan ng pagpapaakay at ng pagtanggap ay na ang pagtanggap ay ang pagpapahayag ng pagtanggap sa kawastuhan ng kahulugan nito sa pamamagitan ng salita, samantalang ang pagpapaakay naman ay ang pagsunod sa pamamagitan ng mga paggawa. Kapag nalaman ng isang tao ang kahulugan ng ***Lā Ilāha Illallāh***, naniwala rito nang may katiyakan, at tinanggap ito ngunit hindi naman siya nagpaakay, hindi nagpasakop, hindi sumuko, at hindi niya ginawa ang hinihiling ng kanyang nalaman, tunay na iyon ay wala ring mabuting maidudulot sa kanya. Nagsabi si Allah: ***"At magbalik-loob kayo sa inyong Panginoon at sumuko kayo sa Kanya...."***[30] at sinabi pa Niya: ***"Kaya hindi nga, sumpa man sa iyong Panginoon, hindi sila sumasampalataya hangga't hindi ka nila ginagawang tagahatol sa anumang hidwaang namamagitan sa kanila, at pagkatapos ay hindi sila nakasusumpong sa kanilang mga sarili ng pagtutol sa anumang ihinusga mo at nagpapasakop sila nang tunay na pagpapasakop."***[31]

**5. Ang Katapatan**

Ito ay ang katapatan kay Allah, sa pamamagitan ng pagiging tapat sa pananampalataya at tapat sa Pinaniniwalaan. Nagsabi si Allah: ***"O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at maging kasama kayo ng mga tapat."*** [32]Nagsabi naman ang Sugo (SAS): ***"Ang sinumang magsabi ng Lā Ilāha Illallāh nang tapat mula sa kanyang puso, papasok siya sa Paraiso."*** Samakatuwid, kung binigkas man ng isang tao ang Shahādah sa pamamagitan ng kanyang dila ngunit tinanggihan naman sa puso ang ipinahihiwatig nito, hindi makapagliligtas iyon sa kanya; sa halip ay pumapasok lamang siya sa hanay ng mga Munāfiq. Kabilang din sa sumasalungat sa katapatan ay ang pagpapasinungaling sa anumang ihinatid ng Sugo (SAS) na katuruan o ang

---

[27] Qur'an 49:15
[28] Qur'an 2:285
[29] Qur'an 33:36
[30] Qur'an 39:54
[31] Qur'an 4:65
[32] Qur'an 9:119

pagpapasinungaling sa ilan sa ihinatid niya, sapagkat si Allah ay nag-utos sa atin na tumalima at maniwala sa Sugo(SAS), at iniugnay pa nga Niya iyon sa pagtalima sa Kanya. Sinabi Niya: ***"Sabihin mo: "Tumalima kayo kay Allah at tumalima kayo sa Sugo;..."***[33]

### 6. Ang Kawagasan

Ito ay ang pagdadalisay ng tao sa kanyang gawa o kilos, sa pamamagitan ng matuwid na hangarin, mula sa lahat ng mga bahid ng Shirk. Iyon ay nangangahulugang mamumutawi sa kanya ang lahat ng mga salita at mga gawa upang wagas na iukol kay Allah. Hahangaring makamit ang pagkalugod Niya, nang walang bahid ng pagpapakitang-tao, o ng hangaring mapuri ng tao o, ng layuning magtamo ng kapakinabangan, o ng pansariling hangarin, o ng pagnanasang hayag o lihim, o ng udyok ng pagkilos dala ng pag-big sa isang tao o pananaw sa buhay o prinsipyo o partidong sinusunod nang walang pagsasaalang-alang sa patnubay buhat kay Allah. Manapa'y kailangang siya, sa kanyang gawain, ay naghahangad na makamit ang ikalulugod ni Allah at ang kaligtasan sa Kabilang-buhay. Hindi ibaling ang puso sa kahit sinumang nilikha dahil sa pagnanais na magkamit mula rito ng gantimpala o pagpapasalamat. Nagsabi si Allah: ***"Tunay ngang ukol kay Allah ang wagas na pagsamba...."***[34] at sinabi pa Niya: ***"At walang iniutos sa kanila kundi sambahin nila si Allah, habang wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba..."***[35] Nasasaad naman sa S̲ah̲īh̲ al-Bukhārī at S̲ah̲īh̲ Muslim, sa H̲adīth na isinalaysay ni 'Utbān, na ang sabi ng Sugo (SAS): ***"At tunay na si Allah ay nagkait nga sa Impiyerno ng sinumang nagpahayag ng Lā Ilāha Illallāh, na naghahangad sa pamamagitan niyon ng ikinalulugod ni Allah."***

### 7. Ang Pag-ibig

Ang tinutukoy rito ay ang pag-ibig sa dakilang Pahayag na ito, at sa ipinahihiwatig nito at sa hinihiling nito. Samakatuwid, iibigin si Allah at ang Kanyang Sugo (SAS), pangingibabawin ang pag-ibig sa Kanilang dalawa higit sa lahat ng pag-ibig, at gagampanan ang mga kundisyong hinihingi ng pag-ibig na ito at ang mga hinihiling na gagawin para rito. Iibigin si Allah nang may kalakip na pagpipitagan, pagdakila, takot, at pag-asa. Iibigin ang iniibig ni Allah na mga pook gaya ng Makkah, Madīnah, at mga masjeed—sa kabuuan; mga panahon na gaya ng buwan ng Ramad̲ān, unang sampung araw sa buwan ng Dhul H̲ijjah at iba pa; mga persona na gaya ng mga propeta, mga sugo, mga anghel, mga matapat na tao, mga Shahīd (taong namatay na nakikipaglaban alang-alang sa Islam.), at mga matuwid na tao; mga gawaing panrelihiyon na gaya ng pagsasagawa s̲alāh, pagbibigay ng zakāh, pag-aayuno, at pagsasagawa ng h̲ajj; mga salita na gaya ng pagbigkas ng *dhikr*[36] at pagbabasa ng Qur'ān.

Kabilang din sa pag-ibig na ibigin ang mga iniibig ni Allah nang higit kaysa sa mga iniibig ng sarili, mga pinakaaasam-asam nito, at mga minimithi nito. Bahagi rin ng pag-ibig kay Allah na kasuklaman ang kinasusuklaman Niya: kasusuklaman ang mga walang pananampalataya, ang kawalang-pananampalataya, ang kasuwailan, at ang pagsuway. Nagsabi si Allah: ***"O mga sumampalataya, ang sinumang tatalikod sa inyo sa kanyang relihiyon, magdadala si Allah ng mga taong Kanyang iibigin sila at kanilang iibigin Siya, na mga mapagpakumbaba sa mga Mananampalataya, mga mabagsik sa mga Tumatangging sumampalataya. Makikibaka sila sa landas ni Allah at hindi sila mangangamba sa paninisi ng naninisi. ..."***[37]

## Ang Kahulugan ng *Muh̲ammad Rasūlullāh*

Ang ***Muh̲ammad Rasūlullāh*** (si Muhammad ay Sugo ni Allah) ay ang pagkilala sa salita at sa isip na siya ay Lingkod at Sugo ni Allah sa lahat ng tao, at ang pagkilos at paggawa ayon sa hinihiling ng pagkilalang ito, gaya ng pagtalima sa kanya sa anumang ipinag-utos niya, paniniwala sa anumang sinabi niya, pag-iwas sa anumang ipinagbawal niya at sinaway, at na hindi sasambahin si Allah kung hindi ayon sa kanyang itinagubilin. Ang pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ni Allah ay may dalawang Haligi o Batayan: **Lingkod ni Allah** at **Sugo ni Allah.** Ang dalawang ito ay humahadlang sa pagpapalabis at pagsasawalang-bahala sa karapatan niya. Siya ang Lingkod at ang Sugo ni Allah at siya ang pinakaganap na nilikha dahil sa dalawang marangal na katangiang ito. Ang kahulugan ng **Lingkod** dito ay ang ***mananambang alipin***. Ibig

---

[33] Qur'an 24:54
[34] Qur'an 39:3
[35] Qur'an 98:5
[36] Ang literal na kahulugan nito ay pagbangit o pag-alaala. Ito ay maikling pananalita sa wikang Arabe, na itinuro ni Propeta Muhammad (SAS), na binabanggit bilang panalangin o pag-aalaala o pagluluwalhati kay Allah.
[37] Qur'an 5:54

sabihin: siya ay isang taong nilikha na nilikha mula sa kung saan nilikha ang mga tao; nangyayari sa kanya ang nangyayari sa kanila. Sinabi ni Allah: ***"Sabihin mo: "Ako ay tao lamang na tulad ninyo."***[38] at ang sabi pa Niya: ***"Ang papuri ay ukol kay Allah na nagbaba sa Kanyang lingkod ng Aklat at hindi Niya ito nilagyan ng kabaluktutan."***[39]

Ang kahulugan naman ng **Sugo** ay ang ***isinugo*** sa lahat ng tao dala ang paanyaya sa pagsamba kay Allah, bilang tagapaghatid ng nakalulugod na balita at tagapagbabala. Sa pagsaksi sa kanya (SAS) sa pamamagitan ng dalawang katangiang ito (Lingkod at Sugo) ay nahahadlangan ang pagpapalabis at pagwawalang-bahala sa kanyang karapatan. Kaya nga lamang mayroong maraming nag-aangking kabilang diumano sa mga tagasunod niya na nagpapalabis at nagpapasobra kaugnay sa kanyang karapatan hanggang sa inangat na siya, mula sa antas ng pagiging mananamba, sa antas na pinag-uukulan ng pagsamba bukod pa kay Allah. Hinihingan siya ng saklolo bukod pa kay Allah. Hinihilingan siya ng bagay na walang may kakayahang magbigay kundi si Allah, gaya ng pagtugon sa mga pangangailangan at pag-aalis ng mga kapighatian. May iba namang nagkakaila sa kanyang mensahe o nagsasawalang-bahala sa pagsunod sa kanya o sumasalig sa mga pahayag na sumasalungat sa mensaheng hinatid niya.

**PAGSASANAY BLNG. IV**

1. Ng ikaw ay sumaksi na walang ibang Diyos na dapat Sambahin maliban kay Allah at si Mohammad ay Kanyang sugo, ito ba ay nagkaroon ng ipekto sa iyong buhay at bakit? ____________

2. Ang pagtanggap ba sa **Lā Ilāha Illallāh** ay isang basehan ng pagiging isang Muslim ng isang tao kung ito ay kanya ring ipamumuhay ayon sa batas ng Islam? ____________

3. Sa iyong palagay may kapakinabangan bang dulot ang **Lā Ilāha Illallāh** sa iyong buhay at bakit? ____________

---

[38] Qur'an 18:110
[39] Qur'an 18:1

## الصلاة
## 2. Ang Ṣalāh o Dasal.

Katulad ng mga nabanggit sa unahan, ang Muslim ay kinakailangang magsagawa ng limang beses na obligadong dasal sa bawat araw.

Ang ṣalāh o pagdarasal ay ang ikalawang Haligi ng Islam. Ito ay tungkuling ginagampanan ng bawat Muslim at Muslimah na may sapat na gulang (15 taon pataas) at sapat na pag-iisip. Ang sinumang tumigil sa pagsagawa ng ṣalāh ay itinuturing na Kāfir ayon sa nagkakaisang hatol ng mga Iskolar ng Islam. Ito ang unang pananagutan ng tao sa Kabilang-buhay.

Ang Pagdarasal o ang Salah ay isang pang-araw-araw na gawaing pagsamba. Kung saan, ating ipinakikita ang pagkamababang loob at purihin ang kaluwalhatian ng Panginoon ang ating Tagapaglikha, at tagapagbigay ng biyaya, upang Siya ay maging malapit sa atin, tayo ay Kanyang bibiyayaan ng pinaka mabuting gantimpala, patatawarin ang ating mga kasalanan at dagdagan ang pagiging matibay natin sa Islam.

Kinakailangan na ikaw ay magsagawa ng pagdarasal ng limang beses sa isang Araw at ito ay ang mga sumusunod:

1. ***Pagdarasal sa Madaling-Araw (Fajr)*** – Ito ay binubuo ng dalawang rak'ah. Ito ay nagsisimula sa pagsilay ng bukang-liwayway at matatapos kapag lumaganap na ang sikat ng araw.
2. ***Pangtanghaling-Dasal (Dhuhr)*** – Ito ay binubuo ng apat na rak'ah. Ito ay nagsisimula kapag ang sikat ng araw ay nagsisimulang bumaba mula sa kasikatan ng kanyang kainitan at magtatapos kapag ang sukat ng anino ng isang bagay ay katumbas na ng bagay na pinagmulan ng nasabing anino.
3. ***Panghapon na Dasal (Asr)*** – Ito ay binubuo ng apat na rak'ah. Ito ay nagsisimula kapag ang oras sa Dhuhr ay natapos na at magtatapos bago lumubog ang araw.
4. ***Pangdapit-hapon na Dasal (Magrib)*** – Ito ay binubuo ng tatlong rak'ah. Ito ay nagsisimula kapag ang araw ay lumulubog sa kanluran kahit ang kalangitan ay may mababanaag pang bahagyang liwanag at magtatapos sa pagsapit ng takip-silim.
5. ***Panggabing Dasal (Isha)*** – Ito ay binubuo ng apat na rak'ah. Ito ay nagsisimula matapos ang oras para sa Maghrib at matatapos bago sumilay ang bukang-liwayway.

***Ang dasal sa araw ng Biyernes (Jumu'ah)*** – Ito ay binubuo ng dalawang rak'ah (dalawang posisyon na pagyuko) na isinasagawa kahalili ng "Dhuhur" na dasal sa tanghali, obligado ang dasal na ito na isagawa ng samasama na kasama ang kapuwa kalalakihang Muslim sa mosque. Kung sakali, na ang sinuman ang hindi naisagawa ang dasal na ito, siya ay kinakailangan na magsagawa ng apat na rak'ah katulad ng kanyang gingawa sa pagtanghaling dasal.

May mga dasal na di-sapilitan, subalit may malaking pagpapala ang sinuman na magsagawa nito. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Dalawang rak'ah bago magsimula ang pang-umagang dasal (Fajr).
2. Apat na rak'ah (dalawang magkahiwalay na rak'ah na susundan ng panibagong dalawang rak'ah) bago magsimula ang obligadong dasal ng Dhuhr at dalawa pagkatapos ng obligadong dasal.
3. Dalawang rak'ah pagkatapos ng Magrib.
4. Dalawang rak'ah pagkatapos ng Isha.
5. Apat na rak'ah (dalawang magkahiwalay na susundan na panibagong magkahiwalay na dalawa pa) pagkatapos ng obligadong dasal kung araw ng Biyernes (Jumu'ah).
6. Pagkatapos ng mga di-sapilitang dasal pagkatapos maisagawa ang obligadong dasal para sa panggabing dasal (Isha) may isa pang di-sapilitan ang pagsasagawa ng pagdarasal, ito ay ang tinatawag na "Witr". Walang katiyakan ang bilang mga rak'ah nito, ngunit hangga't maaari ay gansal na bilang: isa, tatlo o lima na rak'ah lamang subalit maaari itong isagawa ng isang raka lamang. Kung ikaw ay papasok sa loob ng mosque, sunna at itinatagubilin na kinakailangan mong magbigay ng pagpupugay na dasal sa pamamagitan ng pagsasagawa ng dalawang rak'ah bago ka umupo.

Ang pagsasagawa ng ṣalāh sa jamā'ah (kongregasyon) sa masjeed ay tungkulin ng mga kalalakihan. Ang limang ṣalāh sa araw at gabi ay ang ṣalāh sa fajr (madaling araw), ṣalāh sa dhuhr (tanghali), ṣalāh sa 'aṣr (hapon), ṣalāh sa maghrib (paglubog ng araw) at ṣalāh sa 'ishā' (gabi). Itinatagubilin sa isang Muslim na mahinahon at panatag na pumunta sa masjeed, at itinatagubilin ding magsagawa muna ng dalawang rak'ah na ṣalāh (ṣalāh ng pagbati sa masjeed) bago maupo.

Kailangang takpan ang 'awrah sa pagsasagawa ng ṣalāh. Ang 'awrah ng lalaki ay mula sa pusod hanggang sa tuhod at ang sa babae naman ay ang kanyang buong katawan, maliban sa mukha kapag nagsasagawa ng ṣalāh. Ang pagharap sa Qiblah (ang dakong kinaroonan ng Makkah) ay isa rin sa kundisyon upang maging tanggap ang ṣalāh.

Kailangang isagawa ang ṣalāh sa takdang oras nito. Hindi tanggap ang ṣalāh na isinagawa bago sumapit ang takdang oras nito, maliban na lamang kung naglalakbay. Ipinagbabawal ang pagpapahuli sa pagsagawa ng ṣalāh sa takdang oras nito.

## Ang kahalagahan ng Salah:

- Ang Salah ang unang ipinag-utos ni Allah at ito rin ang unang bagay na tatanungin ni Allah sa Araw ng Pagbabangong muli. Ang Salah ang naghihiwalay sa pagitan ng Mananampalataya at mga hindi mananampalataya.
- Ang salah ang Marka ng Islam. Ang isang taong nagsasagawa ng mga Salah sa tamang oras ng may sinseridad sa kanyang sarili at may debosyon at isinasaalang-alang ang lahat ng regulasyon hinggil dito kabilang na ang Mustahabaat (Sunnah) ay tantos na isang tunay na Mu'mim.
- Sa lahat na ipinag-utos ni Allah, ang Iman at ang Salah ang may mataas na halaga. Kung mayroon mas mainam pa kaysa sa Salah, kung gayon ito ay Kanyang ipinag-utos sa mga anghel na ang ilan sa kanila ay palagiang yumukod at ang iba naman ay nagpapatirapa.
- Ang Salah ay isa sa haligi ng Islam.
- Hinahamak ng Salah ang Demonyo.
- Ang Salah ang liwanag ng isang Mu'min.
- Ang Salah ang mabisang jihad.
- Si Allah ay palagiang naalaala ang isang tao na palagiang nagsasagawa ng Salah.
- Ang Salah ay nag-aalis sa kasalanan ng isang Muslim kung ito ay gagawin ng may sinseridad sa kanyang puso at para kay Allah lamang.
- Ang Salah ay kaparis ng ulo ng tao, kung wala ang Salah ang lahat ng papuri at pagsamba ay bale wala.

**PAGSASANAY: V**

**BALIK TANAW SA PAG-AARAL HINGGIL SA SALAH.**

1. Ano ang mga sunnah sa salah?
2. Ibigay ang labing-apat (14) na haligi ng Salah.
3. Anu-ano ang wajib ng salah?
4. Ano ang mga kundisyon sa salah?
5. Saang mga lugar hindi ipinahihintulot ang gawang pag-darasal?

**BIGYANG KATUWIRAN ANG MGA SUMUSUNOD NA KATANUNGAN.**

1. Bakit ginawang obligado ang pagsasagawa ng Salah sa mga Muslim?
2. Sa iyong palagay kung ang isang tao ay hindi magsasagawa ng Salah, matatamo ba niya ang kahinahunan sa kanyang sarili at bakit?
3. Sa limang obligadong Salah na ibinatas ni Allah ito ba ay may pagkakaiba sa antas at biyayang matatamo sa pagsasagawa nito?
4. Ipaliwanag kung bakit nakapag-aalis ng kasalanan ang gawang pagdarasal.
5. Ano ang ibig sabihin ng Ihsan, ipaliwanag?
6. Ano ang iyong gagawin kung sakaling sumobra ang iyong rak'ah na ginawa sa iyong pagdarasal?
7. Kung nag-alinlangan ka sa ginawang pagdarasal na hindi mo batid ang bilang nito ano ang dapat mong gawin?
8. Kung ikaw ay may malubhang karamdaman obligado ba na ikaw ay magsagawa ng salah at bakit?

## أحـكـام الـزكـاة

## 3. Ang mga Alituntunin sa Zakah

***Zakah o Kawang-Gawa.*** Ito ay nangangahulugan ng pagbibigay ng kahit magkanong halaga sa mga mahihirap o sa mga nangangailangan bilang isang uri ng pasasalamat at pagkilala ng utang na loob para sa Allah (swt). Upang ibahagi, itaas at hikayatin ang kabutihang loob sa lipunan. Itinakda sa Islam ang halaga na maaaring ibigay ng isang tao sa taong karapat-dapat pagkalooban nito.

### Ang Hatol Kaugnay sa Zakāh

Ang zakāh ay ang ikatlo sa mga Haligi ng Islam. Tungkulin ng isang Muslim na magbigay ng zakāh[40] kapag nagmay-ari siya ng niṣāb[41] at inabutan ito sa kanya ng isang taon.

Nagsabi si Allah: ***"Isagawa ninyo nang wasto ang ṣalāh at magbigay kayo ng zakāh..."***[42] Ang pagsasabatas ng zakāh ay kapupulutan ng maraming aral at kapakinabangan. Ang sumusunod ay ang ilan sa mga ito:

1. Ang paglilinis ng kaluluwa at ang paglalayo nito sa karamutan at kakuriputan;
2. Ang pagsasanay sa isang Muslim na maging mapagbigay;
3. Ang pagpapatatag sa mga bigkis ng pagmamahalan sa pagitan ng mayaman at mahirap sapagkat ang mga tao ay nilikhang may kalikasang mahalin ang sinumang nagmamagandang-loob sa kanila;
4. Ang pagsuporta sa isang mahirap na Muslim at pagpupuno ng kanyang pangangailangan at Ang paglilinis sa mga tao sa kanilang mga kasalanan at mga pagkakamali sapagkat sa pamamagitan nito ay napapawi ang mga maling gawa at tumataas ang antas nila kay Allah.

### Ang mga Kailangang Patawan ng Zakāh

Kinakailangang ipataw sa ginto, pilak, pera, kalakal, at produkto ng lupa na tulad ng mga butil, mga bunga at mga minimina.

### Ang Zakāh ng Ginto, Pilak, at Pera[43]

Pinapatawan ng zakāh ang ginto at ang pilak maging anuman ang anyo ng mga ito. Kailangang magbigay ng zakāh para sa ginto o pilak ang sinumang nagmamay-ari ng mga ito na umabot sa niṣāb. Ang niṣāb ng purong ginto ay 20 *Mithqāl* o katumbas ng 70 gramo at ang niṣāb naman ng purong pilak ay 200 *Dirham* o katumbas ng 460 gramo.[44] Kaya ang sinumang nagmay-ari ng niṣāb ng ginto ay kailangang magbigay ng 2.5% ng minamay-aring ginto at ang sinumang nagmay-ari ng niṣāb ng pilak ay kailangan ding magbigay ng 2.5% ng minamay-aring pilak. Kapag ninais na magbigay ng zakāh na pera, kailangang alamin kung magkano ang halaga ng ginto o pilak sa mismong araw na inabutan ng isang taon ang ginto o ang pilak at pagkatapos ay magbigay ng zakāh para rito na katumbas sa salaping ginagamit sa kinaroroonang bayang.[45]

**Halimbawa:** Kung sakaling nagmay-ari ang isang tao ng 100 gramong purong ginto, kailangang magbayad siya ng zakāh para rito sapagkat nagmay-aari siya ng gintong umabot sa niṣāb. Ang zakāh nito ay 2.5 gramong ginto. Kung ninais na pera ang ibigay para sa zakāh nito, aalamin niya ang halaga ng 100 gramong ginto kapag ito ay inabutan ng isang taon sa kanya at saka magbigay ng zakāh na pera na 2.5% ng halaga ng kanyang ginto.

---

[40] Ang buwis ng pamahalaan ay hindi kapalit o katumbas ng zakāh.

[41] Ang niṣāb ay ang minimum na bilang o halaga ng ari-arian upang ito ay maaari nang patawan ng zakāh.

[42] Qur'an 2:110

[43] Kapag nagmamay-ari ng ginto o pilak o pera na nananatiling umaabot sa niṣāb, kailangan pa ring magbigay ng zakāh para rito taon-taon kahit nakapagbayad na sa nakalipas na taon o mga taon.

[44] Kaya ang sinuman na nagmamay-ari ng purong ginto o purong pilak na umabot o humigit sa niṣāb ay kailangang magbigay ng zakāh na 2.5% o 1/40 ng kabuuan ng tinataglay na ginto o pilak.

[45] Kung nagmamay-ari ng hindi purong ginto o gintong hindi umabot sa 24 karat, na siya namang karaniwan sa ginto sa ngayon, ay kailangang ipaghambing ang halaga ng taglay ginto sa halaga ng 70 gramong purong ginto. Kung ang halaga ng ginto ay mababa sa halaga ng 70 gramong purong ginto, hindi papatawan ng zakāh ang ginto; kung ang halaga naman ng ginto ay umabot sa halaga ng 70 gramong purong ginto o higit pa, kailangang magbigay ng zakāh na katumbas sa 2.5% o 1/40 ng kabuuang halaga ng ginto. Ang batayan sa pagkukuwenta ng zakāh para sa halaga ng alahas na ginto ay hindi ang halaga ng pagkakabili ng alahas—na karaniwang mas mataas ang halaga kaysa tunay na halaga ng nilalamang ginto dahil ang gastos sa paggawa ng alahas ay ipinatong na sa halaga. Halimbawa: Kung nagmamay-ari ng 80 gramo na (mga) alahas na hindi purong ginto, aalamin sa alahero ang tunay na halaga ng nilalamang ginto ng mga alahas at ito ang pagbabatayan ng halaga—hindi ang halaga ng pagkakabili ng alahas. Kaya kung ang 80 gramong alahas na hindi purong ginto ay hindi umabot sa halaga ng 70 gramong purong ginto, hindi ito papatawan ng zakāh.

Kinakailangan ding magbigay ng zakāh para sa pera kapag umabot ito sa niṣāb. Kaya ang sinumang nagmay-ari ng pera na [hindi bababa sa halagang] katumbas sa halaga ng 70 gramong purong ginto.[1] Kaya walang gagawin ang isang Muslim, kapag nagtataglay ng pera na inabutan sa kanya ng isang taon, kundi magtanong sa isang awtorisadong nagtitinda ng ginto hinggil sa halaga ng 70 gramong purong ginto. Kapag nagtataglay siya ng halagang katumbas niyon o higit pa, magbigay siya ng zakāh para rito [na katumbas sa 2.5% ng kabuuang halaga nito]. Ngunit kung ang taglay niyang halaga ay mababa sa halagang tinuran ng napagtanungan, wala siyang tungkuling magbibibay ng zakāh.

**Halimbawa:** Kung ang isang tao ay nagtataglay ng 800$ at inabutan ito ng isang taon, aalamin niya ang halaga ng purong ginto kung ang batayan ng perang umiiral sa bansa ay ginto, o aalamin naman niya ang halaga ng purong pilak kung ang batayan ng perang umiiral sa bansa ay pilak.[46] Kung napag-alaman niya na ang halaga ng 70 gramong ginto ay 840$, halimbawa, hindi na niya kailangang magbigay ng zakāh sapagkat ang halagang tinataglay niya ay hindi umabot sa niṣāb o sa halagang katumbas ng 70 gramong ginto. Tulad din nito ang pagkukuwentang gagawin kung ang batayan ng pera ng bansa ay pilak.

## Ang Zakāh ng mga Kalakal

Ginawang tungkulin ng Islam para sa isang mangangalakal na Muslim na nagmamay-ari ng yaman na ginagamit niya sa pangangalakal na magbigay ng taunang zakāh bilang pasasalamat sa biyaya ni Allah at bilang pagtupad sa tungkulin niya sa nangangailangang mga kapatid niya sa pananampalataya. Saklaw ng pagpapataw ng zakāh ang lahat ng naipagbibili at nabibili[47] sa layuning tumubo, gaya ng *real estate*, hayop, pagkain, inumin, sasakyan, at iba pa.

Ang kundisyon para sa zakāh na ito ay kailangang umabot sa niṣāb [ang kabuuang halaga ng kalakal]. Malalaman ito sa pamamagitan ng paghahambing ng kabuuang halaga ng kalakal sa halaga ng niṣāb ng ginto o pilak. Kailangang magbigay taun-taon ng zakāh para rito na katumbas sa 2.5% ng kabuuang halaga ng mga paninda. Kaya kung nagmay-ari ang isang tao ng kalakal na nagkakahalaga ng 100,000 Piso, halimbawa, kailangang magbigay siya ng zakāh na 2,500 Piso [kung ang 100,000 Piso ay umabot sa niṣāb ng ginto]. Ang mga mangangalakal na nagtitinda at bumibili ay kailangang magsagawa ng pagtataya ng halaga ng mga paninda na tinataglay nila sa simula ng bawat taon at saka sila magbayad ng zakāh nito. Kung sakaling ang isang mangangalakal ay bumili ng kalakal 10 araw bago ganap na natapos ang isang taon, papatawan pa rin ng zakāh ang kalakal na ito kasama ng iba pang mga kalakal.

Nagsisimula ang taon ng pangangalakal sa unang araw na nagsimula ito. Ang pagbibigay ng zakāh ay taunan kaya kinakailangang magbigay ang isang Muslim ng zakāh para sa kanyang ari-arian taun-taon. Ang ikinakalakal na mga alagang hayop na umaaasa sa pakain (hindi kusang nanginginain sa pastulan) ay pinapatawan ng zakāh—maabot man ng mga ito ang bilang ng niṣāb para sa alagang hayop o hindi maabot—kapag umabot sa niṣāb ng pera ang kabuuang halaga nito. Ang zakāh para rito ay pera.

## Ang Zakāh ng *Shares* o Sapi sa Kompanya

Sa panahon ngayon ay namumuhunan ang mga tao sa pamamagitan ng pagmamay-ari ng *shares* o mga sapi sa mga kompanyang tulad ng *real estates* at iba pa. Mayroon sa kanilang naglalagak ng salapi sa mga sapi, na maaaring kumita o malugi kung magkaminsan sa loob ng ilang taon. Ang mga sapi na ito ay pinapatawan ng zakāh sapagkat ang mga ito ay itinuturing na mga kalakal. Kaya tungkulin ng isang Muslim na nagmamay-ari ng *shares* sa isang Kompanya na alamin taun-taon ang kabuuang halaga ng kanyang *shares* at magbigay ng zakāh. Maaari ring pagsabay-sabayin ang pagbabayad ng zakāh para sa kung ilang taon kapag naipagbili na ang mga *shares* at natanggap na ang halaga.

## Ang Zakāh ng Produkto ng Lupa

Pinapatawan ng zakāh ang mga produkto ng lupa na **natatakal at naiimbak** gaya ng datiles (*dates*), trigo, *barley*, palay, munggo, mais, at mga gaya nito, ngunit hindi pinapatawan ng zakāh ang mga bungangkahoy at ang mga gulay. Pinapatawan ng zakāh kapag umabot [ang lahat ng mga ito maliban sa *barley*] sa niṣāb na katumbas sa 675 Kilo. Ang niṣāb ng *barley* ay 552 Kilo. **Sa**

---

[46] Bagamat wala nang bansa sa ngayon na gumagamit ng *gold standard o silver standard*, ang karamihan sa mga Bangko Sentral sa buong mundo ay gumagamit pa rin ng ginto bilang *resreve*.

[47] Ang kalakal na naipagbibili at nabibili ay mga paninda (*goods*) at hindi serbisyo.

**ganitong uri ng zakāh, hindi na kailangang lumipas muna ang isang taon bago magbigay ng zakāh; magbibigay ng zakāh tuwing anihan.** Pinapatawan ng zakāh na 10% ng kabuuang ani kapag ito ay itinanim sa lupang pinatutubigan ng ulan, mga ilog at katulad nito, o sa madaling salita: nang hindi na nagpapakahirap o gumagastos ang magsasaka sa pagpapatubig. Subalit kapag ang lupa ay napapatubigan kung magpapakahirap o gagastos pa siya, ang ipinapataw na zakāh ay 5% ng kabuuang ani. Halimbawa: Kung nagtanim ng palay ang isang magsasaka at umani ng 800 Kilo, papatawan ito ng zakāh sapagkat ang niṣāb ng palay ay 675 Kilo. Papatawan ito ng zakāh na 10% ng ani o 80 Kilo kung napatubigan ang lupang pinagtaniman nang walang trabaho o gastos, o 5% ng ani o 40 Kilo kung ang lupa ay napatubigan nang may trabaho at gastos.

## Ang Zakāh ng Hayop[48]

Ang hayop na tinutukoy rito ay kamelyo, baka, kalabaw, tupa, at kambing. Pinapatawan ng zakāh ang mga hayop na ito alinsunod sa sumusunod na mga kundisyon:[49]

1. Ang pagkaabot sa niṣāb. Ang niṣāb sa kamelyo ay 5 kamelyo; ang niṣāb sa tupa o kambing ay 40 tupa o kambing; at ang niṣāb sa baka o kalabaw ay 30 baka o kalabaw. Ang mababa pa sa alin man sa nabanggit na niṣāb ay hindi pinapatawan ng zakāh;
2. Na aabutan ang mga ito ng isang taon na taglay pa rin ng may-ari ng mga ito;
3. Na ang alin man sa mga ito ay Sā'imah: kusang nanginginain sa pastulan sa higit na maraming araw ng taon. Hindi nagpapataw ng zakāh para sa mga hayop na kinukumpayan o binibilhan o binibigyan ng pakain ng may-ari ng mga ito, maliban kung kusang nanginginain ang mga ito sa higit na maraming araw ng taon sapagkat pinapatawan ang mga ito ng zakāh ayon sa niṣāb ng mga ito;
4. Na hindi ipinantatrabaho ang mga ito o ginagamit ng may-ari ng mga ito sa pag-aararo, paghihila ng kariton, at iba pang gawain.

## Paraan ng Pagkukuwenta ng Zakāh

### Ang Zakāh Para sa Baka[50]

Kapag nagmay-ari ng 30 baka hanggang 39 baka, ang zakāh ay 1 guya na isang taong gulang. Kapag nagmay-ari ng 40 hanggang 59, ang zakāh ay 1 guya na dalawang taong gulang; kapag nagmay-ari ng 60 hanggang 69, ang zakāh ay 2 guya na isang taong gulang; kapag nagmay-ari ng 70 hanggang 79, ang zakāh ay 1 guya na isang taong gulang at 1 guya na dalawang taong gulang. At pagkatapos nito, sa bawat 30 baka na karagdagan ang zakāh ay 1 guya na isang taong gulang, o sa bawat 40 baka na karagdagan ang zakāh ay 1 guya na dalawang taong gulang. Ganito ang pagtutuos saanman umabot ang bilang.

| Bilang | | Zakāh |
|---|---|---|
| Mula | Hanggang | |
| 30 | 39 | 1 guya na 1 taong gulang |
| 40 | 59 | 1 guya na 2 taong gulang |
| 60 | 69 | 2 guya na 1 taong gulang |
| 70 | 79 | 2 guya: 1 taon at 2 taong gulang |

### Ang Zakāh sa Kamelyo[51]

Pinapatawan ng zakāh ang mga kamelyo kapag umabot ang mga ito sa niṣāb na 5 kamelyo. Kaya kapag nagmay-ari ang isang Muslim ng 5 hanggang 9 kamelyo at inabutan ang mga ito ng isang taon at nanatiling pag-aari pa rin niya, ang zakāh ay 1 tupa na isang taong gulang.

Kapag nagmay-ari ng 10 hanggang 14, ang zakāh ay 2 tupa; kapag nagmay-ari ng 15 hanggang 19, ang zakāh ay 3 tupa; kapag nagmay-ari ng 20 hanggang 24, ang zakāh ay 4 tupa; kapag nagmay-ari ng 25 hanggang 35, ang zakāh ay 1 babaeng kamelyo na 1 taong gulang

48 Kapag nagmay-ari ng mga hayop na pinapatawan ng zakāh na umaabot sa niṣāb ang bilang, kailangan pa ring magbigay ng zakāh para sa mga ito bawat taon kahit pa nakapagbayad na sa nakalipas na taon o mga taon.

49 Buhay na hayop at hindi pera ang ibinibigay bilang zakāh para sa hayop.

50 Ang patakaran sa kalabaw ay katulad din ng sa baka. Ang hayop na ibinibibay bilang zakāh ay walang kapansanan.

51 Bagamat wala namang kamelyo sa Pilipinas, minabuti pa rin namin talakayin ang tungkol sa zakāh nito upang maging masaklaw ang aklat na ito.

ngunit kung wala nito ay sapat na ang 1 lalaking kamelyo na 2 taong gulang; kapag nagmay-ari ng 36 hanggang 45, ang zakāh ay 1 babaeng kamelyo na 2 taong gulang; kapag nagmay-ari ng 46 hanggang 60, ang zakāh ay 1 babaeng kamelyo na 3 taong gulang; kapag nagmay-ari ng 61 hanggang 75, ang zakāh ay 1 babaeng kamelyo na 4 taong gulang; kapag nagmay-ari ng 76 hanggang 90, ang zakāh ay 2 babaeng kamelyo na 2 taong gulang; kapag nagmay-ari ng 91 hanggang 120, ang zakāh ay 2 babaeng kamelyo na 3 taong gulang.

Kapag sumobra pa sa 120 kamelyo, ang zakāh ay 1 babaeng kamelyo na 2 taong gulang sa bawat 40 kamelyo na karagdagan o 1 babaeng kamelyo na 3 taong gulang sa bawat 50 kamelyo na karagdagan. Sa halip na tupa ay maaari ring kambing ang ibigay. Heto ang talahanayan na maglilinaw sa pagkukuwenta ng zakāh para sa kamelyo:

| Bilang | | Zakāh |
|---|---|---|
| **Mula** | **Hanggang** | |
| 5 | 9 | 1 tupa o 1 kambing |
| 10 | 14 | 2 tupa o 2 kambing |
| 15 | 19 | 3 tupa o 3 kambing |
| 20 | 24 | 4 tupa o 4 kambing |
| 25 | 35 | 1 babaeng kamelyo na 1 taong gulang |
| 36 | 45 | 1 babaeng kamelyo na 2 taong gulang |
| 46 | 60 | 1 babaeng kamelyo na 3 taong gulang |
| 61 | 75 | 1 babaeng kamelyo na 4 taong gulang |
| 76 | 90 | 2 babaeng kamelyo na 2 taong gulang |
| 91 | 120 | 2 babaeng kamelyo na 3 taong gulang |

Kapag sumobra pa sa 120, ang zakāh ay 1 babaeng kamelyo na 2 taong gulang sa bawat 40 na karagdagan o 1 babaeng kamelyo na 3 taong gulang sa bawat 50 na karagdagan.

## Ang Zakāh Para sa **Tupa**[52]

Kapag nagmay-ari ng 40 hanggang 120 tupa, ang zakāh ay 1 tupa. Kapag nagmay-ari ng 121 hanggang 200, ang zakāh ay 2 tupa; kapag nagmay-ari ng 201 hanggang 300, ang zakāh ay 3 tupa; kapag nagmay-ari ng 301 hanggang 400, ang zakāh ay 4 tupa; kapag nagmay-ari ng 401 hanggang 500, ang zakāh ay 5 tupa. At sa bawat 100 tupa na karagdagan ang zakāh ay 1 tupa maging gaano man karami ang madadagdag pa.

| Bilang | | Zakāh |
|---|---|---|
| **Mula** | **Hanggang** | |
| 40 | 120 | 1 tupa |
| 121 | 200 | 2 tupa |
| 201 | 300 | 3 tupa |
| 301 | 400 | 4 tupa |
| 401 | 500 | 5 tupa |

## Ang Karapat-dapat sa Zakāh

Nagsabi si Allah: ***"Ang mga zakāh ay para lamang sa mga maralita, sa mga dukha,[53] sa mga naglilingkod sa pagtitipon nito, sa mga mapalulubag-loob ang puso, sa pagpapalaya ng alipin, sa mga may pagkakautang, sa pakikibaka alang-alang kay Allah, at sa manlalakbay—isang tungkuling iniatang ni Allah. Si Allah ay Maalam, Marunong."***[54]

---

[52] Ang patakaran sa kambing ay katulad din ng sa tupa. Ang tupang ibinibigay bilang zakāh ay mga 6 buwan pataas, walang kapansanan at hindi napakatanda.

[53] Ayon sa Tagalog-English DICTIONARY ni Leo James English ang **maralita** ay ***extremely poor*** o ***lubhang mahirap*** at ang **dukha** naman ay ***poor*** o ***mahirap***.

[54] Qur'an 9:60

Nilinaw rito ni Allah ang walong uri ng tao na ang bawat isa ay karapat-dapat na tumanggap ng zakāh. Ang zakāh sa Islam ay bumabalik sa lipunan lalong-lalo na sa mga may pangangailangan at hindi sa mga alagad ng relihiyon gaya ng nangyayari sa ibang mga relihiyon. Ang sumusunod ay ang mga may karapatang tumanggap ng zakāh;

1. Ang **maralita** ***(faqīr).*** ay ang hindi makatugon sa kahit kalahati man lamang sa kanyang pangangailangan;

2. Ang **dukha** ***(miskīn).*** naman ay ang may kakayahang tumugon sa higit sa kalahati sa kanyang pangangailangan ngunit hindi kayang tugunan nang lubusan ang pangangailangan. Sila ay pagkakalooban ng zakāh ayon sa pangangailangan nila sa loob ng ilang buwan o isang taon;

3. Ang **mga naglilingkod sa pagtitipon zakāh** ***(Al a'milina 'alayha).*** ay ang mga taong binigyan ng pamahalaan ng kapangyarihang mangalap ng zakāh mula sa mga karapat-dapat magbayad nito. Bibigyan ang bawat isa sa kanila ng suweldong katumbas sa kanyang pinagtrabahuhan at angkop sa kanyang katungkulan—kahit pa man siya ay isang mayaman;

4. Ang **mga mapalulubag-loob ang mga puso** ***(Al mu'alafati qulubuhum).*** sa Islam ay ang mga pinunong sinusunod sa kanilang lipunan na hinahangad na pumasok sa Islam o na tumigil sa paminsala sa mga Muslim. Kabilang din dito ang mga bagong pasok sa Islam o ang mga taong maaakit ang puso sa Islam upang lumakas ang paniniwala sa kanilang mga puso;

5. Ang **pagpapalaya ng alipin** ***(As-habi riqab).*** ay ang pagbili sa pamamagitan ng zakāh ng kalayaan nito at pati na ng kalayaan ng mga Muslim na binihag ng kaaway;

6. Ang **mga may pagkakautang** ***(Al ghayrimina).*** Bibigyan sila ng zakāh upang ipambayad sa kanilang utang. Ang totanggap nito ay kailangang isang mahirap na Muslim—hindi mayamang may kakayahang magbayad at hindi taong nagkautang dahil sa paggawa ng kasalanan—at dumating na ang oras upang magbayad;

7. Ang **pakikibaka alang-alang kay Allah** ***(Fi sabili-llah).*** Ang tinutukoy rito ay ang mga **Mujāhidin** na mga nagkukusang-loob at hindi tumatanggap ng suweldo. Tatanggap sila ng zakāh para sa kanilang sarili at para ipanggugugol sa pagbili ng kanilang mga sandata. Ang pag-aaral ng Islam ay Pakikibaka (**Jihād**) rin; kaya kung may Muslim na walang pera ngunit nais niyang ilaan ang kanyang sarili sa pag-aaral ng Islam, ipinahihintulot na bigyan siya ng zakāh na makasasapat sa pag-aral lamang;

8. Ang **manlalakbay** ***(Abanis-sabili)*** na tinutukoy rito ay ang taong kinapos ng panggastos habang naglalakbay at walang maipanggugugol para sa pagbalik sa kanyang bayan. Siya ay pagkakalooban ng panggastos na buhat sa zakāh upang makabalik sa kanyang bayan—kahit pa man siya ay mayaman sa kanyang bayan.

**Ilang Paalaala Hinggil sa zakāh**

1. Hindi ipinahihintulot na gugulin ang zakāh sa pagpapatayo ng mga masjeed, sa pagpapaayos ng mga daan, at sa iba pang mga gawaing katulad ng mga ito.

2. Walang zakāh para sa yamang hango sa dagat tulad ng perlas, coral, isda, at iba pa maliban kung ang mga ito ay itinitinda.

3. Walang zakāh para sa mga paupahang gusali, mga pagawaan, at iba pang tulad nito subalit pinapatawan ng zakāh ang mga kinita mula rito kapag inabutan ng isang taon. Halimbawa: May pinauupahang bahay ang isang tao at tumatanggap siya ng upa buhat dito; kapag naabutan ng isang taon ang halagang ito, o ang bahagi nito, na umabot sa nis̲āb, ito ay papatawan ng zakāh.

**PAGSASANAY BLNG. VI.**

**PUNAN ANG MGA NAWAWALANG KARAMPATANG ZAKAH.**

| Bilang | | |
|---|---|---|
| **Mula** | **Hanggang** | **Zakāh** |
| 5 | 9 | 1 tupa o 1 kambing |
| 10 | | |
| | 19 | 3 tupa o 3 kambing |
| 20 | 24 | |
| 25 | 35 | 1 babaeng kamelyo na 1 taong gulang |
| 36 | 45 | |
| | | 1 babaeng kamelyo na 3 taong gulang |
| | 75 | 1 babaeng kamelyo na 4 taong gulang |
| 76 | 90 | |

**SABIHIN KUNG TAMA O MALI**

1. Ang buwis ng pamahalaan ay hindi kapalit o katumbas ng zakāh?
2. Ang niṣāb ay ang minimum na bilang o halaga ng ari-arian upang ito ay maaari nang patawan ng zakāh?
3. Kapag nagmamay-ari ng ginto o pilak o pera na nananatiling umaabot sa niṣāb, kailangan pa ring magbigay ng zakāh para rito taon-taon kahit nakapagbayad na sa nakalipas na taon o mga taon?
4. Ang sinuman na nagmamay-ari ng purong ginto o purong pilak na umabot o humigit sa niṣāb ay kailangang magbigay ng zakāh na 2.5% o 1/40 ng kabuuan ng tinataglay na ginto o pilak?
5. Kung nagmamay-ari ng hindi purong ginto o gintong hindi umabot sa 24 karat, na siya namang karaniwan sa ginto sa ngayon, ay kailangang ipaghambing ang halaga ng taglay ginto sa halaga ng 70 gramong purong ginto?
6. Kung ang halaga ng ginto ay mababa sa halaga ng 70 gramong purong ginto, hindi papatawan ng zakāh ang ginto; kung ang halaga naman ng ginto ay umabot sa halaga ng 70 gramong purong ginto o higit pa, kailangang magbigay ng zakāh na katumbas sa 2.5% o 1/40 ng kabuuang halaga ng ginto?
7. Ang batayan sa pagkukuwenta ng zakāh para sa halaga ng alahas na ginto ay hindi ang halaga ng pagkakabili ng alahas—na karaniwang mas mataas ang halaga kaysa tunay na halaga ng nilalamang ginto dahil ang gastos sa paggawa ng alahas ay ipinatong na sa halaga?
8. Kung nagmamay-ari ng 80 gramo na (mga) alahas na hindi purong ginto, dapat na aalamin sa alahero ang tunay na halaga ng nilalamang ginto ng mga alahas at ito ang pagbabatayan ng halaga—hindi ang halaga ng pagkakabili ng alahas. Kaya kung ang 80 gramong alahas na hindi purong ginto ay hindi umabot sa halaga ng 70 gramong purong ginto, hindi ito papatawan ng zakāh?
9. Ang patakaran sa kambing ay katulad din ng sa tupa. Ang tupang ibinibigay bilang zakāh ay mga 6 buwan pataas, walang kapansanan at hindi napakatanda?
10. Kapag nagmay-ari ng mga hayop na pinapatawan ng zakāh na umaabot sa niṣāb ang bilang, kailangan pa ring magbigay ng zakāh para sa mga ito bawat taon kahit pa nakapagbayad na sa nakalipas na taon o mga taon?
11. Buhay na hayop at hindi pera ang ibinibigay bilang zakāh para sa hayop?
12. Ang patakaran sa kalabaw ay katulad din ng sa baka. Ang hayop na ibinibibay bilang zakāh ay walang kapansanan?
13. Bagamat wala nang bansa sa ngayon na gumagamit ng *gold standard o silver standard*, ang karamihan sa mga Bangko Sentral sa buong mundo ay gumagamit pa rin ng ginto bilang *reserve* ay kailangan patawan ng Zakat?
14. Ang kalakal na naipagbibili at nabibili ay mga paninda (*goods*) at hindi serbisyo ay pinapatawan din ng Zakat?
15. Kung may kapansanan ang isang hayop na ibibigay bilang Zakat ito ay karapat-dapat?
16. Ang pagbibigay ng Zakat sa palay ay kinakailangan na paabutin ng isang taon bago ito ibigay?
17. Ang kinita sa pagpapaupa ng bahay ay kinakailangan paring patawan ng Zakat?
18. Ang pagbibigay ng Zakat ay naglilinis sa kabuhayan ng isang Muslim?
19. Ang pagbibigay ng Zakat ay nag-aalis sa pagiging madamot ng isang Muslim?
20. Ang inaning prutas ay kinakailangan ding patawan ng Zakat?

الصيام

## 4. Ang Pag-aayuno

***Sawm o Pag-aayuno.*** Ito ay nangangahulugan ng pagpipigil sa pagkain, pag-inom, pakikipagtalik mula sa madaling-araw hanggang sa dapit-hapon sa buong buwan ng Ramadan (ang ika-siyam na buwan ng lunar). Ito ay ang buwan na kung saan ang Banal ng Qur'an ay ipinahayag sa ating Propeta na si Mohammad (saw). Sa pag-aayuno sa buwang ito, ipinakikita ng isang tao ang kanyang kabuuang pagsuko at pagtalima sa Allah, ang kanyang pasasalamat sa natamong biyaya na nagmula sa Allah na ipinagkaloob sa kanya. Ang Kanyang Kabutihan sa Kanyang alipin ay nakikiisa sa mga nangangailangan at mga dukha.

Sinabi ni Allah sa Banal na Qur'an:

***"Ya ayuhal ladhina 'amanu Kutiba 'alaykumus-siyaamu kama kutiba 'ala al-ladhina min qablikum la' allakum tat-taqun"***

*(O kayong mga naniniwala ang pag-aayuno ay ipinag-uutos sa inyo gaya ng ipinag-uutos sa mga nauna sa inyo. Upang kayo ay maging Al Muttaqun (Madasalin – Makadiyos)*[55]

**Tatlong mahahalagang puntos na dapat tandaan:**

1. Ya ayyuhal ladhina 'amanu (kayong mga nanampalataya)
2. kutiba 'ala al-ladhina min qablikum (gaya ng ipinag-utos sa mga nauna sa inyo)
3. la al lakum tat-taqun" (Upang kayo ay maging Al Muttaqun)

### Ang Kahulugan ng *As-Siyam*

Ang As-Siyam o As Saum o ang pag-aayuno (wikang Tagalog) ay salitang Arabe na ang ibig sabihin sa literal na kahulugan ay ang pag-iwas sa isang bagay (gaya ng hindi tamang pagkilos, masasamang salita o pagkain)

**Halimbawa ng pag-iwas sa:**

1. ***Kilos*** – pagmamayabang, pagiging bastos, pagiging walang-hiya, pakikipagtalik, paninigarilyo, pakikinig sa mga musika, panonood ng telebisyon, (na walang magandang aral)
2. ***Salita*** – pagsisinungaling, pagtatawanan ng malakas at pagbungisngis, pagkukuwentuhan ng walang katuturan, paninirang puri, pangungutya sa kapuwa.
3. ***Pagkain*** – pagkain ng alin mang nakabubusog at pag-inom ng kahit anong likido.

### Ang Hatol sa Pag-aayuno.

Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramaḏān ay isa sa limang Haligi ng Islam sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Isinalig ang Islam sa lima: ang pagsaksi na 'Walang Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah,' ang pagpapanatili sa ṣalāh, ang pagbibigay ng zakāh, ang pagsasagawa ng ḥajj, at ang pag-aayuno sa Ramaḏān."*** Iniulat ito ni Imām al-Bukhārī.

Ang pag-aayuno ay ang pagtigil sa pagkain, pag-inom, pakikipagtalik, at iba pang nakasisira sa pag-aayuno magmula sa pagsapit ng madaling araw hanggang sa lumubog ang araw. Isinasagawa ito nang may layuning mapalapit kay Allah. Napagkaisahan ang pagiging tungkulin ng pag-aayuno batay sa sinabi ni Allah: **"...Kaya ang sinuman sa inyo na nananahan[56] sa Buwan *na ito* ay pag-ayunuhan niya ito;..."**[57]

Ito ay tungkulin ng bawat Muslim na bāligh at āqil.[58] Natatamo ang kasapatan ng gulang kapag naging ganap nang 15 gulang, o tinubuan na ng buhok sa maselang bahagi ng katawan, o kapag may punlay nang lumalabas sa *wet dream* o sa iba pang paraan, at kapag nagkaroon na ng buwanang dalaw ang isang babae. Kapag nangyari sa isang tao ang isa sa mga ito, nasapit na niya ang kasapatan ng gulang.

---

[55] Al Baqara 2:183

[56] Nananahan: hindi naglalakbay. Hindi obligadong mag-ayuno ang naglalakbay ngunit kapag hindi na siya naglalakbay ay kailangang mag-ayuno siya.

[57] Qur'an 2:185

[58] Magiging bāligh ang isang tao kapag naging ganap nang 15 gulang, o tinubuan na ng buhok sa maselang bahagi ng katawan, o kapag may punlay nang lumalabas sa *wet dream* o sa iba pang paraan, at kapag nagkaroon na ng buwanang dalaw ang isang babae. Ang 'āqil ay ang taong may sapat at matinong pag-iisip.

## Ang mga Kagalingan ng Ramadān.

Itinangi ni Allah ang buwan ng Ramadān sa pagkakaroon ng maraming kagalingan na hindi matatagpuan sa ibang panahon. Ito ang mga sumusunod na mga kagalingan at mga biyaya:

1. Humihingi ng kapatawaran ang mga Anghel para sa mga nag-aayuno hanggang sa magsagawa ang mga ito ng *iftār*.[59]
2. Ginagayakan ni Allah sa bawat araw ang Paraiso Niya at nagasasabi Siya: ***"Halos ang mga lingkod Kong matutuwid ay alisan na ng paghihirap at kapinsalaan at pagkatapos ay pupunta sila sa iyo (Paraiso)."***
3. Sa buwang ito ay ikinakadena ang mga suwail na demonyo.
4. Nasa buwan ding ito ang *Laylatulqadr*[60] na mainam pa sa isang libong buwan.
5. Patatawarin ang mga nag-aayuno sa huling gabi ng buwan ng Ramadān.
6. Si Allah ay may mga pinalalaya buhat sa Impiyerno sa bawat gabi ng Ramadān.
7. Ang isang 'umrah sa Ramadān ay katumbas ng isang hajj.

Kabilang din sa mga nasasaad na kagalingan ng dakilang buwan na ito ay ang sinabi ng Sugo (SAS): ***"Ang sinumang mag-ayuno sa buwan ng Ramadān nang may pananampalataya at pag-asang pagpapalain, patatawarin ang nagdaan niyang pagkakasala."*** Sa isa namang Hadīth ay sinabi niya: ***"Ang bawat mabuting gawa ng anak ni Adan ay may gantimpalang katumbas sa sampung katulad [ng ginawa niya] hanggang sa pitong daang ulit. Nagsabi si Allah: 'Maliban sa pag-aayuno sapagkat ito ay para sa Akin at Akin itong gagantimpalaan;…"***

## Ang Pagtitiyak ng Pagsapit ng Ramadān.

Natitiyak ang pagsapit ng buwan ng Ramadān sa pamamagitan ng isa sa dalawang ito:

1. Ang pagkakita sa bagong buwan (*new moon*) ng Ramadān. Kapag nakita ang bagong buwan, kailangan nang mag-ayuno. Sinabi ng Sugo (SAS): ***"Kapag nakita ninyo ang bagong buwan ay mag-ayuno kayo at kapag nakita ninyo uli ito ay tapusin na ninyo ang pag-aayuno."*** pagtitiyak ng pagkakita ng bagong buwan (*new moon*) ng buwan ng Ramadān ay sapat na ang isang makatarungang tao, samantalang ang pagtitiyak ng pagkakita sa bagong buwan ng Shawwal ay hindi magiging tiyak kung hindi masasaksihan ng dalawang makatarungang tao.
2. Ang pagkabuo ng tatlumpung araw ng buwan ng Sha'bān. Kapag nabuo ang tatlumpung araw, ang ikatatlumpu't isang araw ang siyang unang araw ng buwan ng Ramadān sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"…Kapag naging maulap para sa inyo [ang langit], buuhin ninyo ang bilang (ng buwan ng Sha'bān) sa tatlumpung araw."***

## Ang mga Pinapayagang Hindi Mag-aayuno.

1. Ang may-karamdamang may pag-asa pang gumaling ngunit mahirap para sa kanya na mag-ayuno. Siya ay pinahihintulutan na hindi mag-ayuno ngunit pagkatapos ng karamdaman ay pag-aayunuhan niya ang mga araw na hindi siya nakapag-ayuno. Sa kabilang dako, ang sinumang may sakit na hindi na maalis-alis, tuloy-tuloy, at hindi na inaasahang mawawala pa, hindi na niya kailangang mag-ayuno ngunit para sa bawat araw na hindi siya nakapag-ayuno ay magpapakain siya sa isang dukha ng isang *mudd* (mga 550 gramo) na pagkain o maghahanda siya ng pagkain at anyayahan dito ang mga dukha na ang dami ay katumbas sa bilang ng araw na hindi siya nakapag-ayuno.

   Kalagayan ng mga taong may sakit.

   (a) Kung wala namang kahirapan para sa kanya o hindi makaka apekto sa kanyang sakit, dapat siyang mag-ayuno

   (b) Kung ito ay may kahirapan para sa kanya kahit na ito ay hindi makaka-apekto sa kanyang sakit, dapat niyang itigil ang pag-aayuno. Dahil isang makrooh (o hindi kaaya-ayang gawin) na siya ay mag-ayuno ng may kahirapan.

   (c) Kung ang pag-aayuno ay makakasama para sa kanya, dapat niyang ihinto ang pag-aayuno ayon sa mga sumusunod na kadahilanan.

---

[59] Ang kinakain paglubog ng araw bilang pagtatapos sa pag-aayuno.

[60] Gabi ng Pagtatakda. Ito ay nasa isa sa sampung huling gabi ng Ramadān, ngunit hindi matiyak kung alin sa mga ito.

1. Kapag ang isang tao ay nagkasakit sa buwan ng Ramadhan at ang pag-aayuno ay mahirap para sa kanya na ipagpatuloy, ipinahihintulot sa kanya ang pag-hinto ng pag-aayuno.
2. Kapag sinabi ng isang mapagkakatiwalaang maggagamot na ang pag-aayuno ay magiging mahirap para sa kanya at magiging sanhi ng mabagal niyang paggaling, ang paghinto sa pag-aayuno ay ipinahihintulot sa kanya

2. Ang musāfir o manlalakbay. Ipinahihintulot sa musāfir ang paghinto sa pag- aayuno magmula sa oras ng pag-alis niya sa kanyang bayan hangga't hindi siya nakababalik doon. At kung sakali mang titigil siya sa bayang pinuntahan niya, nananatili pa rin siyang musāfir kung mayroon siyang layuning hindi titigil doon kapag natapos na ang kanyang pakay na siyang dahilan ng kanyang paglalakbay. Ang hatol na ito ay nauukol lamang sa paglalakbay na ang layo ay umabot sa mga 80 kilometro o higit pa.
3. Pinahihintulutan din ang isang babae, kapag nagdadalang-tao o nagpapasuso, na hindi mag-ayuno kapag nangangamba siyang baka makasama ang pag-aayuno sa kanyang sarili o sa kanyang anak. Kapag nawala na ang kadahilanan, pag-aayunuhan niya ang mga araw na hindi siya nakapag-ayuno.
4. Ang matandang nahihirapang mag-ayuno ay pinapayagang hindi mag-ayuno at hindi na niya pag-aayunuhan ang mga araw na hindi siya nakapag-ayuno ngunit magpapakain siya ng isang dukha sa bawat araw na hindi nakapag-ayuno.
5. Mga bata na wala pa sa tamang edad at mga baliw.
6. Mga babaing may buwanang dalaw (Hayd o Nifas).
7. Mga Matatanda

## Ang mga Nakasisira sa Pag-ayuno.

1. **Ang sadyang pagkain o pag-inom.** Ang pagkain sanhi ng pagkalimot ay hindi makaaapekto sa pag-aayuno dahil ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang sinumang nakalimot habang siya ay nag-aayuno kaya naman nakakain o nakainom ay lubusin niya ang kanyang pag-aayuno...."*** Kabilang din sa nakasisira sa pag-aayuno ang pag-abot sa tiyan ng tubig na dumaan sa ilong, ang paggamit ng *dextrose* at ang pagpapasalin ng dugo. Ang lahat ng ito ay nakasisira sa pag-aayuno sapagkat para na rin itong pagkain para sa nag-aayuno.
2. **Ang pakikipagtalik.** Kapag nakipagtalik ang nag-aayuno sa araw ay mawawalan na ng saysay ang kanyang pag-aayuno at kailangang magsagawa siya ng *qaḏā'*[61] na may kasamang *kaffārah*.[62] Ang kaffārah ay pagpapalaya ng isang alipin. Ngunit kung hindi siya makakita ng aliping mapalalaya, kailangang mag-ayuno ng dalawang buwang magkasunod; hindi niya ihinto ang pag-aayuno sa loob ng dalawang buwan maliban kung mayroong kadahilanang katanggap-tangap sa Sharī'ah gaya ng pagdiriwang ng dalawang 'Īd at ng Yawmut Tashrīq, o kadahilanang pisikal gaya ng pagkakasakit o paglalakbay na ang layunin ay hindi upang itigil ang pag-aayuno. Kung sakaling huminto siya sa pag-aayuno kahit isang araw lamang, kailangang ulitin niya ang pag-aayuno mula sa simula upang mapanatili ang pagkakasunod-sunod. Kung hindi niya kayang mag-ayuno ng dalawang buwan na sunod-sunod, kailangang magpakain siya ng 60 dukha.
3. **Ang paglabas ng punlay bunga ng sariling kagustuhan** dahil sa paghalik o pagpaparaos ng sarili at iba pa sapagkat ito ay nakasisira sa pag-aayuno at kinakailangan ang pagsasagawa ng qaḏā' nang walang kalakip na kaffārah. Ang pagkakaroon ng *wet dream* sa araw ay hindi nakasisira ng pag-aayuno.
4. **Ang pagpapalabas ng dugo sa katawan sa pamamagitan ng hajāmah[63] o ang pagpapakuha ng dugo upang iabuloy.** Ang pagpapakuha ng kaunting dugo para sa pagpapasuri ay hindi nakasisira sa pag-aayuno. Ang hindi ninanais na paglabas ng dugo gaya ng pagdurugo ng ilong o sugat o pagkabunot ng ngipin ay hindi nakaaapekto sa pag-aayuno.
5. **Ang sinasadyang pagsusuka.** Sa kabilang dako, kapag lumabas ang suka nang hindi ninanais, walang anuman ito.

---

[61] Pag-aayuno sa ibang araw para sa mga araw na hindi nakapag-ayuno o para sa pag-aayunong nawalan ng saysay.

[62] Pagbabayad sa kasalanan o pagkakamali.

[63] Ang hajāmah o *cupping* sa Ingles ay isang uri ng panggagamot sa pamamagitan ng pag-aalis ng kaunting dugo sa ulo. Karaniwang ginagawa ito sa Arabia.

Ang limang mga nabanggit na nakakasira sa pag-aayuno ay makasisira lamang sa pag-aayuno ng isang tao kung nalalaman, naaalala, at kusang-loob niyang ginawa ito. Kung hindi niya nalalaman ang patakaran kaugnay rito o hindi niya nalalaman ang oras—halimbawa'y inakala niyang hindi pa sumapit ang madaling-araw o inakala niyang ang araw ay lumubog na at iba pa—hindi masisira ang kanyang pag-aayuno. Masisira rin ang kanyang pag-aayuno kung naaalala niya ang alituntunin, ngunit kung nakalimot siya ay tanggap ang kanyang pag-aayuno. Kung kusang-loob niyang ginawa ang nakasisira sa pag-aayuno ay masisira rin ang kanyang pag-aayuno, ngunit kung siya ay napilitan lamang, tanggap ang kanyang pag-aayuno at hindi na niya kailangang magsasagawa ng qaḏā'.

6. Kabilang din sa mga nakasisira ng pag-aayuno ay ang paglabas ng dugo ng buwanang dalaw o ng nifās (dugong lumalabas matapos magsilang). Kaya oras na makita ng babae ang naturang dugo, nasira na ang pag-aayuno niya. Ipinagbabawal din sa isang babae na mag-ayuno kung siya ay may buwanang dalaw o may nifās, ngunit kailangang magsagawa siya ng qaḏā' pagkatapos ng Ramaḏān para sa mga araw na hindi napag-ayunuhan.

## Ang mga Hindi Nakasisira sa Pag-aayuno.

1. Ang pagpaligo, paglangoy, at ang pagpapalamig laban sa init.
2. Ang pagkain, pag-inom, at pakikipagtalik sa gabi hanggang bago sumapit ang madaling araw.
3. Ang paglilinis ng ngipin sa pamamagitan ng *siwāk* ay hindi nakaaapekto sa pag-aayuno sa anumang oras sa araw, manapa'y kabilang pa ito sa mga kanais-nais na gawain.
4. Ang paggamit ng anumang uri ng gamot na *halāl* na hindi nakabubusog. Samakatuwid, maaaring magpaturok ng gamot na hindi nakabubusog, magpapatak ng gamot sa mata at tainga kahit malasahan man ang lasa ng gamot sa lalamunan at gayon din ang paggamit ng *asthma atomizer* o *asthma inhaler*. Hindi rin nakasisira sa pag-aayuno ang pagtikim ng pagkain sa kundisyong walang anumang makararating sa tiyan. Wala ring masama sa pagmumumog at pagsinga ng tubig na ipinasok sa ilong subalit huwag pasosobrahan ito upang walang tubig na makarating sa tiyan. Wala ring masama sa paggamit ng pabango at pag-amoy ng mga mabangong bagay.
5. Ang babaeng may buwanang dalaw o may nifās, kapag nahinto na ang paglabas ng dugo sa kanila bago nagmadaling araw, ay pinahihintulutan silang ipahuli ang pagpaligo hanggang sa matapos sumapit ang madaling araw at pagkatapos ay saka maligo para sa salāh sa fajr. Ganito rin ang gagawin ng junub.
6. Pagmumumog na hindi dapat sayaran ng tubig ang lalamunan
7. Pag-gamit ng eye-drops
8. Pagtikim ng pagkain habang nagluluto na hindi ito lulunukin
9. Pagkuha ng dugo para ito suriin
10. Paglalagay ng pabango
11. Paglabas ng semilya habang tulog
12. Pagkain sanhi ng pagkalimot o hindi sinasadya

### Paalaala

1. Kapag ang isang di-Muslim ay pumasok sa Islam sa araw ng Ramaḏān, tungkulin niyang isagawa ang pag-aayuno sa nalalabing bahagi ng araw na iyon ngunit hindi na niya tungkuling magsagawa ng qaḏā'.
2. Para sa pag-aayuno sa Ramaḏān, kailangang magkaroon na ng hangaring mag-ayuno sa anumang oras ng gabi at bago sumapit ang madaling araw. Sa pag-aayuno naman na sunnah,[64] maaaring magkaroon ng hangaring mag-ayuno kahit matapos nang sumapit ang madaling araw at kahit pa matapos na sumikat ang araw sa kundisyon na wala pang anumang nakain.
3. Kanais-nais para sa nag-aayuno na manalangin ng kanyang ninanais kapag kakain na ng iftār sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): *"Ang nag-aayuno kapag kakain ng iftār ay tunay na may*

[64] Ang isang gawain o pagsamba ay sunnah o ayon sa Sunnah ni Propeta Muhammad kung (1) Ito ay alinsunod sa ginawa o nakagawian ng Propeta Muhammad (SAS) o (2) Ito ay kanais-nais ngunit hindi farḏ o hindi kailangang isagawa.

***panalanging hindi tatanggihan."*** Iniulat ito ni Imām Ibnu Mājah. Isa sa panalanging nasasaad sa Hadīth ay ang magsabi ng: ***"dhahaba 'dh dhama'u wa 'btallati 'l'urūqu wa thabata 'l'ajru in shā'a 'llāh."*** Ibig sabihin: Lumisan ang uhaw, nabasa ang mga ugat at natiyak ang gantimpala, kung loloobin ni Allah.

4. Ang sinumang makaalam sa araw na sumapit na pala ang Ramadān ay kailangang mag-ayuno kaagad at kailangang magsagawa siya ng qadā'.
5. Kanais-nais para sa sinumang may qadā' na isasagawa na kaagad itong isagawa upang makalaya na sa pananagutan, ngunit maaari rin niya itong ipagpaliban. Pinahihintulutan din siyang isagawa ang qadā' ng pag-aayuno nang magkakasunod o magkakahiwalay[65] ngunit hindi ipinahihintulot na ipagpaliban iyon hanggang sa matapos ang kasunod na Ramadān kung wala rin lamang kadahilanang tanggap sa Sharī'ah.

## Ang mga Sunnah sa Pag-aayuno

1. Ang sahūr[66] sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Kumakin kayo ng sahūr sapagkat sa sahūr ay mayroong biyaya."*** Ang sunnah sa pagkain ng sahūr ay ang kainin ito kapag malapit na ang madaling-araw sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Mananatili ang aking mga tagasunod sa mabuti hangga't inaagahan nila ang pagkain ng iftār at ipinapahuli nila ang pagkain ng sahūr."***
2. Ang maagang pagkain ng iftār kapag natiyak na ang paglubog ng araw. Ang sunnah na kainin sa iftār ay ang *rutab* (sariwang datiles); ngunit kung walang makita, maaari na ang *tamr* (hindi sariwang datiles); kung wala ring makitang ganoon, maaari na ang tubig; at kung wala pa ring makitang ganoon, maaari na ang kahit anong makakain.
3. Ang pananalangin habang nag-aayuno lalo na kapag kakain na ng iftār sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"May tatlong panalanging tinutugon: ang panalangin ng nag-aayuno, ang panalangin ng naapi, at ang panalangin ng naglalakbay."***

Kabilang din sa karapat-dapat gawin ng nag-aayuno ay ang pagsasagawa ng qiyāmullayl[67] sa Ramadān sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang sinumang magsagawa ng qiyāmullayl sa Ramadān dahil sa pananampalataya at pag-asang pagpapalain, patatawarin ang nauna sa kanyang kasalanan."*** Samakatuwid, karapat-dapat para sa isang Muslim na buuhin niya ang salāh na Tarāwīh kasama ng Imām sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang sinumang magsagawa ng qiyāmullayl kasama ng Imām niya hanggang sa umalis ito, itatala na siya ay nagsagawa ng qiyāmullayl."*** Kabilang rin sa mga karapat-dapat na gawin niya ay ang madalas na pagbibigay ng kawang-gawa sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang pinakamainam na kawanggawa ay ang kawanggawa sa Ramadān."*** Nararapat ding maging masipag sa pagbabasa ng Qur'ān sapagkat ang buwan ng Ramadān ay buwan ng Qur'ān at ang mambabasa ng Qur'ān ay magkakamit ng isang Hasanah (mabuting gawa) sa bawat titik na mababasa at ang isang Hasanah ay may gantimpalang katumbas sa sampung katulad nito.

## Ang Salāh na Tarāwīh

Ang salāh na tarāwīh ay ang qiyāmullayl na isinasagawa sa jamā'ah sa buwan ng Ramadān. Ang oras ng pagsasagawa nito ay magmula ng matapos ang salāh na 'ishā'hanggang sa bago sumapit ang madaling araw. Inudyukan ng Propeta (SAS) ang pagsasagawa ng qiyāmullayl sa buwan ng Ramadān. Ang sunnah sa qiyāmullayl ay na magdasal ng labing-isang rak'ah at magsagawa ng Taslīm matapos ang bawat dalawang rak'ah. Kung dadagdagan pa ang labing-isang rak'ah ay wala rin namang masama. Isa rin sa sunnah sa salāh na Tarāwīh ang paghihinay-hinay at ang pagpapahaba sa pagsasagawa na hindi magpapahirap sa mga nagdarasal. Wala ring masama kung dumalo ang mga babae sa salāh na Tarāwīh kapag ligtas sa mga tukso at sa kundisyong lalabas silang mahinhin, hindi nagtatanghal ng kanilang kagandahan at hindi nakapabango.

---

[65] Kung ang pag-aayunong nasira o nawalan ng saysay ay hindi dahil sa pakikipagtalik.

[66] Ang kinakain bago magmadaling-araw bago magsimula ang pag-aayuno.

[67] Anumang salāh na isinasagawa pagkatapos ng 'ishā' hanggang bago sumapit ang madaling araw, gaya ng tarāwīh at tahajjud.

## Ang Boluntaryong Pag-aayuno

Inudyukan ng Sugo ni Allah (SAS) ang pag-aayuno sa mga sumusunod na araw:

1. Anim na araw sa buwan ng Shawwal (ang buwan na kasunod sa Ramadān) sapagkat ang sabi niya (SAS): ***"Ang sinumang mag-ayuno sa Ramadān at pinasundan pa ng anim na araw [na pag-aayno] sa buwan ng Shawwal, ito ay para na ring pag-ayuno ng isang taon."***
2. Sa araw ng Lunes at Huwebes.
3. Tatlong araw sa bawat buwan na tinaguriang mga puting araw: ang ika-13, ika-14, at ika-15 araw ng anumang buwan sa kalendaryo ng Islam.
4. Sa araw ng 'Āshūrā', ang ika-10 araw ng buwan ng Muharram. Kanais-nais rin na mag-ayuno ng dalawang araw bago sumapit ang 'Āshūrā' o dalawang araw pagkatapos nito.
5. Sa araw ng 'Arafah na siyang ikasiyam na araw ng buwan ng Dhul Hijjah.
6. Halinhinang araw
7. Ika huling araw ng Buwan
8. Buwan ng Sha'ban

## Mga Araw na Ipinagbabawal ang Pag-aayuno

1. Ang mga araw ng 'Īd: 'Īdul Fitr at 'Īdul Ad'hā.
2. Ang tatlong araw ng Yawmut Tashrīq: ang ika-11, ika-12, at ika-13 araw ng buwan ng Dhul Hijjah, ngunit ang mga nagsasagawa ng hajj na qirān o tamattu'ay mag-aayuno pa rin kung wala silang hady.
3. Sa mga araw ng pagreregla at nifās.
4. Ang boluntaryong pag-aayuno ng isang babae habang kapiling niya ang kanyang asawa kung hindi ito nagpahintulot sa kanya na mag-ayuno sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Hindi mag-aayuno ang isang babae habang ang kanyang asawa ay nasa kanyang piling, maliban kung may kapahintulutan nito, kapag hindi Ramadān."***
5. Araw ng Sabado
6. Walang pahintulot ng Asawang lalaki
7. Al Wisal (sunod sunod)
8. Isa o Dalawang araw bago mag Ramadhan.

## Ang kapakinabangan ng Pag-aayuno.

1. Kalusugan sa katawan
2. Gantimpala sa Kabilang Buhay
3. Kaligtasan at pananggalang mula sa naglalagablab na Impyernong Apoy
4. Ang maging Muttaqun

## Gantimpala sa pag-aayuno

1. Walang hanggang pabuya mula kay Allah
2. ito ay tabing o panangga mula sa naglalagablab na Apoy ng Impyerno
3. Ito ay magiging tagapamagitan sa araw ng paghuhukom para sa alipin ni Allah.
4. Kabayaran sa mga kasalanan.
5. Ang mga nag-aayuno ay papasok sa pinto ng paraiso na tinatawag na Ar-rayyan.
6. Ilalayo ang mukha ng nag-aayuno mula sa impyernong apoy na may layong pitumpung taon.
7. Pagkakaroon ng malusog na pangangatawan.

## Mga Haligi ng Pag-aayuno

1. Intensyon (Niyyah)
2. Ang pag-iwas sa bagay na makakasira sa pag-aayuno

## Sino ang dapat na mag-ayuno

1. Nasa tamang edad (Baligh)
2. Nasa tamang pag-iisip (A'qil)
3. Ang Bagong Muslim (Mananampalataya)

## Ang tamang asal o gawain sa oras ng pag-aayuno

1. Pag-sasagawa ng Suhoor (Pagkain sa madaling araw bago tumawag ng Adhan sa Salatul Fajar)

- Oras ng Suhoor (pag-itan o agwat ng pagdarasal sa madaling araw na may sapat na oras na mababasa ang 50 sura o bersikulo sa Banal na Qur'an ayon kay Propeta Mohammad (SAS)
- Dapat kainin sa oras ng suhoor (mabuting kainin ang bunga ng palmera o dates sa oras ng suhoor)

2. Pag-tigil o paghinto ng pag-aayuno at pagsasagawa ng Iftar. (Pagkain sa oras ng paglubog ng araw bago mag Salatul Magribh)
3. Panalangin o Du'a bago ihinto ang Pag-aayuno.
   - ***Dhahaba al-dhama, wa'btallat al-urooq, wa thabat al-arju inshallah***(Napawi na ang uhaw, ang ugat ay muling dadaloy at ang gantimpala ay may kasiguraduhan, inshaallah)

## Mahahalagang pangyayari sa Buwan ng Ramadhan

1. Kapatawaran ng mga kasalanan mula sa Allah
2. Ang pintuan ng Paraiso ay bukas
3. Ang pintuan ng Impyerno ay sarado
4. Ang mga demonyo ay nakatali
5. Ang paghahangad ng Laylatul Qadar (na mainam pa sa isang libong buwan)

## Karapat dapat gawin sa Buwan ng Ramadhan

1. Ang pag-aayuno
2. Pagbabasa ng Banal na Qur'an
3. Pagsasagawa ng Tahajjud
4. Ang pagsasagawa ng Taraweeh
5. Paghahangad ng Laylatul Qadar sa huling sampung araw sa buwan ng Ramadhan
6. Pagsasagawa ng I'tikaf
7. Pagsasagawa ng Umrah

Ang Dua ng Propeta (SAS) sa tuwing babangon upang magsagawa ng **Tahajjud**

***"Allahuma lakal-hamd, anta Qaiyimus-samawati wal-ard wa man fihina. Wa lakal-hamdu, anta Nur us-samawati wal-ard wa man fihinna. Wa lakal-hamd, anta Malikus-samawati wal-ard wa man fihina. Wa lakal hamd, Antal-Haq wa'dukal-haq. Wa liqa'uka haq, wa Muhammadun haq, was-sa'atu haq. Allahumma laka as-lamtu wabika mantu, wa'alaika tawakkaltu. Wa ilaika anabtu wa bika khasamtu. Wa ilaika hakamtu faghfir li ma qaddamtu wa ma akh-khartu. Wa ma as-rartu wa ma a'lantu. Antal Muqaddim wa ' Antal-Muakhkhir La ilaha illa anta (or la ilaha ghairuka)***

*(O Allah! Ang lahat ng papuri ay sa Iyo. Ikaw ang taga tangan ng kalangitan at ng kalupaan at ang nasa pag-itan nito. Lahat ng papuri ay sa iyo. Ikaw ang liwanang ng kalangitan at ng kalupaan at ang nasa pag-itan nito. Ikaw ang Hari ng kalangitan at ng kalupaan at ang nasa pag-itan nito, lahat ng papuri ay sa iyo. Ikaw ang katotohanan at ang Iyong mga pangako ay katotohanan, at ang muling pagbalik sa Iyo ay katotohanan, ang Iyong mga salita ay katotohanan, ang Paraiso ay katotohanan at ang Impiyerno ay katotohanan at ang lahat ng Propeta ay katotohanan, at si Muhammad ay katotohanan, ang Araw ng Paghuhukom ay katotohanan. O Allah! Ako po ay sumusuko sa Iyo, naniniwala sa Iyo, humihingi ng kapatawaran sa Iyo. Sa Iyong tulong ako ay nakikipaglaban (sa aking mga kaaway, ang mga walang pananampalataya), Ikaw ang aking hukom (upang kami ay hatulan). Nawa'y patawarin mo ang aking mga nagawa at magagawang kasalanan pati na ang mga nakatago at nakalantad kong kasalanan. Ikaw ang nagpapangyaring ang ilan ay tumalikod o magpatuloy. Walang ibang dapat sambahin maliban sa Iyo. (o walang ibang Diyos maliban sa Iyo)*

## I'tikaf (ilaan ang sarili)

Panahon at Oras:

1. Ang I'tikaf ay maaaring gawin kahit anong oras at panahon, subalit ang Sunnah ay mas makakabuti itong gawin sa huling sampung araw ng Ramadhan.
2. Kapag ang isang Muslim ay pumasok ng Masjeed ng may layuning mapalapit kay Allah ay mag-I'tikaf hanggang sa siya ay lumabas dito.
3. Kung hahangarin na mag I'tikaf ng isang araw at isang gabi o higit pa, kinakailangn na siya ay pumasok ng masjeed bago lumubog ang araw at siya ay lalabas pagkatapos lumubog ang araw. Sa huling sampung araw ng Ramadhan, ang mag-i-I'tikaf ay makakabuting pumasok ng masjeed bago lumubog ang araw.

### Panuntunan ng I'tikaf

1. *Intensyon* – maglaan ng nusok sa pagsasagawa nito alang-alang kay Allah.
2. *Ang masjeed* – dapat na ang nagsasagawa nito ay nasa loob ng masjeed.
3. *Taharaah* – siya ay dalisay sa pampisikal man o pang ispiritwal.

### Mga bagay na nakakasira sa I'tikaf

1. Paglabas ng masjeed ng walang sapat na dahilan.
2. Pakikipagtaslik. Sinabi ni *Allah: "at huwag lumapit sa inyong mga asawa habang nagsasagawa ng pananatili sa loob ng masjeed"*[68]
3. Pagtalikod sa Islam o pag-aakibat ng ibang Diyos maliban kay Allah.
4. Pagkawala ng dahilan para ito ay isagawa.
5. Pagsasagawa ng ipinagbabawal na bagay at mabibigat na kasalanan.

### Mga pinapayayagang gawa sa pag-I'tikaf

1. Pagsusuklay at pag-putol ng buhok, pag-gugupit ng kuko, paglilinis ng katawan
2. Paglabas ng masjeed upang isagawa ang tawag ng kalikasan o ang mga bagay na hindi puwedeng gawin sa loob ng masjeed (na kinakailangang gawin)
3. Pagkaway sa asawa. (upang ihatid sa labas ng masjeed)
4. Pag-kain, pag-inom, pagtulog at pagsasalita

### Ang kagalingan ng I'tikaf

1. Ang I'tikaf ay nakapag papadagdag ng taqwa (takot kay Allah)
2. Ito'y magiging daan sa pagkakaroon ng Ihsan
3. Kung ito'y isasagawa sa huling sampung araw ng Ramadhan, maaring makamit ang Lailatul Qadr (Inshaallah)

### Ang Sadaqat sa panahon ng Ramadan.

**Sadaqat-ul Fitr o Zakat-ul Fitr** – ito ay isang uri ng pagbibigay ng kawanggawa na obligadong gawin ng mga Muslim.

### Kailan ito dapat ibigay?

Bago magsagawa ng pagdadasal ng Salatul Eid

### Sino ang dapat magbayad ng sadaqat-ul, fitr?

Lahat ng Muslim, alipin o hindi, babae o lalaki, bata o matanda ay dapat magbigay ng sadaqat-ul-fitr.

### Halaga ng Sadaqat-ul-Fitr

Isang sa'a ng palay o mais o pinatuyong ubas o ng keso (may sukat na humigit kumulang na 2.5 kg 0 3 kgs)

### Oras ng Salatul Eid at ang paraan ng pagsasagawa nito.

1. Walang adhan at walang iqamah
2. Ito ay dalawang rak'ah
3. Pagbigkas ng pitong Allahu Akbar pagkatapos ng Takbiratul Ihram sa unang rak'ah.
4. Pagbigkas ng Limang Allahu Akbar pagkatapos ng takbiratul ihram sa pangalawang ra'kah
5. Nauuna ang pagdarasal ng dalawang ra'kah bago ang sermon.
6. Sunna na bigkasin ang Sura Al-'Ala sa unang ra'kah at sa ikalawang rak'ah ang Surah Al-Ghashiyah

Ano ang gagawin kung ang Araw ng Eid ay tumapat ng Biyernes?- nagsagawa ang Propeta ng Salatul Eid na may dalawang ra'kat at sinabi rin niyang kung sino ang nagnanais na magsagawa ng pang Biyernes na dasal ay maaari niya itong gawin.

---

[68] Qur'an 2:187

**PAGSUSULIT BLNG. IV.**

PANGALAN: ______________________ PETSA: ____________
PANGALAN NG GURO: ______________________
LAGDA: ______________________ MARKA: ____________

**I. IBIGAY ANG SAGOT SA BAWAT TANONG.**

**1. Anu-ano ang sampung boluntaryong pag-aayuno?**

1) ____________ 2) ____________
3) ____________ 4) ____________
5) ____________ 6) ____________
7) ____________ 8) ____________
9) ____________ 10) ____________

**2. Anu-ano ang mga araw na kung saan ang pag-aayuno ay hindi kaaya-ayang gawin?**

11) ____________ 12) ____________
13) ____________ 14) ____________
15) ____________ 16) ____________
17) ____________ 18) ____________

**3. Sino ang dapat na mag-ayuno?**

19) ____________
20) ____________
21) ____________

**4. Sino ang mga taong hindi kinaka-ilangan na mag-ayuno?**

22) ____________ 23) ____________
24) ____________ 25) ____________
26) ____________ 27) ____________

**5. Anu-ano ang mga kapakipakinabang sa pagsasagawa ng pag-aayuno?**

28) ____________ 29) ____________
30) ____________ 31) ____________

**6. Magbigay ng mga bagay na hindi makakasira sa pagsasagawa ng pag-aayuno.**

32) ____________
33) ____________
34) ____________
35) ____________
36) ____________
37) ____________
38) ____________

**7. Ang mga mahahalagang pangyayari sa Buwan ng Ramadan.**

39) ____________
40) ____________
41) ____________
42) ____________
43) ____________

**8. Saan sa Kabanata at Ayyat ng Qur'an matatagpuan na ipinag-utos ng Allah ang pag-aayuno?** 44) ____________

**9. Anu-ano ang ang mga bagay, produkto, hayop na dapat patawan ng Zakat?**

44) ____________
45) ____________
46) ____________
47) ____________
48) ____________
49) ____________
50) ____________

## II. TAMA O MALI

_______ 1. Ang pagkain, pag-inom at pakikipagtalik ng sinasadya ay hindi nakakasira ng pag-aayuno?
_______ 2. Ang buwanang dalaw, pagdurugo sanhi ng panganganak ay nakakasira ng pag-aayuno?
_______ 3. Ang pagsuka ng sinasadya ay makakasira ng pag-aayuno?
_______ 4. Sinasadyang pagpapalabas ng punla o semilya na makakasira sa pag-aayuno?
_______ 5. Paglabas ng semilya o punla sanhi ng paghalik at pagyakap ng may pag-nanasa ay hindi makakasira ng pag-aayuno?
_______ 6. Ang cupping o pagkuha ng dugo ay makakasira sa pag-aayuno
_______ 7. Nourishing injection o iniksyon na panghalili sa pagkain ay maaaring gawin sa araw ng Ramadhan pagkatapos mag-ayuno?
_______ 8. Ang pag-gamit ng siwak ay maaaring gamitin kung ikaw ay nag-aayuno?
_______ 9. Pagbuhos sa katawan ng tubig upang mapreskuhan at ang hindi sinasadyang paglunok nito ay makakasira sa iyong pag-aayuno?
_______ 10. Pagmumumog at nasayaran ng tubig ang lalamunan ay makakasira ng pag-aayuno kahit pa ito ay hindi sinasadya?
_______ 11. Ang pag-gamit ng eye-drops ay makakasira sa iyong pag-aayuno?
_______ 12. Ang pagtikim ng pagkain habang nagluluto na hindi ito lulunukin ay pinahihintulutan sa panahon ng pag-aayuno?
_______ 13. Ang pagkuha ng dugo para ito suriin ay maaaring gawin sa panahon ng pag-aayuno?
_______ 14. Ang paglalagay ng pabango ay maaari sa panahon ng pag-aayuno?
_______ 15. Paglabas ng semilya habang tulog ay makakasira sa pag-aayuno?
_______ 16. Pagkain sanhi ng pagkalimot o hindi sinasadya ay makakasira sa iyong pag-aayuno?
_______ 17. Ang pag-gamit ng toothpaste ay pinahihintulutan sa panahon na ikaw ay nag-aayuno?
_______ 18. Ang paglunok ng laway ay pinahihintulutan sa panahon na ikaw ay nag-aayuno?
_______ 19. Ang hindi pagbigkas ng intensyon sa pag-sasagawa ng pag-aayuno ay katanggap tanggap?
_______ 20. Ang Lailatul Qadar ay may katumbas ng isang libong taon?

## III. PUNAN ANG PATLANG.

1. Dua bago ihinto ang Pag-aayuno.

   **Dhahaba ___________, wa'btallat ___________, wa thabat al-arju___________.**

2. Sinabi ni Allah sa Banal na Qur'an:

   **"Ya ___________ ladhina '___________ Kutiba 'alaykumus-___________ kama kutiba ' ala al-ladhina min ___________ la' allakum tat-taqun"**

3. Dua ng Propeta (SAS) sa tuwing babangon upang magsagawa ng **Tahajjud.**

   *"Allahuma _________, anta _________wal-ard wa man fihina. Wa_________, anta Nur us-samawati wal-ard wa'_________. Wa lakal-hamd, anta _________wal-ard wa man fihina. Wa lakal hamd_________ wa'dukal-haq. Wa liqa'uka haq, _________haq, was-sa'atu haq. _________laka as-lamtu _________mantu, _________tawakkaltu. Wa _________anabtu wa bika_________. Wa ilaika _________li ma qaddamtu wa_________. Wa ma as-rartu wa_________. Antal _________wa ' Antal-_________ La ilaha illa anta (or la ilaha ghairuka)*

أعمال الحج

# 5. Ang Pagsasagawa ng Hajj

***Hajj o Paglalakbay***. Ito ay nangangahulugan ng paglalakbay patungo sa Makkah (sa Ka'bah at sa Minah at Arafah) upang magsagawa ng tamang ritwal bilang pagsunod sa ipinag-uutos ng Allah. Ang uri ng pagsambang ito ay isinasagawa lamang sa takdang panahon na itinakda sa katapusan ng taon (lunar). Ang pagsasagawa ng Hajj ay obligado isang beses sa buhay ng isang Muslim na mayroong kakayahan sa pananalapi at pangangatawan upang misagawa ito. Ito ay pandaigdigang pagtitipon na kung saan ang lahat ng mga Muslim ay nagkikita-kita at nagkakakilala sa bawat isa, ito ay nagpapatunay upang maitaas ang pananampalataya at pagiging matatag ng isang Muslim.

## Ang Hatol sa Pagsasagawa ng Hajj

Ang pagsasagawa ng hajj ay tungkulin ng bawat lalaki at babaeng Muslim isang ulit sa tanang buhay. Ito ang ikalima sa mga Haligi ng Islam. Nagsabi si Allah: ***"...kay Allah ay may tungkulin ang mga tao na magsagawa ng hajj sa Bahay: ang sinumang makakayang makarating doon...."*** [69] Nagsabi naman ang Propeta (SAS): ***"Isinalig ang Islam sa lima: ang pagsaksi na 'Walang Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah, ang pagpapanatili sa salāh, ang pagbibigay ng zakāh, ang pagsasagawa ng hajj, at ang pag-aayuno sa Ramadān."***

Ang hajj ay isa sa mainam na mga pagsambang nagpapalapit sa tao kay Allah. Nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Ang sinumang magsagawa ng hajj sa Bahay na ito (Ka'bah) at hindi gumawa ng anumang malaswang bagay at hindi sumuway (sa ipinag-uutos), babalik siyang gaya noong araw na isinilang siya ng kanyang ina."***

## Ang mga Kundisyon sa Pagsasagawa ng Hajj

Ang pagsasagawa ng hajj ay tungkulin ng isang Muslim na bāligh at 'āqil,[70] kung makakaya niya. Ang ibig sabihin ng kakayahan ay ang kakayahan na magkaroon ng panggastos at masasakyan patungo roon. Kailangang mayroong masasakyan at panggastos na makasasapat sa kanya para sa pagpunta at pag-uwi kabilang rito ang pagkain, ang inumin, ang kasuutan at ang transportasyon. Ang panggastos na ito ay ang sobra sa panggastos sa pangangailangan ng mga taong umaasa sa kanya. Bahagi rin ng *kakayahan* ang pagkakaroon ng katiwasayan sa dadaanan papunta sa Makkah at ang kalusugan ng katawan: walang sakit at kapansanang makasasagabal sa pagsasagawa ng hajj. Karagdagan sa mga nabanggit, isang kundisyon para sa mga kababaihan ang magkaroon ng kasamang mahram[71] sa hajj, maging ito man ay asawa niya o isa sa mga kamag-anak niya na mahram. Ang babae ay kailangan ding hindi nagsasagawa ng 'iddah[72] sapagkat pinagbawalan ni Allah ang mga babaeng nagsasagawa ng 'Iddah na lumabas sa kanilang tahanan. Kaya ang sinumang nagtataglay ng isa sa mga hadlang na nabanggit, hindi siya obligadong magsagawa ng hajj.

## Ang mga Kaasalan sa Hajj

1. Na pag-aaralan ang mga alituntunin sa pagsasagawa ng hajj at 'umrah bago maglakbay, maaaring sa pamamagitan ng pagbabasa o pagtatanong.
2. Ang pagsisigasig na magkaroon ng mabuting kasama na tutulong sa mabuti, at minamabuti ring magkaroon ng kasamang iskolar ng Islam o mag-aaral ng Islam.
3. Na ang hahangarin sa isasagawang hajj ay ang ikalulugod ni Allah at ang mapalapit sa Kanya.
4. Ang pangalaga sa dila laban sa mga walang kabuluhang salita.
5. Ang madalas na pagsambit ng mga dhikr at mga dalangin.
6. Ang pag-iwas na makasakit sa mga tao.

---

[69] Qur'an 3:97

[70] Magiging bāligh ang tao kapag 15 taong gulang na, o tinubuan na ng buhok sa maselang bahagi ng katawan, o kapag may punlay nang lumalabas sa *wet dream* o sa iba pang paraan, at kapag nagkaroon na ng regla ang isang babae. Ang 'āqil ay ang may sapat at matinong pag-iisip.

[71] Asawa o taong bawal mapangasawa.

[72] Ang 'iddah ay ang panahon na hindi pa maaaring mag-asawa ang isang babaeng namatayan ng asawa o diniborsiyo nito. Ang 'iddah, kapag hindi nagdadalang-tao, ay tatlong buwan para sa diniborsiyo at apat na buwan at sampung araw para sa namatayan ng asawa. Ang 'iddah naman ng nagdadalang-tao ay nagtatapos kapag nagsilang siya ng sanggol. Isinasagawa ang 'iddah upang kapag muling nag-asawa ang isang babae ay makatitiyak siya na hindi nagdadalang-tao sa unang asawa.

7. Na magsisikap ang isang Muslimah sa pagtatakip ng sarili, pagsusuot ng H̲ijāb, at pag-iwas na makihalubilo sa mga lalaking hindi Mah̲ram.
8. Na aalalahanin ng isang nagsasagawa ng h̲ajj na siya ay nasa sandali ng pagsasagawa ng isang pagsamba kay Allah, hindi nasa sandali ng pamamasyal at pagliliwaliw, sapagkat ang ibang mga nagsasagawa ng h̲ajj—patnubayan sila ni Allah—ay nag-aakalang ang h̲ajj ay isang pagkakataon para mamasyal at magpakuha ng mga litrato.

## Ang Ih̲rām

Ang *ih̲rām* ay ang pagpasok sa pagsasagawa ng mga itinakdang gawain para sa h̲ajj at ʻumrah. Kailangang magsagawa ng ih̲rām ang sinumang nagnanais na magsagawa ng h̲ajj o ʻumrah. Magsasagawa ng ih̲rām ang nagnanais magsagawa ng h̲ajj o ʻumrah, kapag nagbuhat siya sa labas ng Makkah, sa isa sa mga mīqāt na itinakda ng Sugo (SAS). Ang mga mīqāt ay ang sumusunod:

1. ***Ang Dhul H̲ulayfah.*** Ito ay isang maliit na nayong malapit sa al-Madīnah at tinatawag sa ngayon na Abyār ʻAli. Ito ang mīqāt ng mga galing sa Madīnah;
2. ***Ang al-Juh̲fah.*** Ito ay isang maliit na nayong malapit sa Rābigh. Ang mga tao sa ngayon ay nagsasagawa ng ih̲rām sa Rābigh. Ito ang mīqāt ng mga galing sa Syria, Jordan, at Palestine;
3. ***Ang Qarn al-Manāzil*** (as-Sayl al-Kabīr). Ito ay isang lugar na malapit sa Tā'if. Ito ang mīqāt ng mga galing sa Najd (ang kalagitnaang bahagi ng Saudi Arabia);
4. ***Ang Yalamlam.*** Ito ay mga 70 km buhat sa Makkah. Ito ang mīqāt ng mga galing sa Yemen;
5. ***Ang Dhāt 'Irq.*** Ito ang mīqāt ng mga galing sa Iraq.

Ang mga lugar na ito ay ginawang mīqāt ng Propeta (SAS) para sa mga nagbuhat sa lugar na nabanggit at sa mga dumaraan sa mga ito na nagbuhat sa ibang pook, na nagnanais na magsagawa ng h̲ajj o ʻumrah. Ang mga naninirahan sa Makkah at sa pagitan ng Makkah at mga mīqāt ay magsasagawa ng ih̲rām sa kanilang mga tahanan.

## Ang mga Sunnah sa Ih̲rām

Ang mga gawaing sunnah na gawin bago magsagawa ng ih̲rām:

1. Ang pagputol ng mga kuko sa kamay at paa, ang pagbunot o ang pag-aahit ng buhok sa kilikili, ang pagputol ng bigote, ang pag-ahit ng buhok sa ari, ang pagpaligo, at ang paggamit ng pabango o mabangong bagay sa katawan lamang at hindi sa kasuutan para sa ih̲rām.
2. Ang pag-aalis sa katawan ng anumang kasuutan (gaya ng *brief*, kamiseta, salawal, at *T-shirt*) at ang pagsusuot ng puting *izār* (tapis) at puting *ridā'* (balabal). Samantala, ang babae ay maaaring magsuot ng anumang damit na ninais niya, kalakip ng pagsisikap na takpan ang sarili, na hindi ilantad ang kagandahan, na takpan ang mukha at mga kamay kapag may mga lalaking hindi Mah̲ram at na iwasan na magsuot ng Niqāb at mga guwantes.
3. Ang pagpunta sa masjeed, ang pagsasagawa ng s̲alāh kasama ng jamā'ah kapag oras ng s̲alāh o ang pagsasagawa ng dalawang rak'ah bilang s̲alāh na sunnah para sa wud̲ū'. Pagkatapos na gawin ang mga nabanggit ay isasagawa na ang Ih̲ram.

## Ang Tatlong Uri ng H̲ajj

1. **Ang Tamattu'.** Magsagawa muna ng ih̲rām para sa ʻumrah lamang at kapag dumating na ang oras ng h̲ajj ay magsasagawa naman ng ih̲rām para sa h̲ajj sa kinaroroonan sa Makkah. Magsasabi ng ganito sa mīqāt: **labbayka ʻumratan mutamatti'am bihā ilal h̲ajj.**[73] Ang h̲ajj na Tamattu'ang pinakamainam na uri ng h̲ajj lalo na kapag dumating sa Makkah sa loob ng panahong hindi pa maisasagawa ang h̲ajj. Pagkatapos niyon ay muling magsasagawa ng ih̲rām para naman sa h̲ajj sa ika-8 ng Dhul H̲ijjah sa kinaroroonan sa Makkah sa pamamagitan ng pagsabi ng **labbayka h̲ajja** (Bilang pagtugon sa Iyong panawagan upang magsagawa ng h̲ajj). Kailangan ang hady (hayop na kinakatay bilang alay) sa uri ng h̲ajj na ito. Makasasapat ang isang tupa (o kambing) para sa isang tao, at ang isang kamelyo o isang baka para sa pitong tao.

---

[73] Bilang pagtugon sa Iyong panawagan upang magsagawa muna ng ʻumrah na pasusundan ng h̲ajj.

2. **Ang Qirān.** Isasagawa nang isang ulit lamang ang i<u>h</u>rām para sa magkasamang 'umrah at <u>h</u>ajj. Magsasabi sa mīqāt ng **labbayka 'umratan wa <u>h</u>ajja.**[74] Isasagawa muna ang 'umrah at pagkatapos nito ay magpapatuloy sa i<u>h</u>rām (hindi huhubarin ang kasuutan para sa i<u>h</u>rām) hanggang sa dumating ang 'Īdul A<u>d</u>'<u>h</u>ā. Isinasagawa ang <u>h</u>ajj na Qirān sa pamamagitan ng pagdudugtong ng 'umrah sa <u>h</u>ajj. Ang <u>h</u>ajj na Qirān ay kadalasang isinasagawa ng sinumang bagaman dumating bago sumapit ang <u>h</u>ajj ay wala na siyang sapat na panahon upang tapusin ang isang 'umrah at saka magsagawa ng panibagong i<u>h</u>rām para sa <u>h</u>ajj kapag dumating na ang oras nito. Ang hady ay kinakailangan din sa <u>h</u>ajj na ito.
3. **Ang Ifrād.** Maglalayon na magsasagawa ng <u>h</u>ajj lamang. Magsasagawa ng i<u>h</u>rām sa mīqāt at sa pamamagitan ng pagsasabi ng **labbayka <u>h</u>ajja.** Hindi kailangan ang hady sa <u>h</u>ajj na ito.

Kapag naglalakbay lulan ng eroplano patungong Makkah, kailangang isagawa ang i<u>h</u>rām sa ibabaw ng mīqāt o sa loob ng may sapat na panahon bago lumampas sa mīqāt kapag mahirap malaman kung nasaan ito. Gagawin ang mga gawain sa mīqāt gaya ng paglilinis ng sarili, pagpapabango, pagpuputol ng kuko at pagsusuot ng kasuutan para sa i<u>h</u>rām. Kung nanaisin ay magagawa ang mga ito bago sumakay sa eroplano o kapag lulan na nito. Pagkatapos ay ipahahayag ang layuning magsagawa ng i<u>h</u>rām bago dumating sa mīqāt o pagdating doon.

## Ang Pagsasagawa ng I<u>h</u>rām

Ang paraan ng pagsasagawa ng i<u>h</u>rām ay ang pagsasabi ng:

1. **labbayka 'umratan mutamatti'am bihā ilal <u>h</u>ajj**; ito ay kapag nagnanais na magsagawa ng <u>h</u>ajj na Tamattu'.
2. **labbayka 'umratan wa <u>h</u>ajja**; ito ay kapag nagnanais na magsagawa ng <u>h</u>ajj na Qirān.
3. **labbayka <u>h</u>ajja**; ito ay kapag nagnanais na magsagawa ng <u>h</u>ajj na Ifrād.

Matapos isagawa ang i<u>h</u>rām, sunnah na bigkasin ang talbiyah at ulit-ulitin ito sa tuwi-tuwina sa loob ng mga sandaling nasa panahon ng i<u>h</u>rām hanggang sa bago magsimula ang <u>t</u>awāf sa Ka'bah.

Ang talbiyah ay ang pagsasabi ng: **Labbayk allāhumma labbayk, labbayka lā sharīka laka labbayk, innal <u>h</u>amda wan ni'mata laka wal mulk, lā sharīka lak.**[75]

## Ang mga Bawal Matapos Magsagawa ng I<u>h</u>rām

Ipinagbabawal sa sandali ng i<u>h</u>rām ang ilang bagay na ipinahihintulot dati bago isinagawa ang i<u>h</u>rām, dahil nasa sandali na ng pagsamba. Ipinagbabawal ang sumusunod:

1. Ang pag-aalis ng buhok sa ulo at sa alin mang bahagi ng katawan, subalit walang masama kung kakamutin nang marahan ang ulo kapag kailangan;
2. Ang pagputol ng kuko, subalit kung naputol ang kuko o nakasasakit ay walang masama na alisin ito;
3. Ang pagggamit ng pampapabango pati na ang sabon na may pabango;
4. Ang pakikipagtalik o ang gawaing maaaring mauwi sa pakikipagtalik gaya ng pagpapakasal, pagtingin nang may pagnanasa, paghipo, paghalik, at iba pa;
5. Ang pagsusuot ng guwantes;
6. Ang pagpatay ng mailap na hayop.

Ang mga gawaing nabanggit ay ipinagbabawal sa lalaki at babae. Ang mga sumusunod ay ipinagbabawal lamang sa lalaki:

1. Ang pagsusuot ng anumang kasuutan, ngunit ipinahihintulot ang anumang kakailanganin gaya ng sinturon, relo, salamin, at iba pang tulad nito;
2. Ang pagtatakip sa ulo ng anumang sumasayad o dumidiit dito, subalit walang masama kung hindi dumidiit ang ipinantatakip gaya ng payong, bubong ng kotse, tolda, at mga katulad nito;

---

[74] Bilang pagtugon sa Iyong panawagan upang magsagawa ng 'umrah at <u>h</u>ajj.

[75] Bilang pagtugon sa Iyong panawagan, o Allah, bilang pagtugon sa Iyong panawagan; bilang pagtugon sa Iyong panawagan, wala Kang katambal, bilang pagtugon sa Iyong panawagan. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; wala Kang katambal.

3. Ang pagsusuot ng medyas, ngunit maaaring magsuot ng sapatos kapag walang makitang tsenelas.

Ang sinumang may nagawang anuman sa mga ipinagbabawal na ito ay may tatlong kalagayan:

1. Na ginawa niya ito nang walang tanggap na dahilan kaya naman nagkasala siya at kailangan niyang magbigay ng *fidyah*,[76]
2. Na ginawa niya ito sanhi ng pangangailangan kaya naman wala siyang sala ngunit kailangan pa rin niyang magbigay ng fidyah,
3. Na ginawa niya ito ngunit mapagpapaumanhinan siya dahil sa kawalang-kaalaman o pagkalimot o pinuwersa kaya naman wala siyang kasalanan at hindi na kailangang magbigay ng fidyah.

## Ang Tawāf

Kapag papasok sa al-Masjeed al-Harām, sunnah na unahing ipasok ang kanang paa at na magsabi ng: **bismillāhi, was salātu was salāmu 'alā rasūlillāh, allāhum maghfir lī dhunūbī waftah lī abwāba rahmatik.**[77] Ganito rin ang gagawin sa lahat ng masjeed. Pagkatapos ay tutuloy agad sa Ka'bah upang isagawa ang tawāf.

Ang tawāf ay ang paglibot sa Ka'bah nang pitong ulit. Magsisimula ang pag-ikot sa tapat ng al-Hajar al-Aswad at magtatapos din doon, habang ang Ka'bah ay nasa kaliwa. Kailangan ding mayroon pang wudū'.

1. Pupunta sa al-Hajar al-Aswad,[78] hihipuin iyon ng kanang kamay, magsasabi ng **bismillāhi wallāhu akbar,**[79] hahalikan iyon kung makakaya ngunit kung hindi makakayang halikan (dahil sa tindi ng siksikan) ay hihipuin na lamang ng kanang kamay at hahalikan ang kanang kamay. Kung hindi rin madaling mahipo ang al-Hajar al-Aswad, haharap na lamang doon at ituturo iyon ng kanang kamay habang nagsasabi ng **Allāhu Akbar** ngunit hindi na hahalikan pa ang kanang kamay. Pupuwesto na ang Ka'bah ay nasa kaliwa at sisimulan sa tapat ng al-Hajar al-Aswad ang tawāf. Habang nagsasagawa ng tawāf ay mananalangin kay Allah ng kahit anong nanaising panalangin o bibigkas ng kahit anong talata ng Qur'an. Maaaring manalangin sa sariling wika, para sa sariling kapakanan at para sa kaninumang nais na idalangin. Walang takdang *du'ā*[80] kapag nagsasagawa ng tawāf.
2. Kapag dumating sa ar-Rukn al-Yamānī[81] ay hihipuin iyon ng kanang kamay kung magagawa, at magsasabi ng **bismillāhi wallāhu akbar** ngunit hindi na hahalikan ang kamay. Kung hindi iyon magawang hipuin ay magpapatuloy na lamang sa paglalakad at hindi na ituturo iyon ng kanang kamay at hindi na rin magsasabi ng **Allāhu akbar.** Habang nasa pagitan ng ar-Rukn al-Yamanī at al-Hajar al-Aswad ay magsabi ng **rabbanā ātinā fid dunyā hasanah, wa fil ākhirati hasanah, wa qinā 'adhāban nār.**[82]
3. Kapag natapat na sa al-Hajar al-Aswad ay hihipuin iyon ngunit kung hindi magawa ay ituturo na lamang iyon ng kanang kamay habang sinasabi ang **Allāhu akbar.** Ganito natatapos ang unang pag-ikot sa pitong pag-ikot. Upang mabuo ang natitirang mga pag-ikot:
4. Magpapatuloy sa pagsasagawa ng tawāf at gagawin ang tulad sa ginawa sa unang ikot hanggang sa makumpleto ang pitong ikot. Sa tuwing madadaan sa tapat ng al-Hajar al-Aswad ay magsasabi ng **Allāhu akbar** at sasabihin rin ito pagkatapos ng ikapitong ikot. Sunnah na maglakad ng paglalakad na tinatawag na *raml* sa unang tatlong pag-ikot at maglalakad naman ng karaniwang lakad sa huling apat na pag-ikot. Ang **raml** ay ang

---

[76] Ang fidyah ay nagsisilbing kabayaran sa pagkakamali o kasalanan. Ang mga fidyah ay hindi magkakatulad; kaya kapag nakagawa ng anuman sa mga nabanggit na ipinagbabawal, magtanong sa nakaaalam kung ano ang dapat gawin.

[77] Sa ngalan ni Allah; ang pagpapala at ang kapayapaan ay makamit ng Sugo ni Allah. O Allah, patawarin Mo po ako sa aking mga pagkakasala at buksan Mo po para sa akin ang mga pinto ng Iyong awa.

[78] Ang Batong Itim na nakadikit sa isang sulok ng Ka'bah. Reperensiya ito sa tawāf.

[79] Sa ngalan ni Allah; si Allah ay pinakadakila. Mainam din na magsabi ng: **Allāhumma īmānam bika wa tasdīqam bikitābika wa wafā'am bi'ahdika wattibā'al lisunnati nabīyika sallallāhu 'alayhi wa sallam:** O Allah, dahil sa pagsampalataya sa Iyo, sa paniniwala sa Iyong Aklat, sa pagtupad sa pangako sa Iyo, at pagsunod sa Sunnah ng Iyong Propeta pagpalain Mo po siya at pangalagaan.

[80] Ang literal na kahulugan nito ay paanyaya, panawagan at panalangin. Ang ipinakakahulugan nito rito ay panalangin. Dalawang uri ito: ang sunnah o ang itinuro ni Propeta Muhammad (SAS), at ito ay sa wikang Arabe, at ang pansarili na maaaring sabihin sa anumang wika.

[81] Ang sulok ng Ka'bah bago ang al-Hajar al-Aswad.

[82] Panginoon namin, bigyan Mo po kami sa mundo ng mabuti at sa Kabilang-buhay ng mabuti rin; at iadaya Mo po kami sa pagdurusa sa Apoy.

paglalakad nang mabilis at magkakalapit ang mga hakbang.[83] Sunnah rin na isuot ang ridā' nang pagsuot na tinatawag na id'ṭibā'sa buong pagsasagawa ng ṭawāf. Ang **id'ṭibā'**ay ganito: ilagay sa kaliwang balikat ang kalagitnaang bahagi ng ridā', pagsalubungin sa ilalim ng kanang kilikili ang mga bahagi nitong malapit sa magkabilaang dulo nito at ipatong sa kaliwang balikat ang magkabilaang dulo nito.[84] Ang raml at id'ṭibā'ay isinasagawa lamang sa unang pagsasagawa ng ṭawāf ng nagsasagawa ng hajj o 'umrah sa unang pagdating sa Makkah.

## Pagkatapos ng Ṯawāf

Sunnah na magsagawa ng dalawang rak'ah na ṣalāh sa tapat ng Maqām Ibrāhīm—ang Maqām Ibrāhīm ay nasa pagitan ng nagdarasal at ng Ka'bah.. Isusuot ang balabal bago magdasal: ipapatong ito sa dalawang balikat at ang magkabilang dulo ay nasa dibdib. Tahimik na bibigkasin ang Sūratul Fātihah at ang Sūratul Kāfirūn sa unang rak'ah, at ang Sūratul Fātihah at ang Sūratul Ikhlāṣ sa ikalawang rak'ah. Kung hindi magiging madali na magdasal sa tapat ng Maqām Ibrāhīm dahil sa tindi ng siksikan, magdadasal sa alin mang bahagi ng al-Masjeed al-Harām. Pagkatapos ng ṣalāh ay sunnah na uminom ng maraming tubig ng Zamzam.

## Ang Sa'y[85]

Pagkatapos uminom ay pupunta sa Mas'ā;[86] dadako muna sa Ṣafā at kapag malapit na roon ay bibigkasin ang **innaṣ ṣafā wal marwata min sha'ā'irillāh.**[87] Aakyat sa Ṣafā hanggang sa makita ang Ka'bah, haharap doon at iaangat ang mga kamay (na ang mga palad ay nakaharap sa mukha). Magpupuri kay Allah at mananalangin ng anumang nais ipanalangin o ng gaya ng panalanging ito: **lā ilāha illallāh, wallāhu akbar, lā ilāha illallāhu wahdah, lā sharīka lah, lahul mulku wa lahul hamd, yuhyī wa yumīt, wa huwa 'alā kulli shay'in qadīr, lā ilāha illallāhu wahdah, anjaza wa'dah, wa naṣara 'abdah, wa hazamal ahzāba wahdah.**[88] Mananalangin pa nang mahaba. Uulitin nang tatlong beses ang lahat ng iyon.

Pagkatapos niyon ay maglalakad pababa patungo sa Marwah. Pagdating sa palatandaang kulay berde, sunnah na maglakad nang mabilis sa abot ng makakaya hanggang sa dumating sa kabilang palatandaang berde - sa kundisyon na walang sinumang pipinsalain. (Ang paglalakad nang mabilis sa bahaging ito ng Mas'ā ay para lamang sa mga kalalakihan at hindi para sa mga kababaihan.) Pagdating sa paanan ng Marwah ay aakyatin ito, haharap sa kinaroroonan ng Ka'bah, iaangat ang mga kamay, at bibigkasin ang binigkas sa Ṣafā. Pagkatapos nito ay natapos na ang isang *shawṭ*[89] sa pitong shawṭ. Matapos manalangin ay bababa sa Marwah, magtutungo sa Ṣafā, at gagawin ang tulad sa ginawa sa unang shawṭ. Sunnah na damihan ang panalangin habang nagsasagawa ng sa'y.

Kung ang hajj na isinasagawa ay **Tamattu'**, matapos isagawa ang sa'y ay maaari nang ipagupit ang buhok: ipaahit lahat o paiklian, tapusin ang 'umrah, magsuot ng pangkaraniwang damit, at maaalis na ang lahat ng ipinagbabawal sa ihrām. Kapag dumating ang ika-8 ng Dhul Hijjah ay muling magsasagawa ng ihrām sa tinitigilan para naman sa hajj bago sumapit ang ṣalāh sa dhuhr. (Repasuhin ang pagsagawa ng ihrām.) Gagawin ang lahat ng ginagawa noong nagsagawa ng ihrām para sa 'umrah. Pagkatapos nito ay ipahahayag ang hangaring magsagawa ng hajj sa pamamagitan ng pagsabi ng: **labbayka hajja, labbayka lā sharīka laka labbayk, innal hamda wan ni'mata laka wal mulk, lā sharīka lak.**[90] Pagkatapos nito ay isasagawa sa Minā ang dhuhr, 'aṣr, 'ishā' na pinaikli sa dalawang rak'ah, maghrib at fajr. (Ang Maghrib at fajr ay hindi pinaiikli.)

---

83 Kung mahirap itong gawin, maaari nang hindi ito gawin.

84 Ang babae ay hindi pinahihintulutan na gawin ang id'ṭibā'.

85 Ang sa'y ay ang pagbalik-balik sa pagitan ng Ṣafā at Marwah.

86 Ang pinagsasagawaan ng sa'y at daang nag-uugnay sa Ṣafā at Marwah.

87 Tunay na ang Ṣafā at ang Marwah ay kabilang sa mga tanda ni Allah.

88 Walang totoong Diyos kundi si Allah; si Allah ay pinakadakila. Walang totoong Diyos kundi si Allah; tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay-buhay Siya at bumabawi Siya ng buhay. Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay. Walang totoong Diyos kundi si Allah, tanging Siya lamang. Tinupad Niya ang Kanyang pangako, pinagtagumpay Niya ang Kanyang Lingkod, at mag-isa Niyang ginapi ang mga magkakampi (laban sa Islam).

89 Isang pagpunta sa Safā galing ng Marwah o sa Marwah galing ng Safā.

90 Bilang pagtugon sa Iyong panawagan upang magsagawa ng hajj; bilang pagtugon sa Iyong panawagan, wala Kang katambal, bilang pagtugon sa Iyong panawagan. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; wala Kang katambal.

### Sa Ikawalong Araw ng Dhul Hijjah

Pupunta sa Mina at magsagawa roon ng salāh sa dhuhr, 'asr, maghrib, 'ishā' at fajr; paikliin sa dalawang rak'ah ang mga salāh na apatang rak'ah.

### Sa Ikasiyam na Araw (Sa Araw ng 'Arafah)

Itinatagubiling gawin sa araw na ito ang mga sumusunod:

1. Matapos sumikat ang araw ay pupunta sa 'Arafah at mananatili roon hanggang bago lumubog ang araw. Isasagawa roon ang salāh na pinagsamang dhuhr at 'asr (jam') at pinaiksi sa dalawang rak'ah (qasr) kapag lumampas na ang araw sa katahanghaliang tapat. Pagkatapos ng salāh ay ibubuhos ang sarili sa pagsambit ng mga dhikr, mga du'ā', at talbiyah. Sunnah din na damihan ang pananalangin kay Allah at ang pagsusumamo sa Kanya. Hihiling sa Kanya ng para sa sariling kapakanan at ng para sa kapakanan ng lahat ng mga Muslim. Ipananalangin ang anumang maibigan. Kanais-nais na iangat ang mga kamay habang nananalangin. Ang Wuqūf (pananatili) sa 'Arafah ay isa sa mga Haligi ng hajj. (Tingnan sa pahina 49 ang tungkol sa mga Haligi ng hajj.) Ang sinumang hindi nanatili sa 'Arafah, hindi tanggap ang hajj niya. Ang panahon ng pananatili sa 'Arafah ay magmula nang sumikat ang araw ng ika-9 araw ng Dhul Hijjah hanggang sa bago sumapit ang madaling araw ng ika-10 araw ng Dhul Hijjah. Ang sinumang nanatili sa 'Arafah kahit sa loob ng maikling panahon lamang sa gabi man o araw ay nakumpleto na niya ng kanyang hajj. Kailangang tiyakin niya na siya ay nasa loob ng 'Arafah.
2. Kapag natiyak na lumubog na ang araw sa araw ng 'Arafah, panatag at mahinahon na pupunta sa Muzdalifah habang malakas na binibigkas ang talbiyah.

### Sa Muzdalifah

Pagdating sa Muzdalifah ay magdadasal ng pinagsamang salāh na maghrib at 'ishā' at paiiksiin sa dalawang Rak'ah ang Ishā'. Pagkatapos ng salāh ay maaari nang ihanda ang anumang naisin gaya ng pagkain at iba pa. Mabuting matulog nang maaga upang magising na masigla para sa salāh sa fajr.

### Sa Ikasampung Araw: Araw ng 'Īd

1. Kapag sumapit ang oras ng salāh sa fajr ay isasagawa ito at pagkatapos nito ay mananatili sa kinaroroonan. Dadamihan ang pagsambit ng dhikr at du'ā' hanggang sa magliwanag ang langit bago tuluyang sumikat ang araw.
2. Mamumulot ng pitong munting bato at bago sumikat ang araw ay pupunta sa Minā habang binibigkas ang talbiyah.
3. Magpapatuloy sa pagsambit ng talbiyah hanggang sa makarating sa Jamrah al-'Aqabah (al-Jamrah al-Kubrā).[91] Magsisimula sa pagsasagawa ng ramy (pagbato sa Jamarah). Ihahagis nang isa-isa ang pitong bato sa sahuran ng bato at magsasabi ng **Allāhu akbar** sa tuwing maghahagis.
4. Pagkatapos magsagawa ng ramy ay mag-aalay na ng hady kung ang isinasagawang hajj ay Tamattu' o Qirān. Kanais-nais na kumain ng bahagi nito at ikakawanggawa at ipamimigay ang mga natitira.
5. Matapos na maialay ang hady ay ipaaahit o paiiksian ang lahat ng buhok sa ulo ngunit lalong mainam na ipaahit. Ang mga babae naman ay magpapaputol o magpuputol lamang ng mga isang pulgada (mga tatlong sentemetro) sa lahat ng dulo ng kanilang buhok.

   Pagkatapos nito ay ipinahihintulot na ang ipinagbabawal dati sa sandali ng ihrām gaya ng paghubad ng kasuutan para sa ihrām, pagsusuot ng pangkaraniwang kasuutan, paggamit ng pabango o anumang mabango, pagpuputol ng mga kuko, at pag-aalis ng buhok. Ngunit mananatili pa ring bawal ang pagtatalik, pag-aasawa o anumang kaugnay rito gaya ng halik, yakap, at iba pa hanggang hindi pa naisasagawa ang tawāf al-ifādah (tawāf para sa hajj). Pagkatapos nito ay kanais-nais na maligo, maglinis ng sarili, magpabango o gumamit ng anumang mabango, at magsuot ng pangkaraniwang damit.
6. Pupunta sa al-Masjeed al-Harām upang isagawa ang tawāf al-ifādah.[92] Magsasagawa ng pitong tawāf sa Ka'bah at pagkatapos nito ay magsagawa ng dalawang rak'ah na salāh. Pagkatapos nito ay pupunta sa Safā at Marwah upang isagawa ang sa'y: 7 shawt sa

---

[91] Ang jamrah o al-jamrah ay ang lugar ng pinagsasagawaan ng ramy.

[92] Sa tawāf al-ifādah ay walang id'tibā' at walang raml.

pagitan ng S̲afā at Marwah. Isasagawa ito gaya ng unang ginawa. Matapos maisagawa ang sa'y ay nagwakas na ang mga ipinagbabawal sa sandali ng ih̲rām, kaya ipinahihintulot na ang lahat ng dating ipinagbabawal dahil sa ih̲rām, pati na ang pakikipagtalik o pagpapakasal.

7. Kailangang magpagabi sa Mina sa gabi ng ika-11, ika-12 ng Dhul H̲ijjah (at ika-13 ng Dhul H̲ijjah para sa magpapahuli).[93] Ang pagpapagabi sa Minā ay ang pananatili sa Minā sa loob ng higit na malaking bahagi ng gabi.

Ang nabanggit na pagkakasunod-sunod ng ramy, pag-aalay ng hady, pagpapaahit o pagpapaiksi ng lahat ng buhok sa ulo, t̲awāf para sa h̲ajj ay sunnah. Walang masama kung uunahin ang alinman sa mga ito.

## Sa Ika-11 Araw ng Dhul H̲ijjah

Sa araw na ito ay kailangang isagawa ang ramy (pagbabato o paghahagis ng bato) sa tatlong Jamrah. Sinisimulan ang ramy kapag lumihis na ang araw sa katanghaliang-tapat at hindi ipinahihintulot na bago sumapit iyon. Magsisimula sa al-Jamrah as̲-S̲ughrā at pagkatapos ay sa al-Jamrah al-Wust̲ā at pagkatapos ay sa al-Jamrah al-Kubrā naman. Ang paraan ng pagsasagawa ng ramy ay ganito:

1. Magdadala ng 21 munting bato at pagkatapos ay pupunta sa al-Jamrah as̲-S̲ughrā at ibabato roon nang paisa-isa ang unang pitong munting bato, habang nagsasabi ng **Allāhu akbar** sa bawat pagbato. Sisikaping pabagsakin ang mga bato sa sahuran ng bato.[94] Pagkatapos bumato ay sunnah na dumako nang kaunti sa gawing kanan, at saka tatayo at manalangin nang mahaba.
2. Pagkatapos ay pupunta sa al-Jamrah al-Wust̲ā at ibabato roon nang paisa-isa ang ikalawang pitong munting bato, habang sinasabi ang **Allāhu akbar** sa bawat pagbato. Pagkatapos bumato ay sunnah na dumako sa dakong kaliwa, at saka tatayo at manalangin nang mahaba.
3. Pagkatapos nito ay pupunta sa al-Jamrah al-Kubrā at ibabato roon nang paisa-isa ang ikatlong pitong munting bato, habang nagsasabi ng **Allāhu akbar** sa bawat pagbato. Pagkatapos ay aalis at hindi na mananatili para manalangin.

## Sa Ika-12 ng Dhul H̲ijjah

1. Gagawin ang tulad sa ginawa noong ika-11 ng Dhul H̲ijjah. Kung nais magpahuli at manatili pa hanggang sa ika-13 ng Dhul H̲ijjah—na siyang lalong mainam—gagawin sa araw na iyon ang tulad sa ginawa noong ika-11 at ika-12 ng Dhul H̲ijjah.
2. Matapos isagawa ang ramy sa ika-12 ng Dhul H̲ijjah o sa ika-13 ng Dhul H̲ijjah—para sa nagpahuli—ay pupunta sa al-Masjeed al-H̲arām upang isagawa ang t̲awāf al-widā'[95] (t̲awāf ng pamamaalam) na binubuo ng pitong paglibot sa Ka'bah. Pagkatapos nito ay sunnah na magdasal ng dalawang rak'ah sa likod ng Maqām Ibrāhīm kung magagawa iyon o kahit saan man sa al-Masjeed al-H̲arām. Ang babaeng may regla o may nifās ay hindi na obligadong magsagawa ng t̲awāf al-widā'.
3. Pagkatapos nito ay kailangang wala nang ibang pang gagawin kundi ang paglisan sa Makkah habang sinasamantala ang oras sa pagsambit ng mga dhikr at du'ā' at pakikinig ng kapupulutan ng kapakinabangan. Wala ring masama kung mananatili nang hindi matagal matapos na magsagawa ng t̲awāf al-widā': halimbawa ay maghihintay sa mga kasama o magbubuhat ng mga dala-dalahan o bibili ng mga kakailanganin sa daan at iba pang mga dahilang katulad nito.

## Ang mga Rukn o Haligi ng H̲ajj

1. Ang Ih̲rām;
2. Ang Pagtigil sa 'Arafah;
3. Ang T̲awāf al-Ifād̲ah;
4. Ang Sa'y.

---

[93] Sa kalendaryo ng Islam ang araw at petsa ay nagpapalit sa paglubog ng araw at hindi sa hatinggabi. Nagsisimula ang gabi paglubog na paglubog ng araw at nagsisimula ang araw (*day*) pagsapit ng madaling araw.

[94] Uulitin ang pagbato para sa bawat batong hindi bumagsak sa sahuran. Ang mahalaga sa paghahagis ng bato ay ang pabagsakin ang bato sa sahuran at hindi ang patamaan ang haligi sapagkat ito ay palatandaan lamang kung nasaan ang kalagitnaan ng sahuran.

[95] Sa t̲awāf al-widā' at t̲awāf al-ifād̲ah ay walang id't̲ibā' at walang raml.

**Ang sinumang may nakaligtaang gawin kahit isa man lamang sa nabanggit na mga Haligi ng hajj ay hindi matatanggap ang hajj niya hangga't hindi niya naisasagawa ang gawaing iyon na nakaligtaan.**

## Ang mga Wājib (Kailangang Gawin) sa Hajj

1. Ang pagsasagawa ng ihrām sa mīqāt;
2. Ang pagtigil (wuqūf) sa 'Arafah hanggang sa lumubog ang araw para sa mga nagsitigil doon sa araw;
3. Ang pagpapagabi sa Muzdalifah hanggang sa madaling araw hanggang sa magliwanag ang langit ngunit bago tuluyang sumikat ang araw, maliban sa mga may mahihinang pangangatawan at mga kababaihan sapagkat pinahihintulutan silang manatili hanggang sa hatinggabi.
4. Ang pagpapagabi sa Minā sa mga gabi ng *tashrīq*;[96]
5. Ang pagsasagawa ng ramy sa mga araw ng tashrīq;
6. Ang pagpapagupit o pagpapaahit ng buhok;
7. Ang pagsasagawa ng tawāf al-widā'.

**Ang sinumang may nakaligtaang gawin na kahit isa man lamang sa nabanggit na mga wājib sa hajj ay kailangang magkatay ng hayop: isang tupa o kambing para sa isang tao o isang baka o kamelyo para sa pitong tao. Ipamigay ito sa mga naninirahan sa Haram.**[97]

## Ang Pagdalaw sa Masjeed ng Propeta (SAS)


Kanais-nais na magsagawa ng pagdalaw sa Masjeed ng Sugo ni Allah (SAS) upang magsagawa ng salāh doon. Iyon ay sapagakat naiulat sa Hadīth na ang salāh na isinasagawa roon ay higit na mainam kaysa sa isang libong salāh na isinasagawa sa ibang masjeed maliban sa al-Masjeed al-Harām.

Ang pagdalaw sa Masjeed na ito ay itinatagubilin sa buong taon, walang takdang panahon para sa pagdalaw rito at hindi rin ito bahagi ng hajj. Hangga't ang isang Muslim ay nasa Masjeed na ito, kanais-nais na dalawin ang libingan ng Propeta (SAS) at ng dalawa niyang Kasamahan na sina Abū Bakr at 'Umar—kalugdan sila ni Allah.

Ang pagdalaw sa mga libingan ay para lamang sa mga kalalakihan at hindi para sa mga kababaihan. Hindi ipinahihintulot sa sinuman na ihipo ang kamay sa anumang bakod na nakapalibot sa libingan ng Propeta (SAS) upang ipahid ito sa alinmang bahagi ng katawan sa pag-aakalang may matatamong biyaya rito, o na magsagawa ng tawāf sa palibot nito, na o humarap dito habang nananalangin.

**PAGSASANAY: VIII**

**1. IPALIWANAG ANG HAKBANG SA PAGSASAGAWA NG TAWAF.**





---

[96] Ang ika-11, ika-12, at ika-13 ng Dhul Hijjah. Sa kalendaryo ng Islam ang petsa ay nagpapalit sa paglubog ng araw at hindi sa hatinggabi. Nagsisimula ang gabi paglubog ng araw at nagsisimula ang araw (*day*) pagsapit ng madaling araw.


[97] Ang Haram ay ang lugar sa palibot ng al-Masjeed al-Harām. Ang al-Masjeed al-Harām ay ang masjeed na nakapalibot sa Ka'bah. Ang labas ng Haram ay tinatawag na Hill. Mayroong takdang hangganan ito.

**2. IPALIWANAG ANG GAGAWIN SA IKA -9 NG DHUL HIJJA.**

**3. IPALIWANAG ANG PAGSASAGAWA NG SA'Y**




**4. IPALIWANAG ANG PAGSASAGAWA NG RAMY SA ARAW NG 10th DHUL HIJJA.**



# أركان الإيمان
# ANG MGA HALIGI NG PANANAMPALATAYA

Nalalaman natin, batay sa mga katibayan buhat sa Qur'ān at Hadīth, na ang mabuting mga gawa at mga salita ay nagkakaroon lamang ng kabuluhan at tinatanggap kapag nagmula sa wastong paniniwala. Samakatuwid, kung ang paniniwala ay hindi tama, mawawalan ng kabuluhan ang lahat ng mga gawa at salitang nagmula rito gaya ng sinabi ni Allah[98] **"... At ang sinumang tumanggi sa Pananampalataya, nawalan na ng kabuluhan ang kanyang gawa at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga talunan."** at ng sabi pa Niya[99] : **"At talaga ngang naisiwalat sa iyo at sa mga nauna sa iyo na talaga namang kung nagtambal ka kay Allah ay talagang mawawalan nga ng kabuluhan ang iyong gawa at ikaw ay talagang mapabibilang nga sa mga talunan...."**

Ipinakikita ng Aklat ni Allah at ng Hadīth ng Kanyang Sugo (SAS) na ang wastong paniniwala ay mabubuod sa paniniwala:

1. Kay Allah,
2. Sa Kanyang mga anghel,
3. Sa Kanyang mga aklat,
4. Sa Kanyang mga sugo,
5. Sa Huling Araw, at
6. Sa Tadhana at Pagtatakda—ang mabuti at masama nito.

Ang anim na ito ang Saligan ng Wastong Paniniwala na ibinabang kasama ng mga ito ang Mahal na Aklat ni Allah at isinugong kasama ng mga ito ang Kanyang Sugo na si Muhammad (SAS). Tinatawag ang mga ito na mga Haligi ng pananampalataya.

## 1. Ang Paniniwala kay Allah

Bahagi ng pananampalataya kay Allah ay ang maniwala na Siya ang totoong Diyos na karapat-dapat sa Pagsamba at wala nang iba pa sapagkat Siya ang Tagapaglikha ng mga tao, ang Nagbibiyaya sa kanila, ang Nagtutustos sa mga pangangailangan nila, ang Nakaaalam ng kanilang inililihim at kanilang inihahayag, at ang May-kakayahang maggantimpala sa masunurin sa kanila at magparusa sa suwail sa kanila. Alang-alang sa Pagsambang ito ay nilikha ni Allah ang Jinnī at ang Tao at ipinag-utos Niya iyon sa kanila, gaya ng sinabi Niya[100]: **"Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako. Hindi Ako nagnanais mula sa kanila ng anumang panustos at hindi Ako nagnanais na pakainin nila Ako. Tunay na si Allah ay ang Tagapagtustos, ang May matatag na lakas."**

Isinugo ni Allah ang mga Sugo at ibinaba Niya ang mga Aklat upang ilahad ang katotohanang ito, upang anyayahan ang mga tao sa katotohanang ito at upang magbigay-babala laban sa anumang sumasalungat dito, gaya ng sinabi Niya[101]: **"Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo *na nagsasabi*: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang diyus-diyusan."**

Ang pinakadiwa ng Pagsamba na ito ay ang ilaan kay Allah ang lahat ng uri ng pagsambang isinasagawa ng tao gaya ng panalangin, pangamba, pag-asa, dasal, pag-aayuno, pag-aalay, pamamanata at iba pang mga uri ng pagsamba, sa paraang may pagpapakumbaba sa Kanya, may pag-asa at may takot, kalakip ang lubos na pag-ibig sa Kanya at pagpapakaaba sa kadakilaan Niya. Ang nakararaming bahagi ng Qur'ān ay ibinaba dahil sa dakilang simulaing ito, gaya ng sabi Niya[102]: **"...Samakatuwid sambahin mo si Allah, habang wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba. Tunay ngang ukol kay Allah ang wagas na pagsamba...."** at ng sabi pa Niya[103]: **"At iniatas ng iyong Panginoon na wala na kayong sasambahin kundi Siya, ..."** at ng sabi pa Niya[104]: **"Kaya dumalangin kayo kay Allah, habang wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba, kahit pa man masuklam ang mga Tumatangging Sumampalataya."**

98 Qur'an 5:5
99 Qur'an 39:65
100 Qur'an 51:56-58
101 Qur'an 16:36
102 Qur'an 39:2-3
103 Qur'an 17:23
104 Qur'an 40:14

Bahagi rin ng pananampalataya kay Allah ang maniwala sa lahat ng tungkulin at obligasyong ibinigay Niya sa kanyang mga lingkod gaya ng Limang Haligi ng Islam na isinasagawa nang hayagan. Ang mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang pagsaksi na walang totoong Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah,
2. Ang pagsasagawa ng ṣalāh,
3. Ang pagbibigay ng zakāh,
4. Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramaḍān, at
5. Ang pagsasagawa ng ḥajj sa Banal na Bahay ni Allah para sa sinumang may kakayahang makarating roon.

At iba pang mga tungkulin na nabanggit sa Sharī'ah o Batas ng Islam. Ang pinakamahalaga at pinakadakila sa Limang Haliging ito ng Islam ay ang Shahādah o Pagsaksi na walang totoong Diyos kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah.

Bahagi rin ng pananampalataya kay Allah ay ang maniwala na Siya ang Tagapaglikha ng mga nilalang, ang Tagapangasiwa ng kanilang mga kapakanan, at ang Tagapamahala sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang kaalaman at Kanyang kapangyarihan ayon sa kung ano ang niloloob Niya; na Siya rin ang Nagmamay-ari ng Mundo at Kabilang-buhay, at ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang—wala nang Tagapaglika bukod pa sa Kanya at wala nang Panginoon maliban pa sa Kanya; na Siya ay nagsugo ng mga sugo at nagpababa ng mga Banal na Aklat upang ituwid ang mga tao at anyayahan sila sa ikaliligtas nila at sa ikabubuti nila sa Mundo at sa Kabilang-buhay; na Siya ay walang katambal sa lahat ng mga nabanggit na iyon. Sinabi Niya[105]: **"Si Allah ay Tagapaglikha ng bawat bagay, at Siya ay Pinananaligan sa bawat bagay."**

Bahagi pa rin ng pananampalataya kay Allah ang maniwala sa Kanyang napakagagandang mga pangalan at Kanyang napakatataas na mga katangian na nasasaad sa Kanyang Mahal na Aklat at naisalaysay mula sa Kanyang mapagkakatiwalaang Sugo. Paniniwalaan ang mga ito nang walang Taḥrīf (pagpapalit ng kahulugan), walang Ta'ṭīl (pag-aalis ng kahulugan), walang Takyīf (paglalarawan ng kahulugan), at walang Tamthīl (paghahalintulad), kalakip ng paniniwala sa ipinahihiwatig ng mga ito na mga dakilang kahulugan na siyang mga 'paglalarawan' kay Allah. Kailangang 'ilarawan' Siya sa pamamagitan ng mga ito sa paraang naaangkop sa Kanya, nang hindi Siya iwinawangis sa Kanyang nilikha sa anuman sa Kanyang mga katangian, gaya ng sinabi Niya[106]: **"...Walang anumang katulad sa Kanya. At Siya ang Nakaririnig, ang Nakakikita."**

## 2. Ang Paniniwala sa mga Anghel

Ito ay kabilang sa isa sa basikong paniniwala na pinaniniwalaang hindi nakikita (Al Ghayb) sa Islam, at ito ay bumubuo ng pinakamahalagang bahagi ng pang-Islamikong katuruan. Ang isa sa hindi natin nakikitang daigdig ay ang daigdig na mga Anghel.

Naglalaman ang paniniwala sa mga anghel ng pinaniniwalaan sa kabuuan at pinaniniwalaan sa detalye. Naniniwala ang isang Muslim na si Allah ay mayroong mga anghel na nilikha Niya at binigyan ng kalikasang tumalima sa Kanya. Sila ay maraming uri; mayroon sa kanila na mga itinalaga sa pagpasan ng Trono ni Allah, mayroon sa kanila na mga tagabantay ng Paraiso at Impiyerno, at mayroon sa kanilang mga itinalaga sa pagtatala ng mga gawa ng tao.

**Papaano tayo dapat na maniwala sa mga Anghel?**

- Maniwala sa kanilang kapanatilihan (na sila ay nabubuhay)
- Bigyan ang bawat isa sa kanila ng tamang kalagayan, at paniwalang sila ay mga alipin ni Allah na kanyang nilikha. Siya ang nag-uutos sa kanila at ang mga ito ay walang kalayaan sa anumang bagay maliban lamang kung ipinag-utos sa kanila ni Allah. Kagaya ng iba pang nilikha ang mga Anghel ay may kamatayan ayon sa itinakdang oras ni Allah.

**Mula sa Hadith**, sinabi ni Propeta Muhammad (saw): Katotohanan na si Allah ay may mga Anghel na nag-hahanap ng mga grupong nag-aalala kay Allah. Kung makatagpo sila ng mga grupong ito, ṣinasabi nila **"Halina kayo rito sa inyong hinahanap."** At papaligiran sila ng mga anghel, ng kanilang mga pakpak hanggang sa kalangitan (na malapit sa atin) At sila ay tatanungin ng kanilang Panginoon, at Siya (Allah) ay nasa Maalam kaysa sa kanila: "Ano ang sinasabi ng aking mga alipin?"

---

[105] Qur'an 39:62
[106] Qur'an 42:11

*Sasabihin ng mga Anghel*: **"Sila ay nagsasabi ng Subhanallah, Allahu Akbar, Alhamdullillah, at dinadakila ka nila."**
Sasabihin ni Allah: "nakita ba nila Ako?"
*Sasabihin ng mga Anghel*: **"Hindi pa, Sumusumpa kami sa Iyo (Allah) hindi ka pa nila nakikita,"**
Sasabiihin ni Allah: "Paano na kaya kung nakita nila Ako?
*Sasabihin ng mga Anghel*: **"Kung nakita ka nila, sila ay hihigit pa sa pagsambang ginagawa nila, aalalahanin ka nila, at dadakilain ng sobra."**
Sabi ni Allah: "Aho ang hinihiling nila mula sa Akin?
*Sasabihin ng mga Anghel*: **"Hinihiling nila ang Paraiso."**
Sabi ni Allah: "Nakita ba nila ang Paraiso?
*Sasabihin ng mga Anghel*: **"Hindi pa! sumusumpa kami sa Iyo (Allah), hindi pa nila ito nakikita."**
Sabi ni Allah: "Paano na kaya kung nakita nila ito?
*Sasabihin ng mga Anghel*: **"Kung nakita lang nila ito, sila ay magiging masigla sa paghahangad nito at laging hihilingin ito at gagawin nila ang lahat upang makapasok dito."**
Sabi ni Allah: "Sa anong bagay sila nagpapakupkop?
*Sasabihin ng mga Anghel*: **"nagpapakupkop sila sa Iyo laban sa apoy"**
Sabi ni Allah: "Nakita ba nila ito."
*Sasabihin ng mga anghel*: **"Kung nakita lang nila ito, mabilis silang tatakbong palayo dito at sila ay sobrang matatakot mula dito."**
Sabi ni Allah: "Ginawa ko kayong saksi na pinatawad ko na sila."
*Sabi ng isang Anghel*: **"Mayroon sa kanilang si Fulan, hindi siya mula sa kanila, siya lamang ay dumating para sa isang pangangailangan."**
Sabi ni Allah: "sila ay Julasa (Fulan – isang katawagan sa mga hindi binabanggit ang tunay na pangalan, Julasa – isang grupo ng mga taong nagsipag-upuan na may iisang hangarin.

**Ang kanilang anyo at katangian:**

Pinaniniwalaan natin sa detalye ang mga anghel na binanggit mismo ni Allah at ng Kanyang Sugo (SAS) ang mga pangalan, gaya nina Jibrīl, Mīkā'il, Mālik na tagabantay ng Impiyerno, at Isrāfīl na nakatalaga sa pag-ihip ng Tambuli. Ayon kay 'Ā'ishah (RA),[107] ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Nilikha ang mga anghel mula sa liwanag, nilikha ang mga jinni mula sa apoy na walang usok, at nilikha si Adan ayon sa nailarawan[108] na sa inyo."*** Ang Hadīth na ito ay itinala ni Imām Muslim.

Dahil nga ang mga Anghel ay may katawan at sila ay may mababang densidad sila ay hindi nakikita ng mga tao. Ang kanilang kagilagilalas na kaanyuan at sukat,at isinalaysay ni Abdullah bin Masood: "Ang Propeta ni Allah (sas) ay nakita niya si Jibreel (Gabriel) sa kanyang tunay na kaanyuan. Siya ay may anim na daang pakpak, ang isa sa ito ay kayang pagsalikupan ang kagiliran ng mundo, at ang mga pakpak nito ay may iba't-ibang kulay na perlas at ruby na nalalaglag sa mga pakpak nito. Sinabi rin ng Propeta ni Allah (sas): "ako ay binigyan ng permiso na makausap ko ang isa sa mga Anghel ni Allah yaong isa sa mga humahawak sa Kanyang Trono. Ang haba ng pakpak mula sa kanyang tainga hanggang sa kanyang balikat ay may layong pitung daang taon ng iyong paglalakbay."

- Ang Pakpak: "...anghel na tagapagbalita ay may mga pakpak, dalawa o tatlo o apat (na magkakatambal)
- Ang kanilang kagandahan: "Siya ay tinuruan ni Gabriel na mataas sa kapangyarihan (may matinding lakas na kaloob ni Allah). May kapangyarihan, at magandang anyo (si Gabriel ay tumambad kay Propeta Mohammad ng may anghel na kaanyuan)
- Ang pagkakapareho ng Anghel at ng Tao: At winika ng Sugo ni Allah: "...at nakita ko si Jibreel (Gabriel); ang kahawig niya nang siya ay aking makita ay si Dihyah." (Dihyah Al Kalabi isang guwapo at kilalang tao sa kapanahunan ni Propeta Muhammad)
- Sila ay marangal at masunurin at ayon sa winika ni Allah sa Qur'an: "Sa kamay ng mga tagasulat (ang mga anghel). Na karangal-rangal at masunurin."[109] Ang kahinhinan kung saan ang haddith ay nagpaliwanang at sinabi ni Propeta Muhammad (sas) tungkol kay Uthman: "Papaano ko hindi mararamdaman ang mahiya sa isang lalaki sa gayong ang mga anghel ay nakararamdam din na mahiya?"
- Mayroon silang iba't-ibang hugis at kalagayan.

---

[107] (RA): ***Radiyallāhu 'Anhu*** para sa lalaki, ***Radiyallāhu 'Anhā*** para sa babae, ***Radiyallāhu 'Anhum*** para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Kalugdan siya (o sila) ni Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o taguri ng kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).
[108] Nilikha si Adan mula sa alabok.
[109] Qur'an 80 15:16

**mangamba, gayundin ang malumbay! Datapuwa't inyong tanggapin ang magandang balita ng Halamanan (Paraiso) na sa inyo ay ipinangako! Kami ang inyong mga naging kapanalig sa buhay sa mundong ito at (gayundin) sa Kabilang Buhay; dito ay sasainyo ang lahat ng inyong maibigan; dito ay sasainyo ang lahat ng inyong hihilingin!"**[114]

Binigyang kapangyarihan ni Allah ang bawat anghel na mahalin ang mga tao, ang Mensahero ni Allah (sas) ay nagwika: Kapag minahal ni Allah ang isang tao, Kanyang tatawagin si Jibreel (Gabriel) at sasabihing, Mahal ni Allah si ganito at si ganoon, kaya mahalin mo siya.' Kung kaya siya ay mamahalin ni Jibreel at kanyang ibabalita sa mga nananahan sa kalangitan, mahal ni Allah si ganito at si ganoon, kaya mahalin ninyo siya. Kaya ang mga nananahan sa kalangitan ay mamahalin siya at siya ay masusumpungan na mamahalin din dito sa kalupaan."

At ginawang ang mga anghel ay manalangin para sa kapatawaran ng mga taong humihingi ng kapatawaran at sinabi ni Allah: "Yaong mga anghel na nagtatangan ng 'Arsh (Luklukan ni Allah) at yaong mga nakapalibot dito ay nagtataas ng pagpupuri (at pagluwalhati) sa kanilang Panginoon at sumasampalataya sa Kanya at naninikluhod ng pagpapatawad sa mga sumasampalataya (na nagsasabi) "O aming Panginoon! Kayo ang nakakasakop sa lahat ng bagay sa habag at karunungan kaya't Inyong patawarin sila na nagbabalik-loob sa pagsisisi at tumatahak sa Inyong landas, at sila ay iadya Ninyo sa kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy." **O aming Panginoon! At Inyong tanggapin sila sa mga Halamanan ng Walang Hanggang Tahanan (Paraiso) na Inyong ipinangako sa kanila at sa mga matutuwid sa lipon ng kanilang ama, ng kanilang mga asawa, at kanilang mga anak! Katotohanang Kayo ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan. At inyong pangalagaan sila mula sa kasamaan na dulot (ng kanilang mga gawa) at siya na Inyong pangangalagaan sa masamang kahihinatnan sa Araw na yaon. Kayo ang nakapagkaloob sa kanya ng habag. At yaon ay isang dakilang tagumpay."**[115] Ang mga anghel ay nakiki-isa sa mga taong palagiang natitipon-tipon dahil sa kaluwalhatian ni Allah at sinabi ng sugo ni Allah: "ang mga anghel ay nakapaligid sa anumang pagtitipon (na pinag-uusapan ang hinggil kay Allah). Ginawang sumumpa ang mga ito sa mga taong hindi nananmpalataya kay Allah: **"Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya at namatay habang sila ay walang panampalataya, sasakanila ang sumpa ni Allah, gayundin ang sumpa ng mga anghel at ng sangkatauhan ng sama-sama."**[116]

## 3. Ang Paniniwala sa mga Aklat

Kinakailangang maniwala sa kabuuan na si Allah ay nagpababa ng mga banal na aklat sa Kanyang mga propeta at Kanyang mga sugo upang linawin ang Kanyang karapatan at upang mag-anyaya sa pagsamba sa Kanya lamang. Naniniwala tayo sa detalye sa mga aklat na binanggit mismo ni Allah ang mga pangalan gaya ng Tawrāh, Zabūr, Injīl[117] at Qur'ān.

Ang Qur'ān ang pinakamainam sa lahat ng mga banal na Aklat at ang pangwakas sa lahat. Ito ang tagapangalaga sa mga naunang aklat at ang nagpapatotoo sa mga iyon. Ito ang kailangang sundin at isapatakaran ng sambayanang Muslim, kalakip ng mga Sunnah[118] na napatotohanang mula sa Sugo (SAS) sapagkat ipinadala ni Allah ang Kanyang Sugo na si Muhammad (SAS) bilang Sugo sa lahat ng jinni at tao. Ibinaba Niya sa kanya ang Qur'ān upang siyang humatol sa kanila at ginawa Niya ito na lunas sa mga puso, tagapagbigay-linaw sa bawat bagay, patnubay, at awa para sa mga nilalang, gaya ng sinabi Niya[119]: **"At ito ay pinagpalang Aklat na Aming ibinaba, kaya sundin ninyo ito at mangilag kayong magkasala nang harinawa'y kaawaan kayo."** Sinabi pa Niya[120]: **"...At ibinaba Namin sa iyo ang Aklat bilang tagapagbigay-linaw sa bawat bagay, patnubay, awa, at nakalulugod na balita para sa mga Muslim."**

---

[114] Qur'an 41:30-31
[115] Qur'an 40:7-9
[116] Qur'an 2:161
[117] Ang Tawrāh, ang Zabūr at ang Injīl ay ang mga pangalan sa wikang Arabe ng mga orihinal na aklat na ipinahayag ng Diyos kina Propeta Moises, Propeta David at Propeta Jesus (Sumakanila ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah), alinsunod sa pagkakasunod-sunod. Ang *Penatateuch* sa Matandang Tipan ng Bibliya ng mga Kristiyano o ang Torah ng mga Hudyo, na sinasabing ipinahayag kay Moises; ang Salmo (*Psalms*) sa Matandang Tipan, na sinasabing ipinahayag ka David ngunit ayon naman sa ilang mga eskolar ng Bibliya ay hindi lamang si David ang sumulat; at ang Bagong Tipan sa kabuuan, ang mga Evangelio ayon kina Mateo, Marcos, Lucas at Juan, ang mga sulat ni Pablo at iba pang aklat sa Bagong Tipan; ang lahat ng mga ito ay hindi kinikilala ng Islam na siyang mga **orihinal** na aklat na ipinahayag ng Diyos kina Moises, David at Jesus. Ang Tagapagsalin. Sulaiman Idris Alojado.
[118] Ang Sunnah, na may malaking titik na **S**, ay tumtukoy sa kung ano ang sinabi, ang ginawa at ang sinang-ayunan ng Propeta Muhammad (SAS). Ang sunnah naman, na may maliit na titik na **s**, ay tumutukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil ayon sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnah ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa.
[119] Qur'an 6:155
[120] Qur'an 16:89

**Ang mga kasulatang ito ay ang mga sumusunod:**

1. "Katotohanan! Ito ay nasa mga naunang Kasulatan, Ang Kasulatan. ***Suhuf*** kay Abraham at kay Moses." (Surah A'laa 87:19)
2. *"Katotohanan, aming ibinaba ang Taurat **(Torah)** kay Moses, napapaloob dito ang Gabay at Liwanag."* (Surah Al Maidah 5:44)
3. *At kay David, Aming ibinigay ang Zabur **(Psalmo)**"* (Al Isra 17:55)
4. *"At sa kanilang mga bakas, Aming ipinadala si Hesus, na Anak ni Maria, nagpapatunay sa pagkauna ng Torah, at Aming ibinigay sa kanya (Hesus) ang Injil **(Ebanghelyo),** na Patnubay at Liwanag at nagpapatunay na mas naunang dumating ang Torah, gabay at payo sa mga banal (relihiyoso.)"* (Surah Al Maidah 5:46)
5. *"Ipahayag (O Muhammad) Ano ang bagay na pinakamalaking saksi? Sabihin, Ang Allah ang Siyang saksi sa pagitan natin (ako at kayo); Ang **Qur'an** na ito ay ipinahayag sa akin upang kayo ay aking bigyan ng babala at kahit kaninuman makarating."* (Surah Al Anam 6:19)

## 4. Ang Paniniwala sa mga Sugo

Kinakailangang maniwala sa mga Sugo, sa kabuuan at sa detalye. Naniniwala tayo na si Allah ay nagsugo sa Kanyang mga lingkod ng mga sugo bilang mga tagapaghatid ng nakalulugod na balita, mga tagapagbabala, at mga tagapag-anyaya sa katotohanan. Ang sinumang tumugon sa kanila ay magtatamo ng kaligtasan at ang sinumang sumalungat sa kanila ay masasadlak sa kabiguan at pagsisisi. Ang pangwakas at pinakamainam sa lahat ng mga Sugo ay ang ating Propeta na si Muhammad (SAS), gaya ng sinabi ni Allah[121]: **"At talaga ngang nagsugo Kami sa bawat kalipunan ng sugo na *nagsasabi*: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang diyus-diyosan."..."** Nagsabi pa Siya[122]: **"Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyong mga kalalakihan, subalit siya ang Sugo ni Allah at ang pangwakas sa mga Propeta."**

Ang sinuman sa kanila na binanggit ni Allah ang pangalan o napatunayang binanggit ng Sugo ni Allah (SAS) ang pangalan ay paniniwalaan natin sa detalye at nang tiyakan, tulad nina Noah, Hūd, Sālih, Abraham at iba pa—ang pinakamainam na pagpapala at pinakadalisay na pagbati ay makamit nilang lahat at ng ating Propeta.

Ang salitang nabi (Prophet) ay salitang Arabe na hango sa salitang **'naba'** na ang ibig sabihin ay **"Balita"**. Si Propeta Muhammad ay tinawag na Nabi sa utos na rin ni Allah at sabihin kung ano ang ipinag-utos ni Allah na dapat gawain.

Ang kahulugan ng Rasool (Mensahero) ang salitang **"rasool"** ay nagmula sa salitang **"irsaal"** na ang ibig sabihin ay mag-utos. Kung ikaw ay nagpadala ng isang tao sa isang misyon siya ay matatawag na rasool. Ang salitang rasool ay maaari ding gamitin sa taong ipinadala upang kumpirmahin ang batas na ipinadala bago pa sa kanya. At ang kabuuang mensahero at Propeta ni Allah ay humigit kumulang sa 124,000 ang bilang.

Ang maniwala sa mga sugo at mensahero ni Allah ay isang basikong simulaing pananampalataya ng mga Muslim. Sinabi ni Allah sa banal na Qur'an: "O kayong mga naniwala! Manampalataya kay Allah at (maniwala) sa Kanyang Sugo (Muhammad), at sa Aklat, na ipinanaog Niya sa Kanyang Sugo, at sa Kasulatan na Kanyang ipinanog ng una (pa sa kanya) at sinuman ang hindi manampalataya kay Allah (at maniwala) sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga aklat, sa Kanyang mga Sugo, at sa Huling Araw, kung gayon, katotohanang siya ay napaligaw ng malayo."[123]

**Ang dalawampu't limang Propeta at Sugo na nabanggit sa Qur'an:**

1. **Adan** – ang ama ng sangkatauhan
2. **Enoch** (Idrees) – ang unang taong isinugo bilang Propeta
3. **Noah** (Nuh) – ang propeta sa makasaysayang dilubyo (baha)
4. **Hud** – ang sugo ng mga tao sa Ad na naninirahan sa Ahqaaf
5. **Saleh** – ang ipinadala kay Thamood ng Al Hijri
6. **Abraham** (Ibrahim) – ang ama ng mga Propeta na binigyan ng kapahayagang Suhuf
7. **Lot** (Lut) – ang sugo para sa Sodom at Gomora
8. **Ismael** (Ismail) anak ni Abraham kay Hagar at isinugo sa Jurhum, Ismalekites, Yemenites at sa iba pang mga Arabo.

---

[121] Qur'an 16:36
[122] Qur'an 33:40
[123] Qur'an 4:136

9. **Isaac** (Is'haq) - ang anak ni Abrahan kay Sarah
10. **Jacob** (Ya'cub) Israel
11. **Joseph** (Yusuf) anak ni Jacob kay Rahil (Rachel) na itinapon sa balon ng kanyang mga kapatid sa ama at naging hari ng Ehipto.
12. **Shuaib** (Jetroh) isinugo sa mga tao ng Midian
13. **Job** – Ayub
14. **Dhul –Kifl** – isinugo sa mga tao ng Damascus at mga nasasakupang lugar sa Syria
15. **Moises** (Musa) – anak ng Israel at pinagkalooban ng Torah (ang mga Kautusan)
16. **Aaron** (Harun) anak ng Israel at kapatid ni Moises
17. **David** (Dawood)–anak ng Israel at pinagbigyan ng Zabur (Psalmo)
18. **Solomon** (Sulaiman) anak ng Israel
19. **Elias** (Ilias)
20. **Elisha** (Yas'aa)
21. **Jonah** (Yunus) ang sugo para sa mga tao ng Niniveh at tinawag na **Dhun-Nun** (ang hari ng mga isda)
22. **Zachariah** (Zajariyya – anak ng Israel
23. **John** (Yahya) – anak ng Israel
24. **Jesus** (Eisa) anak ng Israel at ipinahayag ang Injeel (Mabuting balita)
25. **Muhammad** – ipinadala sa buong sangkatauhan at ipinahayag ang Qur'an

Ang hindi paniniwala sa isa sa mga Propeta at Mensahero ni Allah ay pagtatakwil sa kabuuan ng mga ito; sapagkat sila ay naghahatid ng isang Mensahe; na tumatawag sa iisang relihiyon; at ang nagsugo sa kanila ay iisa. Sapagkat sila ay iisa ng layunin ang nauna sa kanila ay ipinahahayag ang susunod na darating at ang mga katuruan at kautusang ipinahayag ng nauna sa kanila ay binibıgyang kompirmasyon.

**Sila ay binigyan ng tungkulin at misyon kagaya ng mga;**

1. Ipahayag ang mensahe ng mahusay.
2. Tawagin ang mga tao tungo kay Allah.
3. Nagbibigay ng mabuting balita at babala.
4. Nagtutuwid at naglilinis sa puso ng isang tao.
5. Itinutuwid ang maling kaisipan at huwad na paniniwala
6. Nagbibigay na matibay na ebidensiya.
7. Nag-uutos ng mga gawain ng mga nasasakupan.

Ang pagiging Propeta ay isang banal na biyaya na nagmula kay Allah na hindi kayang mapasakanya sa pamamaraang paghahangad o umasang ito ay darating sa kanya o pagpupunyagiang ito ay kanyang makamit ng kanyang sarili. Ang rebelasyon (Wahy) ay nangangahulugan ng mabilis, at patagong pakikipagtipan, kahit sa anong uring ito ay mapangyayari. Subalit sa maraming pagkakataon ang rebelasyon (wahy) sa paraan na ito ay ginamit sa Qur'an ay ang patagong pakikipagusap ni Gabriel at minsan ito ay dumadating na parang ibinubulong kay Propeta Muhammad (SAS). Ang paraan ng pagpapahiwatig ng rebelesyan ay may tatlong pamamaraan; **Una,** Ang rebelasyon ay ipinasok sa puso ng isang Propeta na kanyang hinirang. **Pangalawa,** Ang pakikipag-usap ni Allah sa Mensahero ng hindi Siya nakikita nito. **Pangatlo,** Ang rebelasyon sa Mensahero sa pamamagitan ng anghel.

**Ang mga katangian ng isang Propeta at Mensahero.**

1. Hinirang ni Allah na maging Sugo ang tao at hindi ang anghel sapagkat ito ay napakalaking pagsubok.
2. Ito ay isang malaking karangalan na maging isang Sugo ni Allah sapagkat ito ay may napakalaking biyaya at karangalan.
3. Ang mga tao ay may mkakayahang mamuno at mag-utos at mas angkop para sa kanila na maging pinuno at mabuting halimbawa sa tao.
4. Mahirap makita ang mga anghel kung kaya ang mga ito ay hindi hinirang na tagapaghatid ng mabuting balita sa tao, sila ay nagpapakita sa mga piling sugo ni Allah.

Ang pagiging mensahero ay mahirap na tungkulin, dahil sila ay kawangis din ng tao na mayroon pangangatawan at kahinaan subalit sila ay biniyayaan ng kakaibang lakas upang mabata ang anumang–uri ng kahirapan kagaya ng;

- Sila ay tambad sa anumang mabibigat na pagsubok

- Ang mga Propeta ay sumasagupa sa gawing pang-tao
- Sila ay hindi nagtataglay ng kabanalan o di kaya ay mala anghel na katangian
- Ganap ang kanilang pagkatao.
- Ganap ang kanilang pangangatawan.
- Ang kanilang panglabas na kaanyuan ay naiiba sa karamihan.
- Sila ay may perpektong pag-uugali at kaasalan.
- Sila ay nagmula sa mabubuting angkan.
- Tutoong pagpapa-alipin kay Allah.
- Ganap ang kanilang pagkalalaki.

Dahil dito ang mga propeta ay natatangi at kakaiba sa ibang nilalang (tao) sa kanilang kamatayan, sila ay binigyan ng mga rebelasyon (wahy), Hindi nagkakamali, ang kanilang mga mata ay pumipikit upang matulog ngunit hindi ang kanilang puso, sila ay inililibing sa kanilang pinagkamatayan, ang lupa ay hindi kinakain ang kanilang katawan, sila ay buhay sa kanilang libingan.

Ang senyales na pagiging Propeta, sila ay binibigyan ni Allah ng mga milagro at tanda upang ipakita na ang Kaniyang Propeta ay tutoo. Ang pagbibigay balita ng mga nauna sa susunod na darating na Propeta. Ang kanilang pamumuhay at pag-uugali ay kakaiba sa karamihan. Ang nilalaman ng kanilang mensahe. At sila ay may natatangap na tulong at suporta mula kay Allah.

**Ang limang pinakamalakas na Propeta ni Allah;**

- **Nuh** -
- **Ibrahim** – Khalil-ul – allah (kaibigan ni Allah)
- **Musa** – khaleem-ul-allah (ang nakausap ni Allah)
- **Eisa** – Ruh-ul-allah (mula sa ispirito ni Allah)
- **Muhammad** – Habib-ul-allah (ang mahal ni Allah)

## 5. Ang Paniniwala sa Huling Araw

Napapaloob dito ang paniniwala sa lahat ng ipinabatid ni Allah at ng Kanyang Sugo (SAS) tungkol sa mga mangyayari pagkatapos ng kamatayan, gaya ng pagsubok na daranasin ng patay sa loob ng libingan, at pagdurusa o ginhawang daranasin nito sa libingan; at sa mga masasaksihan sa Araw ng Pagkabuhay, gaya ng mga kahila-hilakbot na mga bagay, mga paghihirap, pagtawid sa sirāt,[124] pagtitimbangan ng mga nagawa, pagtutuos, paggagantimpala, at pagbubuklat ng mga talaan ng mga mabuti't masamang gawa sa harap ng mga tao: mayroon sa kanilang kukunin ang kanyang talaan sa pamamagitan ng kanang kamay o kaliwang kamay o hindi kaya'y kukunin mula sa likuran.

Napapaloob din doon ang paniniwala sa hawd[125] na inuman ng ating Propeta na si Muhammad (SAS), ang paniniwala sa Paraiso at Impiyerno, ang pagkakita ng mga Mananampalataya sa kanilang Panginoon, ang pakikipag-usap Niya sa kanila, at iba pang mga nasasaad sa Qur'ān at mga Hadīth na tunay na nagmula sa Sugo ni Allah (SAS). Kinakailangang sampalatayaan at paniwalaan ang lahat ng mga iyon sa paraang ipinaliwanag ni Allah at ng Kanyang Sugo (SAS).

Ang pagdating ng Huling Araw, walang nakakaalam nito, malaiban sa Allah. Ito ay nakatago sa kaalamang hindi Ipinahayag. At ang paniniwala sa Huling Araw ay kabilang sa mga Haligi ng Pananampalatayang sa Islam.

"At itinatanong ka ng mga tao tungkol sa Huling Oras, sabihin mo; **'at ang bagay na ito ay nasa kaalaman lamang ni Allah.**[126] kahit ang kaalaman kung kailan magyayari o magaganap, ang Huling Araw ay hindi ipinaaalam sa kanino mang nilikha, nag-iwan ang mahal nating Propeta ng mga palatandaan nito. Upang ang tao ay maging handa sa araw na yaon. At sa ating pag-aaral na iilan sa mga palatandaan nito, atin itong hinati sa dalawang uri; ang mga maliliit na palatandaan, at ang mga malalaking palatandaan.

Kabilang sa mga maliliit na palatandaan ay ang mga sumusunod. Maging handa dahil ang ilan sa kanila ay naganap na, at ang iba ay kasalukuyang nagaganap.

---

[124] Ito ay daang manipis pa sa buhok at matalas pa sa espada na itatayo sa ibabaw ng Impiyemo at dadaanan ng mga tao.

[125] Ang hawd ay ang lawa ng Propeta (SAS). Hindi na mauuhaw kailanman ang sinumang makainom doon.

[126] Qur'an 33:63

1. Ang Pagdating ni Propeta Muhammad at ang Kanyang pagpanaw. (Hadith: "Ako ay ipinadala at ang huling oras ay tulad nito, (dalawang daliring magkadikit)
2. Ang Pagsakop at pagbukas ng Bait Al Maqdis.
3. Isang peste na kikitil sa maraming Muslim. (Naganap noong 18H na kung saan 25,000 Muslim ang namatay
4. Pagdami ng kayamanan.
5. Ang pagpatay kay Uthman at ang pagkawatakwatak ng mga Muslim. (naganap pagkatapos na masakop ang Jerusalem)
6. Ang digmaan ng Al-Jamal (naganap pagkatapos ng pagpanaw ng Propeta Muhammad)
7. Ang apoy na nanggaling sa Hijas (naganap noong 654H)
8. Ang pakikidigma laban sa mga Turko. Hadith: *"Hindi darating ang Huling Oras hangga't hindi ninyo nakakalaban ang mga Turko, mga tao na singkit ang mga mata, mapula ang kanilang mga mukha at pango ang kanilang mga ilong, ang kanilang mga mukha ay katulad ng panangga na binalutan ng balat. Hindi darating ang huling oras hangga't hindi ninyo nakakalaban ang mga tao na ang kanilang mga sapatos ay gawa sa buhok."* Ito ay naganap noong taong 655 Hijra, na kung saan bumagsak ang Baghdad sa kanilang mga kamay."
9. Labis na pagpatay at pagdanak ng dugo. Hadith: "Sa Kanya na may hawak ng aking kaluluwa, darating sa mga tao ang panahon na kung saan hindi alam ng tao kung bakit siya pumatay at hindi rin alam ng tao kung bakit siya pinatay."
10. Ang panggagaya ng mga Muslim sa mga kaugalian ng mga hindi Muslim.
11. Ang paglitaw ng mga kababaihang nakadamit ngunit sa pakiwari sila ay nakahubad. Hadith: "Dalawang tao ang papasok sa Impiyerno; siya ay may latigo tulad ng buntot ng baka na ginagamit sa panlatigo sa mga tao. At ang mga babaing nakahubad kahit naka damit, na sila ay papunta ng maling landas at nang-aakit ng iba tungo sa maling landas at ang kanilang mga buhok ay tulad ng umbok ng kamelyo. Ang ganitong mga kababaihan ay hindi makakapasok sa Paraiso, ni malalanghap ang amoy nito, kahit na ang halimuyak ng Paraiso ay makakarating sa mga malalayong lugar."
12. Ang mga babaing alipin ay magsisilang ng anak mula sa kanyang amo. Hadith: "Nagtanong si Anghel Gabriel kung ano ang palatandaan ng Huling Oras. At ang sagot ng Propeta; "Kapag ang aliping babae ay nagsilang ng anak mula sa kanyang amo, kapag ang mga nakapaa at ang mga kawawang pastol sa disyerto ay magpapaligsahan o mag-uunahan sa pagpapatayo ng mga matataas na gusali."
13. Ang mga pastol na nasa disyerto ay magpapaligsahan sa paggawa o pagpapatayo ng mga matataas na gusali.
14. Ang pagbati ng salam o Kapayapaan ay magiging limitado sa mga kakilala lamang.
15. Ang paglaganap ng pangangalakal at negosyo. Hadith: Sa paglapit ng Huling Oras, ang pagbati ng Salam ay magiging limitado sa mga kilala lamang. Magiging laganap ang pangangalakal, na ang asawang babae ay uutusan ang kanyang asawa na mangalakal para sa kanya. Ang pagputol ng relasyon sa mga kamag-anak, pagbibigay ng maling pahayag, pagtatago ng ebidensiya, at ang paglitaw ng mga istilong kaligrapiko.
16. Ang pangkabuhayan ay manggagaling sa kadudadudang pinanggalingan. Hadith: "Darating sa mga tao ang panahon na kung saan hindi na pinakiki-alaman ng tao kung saan galing ang kanyang pera, sa halal (hindi ipinagbabawal) man o sa haram (ipinagbabawal).
17. Ang pangkabuhayan ay sa pamamagitan ng Usorio o patubuan.
18. Ang pangangalunya ay darami. Hadith: "Kabilang sa Palatandaan sa Huling Oras: mababawasan ang kaalaman, lilitaw ang kamangmangan, lilitaw ang pangangalunya, darami ang bilang ng kababaihan at kakaunti ang bilang ng mga kalalakihan, na ang 50 na bilang ng mga babae ay isang lalaki lamang ang titingin sa kanilang mga kalagayan."
19. Ang kaalamang pang-relihiyon ay unti-unting mawawala.
20. Magiging mabilis ang takbo ng panahon. Hadith: "Hindi darating ang Huling Oras hangga't hindi bumibilis ang takbo ng panahon. Ang isang taon ay parang isang buwan, ang isang buwan ay parang isang linggo, at ang isang linggo ay parang isang araw, at ang isang araw ay parang isang oras, ang isang oras ay parang pagsunog ng dahon ng palmera."
21. Ang lupa ng Arabia ay magkakaroon ng mga berdeng mga pananim, halaman at mga ilog.

22. Ang mga panaginip ng mga mananampalataya ay magkakatotoo. Hadith: "Kapagpapalapit na ang Huling Oras, ang mga panaginip ng mga mananampalataya ay halos nagkakatotoo, at ang panaginip ng isang mananampalataya ay 46 na bahagi ng pagka-propeta, at anuman ang nanggaling sa pagka-propeta ay hindi maaaring hindi totoo."
23. Kakalabanin ng mga Muslim ang mga Hudyo at papatayin nila ang mga ito. Hadith: "Kakalabanin ninyo ang mga Hudyo at magwawagi kayo. At ang mga bato ay magsasabi: 'Mulsim, may Hudyo sa likuran mo; patayin mo."
24. Ang paglitaw ng politeismo sa lugar ng mga Muslim.
25. Ang mga nasyon ay magsasama-sama laban sa Islam.
26. Ang pagdami ng mga Romano.
27. Ang pagsakop ng Roma at ng Constantinopol.
28. Isang tao na lilitaw sa tribo ng Qahtan. Hadith: "Hindi darating ang Oras hangga't hindi dumarating ang tao mula sa tribo ng Qahtan na kanyang pangungunahan ang mga tao sa pamamagitan ng kanyang tungkod."
29. Paglitaw ng mga kaguluhan sa Silangan.
30. Ang labis na paggamit ng mga Musikal na instrumento. Hadith: "Sa huling panahon, ang mga maling bintang sa mga kawalang dangal, pagkakalat ng maling kuwento, at metamorposio (magiging unggoy at baboy ang ilan sa mga tao). Tinanong ang Propeta kung kailan ito. Kapag lumaganap ang musikal na instrumento at lumitaw ang mga babaing mang-aawit."
31. Pagkawala ng matutuwid na mananampalataya.
32. Ang matandang lalaki ay magpupumilit na bumata.
33. Ang pagdami ng mga bilang ng mga kababaihan at pag-unti sa bilang ng mga kalalakihan.
34. Ang madalas na paglindol. Hadith: "Hindi darating ang Oras hangga't hindi nagiging madalas ang paglindol."
35. Ang pagpapadala ng masarap na hangin na kikitil sa mga buhay ng mga Muslim."
36. Ang pagwasak ng Ka'bah. Hadith: "Ang mga payat na paa na manggagaling sa Etiopia ang magwawasak ng Ka'bah.

## Mga Malalaking Palatandaan ng Huling Araw.

1. Ang pagdating ng Al Mahdi – Kabilang sa mga Palatandaan ng ang Huling Araw ay malapit na malapit na, ay ang pagdating ng Al-Mahdi. Siya ay isang tao na ang kanyang pangalan ay Muhammad bin Abdullah, kapangalan siya ng mahal na Propeta (sas). Siya ay mula sa pamilya ni propeta Muhammad (sas) at darating siya bago bumaba si Jesus (as) sa mundo. Kakalabanin niya ang kasamaan at magwawagi at mamumuno. Pupunuin niya ang mundo ng katarungan.
2. Ang pagdating ng Anti-Kristo (Dajjal) Hadith: "Walang ibang lilikhain na magdudulot ng kasamaan na mas malala pa sa Dajjal sa pagitan ng paglikha kay Adan (as) at sa Huling Oras." Ang Dajjal ay darating sa huling panahon.

   Ang ilan sa kanyang katangian ay;

   i. Bulag ang kanang mata na parang niluwang ubas
   ii. Nakatatak na K.F.R (kafir) sa kanyang noo. Na ang makakabasa lamang nito ay ang mga nananampalataya.
   iii. Pandak
   iv. Malabo ang paningin
   v. Malaki (mataba) ang kanyang katawan.
   vi. Mapula-pula ang kanyang balat.
   vii. Kulot ang kanyang buhok.
   viii. Wala siyang anak
   ix. Hindi siya makakapasok sa Makkah at Maddinah
   x. Madaling mairita at magalit.

   Ang sabi ng Propeta (sas): "Siya ay lalabas sa daan sa pagitan ng Syria at Iraq at sisirain ang kanan at kaliwa. O alipin ni Allah, magiging matatag ka." Siya ay magtatagal sa mundo sa loob ng 40'ng araw, Ang isang araw ay tulad ng isang taon, at ang isang araw ay tulad ng isang buwan, at ang isang araw ay tulad ng isang lingo, at ang natitirang araw ay ordinaryong araw. Siya ay maglalakad sa mundo na parang ulap na tinutulak ng

hangin, lahat ng sulok at kabuuan ng mundo ay kanyang mapupuntahan at masusubukan ang mga tao, maliban lamang sa Makkah at Madinah. Siya ay may kakaibang kapangyarihan na ipinahintulot ni Allah. At sasabihin niyang siya ang Diyos, uutusan niya ang langit na umulan at tutubo ang mga halaman, uutusan niya ang lupa na maglabas ng lahat ng kayamanan, ang mga hayop ay magbibigay ng maraming gatas, kanyang ipakikita ang magandang hardin, ngunit ito pala ay apoy, kanyang ipakikita ang apoy, ngunit ito pala ay hardin. Papatay siya ng tao at muli niya itong bubuhayin. Lahat ng mga ito ay mga pagsubok sa tao, kung maniniwala sila at sasamba sa Dajjal. Ito ang pinaka-malaking pagsubok sa kasaysayan ng mundo. Marami ang susunod at maniniwala sa kanya, ngunit ang mga mananampalataya ang makakakilala at makakaiwas sa kanya. Sa pagdating ni Propeta Jesus (as), sila ay magpapang-abot sa malapit sa mga pintuan ng Jerusalem, at papatayin niya ang Dajjal. Na ngayon ay isang paliparan sa Palestine.

3. Ang pagdating ni Propeta Jesus. Hadith: Sinabi ng propeta (sas) "Walang Propeta sa pagitan ko at niya, at siya ay bababa at makikilala ninyo siya, katamtaman ang kanyang tangkad, mapula-pula ang kanyang kulay, nakasuot ng dalawang mala-dilaw na damit na parang may pumapatak na tubig sa kanyang buhok kahit na ito ay hindi basa. Makikipaglaban siya para sa Islam. Babaliin niya ang mga Krus, papatayin niya ang mga baboy, at papawalang bisa niya ang jizya. Gagawin ni Allah na mawala ang lahat ng relihiyon maliban sa Islam. Papatayin niya ang Anti-Kristo (Dajjal). At siya ay mabubuhay ng apatnapung (40) taon sa mundo at mamamatay. At ipagdarasal siya ng mga Muslim. Siya ay bababa na nakapatong ang kanyang kamay sa mga pakpak ng dalawang anghel sa puting minaret ng mosque sa silangang bahagi ng Damascus, magdarasal siya kasama ng mga Muslim. Ang kanyang halimuyak ay kikitil sa sinumang hindi mananampalataya na makakaamoy nito. At ang kanyang hininga ay makakaabot hanggang sa kanyang natatanaw. Wawasakin niya ang mga krus at sasabihing hindi siya dapat sambahin at siya ay mabubuhay ayon sa Islam.
4. Gog at Magog
   Sila ang mga grupo ng tao na nakakulong sa gitna ng bundok na natatakpan ng makapal na bakal, tulad ng Sabi sa Qur'an. *Sila ngayon ay nabubuhay na at nagpupumilit na makalabas sa bakal na iyon.* At kapag malapit na ang oras ay pahihintulutan na ni Allah na sila ay makalabas mula dito. At kapag nakalabas na sila, maghahasik sila ng kaguluhan sa lahat ng sulok ng mundo. Kanilang wawasakin ang anumang maaayos na bagay. Papatay sila ng marami. At kapag nawasak na nila ang lahat ng nasa lupa, papanain nila ang mga nasa kalangitan, na kung saan ay ibabalik sa kanila ang kanilang mga pana. At mananalangin si Propeta Jesus (as) at ang kanyang mga kasamahan kay Allah. Si Allah ay magpapadala ng mga insekto sa mga Gog at Magog, at sa una ay mamamatay silang lahat. At ang buong lupa ay halos matakpan ng kanilang mga bangkay, at magdarasal muli si Propeta Jesus (as) at magpapadala si Allah ng mga ibon na magbibitbit ng kanilang mga bangkay at itatapon kung saan naisin ni Allah.
5. Ang pagsikat ng Araw mula sa kanluran. Hadith: *"hindi darating ang Oras hangga't hindi sumisikat ang araw sa kanluran, at kapag nakita ito ng mga tao, kahit na sila ay maniwala at magbalik-loob, ito ay wala ng saysay. Hindi na makapagbibigay ng kabutihan maliban samga may pananampalataya bago nito o walang nagawang kabutihan sa kanyang pananampalataya."*
6. Ang paglabas ng mga hayop sa lupa at kakausapin nito ang mga tao.
7. Ang pagkawala ng Qur'an at ang pagbaliwala sa Islam at ang pagbalik ng mga tao sa pagsamba sa mga diyus-diyosan.
   - **Hadith:** "Hndi magaganap ang oras hangga't may nagsasabi ng: "Allah, Allah."
   - **Hadith:** "Si Allah ay magpapadala ng hangin mula sa bahagi ng Yemen na mas makinis pa sa seda, at ang lahat ng mananampalatayang makakamoy nito ay mamamatay kahit na kasing bigat ng alikabok na pananampalataya. At ang mga maiiwan sa mundo ay ang mga masasamang tao, pinakamasama at immoral na tao. At sa kanila ay darating ang Huling Oras."
8. Isang apoy ang lilitaw at magdadala sa mga tao sa lugar ng pagtitipon.
   - **Hadith**: "Isang apoy ang lilitaw mula sa Hadaramawt bago dumating ang Oras, na magdadala sa mga tao sa lugar ng kanilang pagtitipon."

At pagkatapos nito ay itatayo na ang Oras. Ang Huling Oras ay magaganap na. Ang lahat ng ito ay ipinahayag ni Propeta Muhammad (saw) 1400 taon na ang nakalipas, patunay lamang sa pagiging totoo ng kanyang pagka propeta (saw)

## 6. Ang Paniniwala sa Tadhana at Pagtatakda

**Ang paniniwala rito ay naglalaman ng apat na sangkap:**

1. ***Ang Kaalaman* (AL-ILM).** Na alam ni Allah ang anumang nangyari, ang anumang nangyayari at ang anumang mangyayari. Alam Niya ang mga kalagayan ng Kanyang mga lingkod, ang mga makakamit na biyaya nila, ang mga taning sa kanilang buhay, ang kanilang mga gawa, at ang iba pang mga may kaugnayan sa kanila: walang nakalingid sa Kanya na anuman mula sa mga iyon, gaya ng sinabi Niya: **"...Tunay na si Allah sa bawat bagay ay Nakaaalam."**[127]
2. ***Ang Pagsulat* (AL-KITAABAH).** Ipinasulat ni Allah ang lahat ng itinakda at itinadhana Niyang mangyari, gaya nga ng sinabi Niya: **"...At ang lahat ay itinala Namin sa aklat na naglilinaw."(Al-lauh-Al-Mahfuz)**[128]
3. ***Ang Kalooban* (AL-MASHEE'AH).** Maniniwala sa nangingibabaw na kalooban ni Allah: ang anumang niloob Niya ay mangyayari at ang anumang hindi Niya niloob ay hindi mangyayari, gaya nga ng sinabi Niya: **"Ganyan si Allah, ginagawa Niya ang anumang niloloob Niya."**[129]
4. ***Ang Paglikha* (AL-KHALAQ).** Nilikha Niya ang lahat ng mga umiiral; wala nang tagapaglikha na iba pa sa Kanya at wala nang Panginoon maliban pa sa Kanya, gaya ng sinabi Niya): **"Iyan si Allah, ang inyong Panginoon: walang Diyos kundi Siya, ang Tagapaglikha ng bawat bagay; kaya sambahin ninyo Siya, at Siya ang Tagapangalaga ng bawat bagay."**[130]

**Ang Dalawang Uri ng Qadar**

1. **Iradah Kawniyah** – ang pagkatakda ng lahat ng bagay
2. **Iradah Shar'iya** – Ang pagpapasya na batay sa batas ni Allah (ta'ala)

Ayon sa Saheeh Muslim # 6390 Isinalaysay ni Abdullah bin Masud na sinabi ng Sugo ni Allah na pinaka matapat (sa lahat ng mga nilikha): Katotohanan ang iyong Kalikhaan ay may katalinuhan. Ang mga tao ay kanyang nilikha ng apatnapung araw sa sinapupunan ng kanyang ina sa pamamagitan ng dugo, at pagkatapos nito ito ay nagging namuong dugo sa panibagong apatnapung araw. Pagkatapos ito ay naging parang isang lamad at pagkatapos ng apatnapung araw ipinadala ni Allah ang Kanyang anghel at inutusan ito hinggil sa apat na bagay kung kaya isinulat ng anghel ang **kanyang kabuhayan, ang kanyang kamatayan, ang kanyang mga gawa, at tagumpay at kasawian. Pagkatapos na utusan ni Allah na isulat ng ballpen o panulat ang lahat na magaganap ito ay natuyo.** Ang Panulat ay nilikha 50 taon bago likhain ang sangkatuhan. Isinalaysay ni Abdullah bin Amarbin Al-Aas winika ng Propeta (sas): Isinulat na ni Allah ang lahat ng kanyang kagustuhan hinggil sa kalidad ng Kanyang nilikha 50 taon bago pa likhain ang langit at lupa". Saheeh Musoim 6416.

## Ang mga Nakalalabag sa Islam.

Maaaring matalikod ang isang Muslim sa kanyang Relihiyon sa pamamagitan ng maraming uri ng mga bagay na Nakalalabag sa Islam. Kabilang sa pinakamapanganib at pinakamadalas na mangyari sa mga ito ay ang sampung ito:

1. **Ang Shirk o Pagtatambal kay Allah.** Nagsabi Siya: **"...Tunay na ang sinumang magtambal kay Allah ay ipinagkait na ni Allah sa kanya ang Paraiso at ang magiging tuluyan niya ay ang Impiyerno. At mawawalan ang mga Lumalabag sa katarungan ng mga tagatulong."**[131] Kabilang din sa Shirk ang pananalangin sa mga patay na, ang pagpapasaklolo sa kanila, ang pamamanata sa kanila, at ang pag-aalay sa kanila.
2. **Ang gumagawa ng mga tagapagitna (*intermediary*) sa pagitan niya at ni Allah—** pinananalanginan ang mga ito, hinihilingan ang mga ito ng Pamamagitan (*intercession*) at inaasahan ang mga ito—ay naging Kāfir na.

---

[127] Qur'an 8:75
[128] Qur'an 36:12
[129] Qur'an 3:40
[130] Qur'an 6:102
[131] Qur'an 5:72

3. **Ang hindi nagturing na mga Kāfir ang mga Mushrik** o nag-alinlangan sa pagiging Kāfir nila o nagtuturing na tama ang kanilang paniniwala ay naging Kāfir na.
4. **Ang naniwala na ang patnubay ng iba pa sa Propeta (SAS) ay higit na perpekto kaysa sa patnubay nito,** o ang hatol ng iba pa rito ay higit na magaling kaysa sa hatol nito, siya ay isa nang Kāfir. Iyan ay katulad ng naniniwala na ang mga patakaran at ang mga batas na ginawa ng mga tao ay mainam pa kaysa sa Batas ng Islam, o na ang patakaran ng Islam ay hindi naaangkop na ipatupad sa panahon ngayon, o na ito ang isang dahilan ng di-pagsulong ng mga Muslim, o na lilimitihan na lamang ang Islam sa ugnayan sa pagitan ng tao at kanyang Panginoon at hindi na ito manghihimasok pa sa ibang mga aspeto ng buhay, o na naniniwalang ang pagpapatupad sa patakaran ni Allah kaugnay sa pagpuputol ng kamay ng magnanakaw o pagbabato sa mangangalunyang may-asawa o dating may-asawa ay hindi nababagay sa panahon ngayon.

   Napapaloob din dito ang paniniwalang ipinahihintulot na humatol nang hindi ayon sa Batas ni Allah kaugnay sa mga mu'āmalah[132] o kaugnay sa pagpataw ng mga kaparusahan at iba pa, kahit pa man hindi maniwalang iyon ay mainam pa kaysa sa Batas ng Islam sapagkat sa pamamagitan niyon ay itinuring nang ipinahihintulot ang ipinagbawal ni Allah. Ang bawat isang nagtuturing na ipinahihintulot ang ipinagbawal ni Allah, siya ay isang Kāfir.
5. **Ang nasusuklam sa anuman sa katuruang ihinatid ng Sugo (SAS), kahit pa man ginagampanan niya ito, ay naging Kāfir na.** Nagsabi si Allah: **"Iyan ay sapagkat sila ay nasuklam sa ibinaba ni Allah kaya naman pinawalang-kabuluhan Niya ang kanilang mga gawa."**[133]
6. **Ang nangungutya sa anuman sa Relihiyon ng Sugo (SAS) o sa gantimpala o sa kaparusahan nito** ay naging Kāfir na. Nagsabi si Allah: **"...Sabihin mo: "Kay Allah, sa Kanyang mga Kapahayagan, at sa Kanyang Sugo ba kayo nangungutya? Huwag na kayong magdahilan; tumalikod na kayo sa pananampalataya pagkatapos ng pananampalataya ninyo...."**[134]
7. **Ang panggagaway.**[135] Ang nagsasagawa nito o tumatangkilik dito ay naging Kāfir na. Sinabi ni Allah: **"...Ngunit hindi nagtuturo ang dalawang ito sa sinuman hangga't hindi sinasabi ng mga ito: "Kami ay tukso lamang, kaya huwag kang tumalikod sa pananampalataya."..."**[136]
8. **Ang pagkampi at ang pakikipagtulungan sa mga Mushrik laban sa kapwa mga Muslim.** Nagsabi si Allah: **"...At ang sinuman sa inyong gagawing tagatangkilik sila, tunay na siya ay kabilang na sa kanila. Tunay na si Allah ay hindi nagpapatnubay sa mga taong Lumalabag sa katarungan."**[137]
9. **Ang naniniwala na may mga tao na maaaring hindi masaklawan ng Batas na ipinahayag kay Muhammad (SAS),** siya ay Kāfir na sapagkat ang sabi ni Allah: **"At ang sinumang maghahangad ng iba pa sa Islam bilang relihiyon, hindi matatanggap iyon sa kanya; at siya sa Kabilang-buhay ay mapabibilang sa mga talunan."**[138] Hindi pinahihintulutan ang sinumang inabot ng mensahe ni Propeta Muhammad (SAS) na sumunod sa batas ng iba pa sa kanya o maniwalang ang kaligtasan ay nasa pagsunod sa pamamaraan na iba pa sa kanyang pamamaraan.
10. **Ang pag-ayaw sa Relihiyon ni Allah**(Islam): hindi pinag-aaralan ito at hindi kumikilos ayon sa mga katuruan nito sapagkat ang sabi ni Allah: **"At sino pa ang higit na lumalabag sa katarungan kaysa sa kanya na pinaalalahanan na hinggil sa mga kapahayagan ng kanyang Panginoon at pagkatapos ay inayawan pa niya ang mga ito? Tunay na Kami, sa mga sumasalansang, ay maghihiganti."**[139] Iyan ay sa pamamagitan ng pag-ayaw na matutunan ang pangunahing katuruan ng Islam na sa pamamagitan nito ang tao ay nagiging Muslim. Hindi ibig sabihin nito na obligadaong pag-aralan ang lahat ng detalye ng Islam.

---

[132] Ang mu'āmalah ay ang anumang gawaing ginagawa ng mga tao sa pagitan nila tulad halimbawa ng pagtitinda at pagbili, pangungutang at pagpapautang, paghingi at pagbibigay, pagpapamana at pagmamana at iba pang tulad nito.

[133] Qur'an 47:9

[134] Qur'an 9:65-66

[135] Ang panggagaway o siẖr sa wikang Arabe ay ang anumang gawaing gumagamit ng karunungang itim o nagpapatulong sa mga jinn o mga masamang espiritu o mga maligno. Ang mga taong maituturing na nagsasagawa ng panggagaway ay ang mahikero, albularyo, mangkukulam, *faithhealer*, mangagayuma, manghuhula, at iba pang maituturing na kabilang sa kanila. Subalit hindi lahat ng taong nag-aangkin o tinataguriang mahikero o albularyo o manghuhula ay mga tunay na manggagaway dahil ang iba sa kanila ay wala naman talagang kapangyarihang manggaway; nanunuba lamang sila ng mga uto-uto.

[136] Qur'an 2:102

[137] Qur'an 5:51

[138] Qur'an 3:85

[139] Qur'an (32:22)

Walang pinagkaiba sa lahat ng mga nakalalabag na ito sa pagitan ng taong seryoso o di-seryoso o nagbibiro, maliban na lamang sa napilitan sapagkat wala siyang pananagutan sa ganitong kalagayan.

**PAGSUSULIT BLNG. V.**

PANGALAN: ______ PETSA: ______
PANGALAN NG GURO: ______
LAGDA: ______ MARKA: ______

**I. IBIGAY ANG SAGOT SA BAWAT TANONG.**

**1. Anu-ano ang mga kondisyon sa pagpapahayag ng pananampalataya? (testimony of faith)**

1) ______ 2) ______
3) ______ 4) ______
5) ______ 6) ______
7) ______

**2. Anu-ano ang mga kondisyon sa pagsamba? (ibadah)**

8) ______ 9) ______

**3. Ibigay ang tatlong klase ng politismo.**

10) ______ 11) ______
12) ______

**4. Ano ang dalawang klase ng kufur?**

13) ______ 14) ______

**5. Ibigay ang tatlong Tawheed.**

15) ______ 16) ______
17) ______

**6. Ibigay ang haligi ng Islam ayon sa Pagkakasunod-sunod nito.**

18) ______ 19) ______
20) ______ 21) ______
22) ______

**7. Sinu-sino ang nabanggit na Ulul Al Azmi ng Allah? (Strongest Prophets)**

23) ______ 24) ______
25) ______ 26) ______
27) ______ 28) ______

**8. Ibigay ang pitong wajibat ng Salah.**

29) ______ 30) ______
31) ______ 32) ______
33) ______ 34) ______
35) ______

**9. Magbigay ng halimbawa ng malinis na tubig.**

36) ______ 37) ______
38) ______ 39) ______

**10. Magbigay ng Anim na milagro na ginawa ni Propeta Mohammad (SAS)**

40) ______ 41) ______
42) ______ 43) ______
44) ______ 45) ______

**11. Magbigay ng anim na katangian ni Propeta Mohammad (SAS)**

46) ______ 47) ______
48) ______ 49) ______
50) ______ 51) ______

## II. PUNAN ANG PATLANG

_______________ 1. Sa anong taon ipinanganak si Propeta Mohammad (SAS)?
_______________ 2. Ilang taon si Propeta Mohammad (SAS) ng mamatay si Abdul Muttalib.
_______________ 3. Sino ang babae na nag-aruga sa kay Propeta Mohammad (SAS) sa edad na 2 - 4 na taon?
_______________ 4. Ano ang pangalan ng ama ni Propeta Mohammad (SAS)?
_______________ 5. Sino ang unang nagpasuso kay Propeta Mohammad (SAS) na isang babaing alipin ng kanyang tiyuhin na si Abdul Uzza na kilala bilang Abu Lahab.
_______________ 6. Kilala si Prophet Mohammad (SAS) sa kumunidad bilang?
_______________ 7. Ano ang Al Qariah sa salitang Ingles?
_______________ 8. Sino ang Propeta na tinawag na Habbib-ul-allah?
_______________ 9. Sa Isra wal Miraj, sino ang Propeta ang nagbukas sa unang pintuan ng kalangitan ng kumatok si Anghel Gabriel na kasama si Propeta Mohammad (SAS)?
_______________ 10. Ano sa salitang Arabe ang dalisay na tubig?
_______________ 11. Ano sa salitang Arabe ang maruming tubig?
_______________ 12. Ano ang As-Saa sa salitang Ingles?
_______________ 13. Sino ang tiyuhin ng Propeta Muhammad (SAS) na namatay bilang isang politista.
_______________ 14. Ilang beses nabanggit ang pangalan ni Propeta Mohammad (SAS) sa Banal na Qur'an?
_______________ 15. Sa anong taon ng pagka-Propeta ni Mohammad (SAS) na tinawag na taon ng kapighatian?
_______________ 16. Sino ang Propeta na nagbukas sa ikalimang pintuan ng langit kay Propeta Mohammad (SAS) at Anghel Jibreel?
_______________ 17. Sino ang Tiyuhin ni Propeta Mohammad (SAS) na napatay sa labanan sa Uhud?
_______________ 18. Sino ang pinakamatalik na kaibigan ni Propeta Mohammad (SAS) na tinawag na ang "lalaki ng katotohanan"?
_______________ 19. Sino ang manugang ni Propeta Mohammad (SAS) na nag migrate sa Abysinnia (Utopia) na naging tagapagsalita ng grupo?
_______________ 20. Ilang taon si Umar Bin Khattab ng tummaggap ng pananampalatayang Islam?

## III. ALAMIN. ISULAT LAMANG ANG TITIK SA PATLANG

| | | |
|---|---|---|
| ________ | 1. Kalim ul allah ng Allah | A. Na ipinahayag kay Propeta Mohammad(SAS) |
| ________ | 2. Suhuf (Kalatas) | B. Ang paglalakbay at pagakyat sa langit. |
| ________ | 3. Ilm | C. Ang tiyuhin ng Propeta (SAS) napatay sa labanan sa Uhud. |
| ________ | 4. Injeel (Ebanghelyo) | D. Na ipinahayag kay Propeta Musa (as) |
| ________ | 5. Qur'an | E. Pinakamatalik na kaibigan ng Propeta Muhammad (SAS) |
| ________ | 6. Mikail | F. Nagapi ng mga Mushrik ang mga Muslim |
| ________ | 7. Khadija | G. Ang bilang kung saan ipinapataw ang Zakat. |
| ________ | 8. Zabur (Pslamo) | H. Ang tagapagtanong sa ilalim ng libingan |
| ________ | 9. Junub | I. Ang ugnayan ng Diyos at ng Tao. |
| ________ | 10. Tawrat (Torah) | J. Ang anghel na nakatalaga sa pagpapaulan. |
| ________ | 11. Ang Khalil ul allah | K. Propeta Shuwaib (as) |
| ________ | 12. Malik | L. Na ipinahayag Kay Propeta David (as) |
| ________ | 13. Labanan sa Uhud | M. Na ipinahayag kay Propeta Noah (as) |
| ________ | 14. Halima | N. Hindi pinahihintulutang magdasal kung nagtataglay nito. |
| ________ | 15. Nakir at Munkar | O. Na ang ibig sabihin ay kaalaman |
| ________ | 16. Hamsa | P. Ang mayamang balo |
| ________ | 17. Nisab | Q. Na ipinahayag Kay Propeta Abraham (as) |
| ________ | 18. Dasal | R. Ang nakatalaga sa pintuan ng Impiyerno. |
| ________ | 19. Abu Bakr as Siddiq | S. Na ipinahayag kay Propeta Isa (as) |
| ________ | 20. Isra wa al miraj | T. Ang babaing nag-aruga kay propeta Muhammad (SAS) |

يوم البعث

# ANG KABILANG BUHAY

Ang papuri ay ukol kay Allah. Ang pagpapala at ang pagbati ni Allah ay matamo ng pinakadakila sa lahat ng mga Propeta at mga Sugo, at ng lahat ng kanyang mag-anak at kanyang mga Kasama.

Kabilang sa mga Saligan at anim na Haligi ng Pananampalataya ang paniniwala sa Kabilang Buhay o Huling Araw.[140] Kaya naman ang tao ay hindi magiging Mananampalataya hangga't hindi siya sumasampalataya sa nasasaad sa Aklat ni Allah (Qur'an) at sa mga napatotohanang sunnah[141] ng Sugo (SAS) na nahihinggil sa Araw na iyon. Ang kaalaman hinggil sa Araw na ito at ang madalas na paggunita rito ay mahalaga dahil may malaking impluwensiya ito sa pagiging matuwid ng kaluluwa ng tao, sa pangingilag niya na magkasala, at sa pananatili niya sa Relihiyon ni Allah. Walang nagpapatigas sa puso at nagpapasigla sa paggawa ng mga pagsuway kay Allah na tulad ng pagpapabaya sa paggunita sa Araw na iyon, at sa mga kakila-kilabot na bagay at mga matinding kapighatian sa Araw na iyon, na hinggil doon ay nagsabi si Allah: **"...sa araw na gagawa sa mga bata na ubanin?"**[142] at nagsabi rin Niya: **"O mga tao, mangilag kayong magkasala sa inyong Panginoon! Tunay na ang pagyanig ng Huling Sandali ay kakila-kilabot na bagay. Sa Araw na makikita ninyo ito ay malilimutan ng bawat nagpapasuso ang pinasuso nito at mailalaglag ng bawat may dinadala *sa sinapupunan* ang dinadala nito. At makikita mo ang mga tao na *parang* mga lasing at hindi naman sila lasing, ngunit *dahil sa* ang pagdurusa mula kay Allah ay matindi."**[143]

## Ang Kamatayan

Ang kamatayan ang katapusan ng lahat ng may buhay rito sa mundo. Nagsabi si Allah: **"Ang bawat may-buhay ay makatitikim ng kamatayan...."**[144] Sinabi pa Niya: **"Ang lahat ng sinumang nasa lupa ay malilipol."**[145] Nagsabi naman Siya sa Kanyang Sugo (SAS): **"Tunay na ikaw ay mamamatay at tunay na sila rin ay mga mamamatay."**[146] Samakatuwid, walang isa man sa mga tao ang mabubuhay magpakailan man sa mundong ito. Nagsabi si Allah: **"At hindi Namin ibinigay sa isang tao noong wala ka pa ang Kawalang-kamatayan."**[147]

Ang kamatayan ay tiyak na mangyayari na hindi magagawang pagdudahan. Ngunit sa kabila nito, ang karamihan sa mga tao ay mga pabaya. Kaya kailangang dalasan ng isang Muslim ang pag-aalaala sa kamatayan at paghandaan ito. Kailangan ding magbaon siya ng mabuting nagawa sa mundo para sa kapakanan niya sa Kabilang-buhay bago mahuli ang lahat. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***"Samantalahin ninyo ang limang ito bago dumating ang limang iyon: ang iyong buhay bago dumating ang iyong kamatayan, ang iyong kalusugan bago dumating ang iyong karamdaman, ang iyong panahong walang ginagawa bago dumating ang iyong pagkakaabalahan, ang iyong kabataan bago dumating ang iyong katandaan, at ang iyong yaman bago dumating ang iyong kadalitaan."*** (Musnad al-Imām Aḫmad)

Dapat mong malaman na ang patay ay walang madadala sa kanyang libingan na anumang makamundong pag-aari. Ang matitira lamang sa kanya ay ang nagawa niya. Kaya maging masigasig kang magbaon ng mabuting gawa na sa pamamagitan nito ay matatamo mo ang buhay na walang hanggan at ang kaligtasan sa pagdurusa kung ipahihintulot ni Allah.

Ang taning ng tao ay di-malinaw; walang nakaaalam nito kundi si Allah lamang. Kaya walang isa mang nakaaalam kung kailan siya mamamatay at kung saan siya mamamatay sapagkat ito ay bahagi ng kaalaman hinggil sa Nakalingid na natatanging si Allah ang nakaaalam.

---

[140] Tumutukoy ito sa anumang magaganap pagkatapos ng kamatayan ng tao.

[141] Ang Sunnah, na may malaking titik na S, ay tumtukoy sa kung ano ang sinabi, ang ginawa at ang sinang-ayunan ng Propeta Muhammad (SAS). Ang sunnah naman, na may maliit na titik na s, ay tumutukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil ayon sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnay ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa.

[142] Qur'an 73:17

[143] Qur'an 22:1-2

[144] Qur'an 3:185

[145] Qur'an 55:26

[146] Qur'an (39:30

[147] Qur'an 21:34

Kapag dumating ang kamatayan ay hindi na magagawang itaboy ito o ipagpaliban ito o takasan ito. Sinabi ni Allah: **"Ang bawat kalipunan ay may taning; kaya kapag dumating na ang kanilang taning, hindi sila mahuhuli ng isang saglit at hindi rin sila mauuna."**[148]

Ang Mananampalataya, kapag pinuntahan na ng kamatayan, ay pinupuntahan ng anghel ng kamatayan na nasa magandang anyo at may mabangong amoy. Kasama nitong dumarating ang mga anghel ng awa na magpaparating sa kanya ng nakalulugod na balita ng pagpasok sa Paraiso. Nagsabi si Allah: **"Tunay na ang mga nagsabing, "Si Allah ang aming Panginoon," at pagkatapos ay nananatiling matuwid, magsisibabaan sa kanila ang mga anghel *sa sandali ng kamatayan upang magsabi* na "Huwag kayong mangamba at huwag kayong malungkot, at tanggapin ninyo ang nakalulugod na balita ng *pagpasok sa* Paraiso na sa inyo noon ay ipinangangako."**[149]

Kapag namatay naman ang isang Kāfir (di-sumasampalataya o tumatangging sumampalataya) ay pupuntahan siya ng anghel ng kamatayan na may nakatatakot na anyo at maitim ang mukha. Darating kasama nito ang mga anghel ng parusa na magbabalita sa kanya ng pagdurusang tatamuhin niya. Sinabi ni Allah: **"At kung nakikita mo sana kapag ang mga lumalabag sa katarungan ay nasa mga hapdi ng kamatayan samantalang ang mga anghel ay nag-aabot ng kanilang mga kamay *habang nagsasabi*: "Ilabas ninyo ang inyong mga kaluluwa; ngayon ay gagantihan kayo ng pagdurusa ng kahihiyan dahil sa kayo noon ay nagsasabi hinggil kay Allah ng hindi totoo at kayo noon sa Kanyang mga Kapahayagan ay nagmamalaki."**[150]

Kapag dumating ang kamatayan, mabubunyag ang katotohanan at magiging malinaw na ang lahat sa bawat tao. Sinabi ni Allah: **"Hanggang sa, noong dumating na ang kamatayan sa isa sa kanila, magsabi siya: "Panginoon ko, pabalikin Mo po ako nang harinawa ako ay makagawa ng matuwid sa naiwan ko!" Aba'y hindi! Tunay na ito ay isang salitang siya ang nagsasabi nito. At ang nasa likod nila ay isang hadlang hangang sa araw na muli silang bubuhayin."**[151]

Kaya kapag dumating ang kamatayan ay hahangarin ng Kāfir at makasalanan na muling mabuhay upang gumawa ng mga matuwid na gawa ngunit wala nang kabutihang maidudulot ang pagsisi kapag nahuli na ang lahat. Nagsabi ni Allah: **"At makikita mo ang mga lumalabag sa katarungan nang nakita na nila ang pagdurusa ay magsasabi sila: "May daan ba pabalik sa *mundo*?"**[152]

Bahagi ng awa ni Allah sa Kanyang mga lingkod na papasukin sa Paraiso ang sinumang ***lā ilāha illallāh*** (Walang tunay na Diyos kundi si Allah) ang huling salita bago namatay. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang sinumang ang huling salita niya sa mundo ay lā ilāha illallāh, papasok siya sa Paraiso."*** (Itinala ni Imām Abū Dāwūd.) Iyon ay sapagkat hindi magagawang sabihin ito ng isang tao sa maselang sandaling iyon kung hindi siya tapat na naniniwala rito. Ang hindi tapat na naniniwala rito ay malilimutang sabihin ito dahil sa tindi ng dumapo sa kanya na hapdi ng paghihingalo. Kaya dahil doon, sunnah (itinatagubilin) sa isang pupunta sa isang naghihingalo na ipabigkas dito ang ***lā ilāha illallāh.***

## Ang Libingan

Nagsabi ang Sugo (SAS): ***"Tunay na ang tao—kapag inilagay na sa libingan nito, tinalikuran na at umalis na ang mga nakilibing sa kanya—tunay na siya ay talagang makaririnig ng mga yabag ng kanilang mga sapin sa paa. Pagkatapos ay pupuntahan siya ng dalawang anghel at pauupuin nila siya at magsasabi sila sa kanya: 'Ano ang sinasabi mo noon sa taong ito (si Muhammad)?'*** Nagsabi pa siya (SAS): ***"Tungkol naman sa Mananampalataya, magsasabi ito: 'Sumasaksi ako na siya ay Lingkod ni Allah at Kanyang Sugo.' Kaya may magsasabi sa kanya: 'Tingnan mo ang luklukan mo sana sa Impiyerno, pinalitan ni Allah alang-alang sa iyo ng isang luklukan sa Paraiso."*** Nagsabi pa siya (SAS): ***"Kaya kapwa niya makikita ang dalawang ito. Tungkol naman sa Kāfir o Munāfiq ay may magsasabi naman dito: 'Ano ang sinasabi mo noon sa taong ito (si Muhammad)?' At magsasabi ito: 'Hindi ko alam; sinasabi ko noon ang sinasabi ng mga tao.' Kaya may magsasabi: 'Hindi mo nalaman at hindi mo sinunod ang patnubay?' Pupukpukin siya ng mga martilyong bakal ng isang pukpok kaya mapasisigaw siya ng sigaw na maririnig ng anumang nasa malapit sa kanya maliban sa tao at jinnī."***

---

[148] Qur'an 7:34
[149] Qur'an 41:30
[150] Qur'an 6:93
[151] Qur'an 23:99-100
[152] Qur'an 42:44

Ang pagbabalik ng kaluluwa sa katawan sa loob ng libingan ay ilan sa mga bagay hinggil sa Kabilang-buhay na hindi matatalos ng isipan ng tao sa daigdig. Nagkaisa ang mga Muslim sa paniniwala na ang tao ay pagiginhawahin sa libingan niya kapag siya ay isang Mananampalataya na karapat-dapat palasapin ng kaginhawahan, o pagdurusahin kapag siya ay karapat-dapat palasapin ng pagdurusa. Nagsabi nga si Allah: **"Ang Apoy, idadarang sila roon sa umaga at gabi. At sa araw na sumapit ang Huling Sandali *ay sasabihin sa mga anghel*: "Papasukin ninyo ang mga kampon ni Paraon sa pinakamatinding pagdurusa."**[153] Nagsabi naman ang Sugo (SAS): ***"Manalangin kayo ng pagpapakupkop kay Allah laban sa pagdurusa sa libingan."***

Ang matinong isip ay hindi magkakaila nito sapagkat nakikita ng tao sa buhay sa mundong ito ang nakahahawig ng dinaranas ng nasa libingan. Ang natutulog ay maaaring makadama na siya ay pinagdurusa ng matinding parusa; magsisigaw siya at hihingi ng saklolo ngunit ang kanyang katabi ay hindi makararamdam niyon. Ito ay sa kabila ng malaking pagkakaiba sa pagitan ng buhay at kamatayan. Ang pagdurusa sa libingan ay kapwa sa kaluluwa at sa katawan. Nagsabi nga ang Sugo (SAS): ***"Ang libingan ang una sa mga yugto ng Kabilang-buhay. Kaya kung nakaligtas siya rito, ang anumang pagkatapos nito ay higit na madali kaysa rito; ngunit kung hindi siya nakaligtas dito, ang anumang pagkatapos nito ay higit na matindi kaysa rito."*** (Itinala ni Imām at-Tirmidhī) Kaya nararapat sa isang Muslim na dalasan ang panalangin na iligtas siya sa parusa sa libingan, lalong-lalo na bago magsabi ng ***assalāmu 'alaykum wa raḫmatullāh*** sa ṣalāh.[154] Gayon din ang pagiging masigasig sa paglayo sa mga pagsuway na siyang unang dahilan ng pagdurusa sa libingan at sa Impiyerno. Tinawag itong pagdurusa sa libingan sapagkat ang karamihan sa mga tao ay inililibing. Gayon pa man, ang nalunod o ang nasunog o ang nakain ng mabangis na hayop o ang anumang tulad nito na hindi nalibing ay pinagdurusa o pinalalasap ng ginhawa sa **Barzakh.**[155]

Ang pagdurusa sa libingan ay sari-sari gaya ng pagpupkop ng mga martilyong bakal at iba pa. Pupunuin ng kadiliman ang libingan ng isang patay, lalatagan siya ng higaang mula sa Impiyerno, at magbubukas sa harap niya ng isang pinto mula sa Impiyerno. Ang masagwang gawa niya ay magpapakita sa kanya sa anyo ng isang lalaking pangit ang mukha at nakasuot ng damit na mabaho ang amoy, na mananatiling kasama niya sa libingan niya.

Ang pagdurusa ay magpapatuloy kung ang namatay ay isang Kāfir o isang Munāfiq. Ngunit kung ang namatay naman ay isang Mananampalatayang masuwayin, magkakaiba ang pagdurusa ayon sa pagsuway na nagawa at maaari pang itigil ang parusa sa kanya. Ang mabuting Mananampalataya naman ay lalasap ng ginhawa sa libingan niya sapagkat paluluwagin para sa kanya ang kanyang libingan at pupunuin ng liwanag. Magbubukas para sa kanya ng isang pinto patungo sa Paraiso. Makararating sa kanya ang halimuyak nito at bango nito. Lalatagan siya ng higaang mula sa Paraiso.

Ang mabuti niyang gawa ay magpapakita sa kanya sa anyo ng isang magandang lalaki na aaliw sa kanya sa kanyang libingan.

## Ang Pagsapit ng Huling Sandali[156] at ang mga Tanda Nito.

Hindi nilikha ni Allah ang daigdig upang manatili kailanman. Darating dito ang isang araw na pagwawakasan nito. Ang araw na ito ay ang araw ng pagsapit ng Huling Sandali. Ito ay isang katotohanang di-mapag-aalinlanganan. Nagsabi si Allah: **"Tunay na ang Huling Sandali ay talagang darating, walang pag-aalinlangan hinggil dito…"**[157] Sinabi pa Niya: **"Nagsabi ang mga tumangging sumampalataya: "Hindi darating sa amin ang Huling Sandali." Sabihin mo: "Aba'y hindi, sumpa man sa aking Panginoon, talagang darating ito sa inyo."**[158] Ang Huling Sandali ay malapit na sapagkat nagsabi si Allah: **"Nalalapit na ang Huling Sandali…."**[159] Nagsabi pa Siya: **"Nalalapit na para sa mga tao ang Pagtutuos sa kanila habang sila ay pabayang bumabaling**

---

[153] Qur'an 40:46

[154] Ang panalanging ito ay: ***allāhumma innī a'ūdhu bika min 'adhābi jahannam, wa min 'adhābil qabri, wa min fitnatil maḫyā wal mamāt, wa min fitnatil masīḫid dajjāl***: O Allah, tunay na ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa Impiyerno at laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa tukso ng Bulaang Kristo.

[155] Ito ay ang yugto ng panahon sa pagitan ng kamatayan ng tao at muling pagbubuhay.

[156] Ang Huling Sandali na tinutukoy rito ay ang huling sandali ng isang tao, o ng Sansinukob bago sirain at lipulin ni Allah ang lahat ng Kanyang nilalang.

[157] Qur'an 40:59

[158] Qur'an 34:3

[159] Qur'an 54:1

**palayo."**[160] Ngunit ang pagiging malapit na ng Araw ng Pagtutuos ay hindi batay sa sukatan ng mga tao at sa nalalaman nila. Ito ay kaugnay sa kaalaman ni Allah at sa nagdaan sa edad ng mundo.[161] Ang kaalaman hinggil sa pagsapit ng Huling Sandali ay kabilang sa kaalamang Nakalingid na sinarili ni Allah ang kaalaman hinggil doon. Hindi Niya ito ipinaalam sa isa man sa Kanyang mga nilikha. Sinabi Niya: **"Tinatanong ka ng mga tao hinggil sa Huling Sandali. Sabihin mo: "Ang kaalaman hinggil dito ay nasa kay Allah lamang." At ano ang magpapabatid sa iyo, baka ang Huling Sandali ay malapit na?"**[162]

Bumanggit ang Sugo (SAS) ng mga tandang nagpapahiwatig sa nalalapit na pagdating ng Huling Sandali. Kabilang sa mga ito ay ang pagdating ng ***al-Masīh ad-Dajjāl*** (Bulaang Kristo). Siya ay isang malaking tukso sa mga tao dahil bibigyan siya ni Allah ng kapangyarihang makagawa ng mga mahimalang bagay na ikalilinlang ng maraming tao. Uutusan niya ang langit na umulan at ito ay uulan; uutusan niyang tumubo ang damo at ito ay tutubo; bubuhay siya ng patay; at iba pang mga himala. Nabanggit din ng Sugo (SAS) na siya ay kirat. Darating siya na dala ang halimbawa ng Paraiso at Impiyerno; ang sinasabi niya na Paraiso ay Impiyerno at ang sinasabi naman niya na Impiyerno ay Paraiso. Mananatili siya sa Lupa sa loob ng apatnapung araw: may araw na gaya ng isang taon, may araw na gaya ng isang buwan, may araw na gaya ng isang linggo, at ang nalalabing mga araw ay gaya ng mga karaniwang araw. Walang matitirang lugar sa daigdig na hindi niya papasukin, maliban sa Makkah at Madīnah.

Kabilang rin sa mga tanda ng Huling Sandali ay ang pagbaba ni Jesus na anak ni Maria (AS) sa puting minaret sa dakong silangan ng Damascus sa oras ng ṣalāh sa madaling araw, na doon ay magdadasal siya ng dasal sa madaling araw kasama ng mga tao. Pagkatapos ay hahanapin niya ang Bulaang Kristo at kanya itong papatayin. Ang isa pa rin sa mga tanda ng Huling Sandali ay ang pagsikat ng araw sa kanluran. At kapag nakita ito ng mga tao, matatakot sila at mananampalataya ngunit wala nang maidudulot na mabuti ang kanilang pagsampalataya. Mayroon pang maraming ibang tanda ng pagsapit ng Huling Sandali.

Walang maaabutan ang Huling Sandali kundi ang mga taong ubod ng sama dahil magpapadala si Allah, bago sumapit ang Huling Sandali, ng banayad na hanging kikitil sa mga mananampalataya. Kaya kapag nagpasya na si Allah na hatulan ng kamatayan ang mga nilikha at wakasan ang daigdig, mag-uutos Siya sa anghel na hipan ang Tambuli. At kapag narinig iyon ng mga tao ay mamamatay sila. Nagsabi si Allah (39:68): **"Iihip sa tambuli at mamamatay ang sinumang nasa mga langit at ang sinumang nasa lupa, maliban sa niloob ni Allah...."**[163] Magaganap iyon sa araw ng Biyernes at pagkatapos niyon ay mamamatay ang lahat ng anghel at walang matitira kundi si Allah.

Ang buong katawan ng isang tao ay maglalaho at kakainin ng lupa maliban sa napakaliit na buto sa dulo ng gulugod (*spinal cord*). Ang mga katawan naman ng mga propeta at mga **Shahīd** (namatay na alay ang buhay sa Islam) ay hindi kakainin ng lupa. Magpapadala si Allah ng ulan at manunumbalik ang mga katawan ng mga tao. Kapag ninais na ni Allah na buhayin ang mga tao ay bubuhayin muna Niya si Isrāfīl, ang anghel na nakatalaga sa pag-ihip ng Tambuli. Iihip ito sa tambuli sa ikalawang pagkakataon at bubuhayin ni Allah ang lahat ng nilikha. Magsisilabasan ang mga tao sa kanilang libingan, na gaya ng kung papaano silang nilikha ni Allah sa unang pagkakataon: mga nakayapak, mga hubad, at mga di-tuli. Nagsabi si Allah: **"At iihip muli sa tambuli at walang-anu-ano sila, buhat sa mga libingan, ay dali-daling magsisilalabasan patungo sa kanilang Panginoon."**[164] Nagsabi pa Siya: **"Sa Araw na magsisilabasan sila mula sa libingan nang mabilis na para bagang nag-uunahan sila tungo sa mga diyus-diyusan *nila*. Mapagpakumbabang nakatungo ang mga tingin nila—binabalot sila ng kahihiyan! Iyan ang araw na sa kanila noon ay ipinangangako."**

Ang unang ilalabas sa lupa ay ang ating Propetang si Muhammad (SAS) gaya ng nasaad mula sa kanya. At pagkatapos nito ay dadalhin ang mga tao sa pook na pagtitipunan sa kanila. Ang pook na ito ay malapad at malawak. Ang mga Kāfir ay titipunin na naglalakad sa pamamagitan ng kanilang mga mukha. (Tinanong na ang Sugo (SAS) kung papaano silang titipunin na naglalakad sa pamamagitan ng kanilang mukha. Nagsabi siya: ***"Ang nagpalakad sa kanila sa pamamagitan ng kanilang mga paa ay magagawa silang palakarin sa pamamagitan ng kanilang mga mukha."***) Ang tumalikod sa paggunita kay Allah ay bubuhaying muli na isang bulag. Lalapit ang araw sa mga tao. At ang dami ng pawis ng tao ay ayon sa kanilang mga kasamaang

[160] Qur'an 21:1
[161] Ang panahon ngayon ay higit na malapit sa Huling Sandali kaysa sa oras ng paglikha ng mundo.
[162] Qur'an 33:63
[163] Qur'an 70:43-44
[164] Qur'an 36:51

nagawa. Mayroon sa kanilang ang pawis ay aabot sa bukong-bukong, mayroon sa kanilang hanggang sa baywang, at mayroon sa kanilang ang pawis ay halos umabot na sa ilong.

Mayroong pasisilungin si Allah sa Kanyang lilim sa araw na walang ibang lilim kundi ang Kanyang lilim. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***"May pitong [uri ng tao na] pasisilungin ni Allah sa Kanyang lilim sa araw na walang lilim kundi ang Kanyang lilim: makatarungang pinuno; binatang lumaki sa pagtalima kay Allah; lalaking nakatali ang puso sa mga masjeed; dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Allah: nagkikita alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya; lalaking inanyayahan ng isang babaeng may mataas na kalagayan at kagandahan, ngunit nagsabi siya: 'Tunay na ako ay natatakot kay Allah;' at taong nagkawanggawa ng isang kawanggawa at ikinubli niya ito upang hindi malaman ng kaliwa niya ang ginugol ng kanan niya; at taong nang maalaala si Allah habang nag-iisa ay nag-umupaw ang mga mata niya [sa luha]."***

Ang mga nabanggit na ito ay hindi lamang ukol para sa lalaki datapuwa't ukol din para sa babae: pananagutin din siya sa mga ginawa niya—kung mabuti ang kanyang mga nagawa ay mabuti rin ang gantimpala at kung masama ang kanyang mga nagawa ay masama rin ang gantimpala. Ang tatanggapin niya ay katulad ng ukol sa lalaki na gantimpala at pagtutuos.

Sa gayong katayuan, titindi ang uhaw sa lahat ng mga tao sa araw na iyon na ang haba ay katumabas ng limampung libong taon, ngunit para sa mga sumampalataya iyon ay lilipas nang mabilis: kasingtagal ng pagsasagawa ng dasal na tungkuling isagawa. Pupunta ang mga Muslim sa H̲awd̲ (Lawa) ng Propeta (SAS) upang uminom doon. (Ang H̲awd̲ ay isang malaking pagpaparangal na tanging sa ating Propeta [SAS] ipinagkaloob ni Allah. Iinom doon ang mga tagasunod niya sa Araw ng Pagbubuhay. Ang tubig nito ay higit na matindi ang kaputian kaysa sa gatas, higit na matamis kaysa sa pulut-pukyutan; ang amoy nito ay higit na mabango kaysa sa musk, at ang mga panalok dito ay kasindami ng bilang ng mga bituin sa langit. Ang sinumang uminom dito nang isang ulit ay hindi na mauuhaw pagkatapos niyon kailanman.)

Mananatili ang mga tao sa pook na pinag-ipunan sa kanila nang mahabang panahon habang naghihintay ng hatol at pagsisiyasat sa kanila. Kapag nagtagal na ang kanilang pagtayo at paghihintay kalakip ng dinaranas nilang matinding hirap at init ng araw ay maghahanap sila ng mamamagitan para sa kanila kay Allah upang hilinging hatulan na ang mga tao. Pupuntahan nila si Adan (AS) ngunit ito ay hihingi ng paumanhin na hindi makapamamagitan. Pupuntahan nila si Noe (AS) at ito ay hihingi rin ng paumanhin. Pupuntahan nila si Abraham (AS) at ito ay hihingi rin ng paumanhin. Pupuntahan nila si Moises (AS) at ito ay hihingi rin ng paumanhin. Pupuntahan nila si Jesus (AS) at ito ay hihingi rin paumanhin. At saka nila pupuntahan si Muhammad (SAS) at magsasabi siya: "Ako ang mamamagitan." Magpapatirapa siya sa ilalim ng Trono at magpupuri kay Allah ayon sa mga papuring isisiwalat Nito sa kanya sa sandaling iyon. At sasabihin sa kanya: "O Muhammad, itaas mo ang iyong ulo; humiling ka at bibigyan ka; mamagitan ka at tatanggapin ang iyong pamamagitan." Kaya ipahihintulot na ni Allah na simulan ang pagsisiyasat at ang paghahatol. Ang mga tagasunod ni Propeta Muhammad (SAS) ang unang sisiyasatin.

Ang unang sisiyasatin sa mga nagawa ng tao ay ang kanyang pagsagawa ng s̲alāh: kung naging wasto at katanggap-tanggap ito, isasaalang-alang ang iba pang nagawa niya; at kung tatanggihan ito, tatanggihan ang iba pa niyang nagawa. Tatanungin din ang tao tungkol sa limang bagay: tungkol sa kanyang buhay kung sa ano niya inubos ito, tungkol sa kanyang kabataan kung sa ano niya ginamit ito, tungkol sa kanyang kayamanan kung saan niya nakuha ito at kung sa ano niya ginugol ito, at tungkol sa kanyang kaalaman kung ano ang ginawa niya rito.

Ang unang hahatulan sa mga tao ay ang kasalanang kaugnay sa pagpatay. Ang kabayaran sa kasalanan sa araw na iyon ay ang mga H̲asanah (nagawang mabuti) at ang mga Sayyi'ah (nagawang masama). Kukuha mula sa mga H̲asanah ng taong nakagawa ng kasalanan at ibibigay sa nagawan niya ng kasalanan. At kapag kinapos ang kanyang mga H̲asanah, kukuha mula sa mga Sayyi'ah ng taong nagawan niya ng kasalan at ililipat sa kanya.

Pagkatapos ng pagsisiyasat ay itatayo ang S̲irāt̲. (Ito ay isang tulay na manipis pa sa buhok at matalas pa sa espada na itatayo sa ibabaw ng Impiyerno.) Ang bilis ng pagdaan ng mga tao sa S̲irāt̲ ay batay sa kanilang gawa. Mayroon sa kanilang daraan na kasingbilis ng kisap-mata, kasingbilis ng hangin, at kasingbilis ng mga matuling kabayo. Mayroon din sa kanilang magsisigapang. Sa ibabaw ng S̲irāt̲ ay mayroong mga kalawit na susungkit sa mga tao at itatapon sila sa Impiyerno. Magsisilaglagan sa Impiyerno ang mga Kāfir at ang mga masuwaying Mananampalatayang niloob ni Allah na malaglag. Ang mga Kāfir ay mananatili magpakailanman sa Impiyerno, ngunit ang mga masuwaying Mananampalataya ay pagdurusahin doon hangga't ninanais ni Allah at pagkatapos ay hahanguin din upang ipasok sa Paraiso. Magpapapahintulot si

Allah sa sinumang ninais Niya sa mga propeta, mga sugo, at mga matutuwid na tao na mamagitan para sa ibang pumasok sa Impiyerno na mga sumampalataya sa Tawhīd. Hahanguin din sila ni Allah mula roon.

Ang mga tumatawid sa Sirāt—na mga mananahan sa Paraiso —ay titigil sa tulay na nasa pagitan ng Paraiso at Impiyerno upang magsingilan sa mga pagkakasalang nagawa nila sa isa't isa. Kaya hindi makapapasok sa Paraiso ang isang taong may pagkakasala sa kanyang kapatid sa pananampalataya hanggang hindi siya nakapagbabayad dito at hanggang hindi sila nasisiyahan sa isa't isa. At kapag pumasok na ang mga taga-Paraiso sa Paraiso at pumasok na rin ang mga taga-Impiyerno sa Impiyerno, dadalhin ang kamatayan na nasa anyong lalaking tupa at kakatayin sa pagitan ng Paraiso at Impiyerno habang nanunuod ang mga taga-Paraiso at ang mga taga-Impiyerno. Pagkatapos nito ay sasabihin: "O mga taga-Paraiso, mabuhay nang walang hanggan sapagkat wala nang kamatayan; o mga taga-Impiyerno, mabuhay nang walang hanggan sapagkat wala nang kamatayan." Kaya kung may isang mamamatay sa galak, namatay na sana sa galak ang mga taga-Paraiso; at kung may isang mamamatay sa hinagpis, namatay na sana sa hinagpis ang mga taga-Impiyerno.

## Ang Impiyerno at ang Pagdurusa Roon

Nagsabi si Allah: **"...pangilagan ninyo ang Apoy na ang panggatong ay ang mga tao at ang mga bato, na inihanda para sa mga tumatangging sumampalataya."**[165] Nagsabi naman ang Sugo (SAS) sa kanyang mga Kasama: ***"Ang [init ng] inyong apoy na pinaririkit ninyo ay isang bahagi sa pitumpung bahagi [ng init] ng apoy ng Impiyerno."*** Nagsabi sila: "O Sugo ni Allah, kahit nga ito ay talagang sapat na." Nagsabi pa siya: ***"At tunay na iyon ay nakahihigit ng animnapu't siyam na bahagi, na ang bawat bahagi ay katulad [ng init] nito."***

Ang Impiyerno ay may pitong antas na ang bawat antas ay higit na matindi ang pasakit na dulot kaysa sa ibang antas. Ang bawat antas sa mga ito ay tatahanan ng mga tao ayon sa kanilang mga ginawa. Ang mga Munāfiq (Nagpapangap na Muslim) ay ilalagay sa pinakamababang antas ng Impiyerno na siyang pinakamatindi ang pasakit. Ang pagdurusa ng mga mapupunta sa Impiyerno na mga Kāfir ay tuloy-tuloy at hindi titigil. Sa tuwing naluluto ang kanilang balat, muli itong panunumbalikin para sa karagdagang pagdurusa na naman. Nagsabi si Allah: **"Sa tuwing naluluto ang kanilang mga balat, pinapalitan Namin sila ng mga balat na iba sa una, upang malasap nila ang pagdurusa."**[166] Nagsabi pa Siya: **"Ngunit ang mga tumangging sumampalataya ay mapasasakanila ang apoy ng Impiyerno na hindi pupuksa sa kanila upang mamatay sila. At hindi rin magpapagaan sa kanila ng pagdurusang dulot nito. Ganyan Kami gaganti sa bawat palatangging sumampalataya."**[167]

Tatanikalaan sila roon at igagapos ang mga leeg nila. Nagsabi si Allah: **"At iyong makikita ang mga sumalansang, sa Araw na iyon, na sama-samang nakagapos sa mga tanikala. Ang kanilang mga damit ay mula sa alkitran at tatakpan ang kanilang mga mukha ng apoy."**[168]

Ang pagkain ng mga mapupunta sa Impiyerno ay ang Zaqqūm sapagkat nagsabi si Allah: **"Tunay na ang puno ng Zaqqūm ang magiging pagkain ng mga makasalanan. Gaya ng latak ng langis, kukulo ito sa loob ng mga tiyan gaya ng pagkulo ng mainit na tubig."** Nagsabi naman ang Sugo (SAS): ***"Kung may isang patak mula sa Zaqqūm na pumatak sa mundo, talagang nakasira na sana ito sa mga naninirahan sa mundo: sa mga pamumuhay nila. Kaya papaano na ang sinumang ito ang magiging pagkain niya?"*** (Itinala ni Imām at-Tirmidhī)

Binibigyang-linaw ng isang sanaysay buhat sa Sugo (SAS) na nasasaad sa aklat ng Sahīh Muslim kung gaano kabigat ang pagdurusa sa Impiyerno at gaano katindi ang kaginhawahan sa Paraiso. Ayon sa sanaysay, dadalhin sa Impiyerno ang Kāfir na pinakamaginhawa ang buhay sa mundo. Ilulublob siya rito nang sandali at pagkatapos ay sasabihin sa kanya: "May nagdaan na ba sa iyo noon na kaginhawahan?"

"Wala. Walang nagdaan sa akin na kaginhawahan kailanman," ang sasabihin niya.

Nakalimutan niya ang lahat ng kaginhawahan at kariwasaan na nalasap sa lupa dahil sa sandaling paglulublob Impiyerno.

Gayon din ang Mananampalatayang may pinakamiserableng pamumuhay sa daigdig, dadalhin siya sa Paraiso. Ipapasok siya rito nang sandali at saka sasabihin sa kanya: "May nagdaan na ba sa iyo noon na kamiserablehan?"

---

[165] Qur'an 2:24
[166] Qur'an 4:56
[167] Qur'an 35:36
[168] Qur'an 14:49-50

"Wala. Walang nagdaan sa akin na kamiserablehan ni kapinsalaan kailanman."
Nakalimutan niya ang lahat ng dinanas niyang kamiserablehan, karukhaan at kalungkutan dahil sa sandaling pagpasok sa Paraiso.

## Ang Katangian ng Paraiso

Ang Paraiso ay ang tahanan ng buhay na walang hanggan at ang pagpaparangal para sa mga matuwid na lingkod ni Allah. Doon ay mayroong kaginhawahang wala pang matang nakakita, wala pang tainga na nakarinig, at hindi pa sumagi sa isip ng tao. Sinabi ni Allah: **"At hindi nalalaman ng isang tao ang itinago para sa kanila na ikalulugod ng mga mata bilang ganti sa anumang ginagawa nila noon."**[169]

Ang Paraiso ay binubuo ng mga antas na magkakaiba ang mga kalagayan ng mga mananampalataya roon ayon sa kanilang mga nagawa sa mundo. Nagsabi si Allah: **"...itataas ni Allah sa mga antas ang mga sumampalataya mula sa inyo at ang mga binigyan ng kaalaman...."**[170]

Makakain at maiinom nila roon ang minimithi ng kanilang mga sarili. Doon ay may mga ilog ng tubig na di-nagbabago ang lasa at amoy, mga ilog ng gatas na hindi nagbabago ang lasa, may mga ilog ng dinalisay na pulut-pukyutan, at mga ilog ng alak na masarap para sa mga umiinom. Ang kanilang alak ay hindi katulad ng alak dito sa lupa. Nagsabi si Allah: **"Magpapaikot sa kanila ng kopa mula sa dalisay na alak: maputi, masarap para sa mga umiinom. Walang taglay ito na kapinsalaan at hindi sila, mula rito, malalasing."**[171]

Doon ay mag-aasawa sila ng mga magagandang dilag. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***"Kung may isang babaeng buhat sa Paraiso na susulyap sa mga naninirahan sa lupa, talagang paliliwanagin niya ang anumang nasa pagitan ng dalawa—ang langit at lupa—at talagang pupunuin niya ito ng mabangong halimuyak."***

Ang pinakamalaking kaligayahan ng mga maninirahan sa Paraiso ay ang mapagmasdan si Allah. Ang mga maninirahan sa Paraiso ay hindi iihi, hindi dudumi, hindi sisipunin, at hindi dudura. Ang mga suklay nila ay ginto at ang mga pawis nila ay *musk*. Ang kaligayahan nilang ito ay mamamalagi, hindi titigil at hindi mababawasan. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***"Ang sinumang papasok sa Paraiso ay pagiginhawahin, hindi na maghihirap at hindi na susubukin. Ang pinakakaunti ang bahagi sa mga maninirahan sa Paraiso—at siya ang kahuli-hulihang lalabas sa Impiyerno at papasok sa Paraiso—ay mainam kaysa sa buong mundo nang makasampung ulit."***

**PAGSASANAY BLNG. VI.**

**PAPILIIN ANG MAG-AARAL NG ISA SA MGA KATANUNGAN AT IPALIWANANG.**

1. Banggitin ang Du'a sa pagsasagawa ng Pag-aayuno
2. Sa iyong palagay dapat bang mahalin si Propeta Muhammad (SAS) at bakit?
3. Banggitin ang Du'a bago ihinto ang Pag-aayuno
4. Ipaliwang kung papaano ang pagsasagawa ng Tawaf
5. Ano ang du'a pagpasok ng palikuran?
6. Ipaliwanag ang dalawang pagsaksi.
7. Isalaysay kung papaano magsagawa ng sa'y.
8. Ang pagbibigay ba ng Zakat ay nakawawala ng kasalanan at bakit?
9. Sinu-sino ang kinakailangang magsagawa ng pag-aayuno?
10. Ano ang mga bagay na makakapigil sa isang tao upang magsagawa ng pag-aayuno?
11. Magbigay ng mga bagay na makakasira sa pagdarasal.
12. Anu-ano ang kundisyon ng la illaha il llallah?
13. Ipaliwanang ang pagtatakwil na walang ibang diyos maliban kay Allah.
14. Ano ang ibig sabihin ng itikaf?
15. Ang nakipagtalik ba sa panahon na ang isang tao ay nasa estado ng ihram ay kinakalangang bayaran niya ito ng pag-aayuno ng sampung araw kung walang hadi?

[169] Qur'an 32:17
[170] Qur'an 58:11
[171] Qur'an 37:45-47

مختصر السيرة النبوية

# MAIKLING TALAMBUHAY NG PROPETA

## Ang Arabia Bago Dumating ang Islam

Ang Paganismo ang siyang umiiral na relihiyon noon sa mga Arabe. Dahil sa pagkakayakap nila sa Paganismo na sumasalungat sa matuwid na pananampalataya, binansagan ang kapanahunan nila na *al-Jáhiliyah*: ang Panahon ng Kamangmangan. Ang ilan sa pinakabantog sa mga diyos-diyusang sinasamba nila noon bukod pa kay Allah na tunay na Diyos ay sina Al-Lát, Al-'Uzzá, Manáh at Hubal. Ngunit mayroon din sa mga Arabe na yumakap sa Judaismo, o Kristiyanismo, o Zoroasterismo. Mayroon din sa kanila na mga iilang indibiduwal na patuloy na yumayakap sa *al-Hanafíyah*, ang paniniwala ni Abraham.

Tungkol naman sa buhay pang-ekonomiya, ang mga *Badawí*[172] ay umaasa nang lubusan sa yamang panghayupan na nakabatay sa pagpapastol. Ang saligan naman ng buhay pang-ekonomiya ng mga *Hádir*[173] ay ang pagsasaká at ang pangangalakal. Bago dumating ang Islam, ang Makkah ang pinakamalaking lunsod pangkalakalan sa Arabia. Mayroon na ring mga pamayanang may kabihasnan sa maraming rehiyon. Tungkol naman sa kalagayang panlipunan, ang kawalang-katarungan ay laganap, walang karapatan ang mahihina, inililibing nang buhay ang mga batang babae, nilalapastangan ang mga karangalan, nilalabag ng malakas ang karapatan ng mahina, nag-aasawa sila nang walang takda, ang pangangalunya ay laganap, at ang mga digmaan sa pagitan ng mga lipi ay nangyayari sanhi ng napakababaw na mga kadahilanan. Ito, sa maikling salita, ay isang dagliang sulyap sa kalagayan ng Arabia bago dumating ang Islam.

## Ang Anak ng Dalawang Handog

Ipinagmamalaki noon ng mga Quraysh kay 'Abdulmuttalib, ang lolo ni Propeta Muhammad (SAS), ang pagkakaroon nila ng mga anak at yaman. Kaya naman nagpanata si 'Abdulmuttalib na kung pagkakalooban nga siya ni Allah ng sampung anak na lalaki, iaalay niya ang isa sa kanila bilang handog sa mga dinidiyos. Natupad ang kanyang ninais; siya ay napagkalooban ng sampung anak na lalaki, na ang isa sa kanila ay si 'Abdulláh, ang ama ng Propeta (SAS). Nang nais nang isakatuparan ni 'Abdulmuttalib ang panata niya ay sinalungat siya ng mga tao upang mapigilan siya nang sa gayon ay hindi iyon maging isang kaugalian sa mga tao. Nagkaisa sila na gumawa ng palabunutan upang pagpilian si 'Abdulláh at ang sampung kamelyo na magiging pantubos sa kanya. Pagkatapos ay magdadagdag pa sila roon ng sampung kamelyo kung si 'Abdulláh ay mabubunot. Isinagawa nila ang pagbunot. Ngunit sa tuwina ay si 'Abdulláh ay nabubunot. Sa ikasampung pagbunot ay nabunot na rin ang mga kamelyo na umabot na sa isandaan. At kinatay nila ang mga kamelyo.

Si 'Abdulláh ang pinakamalapit sa puso ni 'Abdulmuttalib sa lahat ng kanyang mga anak, lalo na nang matapos ang pagtubos dito. Nang sumapit na sa wastong gulang si 'Abdulláh ay pumili ang kanyang ama para sa kanya ng isang dalagang kabilang sa liping Banū Zuhrah, na ang pangalan ay Áminah Bint Wahb. Ipinakasal siya ni 'Abdulmuttalib sa dalagang ito, at nagdalang-tao ito. Matapos ang tatlong buwan pagdadalang-tao ni Aminah sa Sugo ni Allah (SAS) ay lumisan si 'Abdulláh kasama ng karaban ng mga kalakal patungong Shám.[174] Habang nasa daan pauwi ay dinapuan siya ng karamdaman. Kaya tumigil siya sa Madinah sa piling ng kanyang mga tiyuhin sa ina na kabilang sa liping Banū an-Najjár. Doon na siya binawian ng buhay at inilibing.

## Ang Kapanganakan ng Sugo (SAS)

Nabuo na ang mga buwan ng pagdadalang-tao ni Aminah at palapit na ang araw ng pagsilang. Nagsimula na ang pananakit ng kanyang tiyan ngunit hindi siya nakadama ng sakit at hirap na nakagawian na ng mga babae sa pagsisilang. Madaling-araw ng Lunes ng ika-12 ng buwan ng Rabí'ul'awwal taong 571 A.D. nang isinilang ni Aminah ang kanyang sanggol. Ang taong iyon ay ang Taon ng Elepante.

## Ang Taon ng Elepante

Ito ang buod ng kasaysayan ng elepante. Noong nalaman ni Abrahah na taga-Ethiopia, ang kinatawan ng Hari ng Ethiopia sa Yemen, na ang mga Arabe ay dumadalaw sa Ka'bah ay

---

[172] Ang mga Arabeng disyerto na walang pirmihang tirahan.

[173] Ang mga Arabeng nakatira sa isang nayon o bayan at may pirmihang tahanan.

[174] Ang rehiyon na binubuo sa kasalukuyan ng Syria, Palestine, Lebanon at Jordan.

nagpatayo siya ng isang malaking simbahan sa S̲an'á'. Ninais niyang ibaling sa simbahang ito ang pagdalaw ng mga Arabe. Narinig iyon ng isang lalaking kabilang sa liping Banū Kinánah (isa sa mga liping Arabe). Kaya't pinasok niyon ang simbahan isang gabi at pinahiran ang mga dingding nito ng dumi ng tao. Noong nalaman iyon ni Abrahah iyon ay sumambulat siya sa galit. Lumisan siya na may dalang malaking hukbo—na ang bilang ay 60,000 kawal—papunta sa Ka'bah upang wasakin ito. Pumili siya para sa kanyang sarili ng pinakamalaking elepante. Ang hukbo ay may siyam na elepante.

Nagpatuloy ang kanyang paglalakbay hanggang sa makarating sa isang pook na malapit sa Makkah. Doon niya inihanda ang hukbo. Nakahanda na siya sa pagpasok sa Makkah ngunit ang elepante ay lumuhod at hindi sumulong patungong Ka'bah. Tuwing ihinaharap nila ang elepante sa ibang mga dako ay tumatayo ito at mabilis na lumalakad. Ngunit kapag ibinabaling naman nila ito sa papunta sa Ka'bah ay lumuluhod ito. Habang sila ay nasa gayong kalagayan, nagpadala si Allah sa kanila ng mga kawan ng ibon na nagbabato sa kanila ng batong mula sa natuyong putik, kaya ginawa Niya (Allah) silang gaya ng uhay na kinainan. Ang bawat ibon ay nagdadala ng tatlong bato: isang bato sa tuka nito at tig-iisang bato sa bawat paa, mga batong kasinlaki ng garbansos. Walang isa man sa kanila na tinatamaan na hindi nagkakaputol-putol ang mga bahagi ng katawan at saka namamatay. Nagsialisan sila upang tumakas at nagkandabuwal sila sa daan. Si Abrahah naman ay pinadalhan ng karamdamang sanhi nito ay nagkandalagas ang mga dulo ng daliri niya. Dumating siya sa San'á' na para baga siyang sisiw na lamang. Namatay siya roon.

Ang mga Quraysh naman ay nagkahiwa-hiwalay sa mga landas sa pagitan ng mga bundok at nagtago sa mga bundok dahil sa takot sa hukbo. Noong naganap sa hukbo ang di-inaasahang mangyari, panatag silang nagbalik sa mga tahanan nila. Ang pangyayaring ito ay naganap limampung araw bago isiniiang ang Sugo (SAS).

## Si H̲alímah (RA)

Isa sa kaugalian noon ng mga Arabe na ang kanilang mga anak ay ipinapasuso nila sa mga sisiwa[175] na nakatira sa disyerto sapagkat ang disyerto ay makapagdudulot sa mga ito ng mga kakailanganin upang lumaking may malusog na pangángatawan. Nang mga panahong iyon noong ipinanganak si Muhammad (SAS) ay may dumating sa Makkah na isang pangkat ng mga taong kabilang sa angkan ng Banū Sa'd upang maghanap ng mga batang mapasususo. Nagsimulang mamahay-mahay ang mga kababaihan sa kanila. Silang lahat ay umayaw kay Muhammad (SAS) dahil sa pagiging ulila at maralita nito. Si H̲alímah as-Sa'dīyah (RA) ay isa sa mga ito. Umayaw rin siyang katulad ng pag-ayaw nila. Subalit matapos na magsadya sa pinakamaraming mga bahay ay hindi niya nakamit ang kanyang hangad: hindi siya nakatagpo ng batang sumususo na madadala niya kasama niya upang pagaanin ng upa sa pagpasuso rito ang pinagtitiisan niyang kahikahusan ng pamumuhay at hirap ng buhay lalo na sa taong iyon ng tagtuyot. Kaya nagtungo siya pabalik sa bahay ni Āminah upang magkasya sa isang batang ulila at sa maliit na upa.

## Ang Unang Himala

Dumating si H̲alīmah (RA) sa Makkah kasama ng kanyang asawa, sakay ng isang payat at makupad na inahing asno. Ngunit noong nasa daan na pauwi habang kanyang kinakalong ang Sugo ni Allah (SAS) sa kanyang kanlungan, ang inahing asno ay tumatakbo na nang mabilis at iniwanan nito sa hulihan nito ang lahat ng mga sasakyang hayop, na lubos namang ipinagtaka ng mga kasamahan sa paglalakbay.

Isinalaysay rin sa atin ni H̲alīmah (RA) na ang kanyang suso ay hindi halos naglalabas ng anumang gatas at na ang kanyang anak na sumususo ay palaging umiiyak sa tindi ng gutom. Ngunit nang isinubo niya ang kanyang suso sa Sugo ni Allah (SAS) ay dumaloy nang masagana ang gatas. Isinalaysay niya rin ang tungkol sa tagtuyot sa lupang pinaninirahan niya, sa lupain ng angkan ng Banū Sa'd. Subalit nang makamit niya ang karangalang magpasuso sa batang ito, naging mabiyaya ang lupain niya at ang mga hayupan niya at lubos na nagbago ang kanyang kalagayan: mula sa kasalatan at hirap ay naging kasaganaan at kaginhawahan.

Inabot si Muhammad (SAS) ng dalawang taon sa pangangalaga ni H̲alīmah na lubusang nahumaling sa kanya. Nakararamdam nito sa kaibuturan ng puso nito ng hindi pangkaraniwang

---

[175] Babaeng nagpapasuso ng kanyang gatas sa batang hindi niya anak.

mga bagay at mga kalagayang bumabalot sa batang ito. Matapos ang dalawang taong ito, dinala siya ni Halīmah (RA) sa kanyang ina at sa kanyang lolo sa Makkah. Subalit si Halīmah (RA), na nakakita sa biyayang dala niya na nagpaigi sa kalagayan nito, ay nagpumilit kay Aminah na sumang-ayong manatili siya sa piling nito. Sumang-ayon naman si Āminah. Kasama ng batang naulila sa ama, pinag-uumapawan ng kagalakan at pinupuspos ng kaligayahan na bumalik si Halīmah (RA) sa lupain ng angkan ng Banū Sa'd.

## Ang Pagbiyak ng Dibdib

Isang araw noong malapit nang mag-apat na taong gulang si Muhammad (SAS), habang siya ay naglalaro malayo sa mga kubol kasama ng kanyang kapatid sa gatas na anak na lalaki ni Halīmah (RA), ay biglang umalis ang anak na ito ni Halīmah (RA). Tumatakbong dumating ito kay Halīmah. Ang mukha nito ay may mga tanda ng pagkatakot. Hiniling nito sa kanya na puntahan ang kanyang kapatid nitong Quraysh na si Muhammad (SAS). Tinanong niya ito kung ano ang nangyari.

"May nakita po akong dalawang lalaking nakasuot ng puting damit. Kinuha nila siya sa gitna namin. Pinahiga nila siya at pagkatapos ay biniyak nila ang kanyang dibdib," sabi ng bata.

Ngunit bago natapos ng bata ang salaysay nito ay tumatakbo na si Halīmah (RA) patungo kay Muhammad (SAS). Nakita siya ni Halīmah na nakatayo sa kinaroroonan niya at hindi gumagalaw. Natigmak ng pamumutla ang mukha niya at pumusyaw ang kulay niya. Nag-aalalang tinatanong nito siya kung ano ang nangyari sa kanya. Ibinalita niya rito na siya ay nasa mabuti namang kalagayan. Ikinuwento niya rito na may dalawang lalaking nakasuot ng puting damit na kumuha sa kanya. Biniyak nila ang kanyang dibdib at pagkatapos ay inilabas nila ang kanyang puso, at may inalis dito na isang itim na namuong dugo, na itinapon naman nila. Pagkatapos ay hinugasan nila ng malamig na tubig ang puso, ibinalik nila ito sa dibdib, at pinahiran ang ibabaw ng dibdib. Nilisan ng dalawa ang pook at pagkatapos ay naglaho na sila. Tinangka ni Halīmah (RA) na salatin ang pinagbiyakan ngunit wala siyang nakitang bakas.

Pagkatapos niyon ay dinala ni Halīmah (RA) si Muhammad (SAS) sa kubol. Kasabay ng pagputok ng madaling-araw ng sumunod na araw ay dala-dala na niya si Muhammad (SAS) papunta sa ina nito sa Makkah. Nagtaka si Āminah sa pagsasauli ni Halīmah (RA) sa bata nang wala sa panahon sa kabila ng pagkahumaling niya roon. Tinanong siya nito kung ano ang dahilan. At isinalaysay ni Halīmah rito, matapos ang pagpupumilit nito, ang nangyaring pagbibiyak sa dibdib.

## Ang Pagyao ng Kanyang Ina at Lolo

Pumunta si Āminah kasama ng anak na ulila sa Yathrib (ang dating panglan ng Madīnah) upang dalawin ang mga amain sa ina niya na kabilang sa angkan ng Banū an-Najjār. Nanatili sila roon nang mga ilang araw. Pagkatapos niyon ay binawian si Āminah ng buhay, habang ito ay nasa daan pauwi, sa isang lugar na tinatawag na al-Abwā'. Doon na rin ito inilibing. Heto si Muhammad (SAS), namamaalam na siya sa kanyang ina sa gulang na anim na taon.

Tungkulin na ngayon ng kanyang lolo na si 'Abdulmuttalib na punuan sa kanya ang malaking kawalan. Kaya naman inalagaan, kinalinga, at kinahabagan siya nito. Kasabay ng pagsapit niya sa gulang na walong taon ay yumao rin ang kanyang lolo na si 'Abdulmuttalib. Kaya inalagaan naman siya ng kanyang amaing si Abū Tālib sa kabila ng dami ng mga anak nito at kasalatan nito sa yaman. Itinuring siya ng kanyang tiyuhin at gayon din naman ng maybahay nito na parang isa sa kanilang mga anak. Lubha namang napalapit ang damdamin ng batang ulila sa amain niya. Sa ganitong kalagayan nagsimula ang unang paghubog sa kanya. Lumaki siya na matapat at mapagkakatiwalaan kaya naman sa dalawang katangiang ito siya nakikilala. Kaya kapag sinasabing, "dumating ang mapagkakatiwalaan," alam na si Muhammad (SAS) ang tinutukoy.

## Si Khadījah (RA)

Nang siya ay magbinatilyo na at lumaki nang kaunti, nagsimula na siya sa pagtatangkang umasa sa kanyang sarili sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa kanyang buhay at sa paghahanap ng kanyang ikabubuhay. Nagsimula na siyang magtrabaho at kumita. Nagtrabaho siya sa ilang mga Quraysh bilang pastol ng kanilang mga tupa kapalit ng kabayarang salapi. Lumahok din siya sa isang paglalakbay pangkalakalan papuntang Sham.

Sa paglalakbay na ito ay malaki ang puhunang iniambag ni Khadījah bint Khuwaylid (RA) na isang mayamang babae. Ang katiwala niya sa paglalakbay na iyon ay ang alila niyang si Maysarah, na siya ring tagapangasiwa ng mga gawain nito. Dahil sa biyayang taglay ni Muhammad (SAS) at katapatan nito, tumubo ang kalakal ni Khadījah (RA) ng tubong hindi pa niya kinita noon. Kaya tinanong niya ang alila niyang si Maysarah kung ano ang dahilan ng malaking tubong ito. Ibinalita niyon sa kanya na si Muhammad (SAS) ang siyang bumalikat sa pag-aalok at pagtitinda. Tinangkilik ito ng mga tao nang malaking pagtangkilik. Ang maraming tinubo ay hindi dahil sa pandaraya. Nakinig si Khadījah (RA) sa kanyang alila bagamat may nalalaman na siya noon pa man tungkol kay Muhammad (SAS) tungkol sa ilang mga bagay hinggil dito. Lalong tumindi ang paghanga niya rito.

## Ang Pakikipag-isang-dibdib Kay Khadījah

Nakapag-asawa na si Khadījah (RA) noon ngunit namatay ang kanyang asawa. Kaya ninais niyang pumasok na naman sa bagong pagsubok sa piling ng isang asawang si Muhammad (SAS) na anak ni 'Abdullāh. Nagsugo siya ng isa sa mga babaeng kamag-anak niya upang siyasatin para sa kanya ang magiging tugon ni Muhammad (SAS) hinggil sa bagay na iyon. Nang panahong iyon ay sinapit na ni Muhammad (SAS) ang gulang na dalawampu't lima. Pinuntahan ito ng isang babae upang ilahad dito ang alok na makipag-isang-dibdidb kay Khadījah (RA). Nalugod nama ito sa alok na iyon.

Nairaos ang pag-iisang-dibdib at nasiyahan ang isa't isa sa kanila. Nagsimula na si Muhammad (SAS) sa pamamahala sa mga kapakanan ng yaman ni Khadījah (RA). Napatunayan niya naman ang kanyang kakayahan. Nagkasunod-sunod ang pagdadalang-tao at ang panganganak ni Khadījah (RA). Nagkaroon siya rito ng mga anak na babae: sina Zaynab, Ruqayyah (RA), Umm Kulthūm (RA), at Fātimah (RA). Ang mga anak na lalaki na sina Al-Qasim at 'Abdullāh ay namatay lahat.

## Ang Pagka-Propeta

Kasabay ng paglapit ng edad niya (SAS) sa gulang na apatnapu, dinalasan niya ang pag-iisa at pananatili sa yungib ng Hirā' sa isang bundok na malapit sa Makkah. Nananatili siya roon ng mga araw at mga gabi. Noong gabi ng ika-21 ng buwan ng Ramadān, noong nasapit na niya ang gulang na apatnapu habang siya ay nasa yungib ng Hirā' ay pinuntahan siya ni Anghel Gabriel. "Bumasa ka," sabi nito sa kanya. "Hindi ako nakababasa," tugon naman niya rito.

Inulit iyon ni Gabriel sa ikalawa at ikatlong pagkakataon. Ngunit sa ikatlong pagkakataon ay nagsabi ito: ***"Bumasa ka sa ngalan ng iyong Panginoon na lumikha, lumikha sa tao buhat sa namuong dugo. Bumasa ka sapagkat ang iyong Panginoon ay ang Pinakamapagbigay, na nagturo sa pamamagitan ng panulat, nagturo sa tao ng hindi nito nalaman."*** Pagkatapos niyon ay iniwan na siya nito.

Hindi na niya nakayang manatili pa sa yungib ng Hirā' kaya't umuwi siya sa kanyang tahanan. Pumasok siya sa kinaroroonan ni Khadījah (RA), na kumakabog-kabog ang kanyang dibdib.

"Balutin ninyo ako. Balutin ninyo ako," sabi niya.

Binalutan naman nila siya hanggang sa maalis ang sindak sa kanya. Ibinalita niya kay Khadījah (RA) ang nangyari sa kanya. At pagkatapos ay nagsabi siya: "Natakot ako para sa aking sarili." Kaya sinabihan naman siya ni Khadījah (RA): "Aba'y huwag, sumpa man kay Allah, hinding-hindi ka bibigyan ni Allah ng kahihiyan. Tunay na ikaw ay talagang nakikitungo nang maigi sa kaanak, umaalalay sa maralita, nagbibigay sa naghihikahos, malugod na tumatanggap sa panauhin, at umagapay sa dinapuan ng kasawiang-palad."

Pagkalipas ng ilang araw ay nagbalik muli siya sa yungib ng Hirā' upang ipagpatuloy roon ang kanyang pagsamba at upang buuhin doon ang mga natitirang araw ng Ramadān. Nang natapos ang buwan ng Ramadān ay nanaog siya buhat sa yungib upang bumalik sa Makkah. Nang siya ay nasa gitna na ng lambak, pinuntahan siya ni Anghel Gabriel na nakaupo sa isang upuang nasa pagitan ng langit at lupa. Pagkatapos ay ibinaba ang mga talata ng Qur'ān na ito (74:1-5): **"O nakabalot! Bumangon ka at magbabala. At ang iyong Panginoon ay dakilain mo. At ang iyong kasuutan ay linisin mo. At ang diyus-diyusan ay layuan mo *palagi*."** Pagkatapos nito ay nagpatuloy at nagkasunod-sunod na ang pagdating ng Kapahayagan.

## Ang Pag-aanyaya sa Islam

Nang sinimulan ng Propeta (SAS) ang kanyang pag-anyaya sa Islam, tinugon ng kanyang butihing maybahay ang panawagan ng pananampalataya. Sinaksihan ni Khadījah (RA) ang kaisahan ni Allah at ang pagiging propeta ng kanyang marangal na asawa. Si Khadījah (RA) ang unang yumakap sa Islam. Bilang pagtanaw niya ng utang na loob sa kanyang amaing si Abū Ṯālib na siyang tumangkilik at nangalaga sa kanya noong wala na ang kanyang ina at ang kanyang lolo, pinili niya si 'Alī (RA) sa mga anak nito upang alagaan sa piling niya at gugulan sa mga pangangailangan nito. Sa ganitong kalagayan binuksan ni 'Alī (RA) ang kanyang puso at ang kanyang isip kaya naman sumampalataya. Pagkatapos niyon ay sumunod naman sa kanila si Zayd ibnu al-Ḫārithah (RA) na alila ni Khadījah (RA). Kinausap ng Sugo ni Allah (SAS) ang matalik niyang kaibigan na si Abū Bakr (RA). Sumampalataya naman ito at naniwala nang walang pag-aalinlangan.

Nagpatuloy siya sa lihim na pagpapalaganap sa Islam sa simula. Ang ibig sabihin ng lihim ay ang pagiging lihim ng pook na pinagtatagpuan ng mga Kasama niya, mga tagasunod niya at mga taong inaanyayahan niya, na yumakap din naman sa Islam. Naniwala sa kanya ang marami ngunit inililihim nila ang kanilang pagyakap sa Islam. Kapag natuklasan ang pagpasok sa Islam ng isa sa kanila, pinasasailalim ito ng mga Kāfir[176] sa mga Quraysh sa napakahirap sa mga uri ng pahirap upang tumalikod ito sa Islam.

## Ang Hayagang Pag-aanyaya sa Islam

Matapos na gumugol ang Sugo ni Allah (SAS) ng tatlong taon sa paisa-isang pag-aanyaya sa Islam ay ibinaba ni Allah ang talata na ito ng Qur'an (15:94): **"Kaya ilantad mo *ang pag-aanyaya* sa ipinag-uutos sa iyo at pabayaan mo ang mga Mushrik."**[177] Dahil dito, isang araw ay tumayo siya sa tuktok ng burol ng Safā upang tawagin ang mga Quraysh (ang mga taga-Makkah). Pinagtipunan siya ng maraming tao at kabilang sa mga iyon ang kanyang amaing si Abū Lahab, na isa sa mga Quraysh na may napakalaking pagkamuhi kay Allah at sa Kanyang Sugo. Nang pinagtipunan na siya ng mga tao ay nagsabi siya: "Sa tingin ba ninyo kung ibalita ko sa inyo na sa likod ng bundok na ito ay may kalaban na naghihintay sa inyo, paniniwalaan ba ninyo ako?"

"Wala kaming nalaman sa iyo kundi ang katotohanan sa salita at ang katapatan," sabi nila.

"Tunay na ako ay isang tagapagbabala sa inyo ng napipintong matinding parusa," sabi niya sa kanila.

Nagpatuloy ang Sugo ni Allah (SAS) sa pag-aanyaya sa kanila sa wagas na pagsamba kay Allah at sa pagwaksi sa kanilang ginagawang pagsamba sa mga diyos-diyusan. Lumabas si Abū Lahab gitn ng mga tao at nagsabi: "Kapariwaraan sa iyo; dahil ba dito ay tinipon mo kami?" Matapos ang sinabi niyang iyon ay ibinaba ni Allah ito (111:1-5): **"Napariwara ang dalawang kamay ni Abū Lahab at napariwara siya! Walang magagawa para sa kanya ang kanyang kayamanan at ang kanyang nakamit. Papasok siya sa Apoy na may liyab. Ang may-bahay niya, ang tagapasan ng panggatong, sa leeg nito ay may tali mula sa linubid na himaymay."**

## Ang Paniniil sa mga Muslim

Ipinagpatuloy ng Propeta (SAS) ang pag-aanyaya niya sa Islam. Sinimulan niyang ilantad ang pagpapahayag sa Islam sa mga pinagtitipunan ng mga tao kasabay ng pag-aanyaya sa kanila sa Islam. Hayagan na siyang nagdarasal sa Ka'bah. Nadagdagan ang pamiminsala ng mga Kāfir sa mga Muslim, gaya ng nangyari kina Yāsir, Sumayyah, at anak nilang si 'Āmmār (RA). Namatay sina Sumayyah (RA) at Yāsir (RA) na mga martir. Si Sumayyah (RA) ang unang martir sa Islam. Iyon ay dahil sa dinanas niyang pahirap.]

Dumanas din ng pahirap si Bilāl ibnu Rabāḫ (RA) na taga-Ethiopia sa kamay nina Abū Jahl at Umayyah ibnu Khalaf. Pumasok sa Islam si Bilāl ibnu Rabāḫ (RA) sa pamamagitan ni Abū Bakr (RA). Noong nalaman iyon ng kanyang panginoong si Umayyah ibnu Khalaf, ginamit nito sa kanya ang halos lahat ng pamamaraan ng pagpapahirap upang talikuran niya ang Islam, subalit tumanggi siya at nanatili sa kanyang Relihiyon. Dinadala siya noon ni Umayyah sa labas ng Makkah na nakagapos sa mga tanikala. Dinadaganan nito ang kanyang dibdib ng malaking bato matapos na pahigain siya nito sa nakapapasong buhangin. Pagkatapos pa ay hinahagupit siya ng latigo ni

---

[176] Isang di-Muslim o tumatangging sumampalataya sa Islam.

[177] Taong gumagawa ng Shirk o lumalabag sa Tawḫīd. Sa kabuuan ang Mushrik ay ang sinumang naniniwalang may iba pang Panginoon bukod pa kay Allah, ang namumukod-tanging tunay na Diyos, at sumasamba sa iba pa kay Allah.

Umayyah at ng mga kasama nito samantalang siya naman ay paulit-ulit na nagsasabi ng *ahad, ahad*: iisa, iisa ang Diyos. Ganito ang nangyayari hanggang sa madaanan siya ni Abū Bakr (RA) sa gayong kalagayan. Binili siya nito kay Umayyah at pinalaya alang-alang kay Allah.

Makatuwiran lamang, sa harap ng mga paniniil na iyon, na pigilan ng Sugo ni Allah (SAS) ang mga Muslim na harapang ipahayag ang kanilang pagyakap sa Islam yayamang nakikipagkita naman siya sa kanila nang lihim. Sapagkat kung nakipagkita siya sa kanila nang hayagan, walang dudang ang mga Mushrik ay hahadlang sa kanya at sa kanyang ninanais na pagtuturo sa kanila at pagpapatnubay sa kanila. At maaari pang humantong iyon sa sagupaan ng dalawang pangkat. Alam nilang ang sagupaan ay mauuwi sa pagkawasak at pagkalipol ng mga Muslim. Kaya naman makatuwiran ang paglilihim. Sa kabilang dako, ang Sugo ni Allah (SAS) naman ay nagsasagawa ng lantarang pag-aanyaya sa Islam at pagsamba sa gitna ng mga Mushrik sa kabila ng natatamo niyang mga pamiminsala mula sa mga Quraysh.

## Ang Paglikas sa Ethiopia

Sa harap ng pagpapatuloy ng mga Mushrik sa pagpapahirap sa sinumang matuklasang yumakap sa Islam lalo na ang mga mahihina sa kanila, hiniling ng Sugo (SAS) sa kanyang mga Kasamahan na lumikas sila, alang-alang sa kanilang pananampalataya, sa Ethiopia sa ilalim ng Najāshī[178] na sa piling niya ay makatatagpo sila ng kapanatagan lalo na at may marami sa mga Muslim na natatakot para sa kanilang sarili at kanilang mag-anak na saktan ng mga Quraysh. Naganap iyon noong ikalimang taon ng pagkapropeta ni Muhammad (SAS). Kaya may lumikas na mga pitumpung Muslim, kasama ang kanilang mag-anak. Kabilang sa kanila si 'Uthmān ibnu 'Affān (RA) at ang kanyang maybahay na si Ruqayyah (RA) na anak ng Sugo (SAS).

Tinangka ng mga Quraysh na siraan ang mga Muslim sa Ethiopia. Nagpadala sila ng mga regalo sa Najāshī at hiniling sa kanya na ibigay sa kanila ang mga nagsitakas na iyon. Sinabi pa nila sa kanya na nilalait diumano ng mga Muslim si Jesus at ang ina nito. Ngunit nang tinanong ni Najashī ang mga Muslim tungkol doon at ipinaliwanag naman ng mga ito sa kanya ang sinasabi ng Islam tungkol kay Jesus (AS) at nilinaw sa kanya ang katotohanan, ipinagsanggalang niya ang mga ito at tumanggi siya na ibigay ang mga ito sa kanila.

Nang buwan ng Ramadān ng taon ding iyon ay pumunta ang Sugo (SAS) sa malapit sa Ka'bah, samantalang may malaking pagtitipon ng mga Quraysh. Tumayo siya sa gitna nila at sinimulan niyang bigkasin ang Kabanata an-Najm ng Qur'an. Ang mga Kāfir na ito ay hindi pa nakarinig ng Salita ni Allah bago nangyari ito dahil sa gawi nilang nagpapatuloy sa pagpapayuhan na hindi sila makikinig sa anuman mula sa Sugo (SAS). Subalit nang binigla sila ng pagbigkas ng Sūrah na ito at kinatok ang mga tainga nila ng nakabibighani na makadiyos na salitang iyon, nanatiling matamang nakikinig dito ang bawat isa sa kanila. Walang anumang sumasagi sa kanilang isipan maliban sa pakikinig dito at nang binigkas ng Sugo (SAS) ang ***"Kaya magpatirapa kayo kay Allah at sumamba kayo."*** ay nagpatirapa siya at walang isa sa kanilang nakapagpigil sa sarili kaya sumubsob din na nakapatirapa. Nagkasunod-sunod tuloy ang paninisisi sa kanila mula sa mga Mushrik na hindi nakasaksi sa pangyayaring iyon. Dahil doon ay pinasinungalingan nila ang Sugo (SAS). Sinabi pa nilang pinapurihan diumano ng Sugo (SAS) ang kanilang mga diyos-diyusan at sinabi raw niya na ang pamamagitan ng mga ng mga diyos-diyusang ito ay talagang maaasahan. Ginawa nila ang malaking kasinungalingang ito upang ipandadahilan nila sa kanilang pagpapatirapa.

## Ang Pagyakap ni 'Umar (RA) sa Islam

Ang pagyakap ni 'Umar ibnu al-Khattāb (RA) sa Islam ay isang tagumpay para sa mga Muslim. Tinawag siyang al-Fārūq ng Sugo ni Allah (SAS) sapagkat pinaghiwalay ni Allah sa pamamagitan niya ang katotohanan at ang kabulaanan. Pagkalipas ng ilang araw lamang matapos na yumakap sa Islam si 'Umar (RA) ay nagsabi siya sa Sugo ni Allah (SAS): "O Sugo ni Allah, hindi ba't tayo ang nasa katotohanan?"

"Oo," sabi naman nito.

"Bakit pa tayo nagtatago at nagkukubli?" sabi ni 'Umar (RA).

Kaya lumabas ang Sugo ni Allah (SAS) kasama ng mga Muslim na nakasama niya sa tahanan ni al-Arqam (RA). Lumabas sila sa dalawang hanay: ang isang hanay ay sa pamumuno ni Hamzah

---

[178] Ito ang tawag noon sa mga hari ng Ethiopia.

ibnu 'Abdulmuttalib (RA) at ang isa pa ay sa pamumuno naman ni 'Umar ibnu al-Khattāb (RA) upang pumunta sa mga lansangan ng Makkah sa pagkilos na nagbibigay-alam sa lakas ng pagsulong ng pag-aanyaya sa Islam.

### Ang Boykoteo

Sinunod ng mga Quraysh alang-alang sa pagkalaban sa pag-aanyaya sa Islam ang maraming pamamaraan. Nagpahirap na sila, naniil, nanghikayat at nagbanta. Ngunit ang lahat ng iyon ay walang kinahantungan kundi ang ibayong pagkapit sa Relihiyong Islam at ang pagdami ng mga Mananampalataya. Heto na naman ang kanilang pag-iisip, nagpapakana ng bagong kaparaanan: susulat sila ng isang kasulatang lalagdaan nilang lahat at isasabit sa loob ng Ka'bah. Naglalaman ang kasulatang ito ng pangkalahatang boykoteo sa mga Muslim at sa angkan ni Hāshim, ang angkan ng Propeta (SAS): hindi pagbibilhan, hindi bibilhan, hindi tutulungan, hindi makikipagpangasawahan sa kanila, at hindi pakikitunguhan. Napilitan tuloy ang mga Muslim na umalis sa Makkah at magpunta sa isa sa mga lambak na tinatawag na Shi'b Abī Ṯālib.

Doon ay nakalasap ang mga Muslim ng matinding pasakit at dumanas ng gutom at sari-saring kapighatian. Ibinigay ng mga may kaya sa kanila ang lahat ng ari-arian, hanggang sa nagugol ni Khadījah (RA) ang lahat ng ari-arian niya. Lumaganap sa kanila ang mga sakit at umabot na ang karamihan sa kanila sa bingit ng kamatayan. Subalit sila ay nagpakatatag, nagtiis, at walang tumalikod sa kanila ni isa man sa Islam. Nagtagal ang paninikis na ito sa loob ng tatlong taon. Pagkatapos niyon, ang isang pangkat ng mga tanyag na tao sa mga Quraysh na may kaugnayan sa ilan sa kasapi ng angkan ni Hāshim ay nagsagawa ng pagpapawalang-bisa sa nilalaman ng kasulatan. Ipinahayag nila iyon sa madla. Nang nailabas na nila ang kasulatan ay natagpuan nilang kinain na ito ng anay at walang natira rito kundi ang maliit na gilid na kinasusulatan ng pararilang 'Sa ngalan Mo, o Allah.' Naglaho ang krisis at nagbalik ang mga Muslim at ang angkan ni Hāshim sa Makkah ngunit nanatili pa rin ang mga Quraysh sa kanilang matigas na saloobin sa pagkalaban sa mga Muslim.

### Ang Taon ng Dalamhati

Heto si Abū Ṯālib, kumakalat na ang matinding sakit sa buong katawan niya at nananatili siyang nakaratay sa higaan. Pagkatapos niyon ay heto siya at dumaranas ng hapdi ng paghihingalo habang ang Sugo ni Allah (SAS) ay nasa kanyang uluhan at nagsusumamo sa kanyang sabihin ang *Lā Ilāha Illallāh* bago siya mamatay. Subalit ang mga masamang kaibigan na mga dati niyang kasama sa pangunguna ni Abū Jahl ay pumipigil sa kanya at nagsasabi sa kanya: "Huwag kang tumalikod sa paniniwala ng iyong mga ninuno at iyong mga lolo." Namatay siya sa *Shirk*. Kaya naman ang dalamhati ng Sugo (SAS) sa kanya ay ibayo dahil sa pagyao niya nang hindi yumayakap sa Islam.

Pagkalipas ng malapit sa dalawang buwan mula ng yumao si Abū Ṯālib ay yumao naman si Khadījah (RA). Kaya gayon na lamang ang tindi ng lungkot ng marangal na Sugo (SAS) dahil sa kanya. Tumindi pang lalo ang dinanas na pagsubok ng Sugo ni Allah (SAS) mula sa kanyang mga kalipi magmula ng yumao ang amain niyang si Abū Tālib at ang maybahay niyang si Khadījah.

### Ang Pagpunta sa Ta'if

Nagpatuloy ang mga Quraysh sa kanilang panunupil, kanilang paghahari-harian, at kanilang pananakit sa mga Muslim. Nawalan na ng pag-asa ang Sugo ni Allah (SAS) na bubuti pa ang saloobin ng mga Quraysh kaya naisip niya ang Ṯā'if na harinawa'y patnubayan ni Allah sa Islam ang mga naninirahan doon. Ang paglalakbay patungong Ṯā'if ay hindi isang madaling bagay sanhi ng mahirap na daan dahil na rin sa mga nagtataasang bundok na nakapaligid doon. Subalit nagiging madali ang bawat mahirap alang-alang kay Allah. Ngunit ang mga naninirahan sa Ṯā'if ay tumugon sa kanya ng pinakamasagwang tugon. Inudyukan nila ang mga batang paslit nila na hagisan siya ng bato hanggang sa napadugo nila ang kanyang mga bukung-bukong. Kaya nalulumbay at malungkot niyang binalikan ang kanyang mga dinaanan pauwi sa Makkah. Walang anu-ano'y pinuntahan siya ni Anghel Gabriel kasama ng Anghel ng mga kabundukan. Tinawag siya ni Gabriel at nagsabi: "Tunay na si Allah ay nagpadala sa iyo ng Anghel ng mga kabundukan upang pag-utusan mo ito ng anumang naisin mo."

"Muhammad, kung nais mo'y iipitin ko sila ng al-Akhshabān," sabi naman ng Anghel ng mga kabundukan. Ang al-Akhshabān ay ang dalawang bundok na nakapalibot sa Makkah.

"Datapuwa't umaasa akong magpapaluwal si Allah buhat sa kanila ng mga sasamba kay Allah lamang at hindi magtatambal ng anuman sa Kanya," sabi ng Sugo (SAS) sa Anghel.

## Ang Paghiling ng mga Himala

Ang isa sa mga ipinakikipagtalo ng mga Mushrik sa Sugo ni Allah (SAS) ay ang pagihiling nila sa kanya ng mga himala upang pabulaanan siya. Naulit ang kahilingang iyon buhat sa kanila nang maraming beses. Minsan ay hiniling nila sa kanya na biyakin ang buwan sa dalawang bahagi. Kaya hiniling niya iyon kanyang Panginoon. At ipinakita ni Allah sa kanila ang buwan na nahati sa dalawang bahagi. Nakita ng mga Quraysh ang himalang ito nang matagal subalit sila ay hindi pa rin sumampalataya. Sa halip ay nagsabi sila: "Ginaway tayo ni Muhammad."

"Kung nagaway man niya kayo, hindi niya makakayang gawayin ang lahat ng mga tao; kaya hintayin ninyo ang mga manlalakbay," sabi ng isang lalaki. Dumating ang mga manlalakbay at tinanong niia ang mga ito.

"Oo. Nakita namin iyon," sabi naman ng mga ito.

Ngunit sa kabila niyon ang mga Quraysh ay nagpumilit pa rin sa kanilang kawalan ng pananampalataya. Ang pagkabiyak ng buwan ay isang paunang himala sa himalang higit na malaki pa rito: ang *al-Isrā' wa al-Mi'rāj* o ang Paglalakbay sa Gabi at ang Pag-aakyat sa Langit.

## Al-Isrā' wa al-Mi'rāj

Matapos ang pagbabalik niya mula sa Ṯā'if at ang mga nangyari roon, matapos na yumao si Abū Tālib at sinundan pa ito ng pagyao ni Khadījah (RA) at matapos na tumindi ang pamiminsala ng mga Quraysh, nagkatipon-tipon na ang mga dalamhati sa puso ng Sugo ni Allah (SAS). Kaya naman dumating ang pampalubag-loob para sa marangal na Propetang ito. Kaya noong gabi ng ika-27 ng buwan ng Rajab ng ika-10 taon ng pagsusugo sa kanya, habang natutulog ang Sugo ni Allah (SAS) ay pinuntahan siya ni Anghel Gabriel dala ang Burāq, isang hayop na nakahahawig ng kabayo, na may mga pakpak at mabilis lumipad na para bagang kidlat. Pinasakay siya rito ni Anghel Gabriel at dinala siya nito sa Sambahan sa Jerusalem sa Palestina. Mula roon ay iniakyat siya sa langit at nakakita siya roon ng mga malaking himala ng Panginoon niya. Sa langit iniatas ni Allah ang tungkuling magdasal nang limang beses isang-araw.

Bumalik siya nang gabi ring iyon sa Makkah, na panatag ang isip at may matatag na katiyakan. Kinaumagahan ay pumunta siya sa Ka'bah at nagsimulang isalaysay sa mga tao ang nangyari. Kaya tumindi pang lalo ang pagpapabula sa kanya ng mga Kāfir at ang panunuya nila sa kanya. Pagkatapos ay hiniling pa sa kanya ng ilan sa mga naroroon na ilarawan sa kanila ang Sambahan sa Jerusalem at iyon ay upang pabulaanan. Nagsimula siyang ilarawan ito nang isa-isa. Ngunit hindi pa nagkasya ang mga Mushrik sa mga pagtatanong na ito, datapuwa't ay nagsabi pa sila: "Nais namin ang isa pang patunay." Kaya nagsabi ang Sugo (SAS): "May nasalubong ako sa daan na isang karaban na patungong Makkah." Inilarawan niya ito sa kanila at ibinalita sa kanila ang bilang ng mga kamelyo nito at ang oras ng pagdating nito. Nagsasabi ng totoo ang Sugo ni Allah (SAS) ngunit ang mga Kāfir ay tuluyan nang naligaw sanhi ng kanilang kawalan ng pananampalataya, kanilang pagmamatigas, at hindi paniniwala.

Kinaumagahan din ng *al-Isrā' wa al-Mi'rāj* ay dumating si Anghel Gabriel at itinuro nito sa Sugo (SAS) ang pamamaran ng pagsasagawa ng limang pang-araw-araw na pagdarasal at ang mga takdang oras ng mga ito. Bago iyon, ang dasal noon ay binubuo ng dalawang bahagi (rak'ah) sa umaga at dalawang bahagi sa gabi.

## Ang mga Taga-Yathrib[179]

Sa mga panahong iyon, pinagtuunan ng pansin ng Sugo (SAS) ang mga nagsisidatingan sa Makkah matapos na nanatili ang mga Quraysh sa paglayo sa katotohanan. Nakikipagkita siya sa kanila sa mga tinitigilan nila at sa mga pook na kanilang tinutuluyan. Inaalok niya silang yumakap sa Islam at ipinaliliwanag niya ito sa kanila. Ang amain niyang si Abū Lahab ay bumubuntot sa kanya upang balaan ang mga tao laban sa kanya at laban sa kanyang ipinangangaral. Minsan ay pumunta siya sa isang pangkat ng mga taong taga-Yathrib at inanyayahan niya sila sa Islam. Nakinig sila sa kanya at pagkatapos ay nagkaisa silang sumunod sa kanya at maniwala sa kanya.

[179] Ang dating pangalan ng Madīnah bago lumikas dito ang Sugo.

Nakaririnig na noon pa man ang mga taga-Yathrib mula sa mga Hudyo na may isang propetang isusugo na nalalapit na ang panahon ng pagdating nito. Kaya noong inanyayahan niya sila, nakilala kaagad nila na siya ang propetang tinutukoy ng mga Hudyo kaya naman dali-dali silang pumasok sa Islam. Nagsabi sila sa isa't isa: "Huwag kayong magpauna sa mga Hudyo sa pagpasok sa Islam." Sila ay anim na katao lamang ngunit noong sumunod na taon ay may dumating na labindalawang kalalakihan. Nakipagkita sila sa Sugo ni Allah (SAS) at itinuro niya sa kanila ang Islam. Nang bumalik sila sa Yathrib ay ipinadala niya kasama nila si Muṣ'ab ibnu 'Umayr (RA) upang magturo sa kanila ng Qur'an at upang linawin sa kanila ang mga patakaran patakaran ng Islam. Nagawa ni Muṣ'ab ibnu 'Umayr (RA) na maimpluwensiyahan ang lipunan ng Yathrib. Kaya nang magbalik si Mus'ab (RA) sa Makkah pagkalipas ng isang taon, may kasama na siya mula sa mga taga-Yathrib na 72 lalaki at dalawang babae. Nakipagkita sa kanila ang Sugo (SAS) at nangako naman silang itataguyod nila ang Islam at isasagawa ang kautusan nito. Pagkatapos nito ay na nagbalik sila sa Yathrib.

## Ang Bagong Himpilan ng Islam

Ang Yathrib ay naging ligtas na kanlungan ng katotohanan at ng mga tagapagtaguyod nito. Nagsimula na ang paglikas doon ng mga Muslim. Gayon pa man, ang mga Quraysh ay nagpasya na pigilan ang mga Muslim sa paglikas. Kaya nakatagpo na naman ang ilang mga Muhājir[180] ng sari-saring pasakit at pahirap. Ang mga Muslim ay lumilikas nang palihim sa takot sa mga Quraysh. Ang paglikas ni 'Umar ibnu al-Khaṯṯāb (RA) ay isang halimbawa ng katapangan at paghahamon sapagkat isinukbit niya ang kanyang tabak, binitbit niya ang kanyang pana at pumunta siya sa Ka'bah at nagsagawa ng ṯawāf [181] sa palibot nito. Pagkatapos nito ay nilapitan niya ang mga Mushrik at nagsabi sa kanila: "Ang sinumang nagnanais na gawing balo ang kanyang maybahay at gawing ulila ang kanyang anak ay sumunod sa akin sapagkat ako ay lilikas." Pagkatapos nito ay lumisan siya at walang isa mang naglakas-loob na humarang sa kanya. Si Abū Bakr aṣ-Ṣiddīq (RA) naman ay nagpaalam sa Sugo ni Allah (SAS) para lumikas na rin ngunit nagsabi ito sa kanya: "Huwag kang magmadali; harinawa si Allah ay magtatalaga sa iyo ng isang kasama."

## Ang Pakana

Nagsilikas ang karamihan sa mga Muslim at nabalisa ang mga Quraysh nang nakikita na nila iyon. Nangamba sila sa pagtaas ng katanyagan ni Muhammad (SAS) at ng kanyang pangangaral kaya nagsanggunian sila hinggil sa bagay na iyon at napagkasunduan nilang patayin ang Sugo (SAS). Nagsabi si Abū Jahl: "Sa tingin ko ay mainam na magbigay tayo sa isang matipunong binata mula sa bawat lipi ng tabak; palilibutan nila si Muhammad at tatagain nila ito ng sabay-sabay nang sa gayon ay mahati ang pananagutan sa kanyang buhay sa iba't ibang mga angkan. Pagkatapos nito ay hindi na magkakalakas ang angkan ni Hāshim na kalabanin ang lahat ng tao."

Subalit ipinabatid na ni Allah sa Kanyang marangal na Propeta (SAS) ang sabwatang iyon. Kaya nakipagkasundo siya kay Abū Bakr (RA) na magsagawa ng paglikas. Kinagabihan ay hiniling ng Propeta kay 'Alī ibnu Abī Ṯālib (RA) na matulog sa kanyang higaan upang akalain ng mga tao na siya ay nasa bahay pa rin. Sinabi niya rito na walang masamang mangyayari sa kanya. Dumating ang mga nakipagsabwatan, pinaligiran nila ang bahay at nakita nila si 'Alī (RA) sa higaan kaya inakala nilang ito ay si Muhammad (SAS). Sinimulan nila ang paghihintay sa paglabas nito upang sugurin ito at patayin ito. Lumabas ang Sugo (SAS) samantalang sila ay nakapaligid sa bahay. Sinabuyan niya ng alikabok ang kanilang mga ulo; inalis ni Allah ang kanilang mga paningin kaya hindi nila siya namalayan. Nagpunta siya kay Abū Bakr (RA) at pagkatapos ay naglakad silang dalawa ng mga limang milya at nagkubli sa yungib ng Thawr.

Tungkol naman sa mga Quraysh, ang kanilang mga kabinataan ay nanatili pa ring naghihintay hanggang sa mag-umaga. Nang nag-umaga na ay bumangon si Alī sa higaan ng Sugo ni Allah (SAS). Nahulog si Alī sa kanilang mga kamay at tinanong nila ito ng tungkol sa Sugo ni Allah (SAS) ngunit wala itong ipinaalam na anuman sa kanila. Binugbog nila ito at kinaladkad nila ito ngunit wala rin silang napala.

## Ang Pagtugis

Pagkatapos niyon ay nagpadala ang mga Quraysh ng tagahanap sa lahat ng dako at nagtakda sila para sa sinumang makapagdadala sa kanya, buhay man o patay, ng

---

[180] Ang mga Muslim na lumikas sa Yathrib o Madīnah mula sa Makkah.
[181] Ito ay ang pag-ikot nang pitong ulit sa palibot ng Ka'bah. Isa itong uri ng pagsamba.

ang libing nila. Dinadalaw niya ang mga may-karamdaman sa kanila. Hindi niya hinahamak ang isang maralita dahil sa karalitaan nito at hindi niya kinatatakutan ang isang hari dahil sa pagiging hari nito. Sumasakay siya sa kabayo, kamelyo, asno, at buriko.

Siya ang pinakapalangiti sa lahat ng tao at ang pinakamaamo ang mukha sa kanila sa kabila ng dami ng dumapo sa kanya na mga dalamhati at mga pighati. Maiibigin siya sa pabango at kinasusuklaman niya ang mabahong amoy. Tinipon sa kanya ni Allah ang mga ganap na kaasalan at mga magagandang gawa. Binigyan siya ni Allah ng kaalamang hindi naibigay sa sinuman sa mga nauna at mga nahuli sa kanya.

Hindi siya marunong bumasa at sumulat. Wala siyang guro na tao. Inihatid niya ang Qur'an na ito na buhat kay Allah, na ang sabi ni Allah hinggil dito (17:88): **"Sabihin mo: "Talagang kung magkaisa man ang tao at ang jinnī na gumawa ng tulad sa Qur'an na ito, hindi sila makagagawa ng tulad nito at kahit pa man ang iba sa kanila ay katulong ng iba pa." "** Ang paglaki niyang walang kaalaman sa pagsulat at pagbasa ay pagpapabula sa bintang ng mga nagpapasinungaling na nagsasabing ang Qur'an ay sinulat lamang niya o natutuhan o nabasa sa mga aklat ng ibang tao.

**Ilan sa Kanyang mga Himala**

Tunay na ang pinakadakila sa mga himala niya ay ang Banal na Qur'an na dumaig sa lahat ng mga mahusay sa wikang Arabe, na sa pamamagitan nito ay hinamon ni Allah ang lahat na magbigay ng sampung kabanata na tulad ng sa Qur'an o na magbigay ng isang kabanata ng Qur'an o magbigay ng isang talata. Sinaksihan ng mga Mushrik ang di-matularang katangian ng Qur'an.

Hiniling sa kanya ng mga Mushrik na magpakita siya ng isang himala kaya naman ipinakita niya sa kanila ang pagkabiyak ng buwan. Nabiyak ang buwan hanggang sa ito ay maging dalawang bahagi. Ilang ulit ding bumukal ang tubig sa pagitan ng kanyang mga daliri. Nagluwalhati kay Allah ang maliit na bato sa kanyang palad. Nagpatuloy ito sa pagluluwalhati matapos na mailagay niya sa palad ni Abū Bakr (RA), at pagkatapos ay sa palad ni 'Umar (RA), at pagkatapos ay sa palad ni 'Uthmān (RA). Nakaririnig sila noon ng pagluluwalhati kay Allah ng pagkain sa tabi niya habang ito ay kinakain. Bumati sa kanya ang mga bato at mga punong-kahoy noong mga gabing ginawa siyang Propeta. Kinausap siya ng braso ng tupang may lason na ibinigay sa kanya ng isang babaeng Hudyo na nagnanais na pumatay sa kanya sa pamamagitan ng lason.

Nang hiniling sa kanya ng isang Arabe na taga-disyerto na pakitaan niya ito ng himala ay nag-utos siya sa isang punong-kahoy at pumunta iyon sa kanya at pagkatapos ay inutusan niya iyon at bumalik naman iyon sa kinalalagyan niyon. Nang sinalat niya ang utong ng inahing tupa na walang gatas ay nagkaroon ito ng gatas. Ginatasan niya ito, uminom siya at pinainom niya si Abū Bakr (RA). Dumura siya sa mga mata ni 'Alī ibnu Abī Ṭālib (RA) noong ito ay nagkaroon ng namamagang mata at gumaling naman kaagad ang mga ito. Nasugatan ang isang lalaki sa mga Kasama niya kaya hinipo niya ang tama at kaagad namang gumaling ito.

Dumalangin siya para kay Anas ibnu Mālik (RA) na magkaroon ng mahabang buhay, maraming yaman at anak, at na pagpalain ito ni Allah sa mga ito. Kaya nagkaroon ito ng 120 anak, ang mga punong datiles nito ay namumunga nang dalawang beses sa isang taon gayong ang pagkakaalam ay ang datiles ay isang beses lamang namumunga sa isang taon, at nabuhay ito nang 120 taon.

Idinaing sa kanya ang tagtuyot habang siya ay nasa pulpito ng masjeed kaya nanalangin siya kay Allah, noong ang langit ay walang ulap. Kaya naman may namuong mga ulap na tulad ng mga bundok. Bumuhos ang masaganang ulan sa sandaling iyon hanggang sa sumunod na Biyernes hanggang sa idinaing naman sa kanya ang dami ng ulan. Kaya nanalangin na naman siya kay Allah at tumigil naman ang ulan. Lumabas ang mga tao at naglakad sa ilalim ng sikat ng araw.

Pinakain niya ang isang libong lumahok sa labanan sa bambang ng isang salop na trigo at isang tupa. Nabusog silang lahat at umalis sila na ang pagkain ay parang hindi nabawasan ng anuman. Pinakain niya rin ang mga taong ito ng kaunting datiles na dinala ng anak na babae ni Bashīr ibnu Sa'd (RA) na para lamang sana sa ama at amain sa ina nito. Pinakain din niya ang buong hukbo mula sa baon ni Abū Hurayrah (RA) hanggang sa nabusog sila.

Lumabas siya sa bahay habang may isandaang Quraysh na naghihintay sa kanya upang patayin siya. Hinagisan niya ang kanilang mga mukha ng alikabok at umalis siya na hindi nila nakikita. Sinundan siya ni Surāqah ibnu Mālik upang patayin siya. At nang napalapit na ito sa kanya ay nanalangin siya laban dito kaya lumubog sa lupa ang mga paa ng kabayo nito.

**PAGSUSULIT BLNG. V.**

PANGALAN: ______________________________ PETSA: ______________
PANGALAN NG GURO: ______________________
LAGDA: ______________________________ MARKA: ______________

**I. IBIGAY ANG MGA HINIHINGING KASAGUTAN SA MGA TANONG.**

1) **Ano ang tunay na Pangalan ng Propeta (SAS)?**
   1) ______________________________

2) **Ibigay ang Pitong Kundisyon ng La illaha illalah**
   2) ______________ 3) ______________
   4) ______________ 5) ______________
   6) ______________ 7) ______________
   8) ______________

3) **Ibigay ang Anim na Haligi ng Pananampalataya sa Islam.**
   9) ______________ 10) ______________
   11) ______________ 12) ______________
   13) ______________ 14) ______________

4) **Magbigay ng Anim na Anghel ni Allah.**
   15) ______________ 16) ______________
   17) ______________ 18) ______________
   19) ______________ 20) ______________

5) **Magbigay ng Anim na Maliit na Palatandaan sa Pagdating ng Araw ng Paghuhukom.**
   21) ______________ 22) ______________
   23) ______________ 24) ______________
   25) ______________ 26) ______________

6) **Magbigay ng Anim na Malaking Palatandaan sa Pagdating ng Araw ng Paghuhukom.**
   27) ______________ 28) ______________
   29) ______________ 30) ______________
   31) ______________ 32) ______________

7) **Sino ang Unang Bubuhayin ni Allah sa Pagbabangong Muli?**
   33) ______________________________

8) **Sino ang Babaing Nag-utos na patayin si Hamza (RA)?**
   34) ______________________________

9) **Sino ang Unang Bubuhayin ni Allah sa Pagbabangong Muli?**
   35) ______________________________

10) **Magbigay ng Anim na Katangian ng Anti Kristo (Dajjal)**
   36) ______________ 37) ______________
   38) ______________ 39) ______________

11) **Magbigay ng Apat na Katayuan ni Jesus (AS) sa Islam.**
   40) ______________ 41) ______________
   42) ______________ 43) ______________

12) **Sinu-sino ang nararapat na bigyan ng Zakat?**
   44) ______________ 45) ______________
   46) ______________ 47) ______________
   48) ______________ 49) ______________
   50) ______________

I'tikaf Al ghayrimina Hadith Zakatul Fitr Fuqara Masakeen Zakat
Al mu'alafati qulubuhum Al a'milina alayha A'qil Huling sampung araw
Fi sabili-llah Abanis-sabili Salatul Eid 1,000 buwan lima Ramadhan Sawm
Baligh Intensyon As-habi riqab Ashura 70 taon Hajj Al asma wa as sifat
Sugrah Istisqa Malakul maut Tahajjud Shawt Al Aqabah Ramal Isra wa al miraj

## II. PILIIN ANG TAMANG SAGOT NA NAKALAGAY SA HUGIS PARIHABA.

______________ 1. Ilalayo ang mukha ng nag-aayuno sa apoy ng impiyerno ng may layong ____ taon?
______________ 2. Ang pagsasagawa nito ay nagiging daan upang magkaroon ng Ihsan?
______________ 3. Ang ibig sabihin na ito ay paglalakbay tungo kay Allah.
______________ 4. Ang I'tikaf ay maaaring gawin kahit anong oras at panahon, subalit ang Sunnah ay mas makabubuti itong gawin sa ____________ng Ramadhan?
______________ 5. Ang pangalan at katangian ni Allah na isa sa Tawhid.?
______________ 6. Sa mga mahihirap na walang wala na ang ibig sabihin sa salitang Arabe ay?
______________ 7. Sa mga nangangailangan na hindi humihingi ng limos na ang ibig sabihin sa Salitang Arabe ay?
______________ 8. Sa mga taong nagtatrabaho upang mangolekta ng Zakat na ang ibig sabihin sa salitang Arabe ay?
______________ 9. Ang salah hinggil sa paghingi ng ulan na ang tawag ay?
______________ 10. Para sa mga nabihag upang sila ay makalaya sa pagkakabihag na ang ibig sabihin sa salitang Arabe ay?
______________ 11. Ang mga taong baon sa utang na ang ibig sabihin sa salitang Arabe ay?
______________ 12. Ang haligi ng Islam nagpapadalisay sa kabuhayan ng isang tao?
______________ 13. Para sa mga manlalakbay na ang ibig sabihin sa salitang Arabe ay?
______________ 14. Ito ay isinasagawa ng walang Adhan at walang Iqamah?
______________ 15. Ang sawikain ng Propeta (SAS) na nagtataglay ng kautusan?
______________ 17. Ang salatul Eid ay may _____ takbeer sa ikalawang rakah?
______________ 18. Nakatali ang mga demonyo sa panahon na nagsasagawa ng?
______________ 19. Ang katumbas ng salitang nasa tamang edad sa Arabe ay?
______________ 20. Ang anghel na kumukuha ng kaluluwa ng isang tao?
______________ 21. Ang paghahangad ng Lailatul Qadar sa Buwan ng Ramadhan ay may katumbas na ilang buwan?
______________ 22. Ang tawag sa pitong ulit na pagikot sa Ka'abah sa salitang Arabe?
______________ 23. Ipinag-utos sa mga Muslim, alipin man o hindi, babae man o lalaki, bata man o matandaan na gampanan ang pagbibigay nito.
______________ 24. Ang dasal upang humingi ng patnubay kay Allah?
______________ 25. Ito ay isa sa panuntunan ng I'tikaf na kinakailangang gawin upang maging katangaptangap ito?
______________ 26. Ang katawagan sa pinakamalaking Jamarah?
______________ 27. Ang pag-aayuno ay isinasagawa sa buwan ng?
______________ 28. Ang salitang Arabe sa tatlong mabilis na pagikot sa Ka'abah?
______________ 29. Ang katumbas ng salitang nasa tamang pag-iisip sa Arabe ay?
______________ 30. Para sa mga Mujahidin na nakikipaglaban alang-alang kay Allah na ang ibig sabihin sa salitang Arabe ay?
______________ 31. Para sa mga tao na napalapit sa Islam na naging Muslim na ang ibig sabihin sa salitang Arabe ay?
______________ 32. Ang Haligi ng Islam na nagtataglay ng limang uri ng obligadong pagsamba?
______________ 33. Ang Tawag sa Maliit na Jamarah ay?
______________ 34. Ang Tawag sa Paglalakbay ng Propeta sa Langit?
______________ 35. Ilan ang bilang ng obligadong dasal na ipinag-utos sa Propeta (SAS)?

## III. IPALIWANANG ANG MGA SUMUSUNOD NA KATANUNGAN.

1. Sa iyong palagay dapat bang paniwalaan ang ginawang pag-akyat ni Propeta Muhammad sa langit at bakit?

2. Ipaliwanang ang ibig sabihin ng La illah illallah.

3. Ipaliwanang ang ibig sabihin ng Muhammad Rasulullah.

4. Ipaliwanag ang Shahadatayn. At ang Kahalagahan nito sa isang Muslim.

5. Ayon sa Hadit ng Propeta si Jesus ay babalik sa lupa, papaano siya babalik at saang lugar siya bababa?

*"At siya na nagdala ng Katotohanan at sila na nagsisampalataya rito, sila yaong Mutaqqun (mga banal, matimtimang tao na gumagawa ng katuwiran at kabutihan). Sasakanila ang lahat ng kanilang naisin sa kanilang Panginoon; ito ang gantimpala ng Muhsinun (mga gumagawa ng kabutihan tungo sa Kapakanan ni Allah at ayon sa Sunna [pamamaraan at pagtuturo] ni Propeta Muhammad)*

Qur'an 39:33-34

# Para sa Ika-Tatlong Baitang
# Ikatlong Bahagi

*"O kayong nagsisisampalataya! Pangambahan ninyo si Allah (sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal) kung paano Siya nararapat na pangambahan. (sundin ninyo Siya, magbigay ng pasasalamat sa kanya at lagi Siyang alalahanin), at huwag (hayaang kayo) ay pumanaw maliban na kayo ay nasa katayuan ng Islam (bilang mga Muslim) na may ganap na pagtalima kay Allah".*

(Al – Imran: 102)


| BLNG. | MGA NILALAMAN | PAHINA |
|---|---|---|
| 1 | Ang Pagsunod sa Propeta | 109 |
| 2 | Ang mga Ipinagbabawal sa Islam | 109 |
| 3 | Ang mga Muslim at ang Mananampalataya | 109 |
| 5 | Kagandahang Asal At Pag-uugali | 113 |
| 6 | Etiko at Pagiging Marangal | 113 |
| 7 | Ang mga Alituntunin sa Pagkain | 114 |
| 8 | Ang mga Ipinahihintulot na Pagkain | 116 |
| 9 | Ang mga Alituntunin sa Pagkatay | 116 |
| 10 | Ang mga Kundisyon sa Pagkatay | 117 |
| 11 | Ang Panggangaso | 118 |
| 12 | Ang mga Alituntunin at ang mga Magagandang Asal sa Islam. | 119 |
| 13 | Ang Katapatan at Takot kay Allah | 119 |
| 14 | Ang Shirk at ang Kabutihan ng Tawhid | 120 |
| 15 | Ang Panganib ng Pagpapakitang –tao at na ito ay bahagi ng Shirk | 121 |
| 16 | Ang Panalangin | 121 |
| 17 | Ang Kaalaman | 122 |
| 18 | Ang Pag-uutos sa Nakabubuti at ang Pagsaway sa Nakakasama. | 122 |
| 19 | Ang Wastong Paraan ng Pag-uutos sa Nakakabuti at Pasgsaway sa Nakasasama | 123 |
| 20 | Ang Pagiging Mabuti sa mga Magulang | 123 |
| 21 | Ang Kagandahang Asal | 124 |
| 22 | Ang Kahinahunan at Kabaitan | 124 |
| 23 | Ang Awa | 124 |
| 24 | Ang Pagbabawal sa Paglabag sa Katarungan | 125 |
| 25 | Ang Kabanalan ng Buhay ng Muslim | 125 |
| 26 | Ang Karapatan ng Muslim | 126 |
| 27 | Ang Karapatan ng Kapit-bahay | 126 |
| 28 | Ang Pagiging Mapanganib ng Dila | 126 |
| 29 | Ang Pagbabawal sa Panlilibak | 127 |
| 30 | Ang Kabutihan ng Katapatan at ang Pagpupula sa Kabulaanan | 127 |
| 31 | Ang Pagsisisi. | 128 |
| 32 | Ang Pagbati | 129 |
| 33 | Ang Kagandahang Asal sa Harap ng Pagkain. | 129 |
| 34 | Ang Paggamit ng Palikuran | 130 |
| 35 | Ang Pagbahin at ang Paghikab | 130 |
| 36 | Ang Pag-aalaga ng Aso | 131 |
| 37 | Ang Pag-aalaala kay Allah | 131 |
| 38 | Ang Kaibigan | 132 |
| 39 | Ang Pagtitiis | 132 |
| 40 | Ang mga Kababaihan sa Islam | 133 |
| 41 | Mga Mahahalagang Payo | 134 |
| 42 | Ang mga Alituntunin sa Pag-aasawa | 135 |
| 43 | Pagsasanay Bilang. VII | 141 |
| 44 | Ang mga Alituntunin para sa Muslimah | 142 |
| 45 | Pagsasanay Bilang VIII | 150 |
| 46 | Pagsusulit Bilang VII. | 151 |
| 47 | Pagsusulit Bilang VIII. | 154 |
| 48 | Pangwakas na Salita | 156 |

إتباع الرسل

# ANG PAGSUNOD SA PROPETA (SAS)

Hindi sapat na ang isang tao ay sumamba lamang kay Allah. Dapat malaman ng isang tao ang pamamaraan ng pasamba na Kaniyang ibinatas o ipanag-utos. Ang isang Muslim ay hindi nararapat na magsagawa ng kabaguhan sa pamamaraan ng pagsamba na hindi ipinagutos Nito. Bilang isang Muslim, dapat mong malaman ang kaasalan, pag-uugali, at ang gawi ng pamumuhay ng propeta (SAS) at gawin ang kaalamang natutunan nang may tantos na pagtalima sapagkat ang pamamaraan ng Propeta ay ang pinakamahusay. Marapat na banggitin na ang ilan ay magsasabing ang Islam ay hindi kumpleto at ang pagiging hindi makatotohanan ng Propeta kung ang lalaki o babae ay magsagawa ng pagsamba sa paraan na hindi niya itinuro.

*KABAGUHAN* na ang ibig sabihin ay gumawa na magdala ng kabaguhan, mag-imbento, ugalin o ipakilala ang iba't- ibang ritwal, gawi o kaya ay konsepto na hindi ginawa, itinuro o binigyang pabor ng Propeta, itaas nawa ng Allah ang pagbanggit sa kanya.

MGA HALIMBAWA NG KABAGUHAN SA ISLAM

1. Ang pagsasabi ng nusok (intention) sa gagawing pagdarasal.
2. Ipagdiwang ang Kaarawan ng Propeta
3. Ipagdiwang ang gabi ng mid-Sha'baan
4. Ipagdiwang ang gabi ng Al Qadar sa Buwan ng Ramadan.

## Ang Mga Ipinagbabawal sa Islam:

Ang Allah (SWT) ang Pinakamatalino, hindi Niya ipagbabawal ang isang bagay maliban na lamang kung ito ay makakasama sa tao.

Ang tunay na pananampalatayang Muslim at pagmamahal kay Allah (SWT) ay sumasalamin sa kanyang pagsasagawa nito mula sa kung ano ang ipinagbawal ni Allah. Ang isang Muslim ay kinakailangang bigyang lugod at unahin kung ano ang makasisiya kay Allah na mas higit kung ano ang makapagbibigay kasiyahan sa kanya.

Ang ilan sa mga malalaking kasalanan sa Islam ay ang mga sumusunod:

1. Shirk (politistsa – pagsamba sa mga nilikha ni Allah)
2. Ang pangungutya sa Islam o kasuklaman ito
3. Kawalan ng kasiyahan sa mga inihatol na batas ni Allah o laitin ito dahil sa sanhi ng kasawiang-palad, sakuna, kapahamakan o pagkabigo sa inaasam na tagumpay.
4. Ang gawing legal ang mga ginawa ng Allah na ipinagbabawal o ang magsalita kung ano ang hindi mo alam hinggil sa Islam.
5. Pagbabago sa Islam tulad halimbawa ng pagpapahayag ng intensyon na sambitin ito ng malakas , pagdiriwang sa kapanganakan ng Propeta (SAS), pagdiriwang sa gabi sa kalagitnaan ng buwan ng Sha'ban, ang gabi ng "Al-Isra wal Mi'raj" at ang gabi ng Al-Qadr sa buwan ng Ramadan at marami pang iba.
6. Isumpa o insultuhin ang sinuman sa mga kasamahan ng Propeta (SAS).
7. Panghuhula, mahika, pangungulam at ang lahat ng bagay na kahalintulad nito.
8. Ang hindi pagsunod sa takdang oras ng pagdarasal, at ang hindi pagsasagawa nito sa masjid (para sa mga lalaki lamang).
9. Hindi pagbibigay ng obligadong kawanggawa (Zakah)
10. Ang hindi pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan ng walang pang Islamikong basehan.
11. Pagpapakamatay o pagpatay
12. Pagtakas sa mga kaaway kung oras ng labanan
13. Pakikipagtalik sa hindi asawa, pagtatalik mula sa iisang kasarian (sodomiya) at pagsasalsal.
14. Pagbintangan ang iba sa paggawa ng pornikasyon o ang pakikipagtalik sa hindi asawa.
15. Ang paggastos sa yaman ng mga ulila at pagmamalabis at ang kawalan ng katarungan sa kanila.
16. Riba o usurya (tulad halimbawa ng P100 na pagpapahiram na may tubo o dagdag kung babayaran)
17. Panunuhol o pagpapasuhol

18. Pagsusugal o sugal
19. Pagnanakaw, ang paggasta sa ipinagkatiwalang ari-arian, hindi pagbabayad ng utang at anumang labag sa batas upang makakuha ng kayamanan.
20. Labis na paggastos, maling paggamit at pag-aaksaya ng yaman.
21. Kalapastanganan sa mga magulang.
22. Pananakit o insultuhin ang mga kamag-anak.
23. Pananakit o insultuhin ang mga kalapit-bahay at ang publiko.
24. Bandalismo tulad halimbawa ng paninira sa mga pang-publikong lugar at kagamitan.
25. Pang-aapi sa iba, pagsasagawa ng mga hindi makatuwiran laban sa kanila at panunulsol sa nang-aapi laban sa taong inaapi.
26. Pagpapahirap sa mga hayop.
27. Pagsisinungaling at paglilihim ng katotohanan.
28. Pagsasabi ng mga kasinungalingan, hindi pagtupad sa mga pangako at palsikipasyon o panloloko.
29. Pagtataksil o kataksilan at pagsisiwalat ng mga lihim.
30. Inggit
31. Pagmamataas at panunuya sa iba.
32. Paninirang-puri o at paghahatid humapit (tsismis).
33. Musika o tugtugin.
34. Mga nakakalasing na likido at mga ipinagbabawal na gamot.
35. Pagkain ng karne mula sa mga patay na hayop, dugo o kahit anong madudumi at kasuklam-suklam na pagkain.
36. Pagkain ng karne ng baboy, karne ng aso, maninilang hayop (mga hayop na kumakain ng kapuwa hayop) at mga maninilang ibon.
37. Pagkain ng mga kinatay na hayop sa pangalan ng iba maliban kay Allah.
38. Pag-aalaga ng mga aso ng walang sapat na pang-Islamikong batayan upang gawin ito.
39. Pagsusuot, pagsasabit o paggamit ng krus (Christian cross) at ibang pang-uri ng simbulo na taliwas sa Islam.
40. Pagsusuot ng mga ginto o seda at mga damit na mababa na lampas sa bukong-bukong (sa mga kalalakihan). Ngunit, ito ay ipinapahintulot sa mga kababaihan na magsuot ng ginto o seda. Maaari silang magsuot ng damit na lalampas sa bukong-bukong.

Ito ay mahalaga na bigyang diin na ang Islam ay isinasaalang-alang ang lahat ng uri ng pakikitungo, mga kilos at pakikipagtransaksiyon ng legal hanggat ang mga ito ay hindi napapatunayang ilegal o magiging labag sa batas.

المسلمون والمؤمنون

## ANG MUSLIM AT ANG MANANAMPALATAYA

1) Ang isang Muslim ay yaong tao na matapat na naniniwala at nagsasabi ng pananampalataya sa kaisahan ng Allah (SWT) at ang pagiging propeta ni Muhammad (SAS) na nagsasabi ng: "Ash hadu alla ilaha illallah, wa ash hadu anna Muhammad rasulullah" – na ang ibig sabihin ay: "ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na dapat sambahin liban kay Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay sugo ng Allah)
2) Ang isang Muslim ay yaong tao na namumuhay ng wasto at tahimik kasama ng iba.
3) Ang isang Muslim ay yaong tao na sumusunod ng mapayapa kay Allah (SWT) at sa Kanyang mga nilalang. Kapayapaan kasama ni Allah (SWT) na ang ibig sabihin, na hindi lamang sa paghinto na gumawa ng masama o makasakit ng kapuwa bagkos ang gumawa ng mabuti sa Kanya. Ang pangunahing katangian ng isang Muslim ay yaong may simpatya at mapagmahal sa iba.
4) Sinabi ng allah sa Banal na Qur'an:
   i) "Nang ang kanyang Panginoon ay nagwika sa kanya (Abraham) "Isinuko ko ang sa Panginoon at Tagapagtaguyod ng lahat ng mga nilalang" [1]

[1] Qur'an 2:131

ii) At ang pagsunod at pagtalima ay itinagubilin ni Abraham sa kanyang mga anak na lalaki , gayundin si Hakob: "O aking mga anak! Si allah ang humirang para sa inyo ng tunay na pananampalataya; kayat huwag ninyong hayaan na kayo ay pumanaw maliban sa katayuan ng pagtalima (sa Islam bilang mga Muslim )" [2]

iii) Sino kaya baga ang higit na mabuti sa pagsasalita maliban sa kanya na nananawagan (sa mga tao) tungkol kay Allah (SWT) at gumagawa ng kabutihan at nagsasabi: "Ako ay isa sa mga Muslim (na sumusuko kay Allahj)[3]

iv) Sila yaon lamang mga mananampalataya na ang kanilang puso ay punong puno ng takot kung sasabihin ni Allah (SWT), at kung ang Kanyang Sugo ay magsasalita sa kanila sila ay nadadagan ng pananampalataya, at sa kanilang Panginoon sila ay nagtitiwala.

v) Sila ang mga tunay na sumasampalataya sa katotohanan. Sasakanila ang antas ng karangalan nasa kanilang Panginoon at proteksiyon at masaganang panustos." [4] At sila na nagsisampalataya at lumikas (nangibang –bayan sa Makkah), at nakipaglaban sa kapakanan ni Allah, gayundin ang mga nagbigay sa kanila ng masisilungan at tulong, sila nga ang tunay na nananampalataya, sasakanila ang kapatawaran at masaganang panustos.

5) Ang Hadith ng propeta Muhammad (SAS):

1. Ang relihiyon ay madali, waang sinuman ang magpumilit na gawin ang labis sa kanyang relihiyon subalit kailangan na madaig siya nito; kung kaya kumilos ng tama at panatilihin ang lahat ng bagay, maging mabuti at humingi ng mabuting pagpapala sa umaga at sa gabi at sa pagitan ng mga gabi.
2. Ang isang MUSLIM ay yaong ang mga tao ay ligtas sa kanyang mga dila at mga kamay.
3. Ang isang tao ay hindi masasabing MUSLIM hanggat ang kanyang puso at dila ay gayon"
4. Ang mapagtiwala (believers) ay yaong mga gumagawa ng tiwala at hindi yaong nasisira sa kanyang mga salita at mga pangako."
5. Ang tunay na relihiyosong tao ay yaong ang kanyang mga ngiti sa kanyang mukha ay ipinakikita niya sa bawat tao"
6. Ang isang MUSLIM na nakikihalubilo sa ibang tao at nakikibahagi sa kanilang pagdurusa ay mas mainam kaysa sa mga yaong namumuhay ng nag-iisa at mapagnilay-nilay na tao.
7. Ang pinakamahusay na tahanan ng MUSLIM ay yaong ang mga ulila ay inaalagaan ng husay; ang pinakamasang tahanan ng MUSLIM ay yaong ang mga ulila ay binubusabos.
8. Siya ang pinakamahusay na MUSLIM kung ang kanyang disposisyon ay pinakamusay; at ang pinakamahusay sa inyo ay yaong pinakikitunguhan ang kanyang asawa (babae) ng husay.
9. Ang sinuman ang nagsagawa ng pagdarasal na palagian nating ginagawa at ibinaling ang kanyang mukha sa Qibla at ang kumain ng kinatay na hayop sa pangalan ni Allah; ay isang tunay na MUSLIM na kung saan ito ang kasunduan kay Allah (SWT) at ang kasunduan ng Mensahero ng Allah (SWT); kaya huwag labagin ang kasunduan kay Allah.
10. Hindi legal o makatarungan sa isang MUSLIM na magtagal ang alitan at relasyon niya sa kanyang ng higit sa tatlong araw.
11. Dalawang katangian ang hindi pwedeng pagsamahin sa isang MUSLIM, pagigingsakim at masamang disposisyon, (tama' at su'ul khuluq)
12. Walang isa man sa inyo ang may pananampalataya hanggat hindi ninyo ako minamahal ng higit sa inyong ama, anak at lahat ng tao."
13. Walang isa man sa inyo o sa mga tao na naniniwala ng buong buo hanggat hindi niya hinahangad sa kanyang kapatid kung ano ang hinahangad niya para sa kanyang sarili.
14. Gawin mo sa lahat ng tao kung ano ang hinihingi mo na gawin din nila sa sarili mo at tanggihan ang mga bagay sa iba na tinatanggihan mo sa sarili mo.
15. Ang pinakamahusay na tao ay yaong nagbibigay karagdagang kabutihan sa sangkatauhan.
16. Ang pinakamahusay na tao ay yaong nakikitang nagpapaalala kay Allah; ang pinakamasamang tao ay ang mapaggawa ng kuwento, yaong mga gumagawa ng

---

[2] Qur'an 2:132
[3] Qur'an 43:69
[4] Qur'an 8:4

kasamaan at sanhi ng paghihiwalay ng magkaibigan at ang humihinging maging talunan ang mga mabubuti.

17. Ang pinakamabuting tao ay yaong nabuhay siya ng matagal at ang kanyang mga ginawa ay pawang kabutihan at ang pinakamasama ay yaong nabuhay ng matagal at ang kanyang mga ginawa ay pawang masasama.
18. Ang pinakamahusay na tao ay yaong ang kanyang buhay ay ginugol niya sa pakikapaghalubilo sa tao.
19. Ang pinakamasama sa tao ay yaong ang kanyang mga natutunan ay pawang kasamaan at ang pinakamabuti ay yaong natuto ng kabutihan.
20. Sasabihin ko sa iyo kung sino ang pinaka pangit sa inyo? Yaong mga kumakain na nag-iisa at yaong nagpaparusa sa mga alila at yaong hindi nagbibigay ng biyaya sa kahit na sino.
21. Ang mga MUSLIMS ay magkakapatid sa relihiyon, marapat na hindi sila mang-api sa isat isa, o di kaya ay huminto na tulungan ang bawat isa, o ang sila ay maghamakan sa isat-isa.
22. Ang lahat ng MUSLIM ay isang katawan. Kung ang isang tao ay dumadaing nang sakit sa kanyang ulo, ang buong katawan ay dadaing.
23. Tulungan mo ang iyong kapatid sa panahon ng kasawian o kasamaang palad at paalalahanan siya kung naliligaw ng landas.
24. Ang isang MUSLIM ay hindi makakapasok sa paraiso at hindi mararating ang dalisay na tahanan hanggat hindi niya binabayaraan ang kanyang pagkakautang.
25. Kung ikaw ay kumuha sa mabuti at ito ay iyong isinagawa at ipinamuhay at kung ikaw ay nagdalamhati sa kasamaang nagawa , ikawa ay tunay na mananampalataya.
26. Ang tunay na mananampalataya ay yaong nagsasabi lamang ng magagandang salita o mabuti pang manahimik na lang kung walang magandang sasabihin.
27. Ang isang tao na hindi gumagawa ng kahinhinan at hindi tumitigil sa paggawa ng mga nakahihiyang gawain ay hindi isang MUSLIM.
28. Ang isang tao ay hindi dapat patayuin ang isang nakaupo at akupahin nito ang inuupuan, bagkos marapat na hingin ang kaluwagan sa kanyang uupuan.
29. Ang sinuman ang tumayo mula sa kanyang inuupuan at bumalik, siya ang mas may karapatan sa upuang kanyang inalisan.
30. Hindi pinahihintulutan ang pagsingit ng isang tao sa dalawang nag-uusap kung walang permiso.
31. Ang isang Muslim ay may karapatan sa isang MUSLIM na anim (6) na tungkulin na dapat ibigay ng hayagan;
    - 31.1.1. marapat na batiin niya ang isang tao na kanyang makakasalubong o makikilala,
    - 31.1.2. marapat na ipagdasal niya ito kung ito ay babahin,
    - 31.1.3. marapat na tanggapin niya ang paanyaya kung siya ay aanyayahan nito,
    - 31.1.4. marapat na bisitahin niya ito kung ito ay may sakit,
    - 31.1.5. marapat na makipaglibing siya kung ito ay namatay,
    - 31.1.6. at marat na mahalin niya ito gaya ng pagmamahal niya sa kanyang sarili.
32. Ang relihiyon ay ang pagiging matapat kay Allah (SWT) at sa Kanyang Mensahero (SAS) at sa mga pinuno ng ng mga MUSLIMS at sa pangkalahatang MUSLIMS.

Ang ibig sabihin ng Hadith:

- 32.1.1.1. Ang pagiging matapat kay Allah (SWT) ay kinapapalooban ng pagpapasakop sa lahat ng Kautusan,
- 32.1.1.2. Ang pagiging matapat sa Propeta (SAS) ay ang pagsunod sa kanyang yapak,
- 32.1.1.3. Ang pagiging matapat sa mga pinunong MUSLIMS ay kinapapalooban ng pagsunod sa kanyang utos hanggat hindi ito sumasalungat sa kautusan ni Allah (SWT) at sa Kanyang Propeta (SAS),
- 32.1.1.4. Ang pagiging matapat sa pangkalahatang MUSLIMS ay kinapapalooban ng paggawa para sa kapakanan ng nakararami .Ito ang kaanu-anuhan ng relihiyong Islam.

## حسن الخلق والادب

## KAGANDAHANG ASAL AT PAG-UUGALI

Ganunpaman, tinutukoy ng Islam kung ano ang ipinagbabawal at kung kailan hindi dapat bigyan ng pagpapasya hinggil kung ano ang mga legal.

Ipinag-uutos ng Islam ang magandang moralidad at katangian, at pagkakapantay-pantay sa mga biyaya at katayuan ng pagdarasal at pag-aayuno.

Ang pagkatao ng isang Muslim ay kinakailangan na nagtataglay ng mga sumusunod na katangian:

1) Pagsasabi ng katotohanan
2) Mapagkakatiwalaan at Katapatan.
3) May dalisay ng puso at Pagkamahiyain.
4) Matiyaga at Malumanay sa pagkilos at pananalita.
5) Mapagpatawad at Mapag-payapa.
6) Mapagpakumbaba (Di-mapagmataas), Pagkamaawain at Pagkamabait.
7) Mapagbigay, may kabutihang-loob at pagkamagiliw-tumanggap.
8) Makatarungan .
9) Lakas ng Loob (Determinado), may karangalan at katapangan.
10) May katatagan, may tibay ng loob at Masigasig, Matiyaga.
11) May kalinisang taglay at maayos ng hitsura sa pangagatawat at mukha.

## الآداب

## ETIKO AT PAGIGING MARANGAL

Ang Muslim ay laging malinis, tulad ng isang kaiga-igayang amoy, may tinging kakisigan at talino, palagiang naglilinis ng mga ngipin sa pamamagitan ng siwak o sepilyo sa ngipin. Kanyang nililinis at ginugupit ang mga kuko, pag-aahit ng buhok sa pribadong parte ng katawan at sa kili-kili. Pinaiikli niiya ang kanyang bigote at hindi niya inaahit o pinaiikli ang buhok sa kanyang ulo sa ibang bahagi habang ang ilang bahagi naman ay mahaba (ang buhok ay kinakailangang pantay ang haba). Ang isang Muslim na lalaki ay kinakailangang tuli. Pinananatili niya ang pagiging malusog at may malakas na pangangatawan at hindi kailan man ginagaya ang mga hindi naniniwala.

Nagmula sa mahahalagang kagandahang asal na ipinag-uutos sa Islam, ang pagpapanatili sa kalinisang ng mga lansangan at mga pampublikong lugar, ang iwasang magkasakitan sa isa't-isa at pagpapanatili ng pagkalahatang katahimikan at katiwasayan.

Ang isang Muslim ay ginagamit ang kanang-kamay kung kumakain at kung imiinom, pagbigay at pag-abot at lahat ng pakikitungo sa karamihan. Kung itatalima ang kalinisan, (halimbawa paghuhugas (wudhu), paliligo, pananamit, pagsusuklay at pag-aahit ng buhok), ang mga Muslim ay nagsisimula sa kanilang kanang-organo ng katawan. Maging sa pagpasok sa Mosque, kanyang inuuna ang kanang-paa katulad ng ginawa ng Propeta Mohammad (saw).

At kung nagnanais na matulog, iminumungkahi na magsagawa muna ng paghuhugas (wudhu) at pagkatapos ay humiga at ihilig ang inyong katawan sa kanang bahagi nito.

Banggitin, "Bismillah (sa ngalan ng Allah) bago kumain, uminom at matulog. Ganon din kung tatanggalin ang kasuotan, pagsakay sa hayop o kaya ay pagmamaneho ng sasakyan, ang magbaba o magbuhat ng isang bagay, pakikipagtalik sa asawa, kung kakatay ng hayop, pagsasagawa ng wudhu, pagpasok at paglabas sa tahanan at sa mosque.

Pagkatapos kumain at uminom, sabihin ang "Alhamdullilah" (pasasalamat at pagkilala ng utang na loob sa Allah).

Kapag ikaw ay bumahin, bigkasin mo ang "Alhamdullilah", at kapag ito ay sinabi din ng iyong kapatid na Muslim, pagkatapos niyang bumahin, sagutin mo ito sa pagsasabi ng "Yarhamukallah" (nawa ang habag ng Allah ay sumaiyo). Subalit kung ikaw ay nabahin at ang isang Muslim ay nagsabi ng "ang habag ay sumaiyo", kinakailangan mo itong tugunin sa pagsasabi ng "Yahdeekallah" (patnubayan ka nawa ng Allah sa tuwid na landas).

Mula sa kagandahang pag-uugali ng isang Muslim ay tinatakpan niya ang kanyang bibig sa tuwing maghihikab.

Kapag ang pangalan ng Propeta ay nababanggit at iyong naririnig, kinakailangan mong sabihin ang "Sallalahu Alayho wa sallam" (sumakaniya ang kapayapaan).

Kinakailangan na ikaw ay nasa kadalisayan sa tuwing nagsasalaysay o nagbabasa ng Qur'an. Magbasa ng Qur'an sa tamang pamamaraan, at sa tuwing ito ay binabasa sa iyong harapan, pakinggan ito ng mabuti.

At kung oras na ng pagdarasal, maglakad ng mahinahon patungo sa mosque at siguraduhin na ikaw ay malinis at may tamang pananamit. Iwasan ang pagdadala o paglalagay ng mga di kanais-nais na amoy sa mosque. Iminumungkahi para sa pang Biyernes na dasal kinakailangan ang kumpletong paliligo, maglagay ng pabango at makinig na mabuti sa khutbha (sermon tuwing Biyernes).

Ang isang Muslim ay nararapat na humingi muna ng permiso sa tuwing papasok sa tahanan ng ibang tao o maging sa paggamit ng mga bagay na pag-aari nito.

Kung nakakita ng isang Muslim, kamayan siya, at bigyan ng galak at huwag yuyukuan. Sabihin ang "Assalamu Alaikum" (ang kapayapaan ay sumaiyo). Kapag ang isang Muslim ay naunang bumati, pagkatapos sagutin siya ng "Wa Alaikum Salam" (ang kapayapaan ay sumaiyo din). Muli, magpaalam na ganito din ang sabihin "Assalamu Alaikum".

Ipinag-uutos ng Islam ang mga kinaugaliang-gawin tulad ng pagbisita sa Muslim na naglakbay ng malayo, pagbati sa mga Muslim sa mga masasayang okasyon tulad ng kasal, pagsilang ng bagong sanggol at tagumpay.

Pagdalaw sa may karamdaman at pagsasabi ng "La ba'ss tahoor insha'Allah" (huwag kang mag-alala, ang karamdaman ay naglilinis saiyo sa mga kasalanan kung loloobin ni Allah).

Kung ang kalamidad ay sumapit sayo o kahit sinuman sa mga mahal mo ang namatay, sabihin ang ***"Innalilahi wa inna ilaihe raaji'oon"*** (kay Allah tayo nagmula at tunay na sa Kanya rin tayo magbabalik).

Maging mabait sa inyong mga bisita, magbigay-galang sa mga nakakatanda, maging mahabagin sa mga bata, tulungan ang mga nangangailangan at magkaroon ng habag sa mga hayop.

Humingi ng paumanhin kung kaninuman magkasala, at magpasalamat kung sinuman ang tumulong at nagpayo sayo at sabihin ang "Jazakallahu khairan" (nawa ay lubos kang gantimpalaan ng Allah).

Mulla sa kabutihang asal ng Islam, na magsalita at makining ng maayos at sumangguni sa iba (kung ikaw ay gumgawa ng isang disisyon) kung ito ay kinakailangang gawin

Pigilan ang iyong galit at kung sinuman ang may sanhi ng iyong galit, sabihin ang "A'uodhu billahi min' ashaita Nirrajeem" (ako ay nagpapakupkop sa Allah mula sa kasamaan ni Satanas).

Huwag baguhin ang iyong pangalan dahil lamang sa ikaw ay naging Muslim, maliban na lamang kung ito ay ikunsidera na di-naaangkop sa Islam tulad halimbawa ng Abd' Issa (alipin ni Hesus).

## أحكام الأطعمة

## ANG MGA ALITUNTUNIN SA PAGKAIN

Ang Kaasalan sa pamamaraan ng Pagkain at Pag-inom;

1. Upang mabuhay ng matiwasay na ang hangarin na sambahin si Allah (SWT) at gawin ang ibang mga alituntunin tungo sa kanyang Tagapaglikha at sa kanyang kapuwa tao sa sansinukob, ang isang Muslim ay kinakailangan na kumain at uminom. Winika ni Allah sa banal na Qur'an; 7:31 " ...at kayo ay kumain at uminom, subalit huwag magaksaya sa pagiging maluho, katiyakang Siya (Allah) ay hindi nalulugod sa mga maluluho."
2. May mga pangkalahatang alituntunin na inilatag sa Banal na Qur'an hinggil sa pagkain; 1) ang kundisyon na ito ay nagbuhat sa legal na paraan (halal) na ito ay natamo sa mabuting pamaraan. 2) Pangalawa, dapat ito ay mabuti (tayib) o angkop na kainin at hindi marumi. Sinabi ni Allah sa Banal na Qur'an; "O sangkatauhan magsikain kayo ng Halal (anumang mabuti at pinahintulutan ng Islam) dito sa kalupaan at huwag ninyong sundan ang mga yapak ni Satanas.[5] Ang gintong alituntunin hinggil kung ano ang kinakain at iniinon ninyo sa loob ng Islam ay dapat na katamtaman lamang.

[5] Qur'an 2:68

3. Ang mga sumusunod na alituntunin ay sunnah;
   (1) Ang paggamit ng kanang kamay sa pagkain at pag-inom
   (2) Hugasan ang kamay bago at pagkatapos kumain
   (3) Ang sinuman sa inyo na mag-umpisang kumain o uminom marapat na banggitin niya ang; Bismillah (sa ngalan ni Allah) o "Bismillah wa'ala Barakatillah" (sa ngalan ni Allah at sa biyaya Niya) At kung sinuman sa inyo ang nakalimot banggitin ito marapat na sambitin ang; "Bismillah fi aw walihi wa akhirihi" (sa ngalan ni Allah sa simula at sa katapusan)
   (4) Sa mga nagsasagawa ng pag-aayuno, sunnah kung ihihinto na ang pagaayuno pagkatapos ng Bismillah ang mga du'a "Dhahabadh dhama'u, wabtallatil 'urroqu, wa thabaatal arju, inshaallah."
   (5) Magmumog ng tubig pagkatapos kumain.
   (6) Pagkatapos kumain sabihin; Alhamdulillahil lazi at'aman wa saqana wa ja'alna minal muslimin." (ang pagluluwalhati ay kay allah na nagbigay ng hustong pagkain at inumin, at ginwa niya tayong mga Muslims)
   (7) Kumain lamang kung ano ang abot ng inyong kamay na malapit sa inyo.
   (8) Kumuha lamang ng katamtamang pagkain upang walang matira at masayang
   (9) Kumain na kasalo ang karamihan
   (10) Ang pagkain ng sama-sama ay iminumungkahi, sapagkat ang biyaya (baraka) ay naroon sa karamihan.
   (11) Ang pagkuha ng pagkain habang nakaupo sa silya ay pinahihintulutan, o ang gumamit ng kutsara o kutsilyo ay pinahihintulutan din.
   (12) Ang kumain at uminom nang nakatayo ay hindi ipinagbabawal
   (13) Ang kumuha ng pagkain sa pamagitan ng pagdukwang ay hindi pinahihintulutan
   (14) Ang kumakain ng mabilis na kasabay ang mga kasamahan ay maging marahan sa pagkain upang sumabay siyang matapos sa karamihan.
   (15) Huwag hihipan ang pagkain at ang inumin
   (16) Huwag titigan ang isang taong malakas kumain
   (17) Ang isang taong umiinom ay kailangan hatiin niya ito sa tatlong bahagi at huminto pansamatala at alisin ang labi sa baso o sisidlan sa bawat lagok.
   (18) Upang matuwa ang nagimbita, ang bisita ay marapat na kumain ng katamtaman lamang.
   (19) Ang nag-imbita ang dapat na kahulihulihang tatayo at matataspos kumain.
   (20) Marapat na purihin ng bisita ang nag-imbita kahit pa ito ay kaunting pagkukulang
   (21) Ang kahit na anong likidong nakalalasing ay ipinagbabawal kahit pa ito ay sa kaunting patak.

5. Ang Hadith ng Propeta Muhammad (SAS)
   1) Sinabi ni Umar bin Abi Salama nang siya ay bata pa na nasa pangangalaga ng Sugo ni Allah (SAS) at ang kanyang kamay ay gumalaw sa pinggan. Dahil dito sinabi ng Sugo ni Allah sa kanya; "Sabihin mo ang pangalan ni Allah (SWT) kumain ka na gamit ang kanang kamay at kumain ka kung ano ang malapit sa iyo."
   2) "Walang isa man sa inyo ang kakain na gamit ang kaliwang kamay o iinom na gamit ito sapagkat si Saytan ay kumakain at umiinom na gamit ang kaliwang kamay."
   3) Sinabi ni Annas na ang Sugo ni Allah (SWT) ay humihinga ng tatlong ulit sa hinggil sa pag-inom
   4) "Takpan ang palayok at isara ang takip ng tubig sisidlan.

Karagdagan Hadith Hinggil sa pagkain at pag-inom

- Ang dilaan at supsupin ang mga daliri bago ito punasan ng panyolito o papel.
- Tumayo matapos kumain at bigyang puwang ang ibang hindi pa kumakain
- Pagkatapos kumain ay umalis
- Maging abala sa paghahanda ng pagkain para sa inyong kapatid na Muslim. Para sa karagdagang bisita maaaring tumanggap o tumanggi kaya sa ibang bisita.
- Huwag pintasan ang pagkain, kainin ito kung iyong naibigan at iwan ito kung hindi nagustuhan.
- Ang pagkain para sa isa ay sapat para sa dalawa.

- Huwag kumain sa pinggan na yari sa silver o sisidlan na yari sa ginto.
- Pagkatapos kumain ay purihin si Allah (SWT) " Alhamdulillah Hamdan Kathiran Tayyiban Mubarakan fihi, ghayra makfiy wala muwadda wala mustaghna anhu Rabbana."

Inatasan ni Allah ang Kanyang mga lingkod na kumain ng mga pagkaing nakabubuti at ipinagbawal Niya sa kanila ang mga pagkaing nakasasama. Sinabi Niya[6]: **"O mga sumampalataya, kumain kayo ng mga nakabubuti na itinustos Namin sa inyo...."**

Ang halos lahat ng pagkain ay ipinahihintulot maliban sa mga ipinagbawal. Si Allah ay nagpahintulot sa Kanyang mga lingkod na mananampalataya na kumain ng mga nakabubuting pagkain upang pakinabangan nila ang mga ito. Hindi ipinahihintulot na gamitin ang mga biyaya ni Allah sa pagsuway. Nilinaw na ni Allah sa Kanyang mga lingkod ang ipinagbawal Niya na mga pagkain at mga inumin. Sinabi Niya[7]: **"...gayong nilinaw na Niya nang masusi sa inyo ang ipinagbawal Niya sa inyo, maliban doon sa napilitan kayo...."** Samakatuwid ang anumang hindi nalinaw ang pagbabawal, ito ay halāl (ipinahihintulot ni Allah). Nagsabi naman ang Propeta (SAS): ***"Tunay na si Allah ay nagsatungkulin ng mga tungkulin, kaya huwag ninyong ipagpawalang-bahala ang mga ito; nagtakda ng mga hangganan, kaya huwag ninyong lampasan ang mga ito; nagbawal ng ilang mga bagay, kaya huwag ninyong labagin ang mga ito; nanahimik sa ibang mga bagay bilang awa sa inyo—hindi sanhi ng pagkalimot, kaya huwag na ninyong usisain ang tungkol sa mga ito. "***

Samakatuwid, ang bawat bagay, tulad ng mga pagkain, mga inumin, at mga kasuutan, na hindi nilinaw ni Allah ni ng Kanyang Sugo (SAS) ang pagbabawal nito ay hindi ipinahihintulot na ipagbawal ito. Ang patakaran ay na ang bawat pagkain na tāhir[8] na hindi nakapipinsala ay ipinahihintulot; taliwas sa mga pagkaing najis[9] gaya ng patay na hayop, dugo, nakalalasing na inumin, sigarilyo, at pagkaing nahaluan ng bagay na najis dahil ang mga ito ay ipinagbabawal sapagkat nakasasama at nakapipinsala. Ang ibig sabihin ng patay na hayop ay ang hayop na naalisan ng buhay nang hindi ayon sa pagkakatay na itinatagubilin ng Islam. Ang dugo na ipinagbabawal ay ang dugong lumalabas sa hayop kapag kinakatay. Ang dugong naiiwan sa loob ng karne matapos katayin at ang dugong natitira sa mga ugat ay ipinahihintulot kainin.

### Ang mga Ipinahihintulot na Pagkain

Ang mga ipinahihintulot na pagkain ay dalawang uri: ang mga hayop at ang mga halaman. Ipinahihintulot ang alin man sa mga ito kung hindi nakakapipinsala. Ang mga hayop ay dalawang uri: mga hayop na nabubuhay sa lupa at ang mga hayop na nabubuhay sa dagat. Sa kabuuan, ang mga hayop na nabubuhay sa dagat ay halāl at hindi na rin kailangang katayin ayon sa itinatagubilin ng Islam sapagkat kahit nga ang patay (namatay na hindi kinatay) na hayop ng dagat ay ipinahihintulot na kainin. Ang mga hayop na nakatira sa lupa ay ipinahihintulot kainin maliban sa ilang uri na ipinagbawal ng Islam:

1. Ang asno na inaalagaan,
2. Ang anumang hayop na may pangil na ginagamit nito sa pagsila, maliban sa *hyena*.
3. Ang mga ibon, maliban sa mga sumusunod:
   - A. Ang mga ibon na may kukong ipinandadagit o ipinansisila. Nagsabi si Ibnu 'Abbās (RA): "Ipinagbawal ng Sugo ni Allah (SAS) ang lahat ng may pangil na mabangis na hayop at ang lahat ng ibong may kukong ipinaninila."
   - B. Ang mga ibong kumakain ng patay gaya ng agila, buwitre, uwak, at lawin dahil sa dumi ng kinakain ng mga ito.
4. Ang pinandidiriang mga hayop gaya ng ahas, daga, at mga kulisap (maliban sa balang at tipaklong).

Ang iba pa sa mga hayop at mga ibon na nabanggit ay halāl gaya ng kabayo, baka, kalabaw, kambing, tupa, usa, manok, asnong ligaw (hindi inaalagaan), iguana,[10] usa, *ostritch*, kuneho, at iba pa. Hindi kabilang sa mga ito ang *jallālah*: ang hayop na bagaman halāl ngunit

---

[6] Qur'an 2:172
[7] Qur'an 6:119
[8] Itinuturing na malinis sa Islam kaya naman ipinahihintulot na kainin.
[9] Itinuturing na marumi sa Islam, kaya naman ipinagbabawal na kainin.
[10] Anumang hayop na parang bayawak ngunit higit na maikli ang buntot kaysa bayawak. Halaman ang kinakain nito at hindi ito kumakain ng hayop, patay man o buhay. Ang bayawak ay Harām kainin sapagkat kumakain ito ng patay.

### Magandang Asal sa Pagkakatay

1. Makrūh na katayin ang hayop ng mapurol na patalim.
2. Makrūh na hasain ang patalim habang nakatingin ang hayop.
3. Makrūh na iharap ang hayop na kakatayin sa iba pa sa Qiblah.
4. Makrūh na baliin ang leeg nito o balatan ito bago tuluyang namatay.
5. Sunnah na katayin ang baka, tupa, at kambing na nakahiga sa kaliwang bahagi ng katawan nito at ang kamelyo na nakatayo samantalang nakagapos ang kaliwang kamay nito.

### Ang Pangangaso

Ipinahihintulot ang pangangaso kung kailangan, ngunit kung para lamang sa paglilibang at paglalaro, ito ay makrūh.

Ang hayop na mailap, matapos matamaan ito (ng ano mang ginagamit sa pangangaso) at mahuli ito, ay may dalawang kalagayan:

1. Na ito ay maaabutan habang may buhay pa ito. Kapag ganito ay kailangan itong katayin;
2. Na ito ay maaabutan na patay na o buhay nga ngunit nag-aagaw-buhay na. Sa ganitong kalagayan ay itinuturing itong halāl (kahit hindi nakatay).

### Ang kundisyong kailangan para sa mangangaso ay katulad ng sa nagkakatay:

1. Na ang nangangaso ay may sapat na pag-iisip at isang Muslim o isang Kristiyano o isang Hudyo. Samakatuwid, hindi halāl para sa isang Muslim na kainin ang nahuli sa pangangaso ng isang baliw o lango. Hindi rin maaari ang nahuli ng isang pagano, kasapi ng *Zoroasterismo*, at iba pang uri ng mga hindi mananampalataya.
2. Na ang gamit sa pangangaso ay matalas: nakapagpapadanak ng dugo (kung hindi baril) at hindi gawa sa kuko o buto o ngipin. Susugatan ang hayop sa pamamagitan ng matalim na gamit hindi ng mapurol. Ang mga hayop na ginagamit sa pangangaso tulad ng mga aso at mga ibong mandaragit ay halāl ang anumang mailap na hayop na mapatay ng mga ito kung ang mga ito ay tinuruang manghuli. Turuan ang hayop kung kapag pinawalan ito ay sumusugod ito; kung kapag inudyukan itong manila ay naninila ito; kung kapag nakakuha ito ng hayop ay hahawakan nito iyon para sa panginoon nito hanggang sa puntahan siya nito, at hindi nito hinahawakan iyon para sa sarili nito.
3. Na itutudla ang sandata nang naglalayong patamaan ang hayop. Kaya kung nalaglag lamang ang sandata sa kamay at nakapatay ito ng isang hayop, hindi halāl ang hayop na ito sapagkat walang layuning patamaan ito. Ganoon din naman kung kusang umalis ang aso at nakapatay ng isang hayop, hindi halāl ang hayop na nasila sapagkat hindi ito pinawalan ng panginoon nito upang manila at wala rin siyang layuning mangaso. Kapag tumudla ng isang hayop ngunit iba ang tinamaan o nakapatay ng isang pangkat ng mga hayop, halāl pa rin ang tinamaan.
4. Ang pagsasabi ng **bismillāh** kapag tutudla o magpapawala ng nangangasong hayop. Itinatagubilin ding sabihin ang **Allāhu akbar** kasunod ng **bismillāh**.

### Paalaala

Ipinagbabawal ang pag-aalaga ng aso kung ang layunin ay hindi ayon sa ipinahintulot ng Sugo ni Allah (SAS), na isa sa tatlong ito: para sa pangangaso, pagbabantay ng mga alagang hayop, at pagbabantay ng mga pananim..

أحكـام وآداب إسلاميـة

# ANG MGA ALITUNTUNIN AT ANG MGA MAGAGANDANG ASAL SA ISLAM

Ang pagbibigay respeto sa masjid:

1. Sa pagdating at pagpasok mo ng masjid, batiin ng Salam ang mga nakaupo dito kung sila ay hindi nagsasagawa ng pagdarasal o nagbabasa ng Banal na Qur'an o ginagawang pag-alala kay Allah. Kung wala ni isang tao sa loob nito marapat na sambitin ng malakas ang: **"Ang kapayapaan ay sumaatin nawa sa mga taong may takot sa Diyos."** At ang mga anghel ay sasagutin ang ginawa mong pagbibigay pugay sa pamamagitan ng Salam. Kung wala ni isang tao dito.
2. Magsagawa ng dalawang rak'ah bilang respeto sa lugar na ito (ang tawag dito ay tahayyat-ul masjid), na hindi dapat ito matataon sa paglitaw o paglubong ng araw at ang katirikan ng araw ay pantay sa iyong ulo.
3. Huwag magsagawa ng kahit na anong negosyo o pagkakakitaan sa loob ng masjid
4. Huwag magdala ng kahit na anong sandata.
5. Huwag ipanawagan ang mga nawawalang bagay.
6. Huwag lakasan ang boses sa loob nito.
7. Huwag pag-usapan ang makamundong bagay.
8. Huwag makipag away o makipagtalo.
9. Huwag ipagpilitan na ihalo ang sarili sa pagitan ng dalawang tao kung wala ng lugar para sa iyo.
10. Huwag dumaan o bumagtas sa harapan ng taong nagsasagawa ng pagdarasal.
11. Sikaping huwag suminga o linisin ang ilong sa loob ng masjid.
12. Huwag palagutukin ang buko ng iyong mga daliri.
13. Huwag paglaruan ang parte ng inyong katawan lalot higit kung nakikinig ng pang Biyernes na Sermon (Khutba).
14. Sikapin maging malinis at iwasang magdala ang maliliit na bata sa loob ng masjid.
15. Maging abala sa pag-aalaala kay Allah ng walang humpay.

## 1. Ang Katapatan at Takot kay Allah

Sinabi ni Allah (98:5): **"Walang ipinag-utos sa kanila kundi sambahin nila si Allah, na wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba"**

Sinabi pa Niya (39:14): **"Sabihin mo: "Si Allah ay sinasamba ko nang tapat at Siya lamang ang aking sinusunod."**

Sinabi pa Niya (3:29): **"Sabihin mo: "Kung itago man ninyo ang nasa mga dibdib ninyo o ihayag ninyo ito, nalalaman pa rin ito ni Allah, ..."**

Sinabi pa Niya (3:5): **"Tunay na kay Allah ay walang maitatago sa Kanya na anuman, sa lupa man ni sa langit."**

Ayon sa sinabi ni 'Umar ibnu al-Khaṯṯāb (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***'Ang mga gawa ay nakabatay lamang sa mga layunin at ang bawat tao ay gagantimpalaan lamang ayon sa kanyang nilayon. Kaya ang sinumang lumikas[16] alang-alang kay Allah at sa Sugo Nito, ang kanyang paglikas ay para kay Allah at sa Sugo Nito. At ang sinumang lumikas alang-alang sa makamundong bagay upang ito ay makamit o alang-alang sa isang babae upang ito ay mapangasawa, ang kanyang paglikas ay ayon sa layon ng kanyang paglikas.'*** "

Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: **"Ang pinakamapalad sa mga taong tatanggap ng aking Pamamagitan sa araw ng paghuhukom ay ang nagsabi ng *Lā Ilāha Illallāh* (Walang totoong Diyos kundi si Allah) nang tapat buhat sa kanyang puso."**

Ayon sa sinabi ni Abū Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **'Tunay na si Allah ay hindi tumitingin sa inyong mga anyo at inyong mga yaman, subalit tumitingin Siya sa inyong mga puso at inyong mga gawa.'** "

[16] Ang paglikas, o hijrah sa wikang Arabe, sa Islam ay ang paglipat mula sa lupain ng mga di-Muslim papunta sa lupain ng mga Muslim.

Ayon kay Abū Dharr (RA), ayon sa sinabi ng Sugo ni Allah (SAS): **"Mangilag kang magkasala kay Allah saan ka man naroon. Pasundan mo ang masamang gawa ng mabuting gawa na papawi roon. Pakitunguhan mo ang mga tao ng magandang asal."**

Ang mga Aral

Na ang katapatan o wagas na pag-uukol kay Allah ay ang kundisyon upang matanggap ang mabuting gawa at ang pagpaparami pang lalo ni Allah ng gantimpala ay nakasalalay rin dito.

- Na si Allah ay walang pangangailangan sa katambal at hindi Niya tatanggapin ang anuman kung hindi tapat na inukol sa Kanya. Nasasaad sa isang Hadīth Qudsī[17] na si Allah ay nagsasabi: ***"Ang sinumang gumawa ng isang gawain na nagtambal siya sa Akin sa pag-uukol nito sa iba pa sa Akin, iiwan Ko siya kasama ng kanyang pagtatambal."***
- Kailangang magkaroon ng pangingilag na magkasala kay Allah at matakot sa Kanya sa lahat ng sandali yamang walang anumang bagay na nalilingid sa kanya maging sa lupa man o sa langit.

2. Ang Shirk at ang Kabutihan ng Tawhīd

Sinabi ni Allah (31:13): **"...Tunay na ang Pagtatambal ay talagang mabigat na paglabag sa katarungan."**

Sinabi pa Niya (4:48): **"Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit patatawarin Niya ang anumang iba pa roon, sa kaninumang loobin Niya...."**

Sinabi ni Allah (39:65): **"At talaga ngang naisiwalat sa iyo, at sa mga nauna sa iyo, na talaga namang kung nagtambal ka kay Allah ay talagang mawawalan nga ng kabuluhan ang iyong gawa at ikaw ay talagang mapabibilang nga sa mga talunan."**

Sinabi ni Allah (51:56): **"At hindi Ko nilikha ang jinni at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako."**

Sinabi ni Allah (16:36): ***"At talaga ngang nagpadala Kami sa bawat bansa ng sugo na nagsasabi: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang diyos-diyusan."..."***

Ayon sa sinabi ni Jābir (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***'Ang sinumang makatagpo si Allah nang hindi niya Ito tinatambalan ng anuman, papasok siya sa Paraiso. At ang sinumang makatagpo si Allah nang tinatambalan niya Ito ng anuman, papasok siya sa Impiyerno."***

Ayon kay Abū Hurayrah, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Pangilagan ninyo ang pitong makapagpapahamak na kasalanan." Nagsabi sila: "O Sugo ni Allah, at ano pa naman ang mga ito?" Sinabi niya: "Ang pagtatambal kay Allah,..."***

Ayon sa sinabi ni Mu'ādh ibnu Jabal (RA): "Noong ako noon ay angkas ng Propeta (SAS) sa isang asno ay nagsabi siya: ***'O Mu'ādh, nalalaman mo ba kung ano ang karapatan ni Allah sa mga tao at kung ano ang karapatan ng mga tao kay Allah?'*** Sinabi ko: 'Si Allah po at ang Sugo Niya ang lalong nakaaalam.' Nagsabi siya: ***'Karapatan ni Allah sa mga tao na sambahin nila Siya at hindi nila Siya tambalan ng anuman, at karapatan naman ng mga tao kay Allah na hindi Niya pagdurusahin ang sinumang hindi nagtatambal sa Kanya ng anuman. sa Kanya...."***

Ang mga Aral

- Ang Shirk ay mapanganib at hindi ito mapapatawad kung hindi pagsisihan sapagkat hindi ito katulad ng ibang mga kasalanan na maaaring mapatawad kung loloobin ni Allah.
- Na ang sinumang mamatay sa kasalanang Shirk ay nawalan na ng saysay at kabuluhan ang kanyang gawa. Ang Shirk ay dahilan ng pananatili ng isang tao sa Impiyerno magpakailan man.
- Ang kabutihan ng Tawhīd. Ito ang dahilan kung kaya nilikha ang jinni at tao. Ito rin ang isa sa pinakamalaking dahilan ng pagpasok sa Paraiso at ang isang dahilan ng kaligtasan sa Impiyerno.

3. Ang Panganib ng Pagpapakitang-tao at na Ito ay Bahagi ng Shirk

Sinabi ni Allah (107:4-7): **"Kaya kapighatian sa mga nagdarasal, na sa kanilang pagdarasal ay pabaya, na nagpapakitang-tao, at nagkakait ng maliit na kagandahang-loob."**

Ayon sa sinabi ni Abu Sa'īd ibnu Fudālah (RA): " Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***'Kapag tinipon na ni Allah ang mga nauna at mga nahuli (ang buong sangkatauhan) sa araw ng pagkabuhay na muli, sa araw na walang pag-aalinlangan hinggil dito, may mananawagan na isang tagapanawagan [na magsasabi:] Ang sinumang sa kanyang gawa ay nagtambal kay Allah***

---

[17] Ang Hadīth Qudsī o Banal na Hadīth ay salita ni Allah sa kahulugan ngunit ipinahayag sa pamamagitan ng pananalita ni Propeta Muhammad (SAS). Ang Qur'ān ay ang salita ni Allah sa kahulugan at sa pananalita.

***ng isa man, hilingin niya ang kanyang gantimpala sa isang iyon; sapagkat tunay na si Allah sa pagtatambal ay ang napakawalang pangangailangan sa lahat ng tinatambalan.' "***

Ayon sa sinabi ni Abu Sa'īd Al-Khudrī (RA): "Dumating sa amin ang Sugo ni Allah (SAS) samantalang kami ay nag-uusap tungkol sa Bulaang Kristo. At nagsabi siya (SAS): ***'Hindi ba't nais ninyong ipagbigay-alam ko sa inyo ang lalong nakatatakot para sa inyo sa tingin ko kaysa Bulaang Kristo?'*** Nagsabi kami: 'Opo, Sugo ni Allah.' Nagsabi siya: ***'Ang Tagong Shirk: na tatayo ang isang tao upang magdasal at pagagandahin niya ang kanyang pagdarasal dahil nakikita niya ang pagmamasid ng tao sa kanya."***

Ang mga Aral

- Ang pananakot laban sa pagpapakitang-tao at ang mahigpit na babala laban dito kalakip ang mariing banta laban sa mga nagpapakitang-tao.
- Na ang tao ay maaaring makagawa ng pagpapakitang tao nang hindi niya namamalayan.
- Ang gawa ng nagpapakitang-tao ay ibabalik sa kanya at hindi katanggap-tanggap.
- Ang pangamba ng Propeta (SAS) na ang kanyang mga Kasama ay magkasala ng pagkakasalang pagpapakitang-tao, sa kabila ng lahat na sila ang pinakamainam na nilikha matapos ang mga propeta, ay nagpapahiwatig kung gaano kapanganib ang pagpapakitang-tao.

4. Ang Panalangin

Sinabi ni Allah (40:60): **"At nagsabi ang inyong Panginoon: "Dumalangin kayo sa Akin, tutugunin Ko kayo;..."**

Sinabi pa Niya (2:186): **"At kapag nagtanong sa iyo ang Aking mga lingkod hinggil sa Akin ay sabihin mo: "Tunay na Ako ay malapit: tinutugon Ko ang panalangin ng nananalangin kapag nanalangin siya sa Akin; kaya dinggin nila Ako at sumampalataya sila sa Akin, nang harinawa sila ay magabayan."**

Sinabi pa Niya (7:55): **"Manalangin kayo sa inyong Panginoon nang may kababaang-loob at palihim. Tunay na hindi Niya iniibig ang nagmamalabis."**

Ayon kay Nu'man ibnu Bashīr (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang panalangin ay ang pagsamba."***

Ayon kay Abū Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Ang pinakamalapit na sandali ng tao sa kanyang Panginoon ay habang siya ay nakapatirapa; kaya damihan ninyo ang panalangin [habang nakapatirapa]."***

Ayon sa sinabi ni 'Ā'ishah (RA): ***"Ang Sugo ni Allah (SAS) noon ay naibigan niya ang mga maikli ngunit malaman na panalangin at inaayawa niyaang iba pa rito."***

Ayon kay 'Ubādah ibnu aṣ-Ṣāmit (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Walang lingkod na Muslim na nananalangin ng isang panalangin na hindi ibibigay ni Allah sa kanya ang kanyang hinihingi, o ilalaan ni Allah para sa kanya para sa Kabilang-buhay ang higit na mainam kaysa roon, o hahadlangan Nito sa kanya ang isang masamang bagay na katulad niyon, hangga't hindi siya nananalangin ng ikapagkakasala o ikapuputol ng ugnayan sa kamag-anak."***

Ayon pa rin 'Ubādah ibnu aṣ-Ṣāmit (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsasabi noon: ***"Ang panalangin ng isang Muslim para sa kanyang kapatid (sa Islam) nang hindi nito nasasaksihan ay didinggin. Sa tabi ng kanyang ulo ay may isang anghel na nakatalaga. Sa tuwing mananalangin siya ng mabuti para sa kanyang kapatid, nagsasabi ang nakatalagang anghel ng: 'Amen; at sumaiyo ang katulad ng ipinanalangin mo.' "***

Ang mga Aral

- Ang panalangin ay pagsambang hindi ipinahihintulot na ibaling sa iba pa kay Allah. Ang sinumang magbaling nito sa iba pa kay Allah ay nagtambal kay Allah. Dapat malamang ang panalangin ay may dakilang kalagayan yayamang itinuring ito ng Sugo (SAS) na pagsamba o ang pinakadakilang saligan ng pagsamba.
- Kaibig-ibig na hinaan ang tinig sa panalangin at kaibig-ibig din na manalangin ng mga maikli ngunit malaman na pangungusap: panalanging puno ng kahulugan sa kakaunting mga salita.
- Ang babala laban sa pananalangin laban sa kanyang sarili o kanyang pag-aari o kanyang anak.
- Ang pagiging kaibig-ibig na ipanalangin ang mga kapatid na Muslim nang hindi nila nasasaksihan.

- Na kapag nananalangin ang isang tao, hindi nangangahulugang matutupad kaagad ang kanyang hinihiling. Maaaring ilayo sa kanya ang isang masamang bagay na katulad ng ipinanalangin niyang ilayo sa kanya o ang katuparan ng kanyang panalangin ay ilalaan sa kanya para sa Kabilang-buhay at saka ibibigay sa araw na iyon na lalo niyang kailangan.

5. Ang Kaalaman

Sinabi ni Allah (39:9): **"... Sabihin mo: "Nagkakapantay ba ang mga nakaalam at ang mga hindi nakaalam?..."**

Sinabi pa Niya (58:11): **"...itataas ni Allah sa mga antas ang mga sumampalataya mula sa inyo at ang mga binigyan ng kaalaman. ..."**

Sinabi pa Niya (20:114): **"...at sabihin mo: "Panginoon ko, dagdagan Mo po ako sa kaalaman."**

Sinabi pa Niya (35:27): **"...Ang tanging tunay na natatakot kay Allah mula sa Kanyang mga lingkod ay ang mga maalam..."**

Ayon sa sinabi ni Mu'awiyah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang nanaisan ni Allah ng kabutihan, bibigyan Niya ito ng pag-unawa sa Relihiyon."***

Ayon kay Anas (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang magturo ng isang karunungan ay magkakamit siya ng katulad ng gantimpala ng gumawa ayon dito nang hindi nababawasan ng anuman ang gantimpala ng gumagawa."***

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Kapag namatay ang anak ni Adam (ang tao), humihinto ang kanyang gawa maliban sa tatlo: kawanggawa na tuloy-tuloy, o kaalamang napakikinabangan, o matuwid na anak na nananalangin para sa kanya."***

Ayon kay Sahl ibnu Sa'd (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"...sumpa man kay Allah, na patnubayan ni Allah sa pamamagitan ang iisang tao ay higit pang mainam para sa iyo kaysa sa [magmay-ari ng] ng mga mamahaling kamelyo.[18]"***

Ayon kay 'Abdullāh ibnu 'Amr ibni al-Āṣṣ (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Iparating ninyo ang tungkol sa akin, kahit isang talata lamang ng Qur'ān."***

Ang mga Aral

- Inilahad sa mga talata ng Qur'ān at mga Hadīth na nabanggit ang kahalagahan ng kaalaman at ng mga may kaalaman, na ang pagkakaroon ng pag-unawa sa Relihiyon ay patunay ng pagnanais ni Allah ng kabutihan sa isang tao, at na ang paghahanap ng kaalaman ay isa sa mga dahilan ng pagpasok sa Paraiso.
- Ang laki ng gantimpala sa pagtuturo sa mga tao, pagpapatnubay sa kanila sa kabutihan, pagpaparating sa kanila ng kaalaman kahit kaunti lamang, at na ito ay nakapagdudulot ng kapakinabangan sa tao kahit patay na siya.
- Na ang paghahanap ng karunungan ay mainam pa sa mga pagsambang di-kailangang gampanan.
- Maging masigasig na palakihing matuwid ang mga bata.

6. Ang Pag-uutos sa Nakabubuti at ang Pagsaway sa Nakasasama

Sinabi ni Allah (3:110): **"Kayo ay pinakamainam na kalipunang inilabas para sa mga tao: ipinag-uutos ninyo ang nakabubuti at sinasaway ninyo ang nakasasama, at sumasampalataya kayo kay Allah."**

Sinabi pa Niya (3:104): **"Magkaroon mula sa inyo ng kalipunang nag-aanyaya sa mabuti, nag-uutos sa nakabubuti at sumasaway sa nakasasama. Ang mga iyon ay ang mga magtatagumpay."**

Ayon sa sinabi ni Abu Sa'īd Al-Khudrī (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Allah na nagsabi: ***'Ang sinuman sa inyong makakita ng nakasasama ay baguhin niya ito sa pamamagitan ng kanyang kamay. Ngunit kung hindi niya makaya ay sa pamamagitan ng kanyang dila. Ngunit kung hindi pa rin niya makaya ay sa pamamagitan ng kanyang puso, subalit iyan ang pinaka-mahinang pananampalataya."***

Ayon Kay Hudhayfah (RA), ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): ***"Sumpa man sa Kanya na ang aking kaluluwa ay nasa Kanyang mga kamay, talagang ipag-utos nga ninyo ang nakabubuti at talagang ipagbawal nga ninyo ang nakasasama dahil kung hindi ay talagang halos ngang si Allah ay magpapadala na sa inyo ng parusang buhat sa Kanya, at pagkatapos ay kung mananalangin kayo sa Kanya ay hindi na Niya kayo diringgin."***

[18] Ito ang itinuturing ng mga Arabe noon na pinakamahal na ari-arian kaya ito ang ihinalimbawa ng Sugo (SAS); hindi ibig sabihing ito na ang pinakamahal sa lahat.

Ayon sa sinabi ni Abu Bakr as-Siddīq (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***'Tunay na ang mga tao kapag nakakita ng lumalabag sa katarungan at hindi nila sinupil ito, halos sama-sama silang papatawan ni Allah na kaparusahang buhat sa Kanya."***

Ang mga Aral

- Ang pag-uutos sa nakabubuti at ang pagsaway sa nakasasama ay dahilan ng pananagumpay.
- Na ang sinumang makakita ng masama, tungkulin niyang baguhin iyon ayon sa kanyang kakayahan.
- Ang pagtatakwil sa nakasasama sa pamamagitan ng kamay (lakas) ay tungkulin ng sinumang nagtataglay ng kapagyarihan gaya ng ama sa kanyang tahanan, o ng isang pinuno o ng sinumang itinalaga niya upang kumatawan sa kanya.
- Ang pagtatakwil sa nakasasama ay humihiling na kamuhian at layuan ang nakasasama.
- Ang pagtalikod sa pag-uutas sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama ay isang dahilan kung bakit nahahadlangang matugon ang panalangin at ito ay isa ring dahilan ng pagpapataw ng kaparusahan mula kay Allah.

7. Ang Wastong Paraan ng Pag-uutos sa Nakabubuti at Pagsaway sa Nakasasama

Sinabi ni Allah (16:125): **"Mag-anyaya ka sa landas ng iyong Panginoon sa pamamagitan ng karunungan at magaling na pangangaral, at makipagtalo kayo sa kanila sa paraang pinakamagaling...."**

Sinabi pa Niya (3:159): **"At dahil sa awa buhat kay Allah, naging banayad ka sa kanila. At kung ikaw ay naging mabagsik na matigas ang puso, nagsilayuan na sana sila sa iyong paligid."**

Ayon sa sinabi ni 'Ā'ishah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Tunay na si Allah ay mabait at ibig Niya ang kabaitan sa lahat ng bagay."***

Ayon pa rin sa sinabi ni 'Ā'ishah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Tunay na ang kabaitan kapag nasa isang bagay ay pinagaganda nito iyon, at kapag inalis ay pinapapangit nito iyon."***

Ayon sa sinabi ni Jarīr ibnu 'Abdullāh (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***'Ang sinumang pinagkakaitan ng kabaitan ay pinagkakaitan siya ng lahat ng kabutihan."***

Ang mga Aral

- Ang paghimok sa kabaitan at paggamit ng dunong sa pag-aanyaya sa Islam, pag-uutos sa nakabubuti at pagsaway sa nakasasama.
- Ang paggamit ng kabagsikan sa mga tao ay maaaring maging dahilan ng hindi nila pagtanggap sa katotohanan.

8. Ang Pagiging Mabuti sa mga Magulang

Sinabi ni Allah (29:8): **"At nagtagubilin Kami ng maganda sa tao kaugnay sa kanyang mga magulang...."**

Sinabi pa Niya (17:23): **"At iniatas ng iyong Panginoon na wala kayong sasambahin kundi Siya, at na sa mga magulang ay gumawa ng magaling. Kung umabot nga sa iyong piling sa katandaan ang isa sa kanila o silang dalawa ay huwag kang magsabi sa kanila ng pabalang na salita at huwag mo silang bulyawan, datapuwa't ay magsabi ka sa kanila ng marangal na salita."**

Sinabi pa Niya (31:14): **"At nagtagubilin Kami sa tao kaugnay sa kanyang mga magulang — dinala siya ng kanyang ina *sa sinapupunan* na nanghina nang nanghina at ang pag-awat sa kanya ay *umaabot* sa dalawang taon—magpasalamat ka sa Akin at sa iyong mga magulang...."**

Ayon sa sinabi ni 'Abdullāh ibnu Mas'ūd (RA): "Tinanong ko ang Propeta (SAS) kung anong gawain ang pinakamainam. Nagsabi siya: ***'Ang pagdarasal sa takdang oras nito.'*** Nagsabi ako: 'Pagkatapos ay ano pa po?' Nagsabi siya: ***'Ang pag-gawa ng mabuti sa mga magulang.'*** Nagsabi muli ako: 'Pagkatapos ay ano pa po?' Nagsabi muli siya: ***'Ang pakikibaka sa Landas ni Allah."***

Ayon sa sinabi ni Abū Hurayrah (RA): "May dumating na isang lalaki sa Sugo ni Allah at nagsabi ito: 'O Sugo ni Allah, sino po sa mga tao ang higit na karapat-dapat sa magandang pakikisama ko? Nagsabi siya (SAS): ***'Ang iyong ina.'*** Nagsabi ito: 'Pagkatapos ay sino pa po?' Nagsabi muli siya (SAS): ***'Ang iyong ina.'*** Nagsabi muli ito: 'Pagkatapos ay sino pa po?' Nagsabi muli siya (SAS): ***'Ang iyong ina.'*** Nagsabi muli ito: 'Pagkatapos ay sino pa po?' Nagsabi siya (SAS): ***'Ang iyong ama."***

Ang mga Aral

- Ang pagpaparangal ng Islam sa mga magulang, at ang pag-uutos nito na tumalima sa mga magulang at maging masigasig sa paggawa ng mabuti sa kanila.

- Na ang pinaka-ibig ni Allah sa lahat ng mga gawain matapos ang pagdarasal sa takdang oras nito ay ang paggawa ng mabuti sa mga magulang.
- Ang mariing babala laban sa pagsuway sa mga magulang, laban sa magaspang sa pakikipag-usap sa kanila, at laban sa pagdadabog sa kanila.
- Ang pagtatalakay ng mataas na kalagayan ng isang ina: na siya ay uunahin kaysa sa ama sa pagtalima at sa pag-uukol ng kabutihan.

9. Ang Kagandahang Asal

Sinabi ni Allah (68:4): **"Tunay na ikaw *Muhammad* ay nasa dakilang antas ng kaasalan."**

Sinabi pa Niya (3:159): **"At dahil sa awa buhat kay Allah, naging banayad ka sa kanila. At kung ikaw ay naging mabagsik na matigas ang puso, nagsilayuan na sana sila sa iyong paligid."**

Ayon kay Abu Dardā' (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Wala nang bagay na higit pang mabigat sa timbangan ng tao sa araw ng paghuhukom kaysa sa kagandahang asal. At tunay na si Allah ay namumuhi sa mahalay na nagsasalita ng masama."***

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA): "Tinanong ang Sugo (SAS) kung ano ang pinakamadalas na nagpapapasok sa mga tao sa Paraiso kaya nagsabi Siya (SAS): ***'Ang pangingilag magkasala kay Allah at kagandahang asal."***

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang pinakaganap sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamagandang sa kanila sa kaasalan, at ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa inyo sa kanilang mga may-bahay."***

Ayon sa sinabi ni 'Ā'ishah (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***'Tunay na ang mananampalataya ay makakaabot sa pamamagitan ng kanyang magandang asal sa antas ng taong parating nagdarasal at parating nag-aayuno."***

Ang mga Aral

- Ang paglalahad ng kagandahang asal ng Sugo (SAS).
- Ang kahalagahan at ang mataas na kalagayan ng kagandahang asal, at na ito ay isa dahilan ng pagpasok ng tao sa paraiso at ng pag-angat ng kanyang mga antas. Ang mga gawa ay titimbangin sa araw ng pagtutuuos at ang pinakamabigat na bagay sa timbangan ng isang Muslim ay ang *taqwā* (pangingilag na magkasala kay Allah) niya at ang kagandahang asal niya.
- Ang paghimok ng Islam sa kagandahan sa salita at gawa, at ang pagbibigay-babala nito laban sa kahalayan sa salita at gawa.
- Ang kahalagahan ng magandang pagsasama ng mag-asawa.
- Na ang pananampalataya ay nadadagdagan sa pamamagitan ng pagtalima kay Allah at nababawasan sa pagsuway sa Kanya.

10. Ang Kahinahunan at Kabaitan

Sinabi ni Allah (3:159): **"At dahil sa awa buhat kay Allah, naging banayad ka sa kanila. At kung ikaw ay naging mabagsik na matigas ang puso, nagsilayuan na sana sila sa iyong paligid."**

Ayon sa sinabi ni 'Ā'ishah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Tunay na si Allah ay mabait at iniibig Niya ang kabaitan sa lahat ng bagay."***

Ayon sa sinabi ni ibnu 'Abbās (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS) kay Ashajj Abdulqays (RA): ***"Tunay na may taglay kang dalawang katangiang naiibigan ni Allah: ang pagtitimpi at ang kahinahunan."***

Ayon kay 'Ā'ishah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Tunay na ang kabaitan kapag nasa isang bagay ay pinagaganda niyon ito, at kapag inalis ay pinapapangit niyon ito."***

Ayon sa sinabi Jarīr ibnu 'Abdullāh (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***'Ang sinumang pinagkakaitan ng kabaitan ay pinagkakaitan siya ng lahat ng kabutihan."***

Ang mga Aral

- Ang pagkaibig ni Allah sa kabaitan at na ang kabaitan ay isang dahilan ng pagpapalapit ng biyaya.
- Na ang ilan sa mga ugali ng mga mapupunta sa Paraiso ay ang kaluwagan at ang kabaitan sa pakikitungo sa kapwa.
- Ang kahalagahan ng kahinahunan at ang babala laban sa galit.

11. Ang Awa

Ang sabi ni Allah hinggil sa Kanyang Propetang si Muhammad (SAS) (9:128): **"Talagang may dumating na nga sa inyo na isang Sugo na mula sa inyong mga sarili, na mabigat sa kanya ang**

**paghihirap ninyo, na masigasig sa kapakanan ninyo, na mahabagin at maawain sa mga Mananampalataya."**

Ang sabi naman Niya hinggil sa mga Mananampalataya (48:29): **"...mga maaawain sa isa't isa sa kanila...."**

Ayon sa sinabi ni Jarīr ibnu 'Abdullāh (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***'Hindi kaaawaan ni Allah ang hindi naaawa sa mga tao."***

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA): "Narinig ko si Abul Qāsim (ang Sugo (SAS)), ang Tapat at ang Pinaniniwalaan, na nagsasabi: ***"Walang pinagkakaitan ng awa kundi ang sawing-palad."***

Ang mga Aral

- Na ang pagkamaawain ay isa sa mga katangian ng mga mananampalataya.
- Na ang pagkamaawain sa mga tao ay isa sa mga dahilan ng pagpasok sa Awa ni Allah.
- Ang pagkaalis ng awa sa puso ay tanda ng kasawiang-palad ng isang tao.

12. Ang Pagbabawal sa Paglabag sa Katarungan

Sinabi ni Allah (40:18): **"...Ang mga lumalabag sa katarungan ay mawawalan ng matalik na kaibigan ni tagapamagitang matatalima."**

Ayon kay Abu Dharr (RA), ayon sa isinasalaysay ng Propeta (SAS) hinggil kay Allah na Siya ay nagsabi: ***"O mga lingkod Ko, tunay na Aking ipinagbawal sa Aking sarili ang paglabag sa katarungan at ginawa Ko itong ipinagbabawal sa pagitan ninyo, kaya naman huwag kayong maglabagan sa katarungan...."***

Ayon kay Jābir (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Pangilagan ninyo ang paglabag sa katarungan sapagkat ang paglabag sa katarungan ay mga kadiliman sa araw ng pagkabuhay na muli...."***

Ayon kay Mu'ādh ibnu Jabal (RA), batay sa Hadīth hinggil sa pagpapadala sa kanya sa Yemen, na ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Pangilagan mo ang panalangin ng isang nagawan ng kawalang-katarungan sapagkat walang hadlang sa pagitan nito (panalangin niya) at ni Allah."***

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang may paglabag sa katarungan na nagawa sa kanyang kapwa: sa karangalan nito o sa ano pa man iyon ay humingi siya ng kapatawaran dito bago dumating ang araw na wala nang Dinar ni Dirham. Kung siya ay may matuwid na gawa, kukunin ito sa kanya ayon sa katumbas ng nagawa niyang paglabag sa katarungan. Ngunit kung wala siyang mga mabuting gawa, kukuha mula sa mga masamang gawa ng kanyang inapi at ipapapasan sa kanya."***

Ang mga Aral

- Ang pagbabawal sa pang-aapi at ang babala laban dito.
- Ang tindi ng nakalaang parusa sa lumabag sa katarungan sa mundo at sa Kabilang-buhay.
- Ang panalangin ng isang nagawan ng kawalang-katarungan ay dinidinig laban sa gumawa ng kawalang-katarungan sa kanya.

13. Ang Kabanalan ng Buhay ng Muslim

Sinabi ni Allah (4:93): **"Ang sinumang pumatay nang sadya sa isang mananampalataya, ang ganti sa kanya ay Impiyerno upang manatili roon. Nagalit si Allah si Allah, isinumpa siya Nito, at pinaghandaan na siya Nito ng mabigat na pagdurusa."**

Ayon sa sinabi ni 'Abdullāh ibnu Mas'ūd (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang unang kasalanan na hahatulan sa mga tao sa araw ng pagkabunay na muli ay ang kaugnay sa pagpatay."***

Ayon kay 'Abdullāh ibnu 'Amr (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Talagang ang paglaho ng mundo ay higit na magaan kay Allah kaysa pagpatay sa taong Muslim."***

Ang mga Aral

- Ang mariing babala laban sa pagpatay sa isang Muslim at ang pagtatalakay sa bigat laki ng kabanalan ng buhay ng isang Muslim para kay Allah.
- Na ang unang hahatulan sa mga tao sa araw ng paghuhukom ay ang mga pagpatay dahil sa bigat ng kasalanan ng paggawa ng mga ito.
- Na ang ganti sa isang mamamatay-tao ay kamatayan at sa kabilang-buhay ay ang pananatili sa Impiyerno.

14. Ang Karapatan ng Muslim

Sinabi ni Allah (49:10): **"Ang mga mananampalataya ay magkakapatid lamang;..."**

Ayon sa sinabi ni Abū Mūsā (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang mananampalataya sa kapwa mananampalataya ay katulad ng isang gusali—pinatatatag nila ang isa't isa."***

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang Muslim ay kapatid ng kapwa Muslim. Hindi niya pinagtataksilan ito, hindi niya pinagsisinungalingan ito, at hindi niya iniiwan ito sa alanganin. Ang lahat ng nasa Muslim ay ipinagbabawal sa kapwa Muslim [na lapastanganin] : ang kanyang karangalan, ang kanyang pag-aari, at ang kanyang buhay. Ang pangingilag sa pagkakasala ay narito [sa puso]. Sapat ng kasamaan para sa isang tao na hamakin niya ang kanyang kapwa Muslim."***

Ayon kay Anas (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Hindi sumasampalataya ang sinuman sa inyo hangga't hindi niya naiibigan para sa kanyang kapatid ang naiibigan niya para sa kanyang sarili."***

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang sinumang mag-alis sa isang Muslim ng isang kapighatian, mag-aalis si Allah sa kanya ng isang kapighatian buhat sa mga kapighatian sa araw ng Pagkabuhay na muli; ang sinumang magpaginhawa sa isang nahihirapan, pagiginhawahin siya ni Allah sa Mundo at sa Kabilang-buhay; ang sinumang magtakip sa isang Muslim, pagtatakpan siya ni Allah sa araw ng Pagkabuhay na muli. Si Allah ay handa sa pagtulong sa tao hangga't ang tao ay handa sa pagtulong sa kanyang kapwa...."***

Ang mga Aral

- Ang mananampalataya ay kapatid ng kapwa mananampalataya, maging ito man ay bata o matanda, namumuno o nasasakupan.
- Ang paghimok sa mga Muslim na magtulungan at alalayan ang lahat ng nangangailangan ng pag-alalay sa anumang walang kinalaman sa pagsuway kay Allah.
- Ang kabutihan ng pagtulong sa nangangailangan at ang laki ng gantimpalang inilaan doon ni Allah.

15. Ang Karapatan ng Kapit-bahay

Sinabi ni Allah (4:36): **"At sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman. At sa mga magulang ay gumawa ng magaling, at pati sa mga kamag-anak, mga ulila, mga dukha, kapit-bahay na kamag-anak, kapit-bahay na di-kaanu-ano, kasamahan, dayuhang manlalakbay,..."**

Ayon kay Abu Hurayrah (RA): "Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***'Sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya; sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya; sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya!'*** May nagsabi: 'Sino po, o Sugo ni Allah?' Nagsabi Siya (SAS): ***'Ang taong hindi ligtas ang kanyang kapit-bahay sa kanyang mga panliligalig."***

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay huwag niyang pinsalain ang kanyang kapit-bahay. At ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay magparangal sa kanyang panauhin. At ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay magsalita ng mabuti o manahimik."***

Ang mga Aral

- Ang paghimok at pagbibigay-diin sa paggawa ng mabuti sa mga kapit-bahay at ang hindi paggawa ng kapinsalaan sa kanila.
- Na bahagi ng kaganapan ng pananampalataya ng isang Muslim ay ang paggawa niya ng mabuti sa kapit-bahay niya at pagpigil niyang magawan ito ng kapinsalaan kahit ito ay isang di-Muslim.

16. Ang Pagiging Mapanganib ng Dila

Sinabi ni Allah (50:18): **"Wala siyang nabibigkas na salita kung hindi mayroon sa kanyang nakabantay na nakahanda na magtala."**

Sinabi pa Niya (17:36): **"At huwag mong sundan ang anumang wala kang kaalaman hinggil dito. Tunay na ang pandinig, ang paningin, at ang puso — ang bawat isa sa mga iyon ay pananagutin."**

Ayon sa sinabi ni Mūsā al-'Ash'arī (RA): "Nagsabi ako: 'O Sugo ni Allah, alin sa mga Muslim ang pinakamainam?' Nagsabi siya (SAS): ***'Ang sinumang ligtas ang [kapwa] Muslim sa kanyang dila at kanyang kamay."***

Ayon sa sinabi ni Sahl ibnu Sa'd (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang sinumang magtiyak sa akin [na hindi gagamitin sa ipinagbabawal] ang nasa pagitan ng kanyang bigote't balbas (dila), at ang nasa pagitan ng kanyang dalawang hita (ari), titiyakin ko rin sa kanya ang Paraiso."***

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), narinig niyang ang Propeta (SAS) na nagsasabi: ***"Tunay na ang tao ay talagang makapagsalita ng salitang hindi niya muna pinag-isipan ito [kung ito ay tama o mali] na matitisod siya sa pamamagitan nito sa Impiyerno na ang lalim ay higit na malayo kaysa sa pagitan ng silangan at kanluran."***

Ang mga Aral

- Ang panganib ng dila at ang tungkuling pag-ingatan ito, at na ang tao ay maaaring matisod sa Impiyerno dahil sa isang salitang walang ingat niyang sinabi. Ang pagsasalita na hindi ayon sa pagtalima kay Allah ay isa sa mga dahilan ng pagpasok ng tao sa Impiyerno at ang pag-iingat sa pagsasalita ang isa rin sa mga dahilan ng pagpasok sa Paraiso. Ang pagkakamali ng maraming mga tao ay sanhi ng walang ingat nilang pagbibitaw ng mga salitang walang kabuluhan.
- Ang tao ay pananagutin sa mga sinabi at mga ginawa niya, at ang pinakamapanganib sa katawan ng tao ay ang dila at ang ari (sex).

17. Ang Pagbabawal sa Panlilibak

Sinabi ni Allah (49:12): **"At huwag libakin ng ilan sa inyo ang iba sa inyo. May isa ba sa inyo na iibiging kainin ang laman ng kanyang kapatid na patay? Kasusuklaman ninyo ito."**

Ayon kay Abū Hurayrah (RA): "Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***'Nalalaman ba ninyo kung ano ang panlilibak?'*** Nagsabi sila: 'Si Allah at ang Kanyang Sugo ay higit na nakaaalam.' Nagsabi siya (SAS): ***'Ang pagbanggit mo sa iyong kapwa ng hinggil sa anumang kasusuklaman niya [na marinig].'*** May nagsabi: 'Ano po naman ang tingin ninyo kung taglay ng kapwa kong iyon ang aking sinasabi?' Nagsabi siya: ***'Kung taglay niya ang sinasabi mo ay nilibak mo na nga siya; at kung hindi niya taglay ang sinasabi mo, siniraang-puri mo na nga siya."***

Ayon sa sinabi ni 'Ā'ishah (RA): "Nagsabi ako sa Propeta (SAS): 'Sapat na iyo si Safīyah na ganito at ganoon (Ang ibig niyang sabihin ay pandak si Safīyah.).' Kaya nagsabi siya (SAS): ***'Talaga ngang nakapagsabi ka ng isang salitang kung ihinalo sa tubig ng dagat ay talagang binago niyon sana ito."***

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"...Ang lahat ng nasa Muslim: ang kanyang karangalan, ang kanyang pag-aari, at ang kanyang buhay ay hindi dapat lapastanganin...."***

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"... At ang sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Kabilang-buhay ay magsalita ng mabuti o manahimik."***

Ayon kay Abū Dardā' (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang magsanggalang sa karangalan ng kanyang kapwa, ipagsasanggalang ni Allah ang kanyang mukha sa Apoy sa araw ng Pagkabuhay na muli."***

Ang mga Aral

- Ang pagbabawal sa panlilibak, na ito ay isa sa mga malalaking kasalanan, at ang pagiging matindi ng parusa sa manlilibak.
- Ang pagbanggit sa isang tao hinggil sa bagay na kasusuklaman niyang marinig ay isang panlilibak na ipinagbabawal, kahit pa man iyon ay nagtataglay ng katotohanan.
- Ang tungkuling pagsabihan at pigilan ang nanlilibak sa kanyang panlilibak, ang pagbabawal sa pakikinig sa panlilibak, at ang kabutihan ng pagsasanggalang sa karangalan ng kapwa Muslim upang ipagsanggalan din ni Allah ang mukha sa Apoy sa araw ng Pagkabuhay na muli.
- Na ang panlilibak ay maaaring sa pamamagitan ng pagsasalita o pagpapahiwatig ng kinasusuklaman ng isang tao.

18. Ang Kabutihan ng Katapatan at ang Pagpupula sa Kabulaanan

Sinabi ni Allah (16:105): **"Tanging ang gumagawa-gawa ng kasinungalingan ay ang mga hindi sumasampalataya sa mga Kapahayagan ni Allah, at ang mga iyon ang mga sinungaling."**

Sinabi pa Niya (9:119): **"O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at maging kasama kayo ng mga matapat."**

Sinabi pa Niya (47:21): **"...At kung naging tapat sila kay Allah, talagang ito sana ay naging mabuti para sa kanila."**

Ang mga Kundisyon sa Pagsisisi

1. Na isa sa mga kundisyon ng pagsisisi ay bago sumapit ang kamatayan at bago maghingalo.
2. Na ito ay bago sumikat ang araw sa kanluran nito yayamang sa sandaling iyon ay wala nang kabuluhan ang pagsisisi.
3. Na ang sinumang magsisi ng tapat sa kasalanan at pagkatapos ay nagbalik sa kasalanan, ang una niyang pagsisi ay tanggap pa rin subalit mangangailangan siya ng panibagong pagsisi.
4. Ang pagtalikod sa kasalanan, ang pagsisi kung bakit pa nagawa ang mga nagdaang pagsuway kay Allah, at pagtitika (matibay na pagpapasya) na hindi na magbabalik sa kasalanan.

20. Ang Pagbati

Sinabi ni Allah (24:27): **"O mga sumampalataya, huwag kayong pumasok sa mga bahay na hindi mga bahay ninyo hanggang hindi kayo humihingi ng pahintulot at bumabati sa nakatira roon...."**

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Hindi kayo papasok sa Paraiso hanggang hindi kayo sumasampalataya at hindi kayo sumasampalataya hanggang hindi kayo nagmamahalan. Hindi ba't nais ninyong gabayan ko kayo sa isang bagay na kapag ginawa ninyo iyon ay magmamahalan kayo? Ipalaganap ninyo ang pagbati [ng assalāmu 'alaykum] sa gitna ninyo."***

Ayon sa sinabi ni 'Abdullāh ibnu Salām (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***'O mga tao, ipalaganap ninyo ang pagbati [ng assalāmu 'alaykum], magbigay kayo ng pagkain, panatilihin ninyo ang ugnayang pangmag-anak, at magdasal kayo sa gabi habang ang mga tao ay natutulog at papasok kayo sa paraiso nang may kapayapaan."***

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Kapag dumating ang sinuman sa inyo sa isang pagtitipon ay bumati siya [ng assalāmu 'alaykum]. At kapag ninais niyang umupo ay umupo siya at pagkatapos kung ninais niyang tumayo [upang lumisan] ay bumati uli siya, sapagkat ang unang pagbati ay hindi naman higit na mahalaga kaysa sa huling pagbati."***

Ang mga Aral

- Ang kabutihan ng Pagbati, na ito ay isang dahilan ng pagmamahalan, na siya namang dahilan ng pagpasok sa Paraiso.
- Na minamabuti ang pagbati sa pamamagitan ng ***assālamu 'alaykum*** sa kapwa mga Muslim na nakikilala at hindi nakikilala, at na ang pagbati ay hindi lamang para sa kakilala.
- Ang paraan ng pagbati ayon sa Propeta (SAS) ay ang pagsabi ng: ***assalāmu 'alaykum*** (ang kapayapaan ay sumainyo). Kung dadagdagan ito ng: ***wa rahmatullāh*** (at ang awa ni Allah), iyon ay lalong mainam. Kung dadagdagan naman ng: ***wa rahmatullāhi wa barakātuh*** (at ang awa ni Allah at ang Kanyang mga biyaya), iyon ay ang pinakamainam. Tungkuling tugunin ang pagbati ng katulad ng ibinati ngunit minamabuting dadagdagan pa ang pagbati.
- Kapag sa isang pagtitipon ay magkahalo ang mga Muslim at di-Muslim, maaari rin silang batiin.
- Ang pagbabawal na maunang bumati ng ***assalāmu 'alaykum*** sa mga Kāfir; ngunit kapag bumati sila sa atin, ang ating sasabihin ay ***wa 'alaykum.***
- Ang pagiging kananais-nais na magbatian kapag nagkahiwalay ang mga Muslim at pagkatapos ay muling nagkita, kahit pa man nagkahiwalay lamang sa loob ng maikling sandali.
- Ang pagbabawal na pumasok sa mga bahay ng iba nang walang paalam sa mga nakatira rito.

21. Ang Kagandahang Asal sa Harap ng Pagkain

Ayon sa sinabi ni 'Ā'ishah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Kapag kakain ang sinuman sa inyo ng pagkain ay magsabi siya ng bismillāh (Sa ngalan ni Allah). Subalit kung nakalimutan niya sa simula ay magsabi siya, [kapag naalaala] sa bandang huli, ng bismillāhi fī awwalihi wa ākhirih (Sa ngalan ni Allah, sa simula at sa wakas)."***

Ayon sa sinabi ni 'Umar ibnu Abī Salamah (RA): "Nagsabi sa akin ng Sugo ni Allah (SAS): ***'Sabihin mo ang bismillah [bago kumain], kumain ka sa pamamagitan ng iyong kanang kamay, at kainin mo ang [pagkaing] malapit sa iyo."***

Ayon kay 'Abdullāh ibnu 'Umar (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Huwag ngang kumain ang isa man sa inyo sa pamamagitan ng kaliwang kamay at huwag nga ring uminom sa pamamagitan nito sapagkat tunay na ang Demonyo ay kumakain sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya at umiinom sa pamamagitan nito."***

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA): "Walang pinintasang pagkain ang Sugo ni Allah (SAS). Kung naiibigan niya iyon, kakainin niya iyon; at kung inaayawan niya iyon, iiwan niya iyon."

Ang mga Aral

- Ang pagiging kanais-nais ng pagsabi ng **bismillāh** kapag kakain, at na ang sinumang makalimot ay magsasabi ng **bismillāh** kapag naalaala ito habang kumakain na. Pagkatapos kumain ay kanais-nais na magsabi ng: **"Alhamdu lillāhil ladhī at'amanī hādhā wa razaqanī min ghayri hawlim minnī wa lā qūwah"** ***(Ang papuri ay ukol kay Allah na nagpakain sa akin nito at nagtustos sa akin nang wala akong ginamit na lakas ni kapangyarihan).***
- Ang pagbabawal na kumain sa pamamagitan ng kaliwang kamay sapagkat ang ganito ay pagtutulad sa Demonyo, maliban na lamang kung may makatuwirang dahilan.
- Na ang sunnah ay hindi pintasan ang pagkain, sa halip, kung maibigan ay kainin at kung hindi naman ay huwag kainin. Gayon pa man, ipinahihintulot ang pagbanggit ng kapintasan ng pagkain kapag ang layunin ay ang pagbibigay-alam.

22. Ang Paggamit ng Palikuran

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): ***"Ang Propeta noon (SAS), kapag [nagnais na] pumasok sa palikuran ay nagsasabi muna siya ng*** *allāhumma innī a'ūdhu bika minal khubthi wal khabā'ith* ***(O Allah, tunay na ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga masama at mga demonyo)."***

Ayon kay 'Ā'ishah (RA): "Ang Sugo ni Allah (SAS) noon, kapag nakalabas na siya sa palikuran ay nagsasabi ng ***ghufrānak*** (Hinihingi ko po ang Iyong kapatawaran)."

Ayon kay Jābir ibnu 'Abdullāh (RA): "Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagbawal sa pag-ihi sa tubig na hindi umaagos."

Ang mga Aral

- Kanais-nais para sa isang Muslim na nagnanais na pumasok sa palikuran na magsabi ng ***allāhumma innī a'ūdhu bika minal khubthi wal khabā'ith.*** At kanais-nais naman na magsabi ng ***ghufrānak*** kapag nakalabas na.
- Ang tungkuling takpan ang 'awrah[22] sa harap ng mga tao. Ang pagiging kanais-nais na lumayo at magtago sa mga tao kapag iihi o dudumi. Kailangan ding maging maingat upang hindi humarap o tumalikod sa Qiblah kapag ihi o dudumi sa labas ng palikuran.
- Kailangan ding maging maingat na hindi mabahiran ng ihi o dumi ang kasuutan, at maglinis nang maigi pagkatapos umihi o dumumi, sa pamamagitan ng tubig hanggang maaari.
- Ang paglalahad ng pagiging kumpleto ng pananampalatayang Islam yayamang sinasaklawan at nililinaw nito ang lahat ng bagay pati na ang kagandahang asal sa paggamit ng palikuran.

23. Ang Pagbahin at ang Paghikab

Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): ***"Naiibigan ni Allah ang pagbahin at kinasusuklaman Niya ang paghikab. Kaya kapag bumahin ang sinuman sa inyo at nagsabi ng alhamdu lillāh (ang papuri ay ukol kay Allah), tungkulin ng bawat Muslim na nakarinig sa kanya na magsabi sa kanya ng yarhamukallāh (Kaawaan ka ni Allah). At tungkol naman sa paghihikab, ito ay galing lamang sa Demonyo. Kaya kapag naghikab ang sinuman sa inyo ay pigilin niya iyon sa abot ng kayang makakaya, sapagkat kung ang sinuman sa inyo ay naghikab, pinagtatawanan siya ng Demonyo."***

Ayon pa rin kay Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Kapag bumahin ang isa sa inyo ay magsabi siya ng alhamdu lillāh at magsabi naman sa kanya ang kapatid niya o ang kasamahan niya ng yarhamukallāh. Kapag nagsabi ito sa kanya ng yarhamukallāh ay magsabi naman siya (ang bumahin) ng yahdīkumullāhu wa yuslihu bālakum (Patnubayan kayo ni Allah at pabutihin Niya ang inyong kalagayan)."***

---

[22] Ang 'awrah ng lalaking nasa wastong gulang ay ang bahagi ng katawan sa pagitan ng pusod at tuhod. Ang 'awrah naman ng babaing nasa wastong gulang ay ang buong katawan. May mga iskolar ng Islam na nagsasabing kasama sa 'awrah ng babae ang mukha at kamay kaya dapat ding takpan at mayroon namang nagsasabing hindi kasama ang mukha at kamay kaya hindi kailangang takpan.

Ayon sa sinabi ni Abū Mūsā (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***'Kapag bumahin ang sinuman sa inyo at nagsabi siya ng alhamdu lillah ay magsabi kayo ng yarhamukAllāh sa kanya. At kung hindi siya nagsabi ng alhamdu lillah [pagkatapos bumahin] ay huwag din kayong magsabi ng yarhamukAllāh."***

Ayon kay Abu Hurayrah (RA): "Ang Propeta, (SAS) kapag bumahin, ay tinatakpan niya ang kanyang mukha ng kanyang kamay o ng kanyang damit at pinahihina niya sa pamamagitan nito ang tunog niyon."

Ang mga Aral

- Ang pagiging kanais-nais ng pagsabi ng ***yarhamukallāh*** sa isang bumahin kapag nagsabi ito ng ***alhamdu lillāh*** matapos bumahin, kapag narinig ninuman.
- Kapag hindi siya nagsabi ng ***alhamdu lillāh*** ay huwag din siyang sabihan ng ***yarhamukallāh.***
- Ang pagiging kanais-nais na pigilan o itago ang paghihikab.
- Ang pagiging kanais-nais na takpan ng kamay ang bibig kapag naghihikab.
- Ang pagiging kanais-nais na takpan ang mukha ng damit o panyo o kamay kapag bumabahin.
- Ang kasagwaan ng pagpapalakas ng tunog ng pagbahin o paghikab.

24. Ang Pag-aalaga ng Aso

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang sinumang mag-alaga ng aso, maliban pa sa aso na [ipinambabantay] sa alagang hayop o ipinangangaso o [ipinambabantay] sa pataniman, ay may nababawas mula sa kanyang gantimpala na isang qīrāt[23] [na gantimpala]."***

Ayon muli kay Abu Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi. ***"Kapag dumila ang aso sa lalagyan[24] ng sinuman sa inyo ay hugasan ninyo ito nang makapitong ulit at kuskusin[25] ninyo ito ng lupa sa ikawalong [paglilinis]."***

Ang mga Aral

- Ang pagbabawal sa pag-aalaga ng aso maliban na lamang kung ginagamit sa pangangaso o pagbabantay ng mga alagang hayop o ng pataniman.
- Ang pagpapalayo sa mga aso at ang utos na iwaksi ang mga ito.
- Ang babala laban sa karumihan ng dinilaan ng aso: huhugasan ito nang makapitong ulit at pagkatapos ay kuskusin ng lupa.

25. Ang Pag-aalaala[26] kay Allah

Sinabi ni Allah (62:10): **"...At alalahanin ninyo si Allah nang madalas nang harinawa kayo ay magtagumpay."**

Sinabi pa Niya (33:41-42): **"O mga sumampalataya, alalahanin ninyo si Allah nang madalas na pag-aalaala, at luwalhatiin ninyo Siya sa umaga at gabi."**

Ayon kay Abu Mūsā al-Ash'arī (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang paghahalintulad ng umaalaala sa kanyang Panginoon at ng hindi umaalaala sa kanyang Panginoon ay katulad ng buhay at patay."***

Ayon sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"May dalawang salitang magaan sa dila, mabigat sa timbangan [ng mga gawa], naiibigan ng Pinakamaawain (Allah): subhanallāhi wa bihamdih, subhanallāhil adhīm.[27]"***

Ayon muli sa sinabi ni Abu Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Na magsabi ako ng subhanāllahi wal hamdu lillāh[28] at lā ilāha illallāhu wallāhu akbar[29] ay higit na ibig ko pa kaysa sa lahat ng bagay na sinisikatan ng araw."***

Ayon sa sinabi ni Jābir (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: ***'Ang pinakamainam na [kataga sa] pag-alaala [kay Allah] ay: lā ilāha illallāh.'[30]"***

[23] Ang qīrāt ay singlaki ng bundok. Kaya ang may alagang aso ay nawawalan ng gabundok na gantimpala araw-araw.
[24] Plato o kaldero o baso o anumang katulad nito.
[25] Maaaring gumamit ng sabon sa paghuhugas ng nadilaan ng aso ngunit ang pinakamainam ay kuskusin ng lupa dahil natuklasang may mikrobyong galing sa aso na hindi napapatay ng sabon ngunit napapatay ng lupa.
[26] O dhikr sa wikang Arabe. Ito ay maikling pananalita sa wikang Arabe, na itinuro ni Propeta Muhammad (SAS), na binabanggit bilang panalangin o pag-aalaala o pagluluwalhati kay Allah.
[27] Kaluwalhatian kay Allah at papuri sa Kanya; kaluwalhatian kay Allah, ang Dakila.
[28] Kaluwalhatian kay Allah at at ang papuri ay ukol kay Allah.
[29] Walang tunay na Diyos kundi si Allah, at si Allah ay pinakadakila.
[30] Walang tunay na Diyos kundi si Allah.

- Ang pagtitiis sa paggawa ng mga pagtalima kay Allah at ang pagtitiis sa pag-iwas sa mga pagsuway sa Kanya ay kabilang sa mga pinakamainam na uri ng pagtitiis.
- Kailangang malugod ang isang Muslim sa kapalarang ibinahagi sa kanya ni Allah yayamang si Allah ay Maalam at Marunong at Siya ang lalong nakababatid sa ikabubuti ng Kanyang lingkod.

## المرأة في الإسلام
## ANG MGA KABABAIHAN SA ISLAM

Isinasaalang-alang ng Islam ang mga kababaihan bilang kapareha ng mga kalalakihan. Hindi niya puwedeng ipamigay ang kanyang asawang babae at ganundin ang kanyang asawang lalaki.

Itinatagubilin ng Islam sa bawat asawang lalaki na igalang ang kanilang mga asawang babae. Itinakda para sa mga lalaki ang responsibilidad upang magbigay ng "dowry" at gastusan ang sinuman ang magiging asawa nito. Gayundin, bigyang prioridad ang isang ina bago ama sa pamamagitan ng pagbibigay ng awa at kalinga.

Binigyan ng Islam ang mga kababaihan ng karapatan upang magsaliksik ng mga kaalaman, matamo at makapag-mana ng ano mang uri ng yaman, at may karapatan upang tanggapin o tanggihan ang kanyang magiging asawa.

Ang babae ay katulad ng lalaki na nilikha ni Allah. Ang babae ay nilikha din upang sambahin si Allah, ang Kataastaasan. Kinakailangan din niyang gabayan at turuan sa kanyang mga anak ng naaayon sa turo at batas ng Islam. Kinakailangan niyang sundin ang kanyang asawa, maging mabait sa kanya, tulungan siya upang maiwasan ang mga bagay na magdudulot ng di maganda at patatagin ang kanyang sarili sa mga bagay na ito. Bilang isang Muslim, siya ay inaasahan na manghikayat din tungo sa Islam, pagsasagawa ng kabutihan at labanan ang masama sa ano mang paraan.

Tulad ng mga lalaki, ang lahat ng mga alituntunin at mga ipinag-uutos ng Islam ay ipinag-uutos din para sa mga kababaihan hangga't ang mga ito ay hindi tiyak na tinukoy at nasasaad sa Islam.

Ang relihiyong Islam ay nagpaliwanag sa kaibahan ng kasarian ng lalaki sa babae, maging ito man ay sa kakayahang-pisikal o maging ito man ay para sa mga kababaihan lamang tulad ng buwanang-dalaw, panganganak at pagdurugo.

Kapag ang babaing Muslim ay nakakaranas ng buwanang-dalaw (regla) o pagdurugo, siya ay pinagbabawalang magsagawa ng dasal, mag-ayuno o makipagtalik sa kanyang asawa hanggang ang pagdurugo o ang buwanang –dalaw ay tuluyan nang mawala. Pagkatapos nito, kinakailangan niyang isagawa ang ghusl (paliligo upang luminis ang buong katawan). Pagkatapos nito ay kinakailangan niyang bayaran ang mga araw na hindi siya nakapag-ayuno sa buwan ng ramadhan. Ganunpaman, hindi na niya kinakailangan pang bayaran ang mga araw na hindi siya nakapagsagawa ng salah.

Pinapanatili ng relihiyong Islam ang mga kababaihan sa kanilang kabirhinan sa pamamagitan ng pagbibigay ng proteksyon sa mga kasalanan tulad halimbawa ng pakikiapid o pangangalunya. Kaya, pinangangalagaan ng Islam ang mga kababaihan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pamamaraan upang sila ay maprotektahan, mahigpit na ipinag-uutos ang pagsusuot ng mga damit na mahahaba upang matakpan ang buo nilang katawan, at upang maprotektahan sila mula sa panggugulo, pangbabastos at kawalian. Siya ay pinagbabawalang manatili o lumabas na may kasamang ibang lalaki maliban na lamang kung ito ay kanyang mahram (anumang lalaki maliban sa kanyang asawa o sinumang kamag-anak na hindi niya pupuwedeng maging asawa tulad halimbawa ng kapatid, anak o tiyuhin o amain).

Mahigpit na ipinagbabawal para sa mga kababaihang Muslim ang pag-aasawa nito sa lalaking hindi Muslim.

## نصائح و توجيهات مهمة
## MGA MAHAHALAGANG PAYO

Ang Islam ay ang pinakamahalaga mong kayamanan, kaya huwag natin itong hayaang mawala kahit na marami sa mga tao ang gumagawa ng ibat-ibang paraan upang ikaw ay mapalayo dito. Iyong ikalugod at ikasiya na ikaw ay isang Muslim.

Walang sinumang tao ang hindi nagkakamali, kaya huwag mong gawing basehan ang iyong paghuhusga sa Islam sa mga kamalian at maling pag-uugali ng mga Muslim dahil ang mga Muslim ay maari ding makagawa ng mga pagkakamali at paglabag nito sa ilang mga bagay na tinuturo ng Qur'an.

Ang iyong nararamdaman sa isang Muslim at ang paghahangad mong sila ay matulungan ay naglalarawan sa katatagan ng iyong paniniwala. Sinabi ng Allah (SWT):"Ang mga mananampalataya ay magkakapatid"[31]

Upang manatili sa matuwid na landas, sa kapahintulutan ng Allah (SWT) gawin ang mga sumusunod:

1) Dagdagan ang inyong kaalaman hinggil sa Islam, unawain at intindihin ang bawat kahulugan ng Qur'an at huwag mag-alinlangang magtanong sa mga bagay na hindi pa batid.
2) Basahin ang talambuhay ng Propeta, alamin ang tungkol sa kanyang mga naging kasamahan at mga katangi-tanging tao sa Islam.
3) Palagiang isagawa ang pagdarasal sa tamang oras (ang mga kalalakihan ay kinakailangang magsagawa ng salah sa mosque at dumalo sa pang-biyernes na sermon at pagdarasal).
4) Laging makihalubilo at sumama sa mga mabubuti at may dalisay na kalooban na muslim at makiupo sa kanila.

Subukang matutunan at pag-aralan ang wikang Arabe, ito ang gamit na salita sa Banal na Qur'an at salita ng Propeta (saw), at upang magkaroon ng mas malawak na pag-uunawa sa iyong relihiyon.

Hikayatin ang iba tungo sa Islam sa pamamagitan ng:

a) Pagsasagawa ng relihiyong Islam sa pang-araw-araw na pamumuhay at pagsunod sa mga tagubilin nito.
b) Pakitunguhan ang iba ng may respeto at isagawa ng maayos ang iyong mga gawain. Magpakita ng mga mabubuting katangian ng isang Muslim sa pag-uugali ng sa ganoon ay mahimok ang iba sa Islam.

Para sa iyo ay ang katumbas na gantimpala na iyong naakay sa tamang landas. Unahin na himukin at anyayahan ang iyong pamilya at mga kaibigan ng may pinakamagandang pag-uugali. Magbigay ng mga regalo, aklat at cassette, na sa akala mo na akma ito sa mga tao ng iyong iimbitahan, upang makatulong sa iyo na maipaliwanag ang Islam. Humiling sa Allah na biyayaan ka ng tagumpay at bigyan ng gabay ang iba tungo sa Islam.

Huwag na huwag magbibigay ng hatol o ng anumang mga batas hinggil sa pang Islamikong usapin na kung saan ikaw ay hindi nagtataglay ng kaalaman hinggil dito. Huwag magtatanong kahit kaninuman hinggil sa mga bagay patungkol sa Islam maliban na ang taong ito ay nagtataglay ng sapat na kaalaman at mapagkakatiwalaan.

Huwag makikilahok sa mga okasyong wala sa katuruan ng Islam gaya ng pasko, bagong-taon, araw ng mga puso at marami pang iba. Sapagkat ikaw ay isang Muslim at ikaw ay ginabayan ng tamang landas ng Allah. Bilang Muslim, tayo ay mayroon lamang dalawa na dapat ipagdiwang sa Islam, ito ay ang tinawag na Eid (kapistahan). Ang una ay ang unang-araw sa ika-sampung lunar ng buwan (Shawwal), ang ikalawa ay ang ika-sampung araw sa ikalabing-dalawang lunar ng buwan (Dhul-Hijjah).

Kung ikaw ay nagnanais na gumawa ng mga kabutihan, gawin lamang ang mga ito sa kapakanan ng Allah (SWT) at sa Kanyang mga gantimpala.

Laging manalig sa Allah (SWT) at lumapit lamang sa Kanya sa lahat ng mga bagay na may kaugnayan sa iyo. Magpasalamat sa Allah (SWT) para sa Kanyang kabaitan at laging alalahanin na ikaw ay laging nangangailangan ng Kanyang tulong at gabay.

[31] Qur'an 49:10

Laging alalahanin na ikaw ay nakikita ng Allah (SWT). Ang Kanyang kaalaman ay bumabalot sa lahat ng iyong ginagawa. Katotohanan Siya ang may ganap na kapangyarihan sa iyo at walang sinuman ang makapangyayari sa Kanya.

Sa tuwing ikaw ay makakagawa ng kasalanan, lumapit sa Allah (SWT) na mayroong pagsisisi, hilingin sa Kanya ang kapatawaran, at huwag na huwag mawalan ng pag-asa o sabihin kaya "Ako ay nakagawa ng maraming kasalanan, kung kaya ayaw ko itong pagsisihan". Katotohanan ang awa ng Allah ang pinakadakila.

Kung magkaganoon, maging mapagpasesiya. Katotohanan ang daan tungo sa Apoy ng Impyerno sa kabilang buhay ay napakadali, ang lahat ay maaaring tumungo dito. Subalit, ang daan sa Paraiso ay hindi madaling makamit. Ang makamit ito, ikaw ay nangangailangan ng pasensiya at pagpipigil sa iyong kagustuhan hanggang sa ito ay iyong marating. At kung sakali na iyong kahaharapin ang mga pagsubok at panunuya sa iyong relihiyon, kung ganoon alalahanin na ito ay dinanas din ng mga Propeta at ng mga matutuwid na tao na nauna sa iyo. Subalit sila ay nagpakita ng pagpapasensiya alang-alang kay Allah at kailan man ay hindi pinakinggan ang mga batikos ng mga tao.

أحكام النكاح

# ANG MGA ALITUNTUNIN SA PAG-AASAWA

## Ang mga Kondisyon sa Kasal

### 1. Ang Pagsang-ayon ng Lalaki at Babae

Hindi matatanggap na pilitin ang lalaki na magpakasal sa hindi niya naiibigan at hindi rin matatanggap na pilitin ang babae na magpakasal sa hindi niya naiibigan. Ipinagbawal ng Islam na ipakasal ang isang babae nang walang pagsang-ayon niya. Kaya kapag tumanggi siyang magpakasal sa isang lalaki, hindi ipinahihintulot sa sinuman, kahit pa sa kanyang ama, na pilitin siya.

### 2. Ang Pagkakaroon ng *Walī* [32]

Hindi matatanggap ang kasal na walang walī ang babae sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Walang kasal kung walang walī ."*** Kaya kung sakaling ipinakasal ng isang babae kanyang sarili, ang kasal niya ay walang saysay—isagawa man niya mismo ang pagpapaksal sa kanyang sarili o magtalaga man siya ng kintawan. Hindi maaaring maging walī ng isang Muslimah ang isang Kāfir. Ang pamahalaang Muslim ang tatayong walī sa babae na walang walī .

Ang walī ay kailangang may sapat na gulang (15 taon pataas), may matinong pag-iisp, at may hustong pag-iisip (*mature*) na kabilang sa mga 'Asabah (**lalaking kamag-anak**) ng babae ayon sa sumusunod na pagkakasunod-sunod:

A. Ang ama niya,
B. Ang pinagbilinan nito,
C. Ang lolo sa ama at kahit pa ang lolo sa tuhod: ang pinakamalapit sa mga ito ang pipiliin,
D. Ang kanyang anak,
E. Ang mga anak nito at kahit pa ang mga kaapu-apuhan nito,
F. Ang kanyang kapatid sa ama't ina,
G. Ang kanyang kapatid sa ama,
H. Ang mga anak ng kapatid na lalaki sa ama't ina,
I. Ang mga anak ng kapatid na lalaki sa ama: ang pinakamalapit sa mga ito ang pipiliin,
J. Ang tiyuhin na kapatid sa ama't ina ng ama,
K. Ang tiyuhin na kapatid sa ama ng ama,
L. Ang kanilang mga anak: ang pinakamalapit sa mga ito ang pipiliin,
M. Ang tiyuhin sa ama ng ama,
N. Ang mga anak nito,
O. Ang tiyuhin sa ama ng lolo sa ama,
P. Ang mga anak nito.

[32] Ang *walī* ay ang kumakatawan sa babae na maaaring kanyang ama o malapit na kamag-anak o tumatayong magulang.

Kailangang humingi ng pahintulot ang walī sa babae bago niya ito ipakasal. Ang dahilan kung bakit kailangang may walī ang isang babae ay upang hadlangang gawing dahilan ang kasal upang gumawa ng pangangalunya[33] dahil hindi imposible sa isang lalaking nagbabalak mangalunya na sabihin sa babae na: "Ipakasal mo ang iyong sarili sa akin." Ang kasal-kasalan na ito ay maaari pang saksihan ng dalawa sa kanyang mga kaibigan o ng iba pa.

**3. Ang Dalawang Lalaking Saksi**

Ang pagkakasal ay kailangang daluhan ng dalawang saksi o higit pa, na mga lalaking Muslim na makatarungan. Kailangan ding ang mga saksing ito ay mga mapagkakatiwalaan at umiiwas sa mga malaking kasalanang gaya ng pangangalunya, pag-inom ng alak, at mga tulad nito.

**4. Ang Tungkuling Magbigay ng Mahr[34]**

Ang itinatagublin sa Mahr ay dapat kaunting halaga ito at kapag lalong kaunti at magaan sa bulsa ay lalong mainam. Ang Mahr ay tinatawag ding Ṣidāq. Sunnah na banggitin ang halaga o uri nito sa sandali ng pagkakasal at madaliin ang pagbibigay nito kasabay ng pagkakasal. Tanggap din na ipagpaliban ang pagbibigay ng Mahr o ng bahagi nito sa napagkasunduang panahon. Kung sakaling diniborsiyo ng lalaki ang kanyang maybahay bago niya nakatalik ito, kukunin nito ang kalahati ng Mahr. At kung sakali namang namatay ang lalaki bago niya nakatalik ang babae matapos na naisagawa ang kasal, may karapatan na ang babae na magmana sa lalaking ito at makakamit niya nang buo ang Mahr.

## Ilang Resulta ng Pag-aasawa

**1. Ang Pagsusustento**

Tungkulin ng asawang sustentuhan sa pagkain, pananamit, at tirahan ang kanyang maybahay, ayon sa kanyang kakayahan. Kaya kung nagmaramot ang lalaki sa pagsusustento sa maybahay niya, siya ay nagkakasala at may karapatan ang kanyang maybahay na kumuha mula sa kanyang ari-arian o salapi ng sapat na halagang pantustos sa pangangailangan nito, o na mangutang sa pangalan niya at obligado siyang magbayad. Tungkulin din ng lalaking gumastos para sa walī mah o handaan sa araw ng kasal para sa mga taong inanyayahan niya. Ito ay sunnah na ipinag-uutos sapagkat ginawa at ipinag-utos ito ng Propeta (SAS).

**2. Ang Pagmamana**

Kapag nakasal ang lalaki sa babae ng kasal na legal sa Islam, magkakaroon ng karapatan ang isa't isa sa kanila na magmanahan sapagkat ang sabi ni Allah (4:12): **"At ukol sa inyo ang kalahati ng naiwan ng inyong mga maybahay kung wala silang anak; subalit kung mayroon silang anak, ukol sa inyo ang ikaapat mula sa naiwan nila matapos *ikaltas ang ukol* sa habiling ihinahabilin nila o sa pagkakautang. At ukol naman sa kanila ang ikaaapat mula sa naiwan ninyo kung wala kayong anak; subalit kung mayroon kayong anak, ukol sa kanila ang ikawalo mula sa naiwan ninyo matapos *ikaltas ang ukol* sa habiling ihinahabilin ninyo o sa pagkakautang...."** Walang pagkakaiba kung nagtalik at nagsama sila o hindi.

**Mga Sunnah at mga Kaasalan sa Pag-aasawa**

1. Sunnah na ipagbigay-alam ang kasal (sa pamamagitan ng pagdaraos ng handaan) at sunnah din na ipanalangin ang mga bagong kasal at sabihin sa lalaki o sa babae: **"Bārakallāhu lak, wa bāraka 'alayk, wa jama'a baynakumā fī khayr."** (Pagpalain ka ni Allah, panatiliin Niya ang pagpapala sa iyo, at pagsamahin niya kayo sa ginhawa.)
2. Sunnah, kapag nais nilang magtalik, na magsabi ng ganito: **"Bismillāh, allāhumma jannibnash shayṭān, wa jannibish shayṭāna mā razaqtanā"** (Sa ngalan ni Allah, o Allah ilayo Mo po sa amin si Satanas at ilayo mo pa siya sa anak na ipagkakaloob Mo sa amin.)
3. Kasuklam-suklam para sa mag-asawa na ipagsabi ang anumang nangyari sa pagitan nila na mga hinggil sa pagtatalik nila.
4. Ipinagbabawal sa lalaki na makipagtalik sa maybahay habang ito ay may buwanang dalaw o may nifās at hangga't hindi pa ito nakakapaligo matapos na huminto ang buwanang dalawa o nifās.

---

[33] Ang pangangalunya sa Islam ay ang pagtatalik ng lalaki at babaeng hindi kasal sa isa't isa. Ang kasal na walang walī ang babae ay huwad at hindi tunay na kasal kaya ang kanilang pagtatalik ay itinuturing na pangangalunya.

[34] Ang Mahr ay ang tinatawag sa Pilipino na dote o bigay-kaya. Ito ay ibinibigay ng lalaki sa babaeng kanyang mapangangasawa at hindi para sa magulang o mga kamag-anak ng babae.

**B.** Na ang pagpapasuso ay bago nagdalawang taon ang sanggol. Ang ibig sabihin nito ay kailangang ang lahat ng limang pagpapasuso ay bago nagdalawang taon ang bata. Kaya kung ang limang beses na pagpapasuso ay matapos nagdalawang taon ang bata, o kung ang ilan sa limang pagpapasuso ay bago nagdalawang taon at ang iba ay matapos nagdalawang taon, ang babaeng sinusuhan ay hindi nito magiging ina sa gatas.

Kapag natupad ang mga kundisyon ng pagpapasuso, ang bata ay magiging anak na ng babaeng sinusuhan at ang mga anak nito ay magiging mga kapatid niya, nauna man sila sa kanya o nahuli sila sa kanya. Ang may-ari ng gatas[36] ay magiging ama niya at ang mga anak nito ay magiging mga kapatid din niya, anak man sila ng babaeng nagpasuso sa kanya o anak sa ibang babae. Kailangang mabatid natin na ang mga kamag-anak sa dugo ng batang pinasuso, maliban pa sa magiging mga anak at kaapu-apuhan niya, ay walang kaugnayan sa mga naging kamag-anak niya sa gatas at walang anumang epekto sa kanila ang pagpapasuso sa kanya.

**3. Babaeng Bawal Mapangasawa Dahil Napangasawa ng Malapit na Kamag-anak**

**A. Ang mga maybahay ng ama at mga lolo.** Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae, ang babaeng ito ay bawal nang mapangasawa ng kanyang mga anak, ng mga anak ng kanyang mga anak na lalaki at babae, at ng mga kaapu-apuhan nila, nakatalik man niya ang ito o hindi.

**B. Ang mga maybahay ng mga anak.** Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae, ang babaeng ito ay bawal nang mapangasawa ng kanyang ama, ng kanyang mga lolo sa ama o sa ina, at ng kanyang mga kanunu-nunuan—dahil lamang sa pagpapakasal dito at kahit pa man hindi niya nakatalik ito.

**C. Ang ina at ang mga lola ng maybahay.** Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae, ang ina at ang mga lola sa ama at ina nito ay bawal nang mapangasawa niya—dahil lamang sa pagpapakasal dito at kahit pa man hindi niya nakatalik ito.

**D. Ang mga anak ng maybahay, ang mga anak ng mga anak na lalaki at babae nito at ang mga kaapu-apuhan nila.** Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae at nakatalik niya ito, ang mga anak na babae nito at ang mga anak na babae ng mga anak na lalaki at babae nito at mga babaeng kaapu-apuhan nila ay naging bawal nang mapangasawa niya, walang ipinagkaiba kung sila man ay mula sa unang asawa ng kanyang maybahay o sa naging asawa nito nang nagkahiwalay sila. Subalit kung naganap ang paghihiwalay nila bago nagkaroon ng pagtatalik, hindi ipinagbabawal na mapangasawa niya sila.

**B. Ang mga Babaeng Bawal Mapangasawa sa Pansamantala**

1. Ang kapatid na babae ng maybahay, ang tiyahin nito sa ama, at ang tiyahin nito sa ina hanggang hindi sila ipinaghiwalay ng kamatayan o diborsiyo at natapos na ang 'Iddah nito.
2. Ang babaeng nasa sandali ng 'iddah[37] dahil sa dating asawa nito. Kapag ang babae ay nasa sandali ng 'Iddah dahil sa dating asawa nito, hindi ipinahihintulot sa isang lalaki na magpakasal dito hanggang hindi natatapos ang 'iddah nito at hindi rin ipinahihintulot sa kanya na alukin ito ng kasal sa sandali ng 'iddah hanggang hindi natatapos ang 'iddah nito.
3. Ang babaeng nasa sandali ng ihrām ng hajj o 'umrah. Hindi ipinahihintulot na magpakasal dito hanggang hindi nagwawakas ang ihrām nito.

## Ang Diborsiyo (Ṭalāq)

Kung tutuusin ang diborsiyo ay isang kasuklam-suklam na bagay. Subalit yayamang ang diborsiyo ay hindi maiiwasan kung magkaminsan dahil sa naidudulot na kapinsalaan sa babae ng pananatili nito sa piling ng lalaki o dahil sa naidudulot na kapinsalaan sa lalaki dahil sa babae o dahil sa iba pang mga dahilan, bahagi ng awa ni Allah na ipinahintulot Niya ang diborsiyo sa Kanyang mga lingkod. Kaya kapag kinasusuklaman ng isang lalaki ang kanyang maybahay at hindi na niya matiis na makapiling ito, walang masama kung diborsiyuhin niya ito subalit kailangang isaalang-alang niya ang mga sumusunod:

1. Na hindi didiborsiyuhin ng isang lalaki ang maybahay niya samantalang ito ay nireregla. Kaya kapag diniborsiyo niya ito samantalang ito ay nireregla, sinuway na niya si Allah at

---

[36] Ang asawa ng babae na naging dahilan ng kanyang pagbubuntis at pagkakaroon ng gatas ay tinatawag na may-ari ng gatas sapagkat dahil sa taong iyon ay nagkagatas siya.

[37] Ang 'Iddah ay ang panahon na hindi pa muna maaaring mag-asawa ang isang babaeng diniborsiyo o namatayan ng asawa. Ang 'Iddah ng babaeng namatayan ay apat na buwan at sampung araw, o hanggang sa makapagsilang kung namatayan ng asawa habang nagdadalang-tao.

ang Sugo (SAS) at nakagawa siya ng isang ipinagbabawal. Kaya sa sandaling iyon, kailangang balikan niya ang kanyang maybahay at panatilihin ito sa kanyang piling hanggang sa matapos ang regla nito at saka niya diborsiyuhin ito kung nais niya. Ngunit lalong mainam na hayaan niya muna itong magregla sa ikalawang pagkakataon at kapag natapos na ang regla nito ay kung nais niya ay panatilihin niya ito sa piling niya o kung nais niya ay diborsiyuhin niya rin ito.

**2.** Na hindi didiborsiyuhin ng lalaki ang kanyang maybahay sa panahong ito ay wala ngang regla ngunit nakipagtalik naman siya rito sa panahon ding iyon, maliban na lamang kung naging malinaw na sa kanya ang pagdadalang-tao nito. Kaya kapag nagbalak ang isang lalaki na diborsiyuhin ang maybahay niya ngunit nakatalik niya ito matapos ang huling regla nito, hindi niya didiborsiyuhin ito hangga't hindi ito muling niregla at saka natapos ang pagreregla nito, kahit pa man tumagal ang regla. Pagkatapos niyon, kung nais niya ay diborsiyuhin niya ito bago niya ito nakatalik, maliban kung naging malinaw na sa kanya ang pagdadalang-tao nito o ito ay nagdadalang-tao na sapagkat walang masama na diborsiyuhin niya ito.

## Ang Ilang Resulta ng Diborsiyo

Yayamang ang diborsiyo ay pakikipaghiwalay sa maybahay, maraming mga alituntunin ang ibubunga ng paghihiwalay na ito, na ang ilan ay ang mga sumusunod:

**1.** Tungkuling magsagawa ng 'Iddah kapag nakatalik ng lalaki ang kanyang maybahay o kinasama niya ito nang kahit walang pagtatalik. Subalit kung diniborsiyo niya ito bago niya ito nakatalik o kinasama nang walang pagtatalik, hindi na kailangang magsagawa ito ng 'Iddah. Ang 'Iddah ng babaeng diniborsiyo ay tatlong pagreregla kung nireregla pa ang babae, tatlong buwan kung hindi na nireregla o hindi pa nireregla, at hanggang sa pagsilang ng sanggol kung nagdadalang-tao.[1] Ang dahilan kung bakit may 'Iddah ay upang mabigyan ang asawa ng pagkakataon na makipagbalikan sa kanyang maybahay na diniborsiyo at upang matiyak din kung nagdadalang-tao ang babae o hindi.

**2.** Ipinagbabawal na ang dating maybahay ay muling mapangasawa ng dati niyang asawa kung bago pa man naganap ang huling diborsiyo ay dalawang ulit na siyang diniborsiyo nito. Ibig sabihin: kung sakaling diniborsiyo ng lalaki ang babae sa unang pagkakataon at pagkatapos ay binalikan siya nito sa panahon ng 'Iddah o muli siyang pinakasalan nito pagkatapos ng 'Iddah, pagkatapos ay diniborsiyo na naman siya nito sa ikalawang pagkakataon at saka binalikan na naman siya nito sa panahon ng 'Iddah o muli na naman siyang pinakasalan nito pagkatapos ng 'Iddah, pagkatapos ay diniborsiyo na naman siya nito sa ikatlong pagkakataon, siya ay hindi na ipinahihintulot na mapangasawa nito matapos ang ikatlong diborsiyo hanggang hindi siya nakakasal sa ibang lalaki nang kasal na legal sa Islam at saka kinatalik siya niyon, inayawan siya niyon at saka diniborsiyo siya niyon. Siya pagkatapos niyon ay maaari na namang makasal sa unang lalaki. Ipinagbawal lamang ni Allah na muling mapangasawa ang isang babae ng lalaking tatlong ulit na nagdiborsiyo sa kanya bilang awa sa mga babae sa pang-aapi ng mga asawa nila.

## Ang Khula'

Ang Khula' ay ang paghiling ng isang babae na makipaghiwalay sa kanyang asawang kinasusuklaman niya sa pamamagitan ng pagbigay rito ng kabayaran upang iwan siya nito. Subalit kung ang asawa naman ang nasusuklam at siya ang nagnanais na makipaghiwalay sa babae, wala siyang karapatan na tumanggap ng anumang kabayaran mula sa babae. Kailangang pagtiisan o diborsiyuhin na lamang niya ang kanyang maybahay. Hindi dapat humingi ng Khula' ang isang babae maliban na lamang kung siya ay nagdurusa sa piling ng kanyang asawa at hindi na niya matiis na manatili pa sa piling nito. Hindi rin naman ipinahihintulot sa lalaki na sadyang pagdusahin ang kanyang maybahay nang sa gayon ay humiling ito ng Khula'. Kapag naganap ang Khula', makabubuting hindi kukuha ang lalaki sa babae ng halagang higit pa sa ibinigay niya rito bilang Mahr.

Ang Khiyār

Ang Khiyār ay ang karapatan ng mag-asawa na panatilihin ang kanilang kasal o pawalang-bisa dahil sa paglitaw ng isa sa mga kadahilanan. Halimbawa ay kinakitaan ng asawa ang kanyang maybahay o kinakitaan ng maybahay ang asawa nito ng sakit o kapinsalaan sa

katawan na hindi nilinaw sa lalaki o sa babae habang idinadaos ang kasal, kapag nagkaganito, ang walang sakit o walang kapinsalaan ay may karapatang magpasya kung pananatilihin ang kasal o pawawalang-bisa ito. Ilan pang halimbawa:

1. Kung ang isa sa kanila ay baliw o dinapuan ng karamdaman na siyang dahilan kung bakit hindi matamo nang lubusan ng isa sa kanila ang lubos na karapatan bilang asawa o maybahay. Ang hindi baliw o ang walang sakit ang may karapatang humiling na pawalang-bisa ang kasal. Kung ang pagpapawalang-bisa ay bago nakapagtalik, may karapatan ang lalaking bawiin ang Mahr na ibinigay niya sa babae. Kung ang pagpapawalang-bisa naman ay matapos nakapagtalik, wala nang anumang mababawi sa Mahr. Ayon naman sa ibang Iskolar ng Islam, babawiin ng lalaki ang katumbas na halaga ng Mahr sa taong kapamilya ng babae na nanlinlang sa kanya gayong nalalaman nito ang kapintasan ng babae.
2. Ang kawalang-kakayahan ng lalaki na ibigay ang Mahr sa takdang panahon. Ang babae ay may karapatang humiling na ipawalang-bisa ang kasal kung bago nakapagtalik; ngunit pagkatapos na nakapagtalik ay wala na siyang karapatang hilingin iyon. [Ngunit maaari maaari siyang humiling ng Khula' kung nais pa rin niyang makipaghiwalay sa kanyang asawa.]
3. Ang kawalang-kakayahang sumustento. Kung nawalan ng kakayahan ang isang lalaki na sumustento sa maybahay niya, maghihintay ang kanyang maybahay ng ilang panahon hanggang sa makakaya nito at pagkatapos niyon ay may karapatan na ito na humiling ng pagpapawalang-bisa ng kasal sa pamamagitan ng hukuman.
4. Kapag nawala ang asawa at hindi malaman ang kinaroroonan niya, at hindi siya nag-iwan ng pangsustento sa maybahay niya, wala rin siyang pinagbilinang sumustento sa maybahay niya habang wala siya, wala ring sinumang sumusustento rito at wala rin itong maisusustento sa sarili na masisingil nito sa kanya (sa pagbalik niya), ang kanyang maybahay ay may karapatan na na humiling na pawalang-bisa ang kasal sa pamamagitan ng hukom ng Sharī'ah.

## Ang Pag-aasawa ng Hindi Muslim

Ang lalaking Muslim ay pinhihintulutang lamang na mag-asawa ng Muslim o Kristiyano o Hudyo. Ang babaeng Muslim ay hindi pinahihintulutang mag-asawa ng hindi Muslim, maging ito man ay isang Kristiyano o Hudyo. Hindi rin ipinahihintulot sa isang babae, kapag yumakap na siya sa Islam bago yumakap ang asawa niya, na ipaubaya niya ang kanyang sarili rito bago ito yumakap sa Islam. Ang mga ito ang ilan sa mga patakaran kaugnay sa kasal ng mga hindi Muslim:

1. Kapag sabay na yayakap sa Islam ang mag-asawang di-Muslim, mananatili silang mag-asawa sa dati nilang kasal, hangga't walang mga hadlang ayon sa Sharī'ah sa pananatili nila bilang mag-asawa gaya ng kung ang babae ay Mahram ng kanyang asawa o hindi ipinahihintulot sa lalaki na maging asawa niya. Kung may hadlang ay paghihiwalayin sila.
2. Kung yumakap sa Islam ang asawa ng isang babaeng Kristiyano o Hudyo, mananatili silang mag-asawa sa dati nilang kasal.
3. Kung yumakap sa Islam ang isa sa mag-asawang kapwa hindi Kristiyano o Hudyo **bago sila nagkaroon ng pagtatalik, kaagad** na mawawalan ng saysay ang kanilang kasal.
4. Kung yumakap sa Islam ang maybahay ng isang Kristiyano o Hudyo o maging ano pa man ang kinaaanibang relihiyon nito **bago sila nagkaroon ng pagtatalik, kaagad** na mawawalan ng bisa ang kanilang kasal sapagkat ang babaeng Muslim na ay hindi pinahihintulutan na maging maybahay ng lalaking hindi Muslim.
5. Kung yumakap sa Islam ang maybahay ng isang lalaking hindi Muslim **matapos na nagkaroon sila ng pagtatalik**, magsasagawa ng 'Iddah ang babae at mapapagpasyahan ang kahihinatnan ng kanilang kasal pagkatapos ng 'Iddah: mawawalan ng bisa ang kanilang kasal pagkatapos ng 'Iddah kung hindi yumakap sa Islam ang lalaki at may karapatan ang babae na magpakasal sa kanino mang lalaking Muslim na naisin niya. Kung mahal ng babae ang lalaki ay maaari niyang hintayin ito na yumakap sa Islam—kahit pa man maghintay siya ng mga taon—subalit wala siyang mga obligasyon dito bilang maybahay sa panahon ng paghihintay at wala rin itong awtoridad sa kanya. Kapag yumakap sa Islam ang lalaki siya ay maybahay niya ayon sa Islam at hindi na kailangan pang ulitin ang kasal. Ganoon din ang patakaran kung yumakap sa Islam ang asawa ng babaeng hindi Kristiyano ni Hudyo.

6. Kung tatalikod sa Islam ang maybahay bago sila nakapagtalik, mawawalan ng saysay ang kanilang kasal at wala siyang karapatan sa Mahr. At kung ang lalaki naman ang tumalikod sa Islam, mawawalan ng saysay ang kanilang kasal at kailangang ibigay niya ang kalahati ng nagpagkasunduang Mahr. Kung ang isa sa kanila na siyang tumalikod sa Islam ay yumakap muli sa Islam, mananatiling may bisa ang kanilang unang kasal kung hindi nagkaroon ng diborsiyo sa pagitan nila.
7. Kung yumakap sa Islam ang lalaki at ang babaeng magka-*live in*, kailangang magpakasal sila ng kasal ng Islam; kung ang lalaki lamang ang yumakap sa Islam, kailangan pa rin nilang magpagkasal kung ang babae ay Kristiyano o Hudyo, kung nais pa nilang magsama. Ngunit kung ang babae ay hindi Kristiyano o Hudyo at hindi rin yumakap sa Islam, hindi sila maaaring magpakasal. Ang mga naging anak nila, bago pumasok sa Islam, ay ituturing na mga lehitimong anak.

### Ang mga Disbentaha ng Pag-aasawa ng Kristiyano o Hudyo

Si Allah, nang ipinahintulot Niya ang pag-aasawa, ay naglalayon na pabutihin ang kaasalan, na linisin ang lipunan sa mga bisyo, na pangalagaan ang moralidad, na magtatag ng isang dalisay na sistemang Islamiko para sa lipunan, at na magpalitaw ng isang sambayanang Muslim na sumasaksi na walang totoong Diyos kundi Siya at si Muhammad ay Sugo Niya. Hindi maisasakatuparan ang mga layuning ito kung hindi makapag-aasawa ng babaeng Muslim na matuwid, relihiyosa, marangal, at nagtataglay ng mabuting kaasalan. Tungkol naman sa maaaring mga maging bunga at mga disbentaha ng pag-aasawa ng isang lalaking Muslim sa babaeng Kristiyano o Hudyo, ating bibigyang-buod ang mga ito sa mga sumusunod:

1. **Sa loob ng pamilya.** Sa loob ng maliit na pamilya, kung ang asawa ay may malakas na personalidad, siya ay mayroong impluwensiya sa kanyang maybahay. Ang pinakamalamang na palagay ay mahihikayat ang maybahay sa Islam. Ngunit maaari ring mangyari ang kabaligtaran sapagkat maaaring ang maybahay ay manatili sa kanyang relihiyon at gagawin niya ang inaakala niyang ipinahihintulot ng kanyang relihiyon gaya ng pag-inom ng alak, pagkain ng baboy, at baka pati ang pakikipagkalaguyo. Sa pamamagitan nito ay malalansag at makakalas ang isang pamilyang Muslim at lalaki ang mga anak sa paraang salungat sa Islam. Maaaring masahol pa rito ang mangyari kapag sinadyang isama ng panatiko at nagmamatigas na maybahay ang mga anak niya sa simbahan at masasanay naman silang makakita ng mga pagsambang Kristiyano. Ang lumaki sa isang bagay ay masasanay rito.
2. **Ang mga epekto sa lipunang Muslim.** Ang pagdami ng mga asawang Kristiyano o Hudyo sa loob ng lipunang Muslim ay isang mapanganib na bagay. Ang panganib nito sa loob ng lipunang Muslim ay sa sandali ng panghihina ng sambayanang Muslim na siyang nangyayari ngayon kaalinsabay ng pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga bansang Kristiyano. Ang mga babaeng ito sa ganitong kalagayan ay nagsisilbing mga sugo ng mapanganib na pananalakay pangkaisipan sa loob ng sambayanang Muslim, ng pagkalansag at pagkawatak-watak na ibinubunga nito, at ng ginagawa nila na mga kaugaliaang Kristiyano na ang pangunahin sa mga ito ay ang nakagawiang paghahalubilo ng mga kalalakihan at mga kababaihan kalakip ng halos kahubaran sa mga kasuutan at ilan pang mga ginagawang salungat sa mga katuruan ng Islam.

**PAGSASANAY BLNG. VII**

**Sagutin ang mga tanong;**

1. Ano ang masasabi mo hinggil sa mga taong nagtutungo sa mga puntod ng mga mabubuting tao na namatay at humihingi ng tulong upang patawarin sila ni Allah?
2. Ano ang kahatulan hinggil sa hindi pagsasagawa ng dasal sa itinakdang oras?
3. Ano ang Riba sa Islam at ano ang masamang dulot nito sa lipunan?
4. Magbigay ng dalawang bagay kung papaano ang lalaki ay kakaiba sa pananamit ng babae.
5. Ano ang buhok na ipinag-utos na alisin sa Islam at ano ang buhok na ipinag-utos na ito ay paigsiin lamang?

أحكام المرأة المسلمة

# ANG MGA ALITUNTUNIN PARA SA MUSLIMAH

Ang Kalagayan ng Babae sa Islam

Bago natin pag-usapan ang tungkol sa mga karapatan ng babae sa Islam, kailangang linawin muna natin ang ilan sa mga saloobin ng ibang mga bansa noon sa babae at kung papaano nila siyang tinatrato. Ang mga babae sa mga Griego noon ay naipagbibili at nabibili. Wala siyang anumang mga karapatan sa halip ang lahat ng mga karapatan ay para sa lalaki. Siya ay pinagkakaitan din noon ng mana o ng karapatang mangasiwa ng sariling ari-arian. Sinabi pa nga ng kanilang bantog na Pilosopo na si Socrates: "Ang pagkakaroon ng babae pinakamalaking dahilan at pinagmumulan ng pagkasira sa mundo. Ang babae ay nakakawangis ng nakalalasong punong-kahoy na ang panlabas na anyo ay maganda ngunit oras na nanginain dito ang mga maya, mamamatay kaagad ang mga ito."

Ang mga Romano naman ay naniniwala noon na ang babae ay walang kaluluwa. Wala siyang anumang halaga sa kanila at wala siyang mga karapatan. Ang bukang-bibig nila noon ay "Ang babae ay walang kaluluwa." Dahil doon ang mga babae ay naparurusahan sa pamamagitan ng pagbuhos ng kumukulong langis sa kanilang mga katawan at sa pamamagitan ng pagtatali sa kanila sa mga poste. Hindi lamang iyon, itinatali pa nga nila ang mga inosenteng babae sa mga buntot ng mga kabayo at pinatatakbo nila ang mga ito nang ubod ng bilis hanggang sa mamatay ang mga babae.

Ganoon din ang pananaw ng mga taga-India. Karagdagan pa roon, sinusunog nila nang buhay ang babae kasama ng asawa niya kapag namatay ito.

Itinulad noon ng mga Intsik ang babae sa isang nakapipinsalang tubig na tumatangay sa kaligayahan at yaman. Ang lalaking Intsik noon ay may karapatang ipagbili ang kanyang maybahay at may karapatan din siyang ilibing ito nang buhay.

Ang mga Hudyo naman ay nagtuturing na ang babae ay isang sumpa dahil siya ang tumukso kay Adan at nag-udyok na kainin ang bunga ng ipinagbabawal na puno. Itinuturing din nilang ang babae ay marumi kapag siya ay nireregla at nagiging marumi ang bahay at ang lahat ng masasaling niya. Hindi rin siya magmamana ng kahit ano buhat sa ama niya kapag siya ay may mga kapatid na lalaki.

Ang tingin naman ng mga Kristiyano noon sa babae ay siya ang pinto ng Demonyo. Nagsabi nga ang isa sa mga kleriko ng relihiyong Kristiyano na ang babae ay hindi nauugnay sa lahing tao. Nagsabi naman ni San Buenaventura: "Kapag nakita ninyo ang babae ay huwag ninyong isiping kayo ay nakakikita ng isang tao ni isang hayop—ang inyong nakita lamang ay si Satanas mismo at ang tinig na naririnig ninyo ay ang huni ng ulupong."

Alinsunod sa Pangkalahatang Batas ng Inglatera (*English Common Law*), nanatili ang mga babaeng Inglis hanggang sa kalagitnaan ng nagdaang siglo (ika-19 siglo) na hindi ibinibilang na mga mamamayan. Ang babae ay wala ring mga karapatang personal at walang karapatang magmay-ari ng anumang bagay pati na ang mga kasuutang isinusuot niya. Nagpasya ang Parlamento ng Scotland noong 1567 na ang babae ay hindi pinahihintulutang pagkalooban ng awtoridad sa anumang bagay. Ipinagbawal naman ng Parlamento ng Inglatera noong panahon ni Haring Henry III sa babae ang pagbabasa ng Bibliya sapagkat siya raw ay marumi. Noong 586, nagdaos ang mga Pranses ng isang komperensiya upang talakayin kung ang babae ba ay tao o hindi tao! Kinilala nilang ang babae ay tao ngunit siya ay nilikha para paglingkuran ang lalaki. Ang batas ng Inglatera hanggang sa taong 1805 ay nagpapahintulot sa lalaki na ipagbili ang kanyang maybahay, at itinakda pa nga ang halaga ng maybahay sa anim na *sterling pennny* (kalahati ng *schilling*).

Sa mga Arabe naman bago dumating ang Islam, ang babae ay isang hamak, hindi nagmamana, hindi pinahahalagahan, at walang mga karapatan. Manapa'y ang marami sa kanila noon ay naglilibing nang buhay sa kanilang mga anak na babae.

Pagkatapos ay dumating ang Islam upang alisin ang lahat ng kawalang-katarungan na ito sa babae at upang linawin na siya at ang lalaki ay pantay. Siya ay may mga karapatan din kung papaanong ang lalaki ay may mga karapatan. Nagsabi si Allah (49:13): **"O mga tao, tunay na Kami ay lumikha sa inyo buhat sa isang lalaki at isang babae at gumawa sa inyo na mga bansa at mga lipi upang magkakilalahan kayo. Tunay na ang pinakamarangal sa inyo para kay Allah ay ang higit na nangingilag sa inyo na magkasala. Tunay na si Allah ay Nakaaalam, Nakababatid."** Sinabi pa Niya (4:124): **"Ang mga gumawa ng mga matuwid—maging lalaki man o babae—**

**habang sila ay sumasampalataya, ang mga iyon ay magsisipasok sa Paraiso at hindi sila gagawan ng kawalang-katarungan ni katiting man."** At sinabi pa Niya (29:8): **"At tinagubilinan Namin ang tao na sa mga magulang ay gumawa ng magaling...."** Nagsabi naman ng Propeta (SAS): ***"Ang pinakaganap ang pananampalataya sa mga mananampalataya ay ang pinakamaganda ang mga asal sa kanila, at ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa kanilang mga maybahay."*** Nasasaad din sa Hadīth na may isang lalaking nagtanong sa Propeta (SAS): "Sino po sa mga tao ang lalong karapat-dapat sa magandang pakikisama ko?" Nagsabi siya (SAS): ***"Ang iyong ina."*** Nagsabi ito: "Pagkatapos ay sino pa po?" Nagsabi muli siya (SAS): ***"Ang iyong ina."*** Nagsabi muli ito: "Pagkatapos ay sino pa po?" Nagsabi mula siya (SAS): ***"Ang iyong ina."*** Nagsabi muli ito: "Pagkatapos ay sino pa po?" Nagsabi siya (SAS): ***"Ang iyong ama."*** Ito, sa maikling pananalita, ang pananaw ng Islam sa babae.

### Ang Pangkalahatang Karapatan

Ang babae ay may mga pangkalahatang karapatan na dapat niyang malaman at na kilalaning ukol sa kanya upang kanya itong matamasa nang lubusan kailan man niya ito naisin at gustuhin. Ang kabubuan ng mga karapatang ito ay ang sumusunod:

1. **Ang karapatang magmay-ari.** Ang babae ay may karapatang magmay-ari ng anumang naisin niya (kung kaya niya) gaya ng mga bahay, mga lupain, mga pagawaan, mga pataniman, ginto, pilak, at iba't ibang mga uri ng hayop—maging siya man ay isang maybahay o isang ina o isang anak o isang kapatid.
2. **Ang karapatang mag-asawa, pumili ng asawa, tumutol na ipakasal sa lalaking ayaw niya, at humingi ng diborsiyo kapag nagdurusa sa piling ng asawa.** Ang mga ito ay mga karapatang napagtibay para sa babae.
3. **Ang karapatang matuto ng lahat ng kinakailangan gampanan niya** tulad ng kaalaman tungkol kay Allah, kaalaman tungkol sa pagsamba sa Kanya at kung papaanong isasagawa ang mga ito, at kaalaman tungkol sa mga tungkuling kailangang gampanan niya, mga kagandahang asal ukol sa kanya, at mga pag-uugaling mahusay na kailangan taglayin niya, batay sa pangakalahatang kauutusang nasasaad sa sinabi ni Allah (47:19): **"Kaya dapat na malaman mo na walang Diyos kundi si Allah,..."** at sa sinabi ng Sugo (SAS): ***"Ang paghahanap ng kaalaman ay tungkulin ng bawat Muslim."***
4. **Ang karapatang magkawanggawa** ng anumang naisin niya buhat sa ari-arian niya at gumugol buhat dito para sa sarili niya at para sa kanino mang naisin niya gaya ng asawa, mga anak, at mga magulang hangga't hindi humahantong sa pag-aaksaya. Ang nauukol sa kanya sa usaping iyon ay ang nauukol din sa lalaki.
5. **Ang karapatang magmahal at masuklam.** May karapatan siyang mahalin ang mga matutuwid na babae, dalawin, sila pagkalooban sila ng regalo. Maaari rin niya silang sulatan, alamin ang kanilang kalagayan at aliwin sa kanilang dalamhati. Karapatan niyang kasuklaman at kamuhian ang mga babaeng tiwali at iwasan sila alang-alang kay Allah.
6. **Ang karapatang maghabilin ng hanggang sa ikatlong bahagi (1/3) ng kanyang ari-arian** habang nabubuhay pa at ipatutupad naman sa kanyang pagyao nang walang pagtutol sapagkat ang paghahabilin ay personal na karapatan ng lahat. Kung paanong ito ay maaari sa lalake, maaari rin sa babae sapagkat walang sinuman ang hindi mangangailangan ng gantimpala ni Allah. Ngunit sa kundisyong hindi niya—at gayon din ang lalaki—palalampasin ang habilin sa ikatlong bahagi (1/3) ng kabuuan ng personal na ari-arian.
7. **Ang karapatang magsuot.** May karapatan siyang isuot ang anumang maibigan niya gaya ng seda at ginto—na ipinagbawal sa mga kalalakihan—ngunit wala siyang karapatang maghubad ng kasuutan, mag-alis ng damit, magsuot ng maiiksing damit, o mag-alis ng belo sa ulo, o palitawin ang leeg at dibdib maliban kung sa harap ng kanyang Mahram.
8. **Ang karapatang magpaganda para sa asawa.** Maaari siyang gumamit ng *eye-liner*, pulbos, *lipstick* at iba pang *make-up* kung ibig niya; magsuot ng pinakamaganda at pinakamarikit na mga hiyas maliban sa mga damit na kilalang gamit ng mga hindi Muslimah o kilalang gamit ng mga kalapating mababa ang lipad, hindi niya isusuot ang mga ito upang malayo sa pagiging tampulan ng tukso.
9. **Ang karapatan sa pagkain at inumin.** Maiinom at makakain niya ang masarap at mabuti para sa kanya. Walang ipinagkaiba ang babae sa lalaki pagdating sa pagkain at inumin.

Ang anumang ipinahintulot na pagkain at inumin ay kapwa ipinahihintulot sa mga lalaki at mga babae at ang anumang ipinagbawal sa mga ito ay kapwa bawal sa lalaki at babae. Sinabi ni Allah (7:31): **"...At magsikain at magsiinom kayo ngunit huwag mag-aksaya; tunay na Siya ay hindi nagmamahal sa mga nag-aaksaya."** Ang talatang ito ay sumasaklaw sa kapwa babae at lalake.

### Ang mga Karapatan ng Babae sa Kanyang Asawa

Kabilang sa mga natatanging karapatan ng babae ay ang kanyang mga karapatan sa kanyang asawa. Ang mga karapatan na iyon na gagampanan para sa kanya katumbas ng mga itinakdang tungkulin niya sa kanyang asawa, tulad ng pagtalima sa asawa sa mga bagay na hindi pagsuway kay Allah o sa Sugo (SAS), paghahanda ng pagkain nito at inumin, pag-aayos ng bahay, pagpapasuso sa mga anak nito at pag-aalaga sa kanila, pag-iingat sa kanyang mga ari-arian at karangalan, pangangalaga sa kanyang sarili, pagpapaganda at paggamit ng pampaganda para sa ikasisiya ng asawa, na mga ipinahihintulot na iba't ibang uri ng mga pampaganda.

Ito naman ang ilan sa mga karapatan ng babae na tungkuling gampanan ng lalaki sa kanya batay sa sinabi ni Allah (2:228): **"...At sila *na mga babae* ay may karapatang katulad ng tungkulin nila ayon sa kung ano ang makatuwiran;..."** Babanggitin natin ang mga ito upang malaman ng isang Muslimah at hilingin ang mga ito sa kanyang asawa nang walang halong hiya at pangamba. Tungkulin naman ng asawa na ibigay ang mga iyon nang buo sa kanyang maybahay maliban na lamang kung ipagpaparaya nito ang iba pa nitong mga karapatan sapagkat karapatan rin nito iyon.

1. **Ang pagsustento sa maybahay ayon sa kalagayan ng asawa:** sa kagipitan man o sa kaginhawahan. Nasasakop ng sustento ang kasuutan, pagkain, inumin, gamot, at tirahan.
2. **Ang pangangalaga sa kanya:** sa karangalan niya, sa katawan niya, sa ari-arian niya, at sa relihiyon niya, yayamang ang asawa ang tagapangalaga ng maybahay, at ang tungkulin ng tagapangalaga ng anuman ay ang pag-ingatan ito at ang pangalagaan ito.
3. **Ang pagtuturo sa kanya ng kinakailangang mga kaalaman tungkol sa pananampalataya.** Kung hindi kaya ng asawa na gawin iyon, pahihintulutan ito na matuto sa pamamagitan ng pagdalo sa mga aralin para sa mga kababaihan na idinaraos sa mga masjid, sa mga paaralan o sa iba pang lugar kung may katiyakang walang mangyayaring masama, kapinsalaan sa maybahay at sa kanya.
4. **Ang mabuting pakikitungo sa kanya** sapagkat ang sabi ni Allah (4:19): **"...At pakitunguhan ninyo sila ayon sa kung ano ang nakabubuti...."** Kabilang din sa mabuting pakikitungo sa kanya ay ang hindi ipagkakait sa kanya ang karapatan niya sa pagtatalik, at ang hindi siya saktan sa pamamagitan ng panlalait o pang-iinsulto o paghamak o pagmaliit. Bahagi rin ng mabuting pakikitungo sa maybahay ay ang hindi siya pipigilang dumalaw sa mga kamag-anak niya kung walang kinanatatakutan na masamang maaaring mangyari sa kanya, na hindi siya aatangan ng gawaing hindi niya makakaya, at na maging mabuti sa kanya sa salita at sa gawa sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS): ***"Ang higit na mabuti sa inyo ay ang higit na mabuti sa kanyang maybahay, at ako ang higit na mabuti sa inyo sa aking maybahay."*** at ang sabi pa niya: ***"Walang nagpaparangal sa mga babae kundi marangal at walang humahamak sa kanila kundi hamak."***

### Ang Hijāb[38]

Hinangad ng Islam na pangalagaan ang pamilya sa pagkalansag at pagguho. Pinaligiran nito ang pamilya ng matatag na pader ng mga kagandahang asal at moralidad upang manatiling ang mga kaluluwa ay malusog at ang lipunan ay malinis: hindi inaantig dito ang mga kalaswaan at hindi pinupukaw dito ang mga hilig ng laman. Naglagay na ito ng mga hadlang upang pigilin ang mga pampaantig na nag-aanyaya sa tukso. Kaya ipinag-utos nito sa panig ng lalaki at babae na ibaba ang tingin.

Isinabatas ni Allah ang Hijāb para sa babae bilang pagpaparangal sa kanya, upang pangangalaga sa kanyang karangalan laban sa kadustaan at kahihiyan, upang ilayo siya sa panliligalig ng mga buktot at mga halang ang kaluluwa, upang ipagsanggalang siya laban sa mga taong hindi kumikilala sa halaga at kabuluhan ng kagandahang asal, upang ipinid ang pinto

---

[38] Ang Hijāb sa literal na kahulugan nito ay tabing. Ngunit ayon sa pakahulugan nito sa Batas ng Islam, ang Hijāb ay ang pagsusuot ng kasuutang bumabalot sa buong katawan ng isang babae kapag nasa harap ng mga hindi niya Mahram.

ng tukso na idinudulot ng nakalalasong tingin, at upang bakuran ang kanyang dignidad at ang kanyang puri ng muog ng paggalang at pagpapahalaga.

Nagkaisa na ang mga pantas ng Islam na, maliban pa sa mukha at mga kamay, ang buong katawan ng isang babae magmula sa ulo ay kailangang takpan at hindi ipakikita, at na tungkulin niyang hindi ilahad ang kanyang kagandahan at pang-akit sa harap ng mga lalaking di-Mahram at di-kaanu-ano. Ngunit nahati ang mga Iskolar ng Islam sa dalawang pangkat hinggil sa usapin ng mukha at mga kamay.[39] Ang bawat pangkat ay may mga patunay na pinagbabatayan ng kanilang paninindigan. Maraming mga patunay ang lumitaw hinggil sa Hijāb, hinggil sa tungkuling isuot ito at sa pagtatakda ng bahagi ng katawan na kailangang takpan. Ang bawat pangkat ay nagpapatunay sa pamamagitng isang kalipunan ng mga patunay buhat sa maraming mga patunay. Itinutuon naman nila sa iba't ibang mga dako ang mga patunay na nagmumukhang salungat sa kanilang pananaw.

Ilan sa mga Patunay Hinggil sa Hijāb

Sinabi ni Allah (33:53): **"...At kapag tatanungin ninyo sila hinggil sa isang bagay ay tanungin ninyo sila sa likod ng Hijāb. Iyan ang higit na dalisay para sa inyong mga puso at sa kanilang mga puso...."**

Sinabi pa Niya (33:59): **"O Propeta, sabihin mo sa iyong mga maybahay at sa iyong mga anak na babae at sa mga kababaihan ng mga Mananampalataya na ilaylay nila ang kanilang mga balabal sa mga katawan nila. Iyan ang lalong angkop nang sa gayon ay makilala sila upang hindi sila pinsalain. At si Allah ay laging Mapagpatawad, Maawain."**

Sinabi pa Niya (24:31): **"Sabihin mo sa mga babaeng mananampalataya na magbaba sila ng kanilang mga paningin, pangalagaan nila ang kanilang mga puri, huwag nilang ilitaw ang kanilang gayak maliban sa nakalitaw[40] na buhat dito, paabutin nila ang kanilang mga belo hanggang sa kanilang mga dibdib, huwag nilang ilantad ang kanilang gayak maliban sa kanilang mga asawa,"**

Ayon sa Hadīth na nagsasaad na si 'Ā'ishah (RA) ay nagsabi: ***"Ang mga babaeng mananampalataya ay nagdarasal noon kasabay ng Sugo ni Allah (SAS) ng salāh sa madaling-araw. At kapag nakapagsagawa na siya ng Taslīm, umaalis sila na nakatalukbong ng kanilang mga balabal at hindi sila nakikilala dahil sa kadiliman."***

Sa isang Athar (ulat hinggil sa ginagawa ng mga Sahābah), si Fātimah bint al-Mundhir, kaawaan siya ni Allah, ay nagsabi: "Kami noon ay nagtatakip ng mga mukha namin samantalang kami ay mga nasa sandali ng ihrām kasama ni Asmā' bint Abī Bakr."

Sa isa pang Hadīth ayon pa rin kay 'Ā'ishah (RA): ***"Kaawaan ni Allah ang mga unang kababaihan ng mga Muhājir[41] dahil noong naibaba ni Allah [ang āyah na ito[42]]: '... paabutiin nila ang kanilang mga belo hanggang sa kanilang mga dibdib,...,' hinati nila ang kanilang mga balabal at ipinambelo iyon."***

Ang mga patunay ay lubhang marami subalit sa kabila ng pagkakaiba ng pananaw sa usapain ng Hijāb, lahat naman ng mga Iskolar ng Islam ay nagkasundo na ipinahihintulot na ipakita ng babae ang kanyang mukha kung talagang kinakailangan, gaya ng sandali ng karamdaman sa harap ng doktor. Ang lahat ay naniniwala ring hindi ipinahihintulot na ipakita ang mukha kapag ang tukso ay pinangangambahang mangyari. Napagtibay rin pati na sa mga nagpapahintulot na ilantad ang mukha na kailangang takpan ng babae ang mukha niya kapag pinangambahan na magkaroon ng tukso sa paglalantad ng mukha. At kay tindi ng pangamba sa tukso sa panahong ito na labis-labis na at laganap na ang katiwalian; dumami na ang mga suwail kay Allah, pinuno na nila ang mga lansangan at ang mga pook, at ang mga mabubuting tao at ang mga nangingilag magkasala ay naging sila naman ang kakaunti.

Ipinagbabawal din ng Islam sa babae ang makihalubilo sa mga kalalakihang hindi niya Mahram. Ang lahat ng ito ay upang pangalagaan ang moralidad, ang pamilya, at ang dangal. Ang Islam ay nagsisigasig sa pag-iingat at sa pagpipinid sa mga pinto ng tukso at udyok sa immoralidad. Ang paglabas ng babae, ang kanyang pakikihalubilo sa mga kalalakihan at ang pag-alis niya ng Hijāb ay siyang umaantig sa hilig ng laman, nagpapadali sa pagkakaroon ng mga dahilan para gumawa ng krimen, at gumagawa sa krimen na madaling maabot. Nagsasabi

[39] Ang isang pangkat ay nagsasabing kailangang takpan ang mukha at ang mga kamay, samantalang ang ibang pangkat naman ay hindi naniniwalang kailangang takpan ang mukha at ang mga kamay.

[40] **maliban sa nakalitaw na**: Gaya ng kamay, panlabas na kasuutan, belo, medyas, at mukha. Ang ibang mga pantas ng Islam ay hindi sumasang-ayong ilantad ang kamay at mukha.

[41] Nandayuhan sa Madīnah mula sa Makkah

[42] Qur'ān 24:31.

si Allah: **"Manatili kayo sa inyong mga bahay at huwag ninyong itanghal ang inyong alindog gaya ng pagtatanghal ng alindog noong unang panahon ng kamangmangan...."**[43] Sinabi pa Niya: **"...At kapag tatanungin ninyo sila hinggil sa isang bagay ay tanungin ninyo sila sa likod ng hijāb. Iyan ang higit na dalisay para sa inyong puso at sa kanilang puso...."**[44]

Mariing ipinagbawal ng Sugo (SAS) ang paghahalubilo ng mga lalaki at mga babae at hinadlangan niya ang lahat ng bagay maaaring mauwi sa paghahalubilo, pati na sa larangan ng mga pagsamba at sa mga pook sambahan. Ngunit maaaring mapilitan ang isang babae na lumabas sa kanyang bahay upang pumunta sa isang lugar na may mga lalaki. Halimbawa'y kukuha siya ng mga kinakailangan niya at walang isang gagawa niyon para sa kanya, o bumibili siya at nagtitinda upang matiyak na may maipangtutugon sa pangangailangan ng kanyang sarili o ng mga kanyang itinataguyod, at iba pang mga pangangailangan. Walang masama roon sa kondisyong isasaalang-alang niya ang mga limitasyong iniatang ng Islam kapag nasa labas ng bahay: lalabas siya na suot ang kasuutang inaayunan ng Islam, natatakpan at hindi nakalitaw ang kagandahan niya, at nakahiwalay sa mga lalaki at hindi nakikihalubilo sa kanila.

Kabilang din sa mga pagsasabatas na ginawa ng Islam upang pangalagaan ang pamilya at ang moralidad ay ang pagbabawal na manatili ang isang lalaki sa isang pribadong lugar, halimbawa'y sa isang bahay o silid, kasama ng isang babaeng hindi niya Mahram nito kapag wala itong kasamang asawa o Mahram sapagkat masidhi ang hangad ni Satanas na sirain ang mga kaluluwa at ang moralidad.

## Ang Regla

### Ang Panahon at Period ng Pagreregla

1. **Ang Panahon ng Regla.** Ang karaniwang edad na mayroong regla ang isang babae ay nasa pagitan ng 12 taon hanggang 50 taon. Maaari ring nireregla na ang babae bago mag-12 taon o nireregla pa matapos mag-50 taon depende sa kalagayan niya, sa kapaligiran niya, at sa klima.
2. **Ang Period ng Regla.** Walang takdang pinakakaunti o pinakamaraming bilang ng mga araw ang regla.

### Ang Pagdurugo ng Nagdadalangtao

Karaniwang humihinto ang paglabas ng dugo sa isang babae kapag siya ay nagdadalangtao.

A. Kapag nakakita ang nagdadalang-tao ng dugo dalawa o tatlong araw bago magsilang at may kasama pang pananakit ng tiyan (*labor*), ang dugong ito ay nifās.

B. Ngunit kapag nakakita ng dugo, maraming araw o hindi kaya'y dalawa o tatlong araw bago magsilang subalit walang kasamang pananakit ng tiyan (*labor*), ang dugong ito ay hindi nifās at hindi rin regla; maliban kung ang kanyang regla ay dati nang tuloy-tuloy na hindi napapahinto ng pagbubuntis sapagkat kung gayon, ang dugong ito ay regla pa rin.

### Ang Mga Abnormalidad sa Pagreregla

May iba't ibang uri ng abnormalidad sa pagreregla:

A. **Sa bilang ng Araw: sobra o kulang.** Halimbawa: kung ang regular na period ng regla (*menstrual period*) ng babae ay 6 araw at nagpatuloy ang paglabas ng dugo sa ika-7 araw, ito ay sobra; o kung ang kanyang regular na *menstrual period* ay 7 araw ngunit huminto ang paglabas ng dugo pagdating ng ika-6 araw, ito ay kulang.

B. **Sa pagdating: maaga o huli.** Halimbawa: kung karaniwang dumarating ang unang araw ng regla tuwing ika-28 araw at biglang dumating, halimbawa, sa ika-26, ito ay maaga; o kung dumating, halimbawa, sa ika-30 araw, ito ay huli. Oras na makita ang dugo, siya ay nireregla na; at oras na huminto ang pagdurugo, siya ay tapos nang magregla—sumobra man o kumulang ang period ng kanyang regla, o mapaaga man o mapahuli ang pagdating nito.

C. **Sa kulay: dilaw o kulay putik.** Kapag nakita na ang dugo ay manilaw-nilaw na parang nana o kulay putik: nasa pagitan ng kulay dilaw at kulay itim, at kung ito ay nakita sa loob ng period ng regla o karugtong ng period ng regla bago tuluyang huminto ang pagreregla, ito ay regla na nasasaklawan ng mga alituntunin sa regla; kapag naman

---

[43] Qur'an 33:33
[44] Qur'an 33:53

nakakita ng manilaw-nilaw na dugo matapos na huminto ang pagreregla, hindi na ito regla.

D. **Ang paghinto-hinto ng regla.** Halimbawa: Sa isang araw ay makakikita ng dugo, sa susunod na araw ay walang makikita at sa susunod pang araw ay mayroon na naman. Ang ganitong pagreregla ay may dalawang kalagayan:
- Na ang paghinto-hinto ng regla ay palagiang nangyayari sa isang babae sa lahat ng araw. Ito ay dugo ng *Istiḫāḏah*; nasasaklawan ng alituntunin sa Istiḫāḏah ang sinumang mayroon nito.
- Na hindi patuloy na nangyayari sa isang babae; dumarating lamang ito sa ibang araw at pagkatapos niyon ay mayroon siyang araw na talagang humihinto ang regla. Ang paghinto ng pagdurugo, kung mababa sa isang araw (24 oras), ay hindi tunay na paghinto ng regla. Kaya alinsunod dito, ang paghinto ng daloy dugo ay kailangang hindi bababa sa isang araw upang maituring ito na talagang paghinto ng regla, maliban kung makakita ng nagpapahiwatig ng tuluyang paghinto ng daloy dugo gaya halimbawa kung ang paghinto nito ay nangyari sa katapusan ng period ng regla o nakakita ng puting *mucus*: likidong parang malinaw na sipon na inilalabas ng matris paghinto ng regla.

E. **Ang panunuyo ng dugo.** Kung nakadarama ang babae ng pamamasa (*wetness*) lamang at kung ito ay sa loob ng period ng regla o karugtong ng regla, ang pamamasa na ito ay regla pa rin; at kung pamamasang ito ay nadama matapos na tuluyang huminto ang regla, hindi na ito regla.

## Ang Mga Alituntunin sa Regla

### 1. Ang Ṣalāh

Ipinagbabawal sa isang may regla na magsagawa ng ṣalāh na Fard o sunnah at hindi ito matatanggap mula sa kanya. Hindi niya tungkuling magsagawa ng ṣalāh habang may regla maliban kung may maaabutan siya sa oras ng isang ṣalāh na kahit isang sandaling kasinghaba ng isang buong rak'ah, naabutan man niya ang ṣalāh sa simula ng oras nito o sa katapusan ng oras nito. Ang halimbawa ng naabutan ang oras ng ṣalāh sa simula ay ganito: kapag ang isang babae ay dinatnan ng regla mga isang minuto pagkatapos lumubog ang araw, kailangang magsagawa siya ng qaḏā' para sa ṣalāh sa maghrib pagkatapos ng regla at pagkatapos makapaligo dahil may naabutang humigit-kumulang sa isang minuto sa oras ng ṣalāh na ito bago siya dinatnan ng regla. Ang halimbawa naman ng naabutan sa katapusan ang oras ng ṣalāh ay ganito: kapag huminto ang regla ng isang babae mga isang minuto bago sumikat ang araw, kailangang magsagawa siya ng qaḏā' para sa ṣalāh sa fajr pagkatapos ng regla at pagkatapos makapaligo dahil may naabutan siyang humigit-kumulang sa isang minuto sa oras ng ṣalāh na ito nang huminto ang kanyang regla.

Ang dhikr, ang takbīr (pagsabi ng ***Allāhu akbar***), ang Tasbīḫ (pagsabi ng ***Subhānallāh***), ang Taḫmīd (pagsabi ng ***Alhamdu lillāh***), ang Tasmiyah (pagsabi ng ***Bismillāh***) sa pagkain at iba pang gawain, ang pagbabasa ng Hadīth o aklat sa Fiqh (Batas at Patakaran sa Islam) o ang pagsambit ng du'ā' (panalangin), ang Ta'mīn (pagsabi ng Amen), at ang pakikinig ng Qur'ān ay hindi ipinagbabawal sa babaeng may regla. Tungkol naman sa pagbabasa ng isang may regla ng Qur'an, kung titingnan lamang niya ang mga nakasulat na talata ng Qur'ān at babasahin ito nang hindi binibigkas, ay hindi ito ipinagbabawal gaya halimbawa kapag may nakalagay na kopya ng Qur'an at titingnan niya ang mga Āyah na nakasulat dito at babasahin ito ng tahimik. Ang karapat-dapat para sa may regla ay huwag basahin ang Qur'ān nang may tunog maliban kung kinakailangan, gaya halimbawa kung ang may regla ay isang guro at kailangan niyang ipabigkas ang Qur'ān sa mga tinuturuan, o kung siya ay isang mag-aaral at mayroong pagsusulit at kailangang basahin niya ang Qur'ān bilang pagsusulit sa kanya, at iba pang dahilang tulad nito.

### 2. Ang Pag-aayuno

Ipinagbabawal sa isang may regla na mag-ayuno ng pag-aayunong Fard o sunnah at hindi ito matatangap sa kanya, ngunit kailangang magsagawa siya ng qaḏā' para sa mga pag-aayuno sa Ramaḏān na hindi niya napag-ayunuhan. Kung dinatnan siya ng regla habang siya ay nag-aayuno, wala nang saysay ang kanyang pag-aayuno sa araw na iyon kahit pa dinatnan siya nito mga isang sandali bago lumubog ang araw. Kailangang magsagawa siya ng qaḏā' para sa araw na iyon kung ang pag-aayuno ay Farḏ. Kapag naramdaman naman niya ang pagdaloy ng regla

bago pa man lumubog ang araw subalit lumabas lamang ang dugo matapos na lumubog ang araw, ang pag-aayuno niya ay buo at hindi nawalan ng saysay. Kung sumapit na ang madaling araw at may regla pa siya, kailangang hindi siya mag-ayuno sa araw na iyon dahil hindi matatanggap ang kanyang pag-aayuno kahit pa huminto ang kanyang regla mga isang minuto matapos sumapit ang madaling araw. Kapag huminto ang regla bago magmadaling araw, kahit mga isang minuto bago magmadaling araw, kailangang mag-ayuno siya sa araw na ito sapagkat tanggap ang kanyang pag-aayuno kahit pa na nakapaligo lamang siya pagkatapos ng madaling araw.

3. Ang Pagsagawa ng Ṯawāf

Ipinagbabawal sa isang may regla ang pagsagawa ng ṯawāf sa Ka'bah, farḏ man o hindi farḏ, at hindi ito matatanggap sa kanya. Ngunit ang ibang mga gawain sa ẖajj at 'umrah gaya ng sa'y sa pagitan ng Ṣafā at Marwah, Wuqūf (pagtigil) sa Arafat, Mabīt (pagpapagabi) sa Muzdalifah at Minā, ang pagsasagawa ng ramy sa mga Jamrah, at iba pa ay hindi bawal sa kanya. Kaya alinsunod dito kung nagsagawa siya ng ṯawāf habang siya'y walang regla at kaagad na dumating ang matapos niyang magsagawa ng ṯawāf o habang nagsasagawa siya ng sa'y, tanggap pa rin ang kanyang ṯawāf o sa'y.

4. Ang Pananatili sa Masjid

Ipinagbabawal sa isang may regla na manatili sa masjid (Ngunit hindi naman ipinagbabawal ang dumaan lamang.)

5. Ang Pakikipagtalik

Ipinagbabawal sa isang may regla na makipagtalik sa asawa at ipinagbabawal din na payagan niya ang kanyang asawa na gawin iyon. Subalit ipinahintulot naman ni Allah ang anumang gawain na makapagbabawa ng init ng katawan na hindi humahantong sa tuwirang pagtatalik gaya ng yakap, halik at iba pa.

6. Ang Diborsyo

Ipinagbabawal sa isang lalaki na diborsiyuhin niya ang kanyang maybahay sa panahong ng pagreregla nito. Kung diniborsiyo niya ito habang may regla ito, sinuway na niya si Allah at ang Sugo (SAS) at nakagawa siya ng isang ipinagbabawal. Kaya sa sandaling iyon, ay kailangang balikan niya ang kanyang maybahay at panatilihin ito sa kanyang piling hanggang sa matapos ang regla nito at saka niya diborsiyuhin ito kung nais niya. Ngunit ang lalong karapat-dapat ay hayaan niya muna itong magregla sa ikalawang pagkakataon at kapag natapos na ang regla nito ay pananatilihin niya ito sa kanyang piling kung nais niya o diborsiyuhin ito kung nais niya rin.

7. Ang Paligo

Kailangang maligo ang isang babae kapag huminto na ang kanyang regla. Hindi na niya kailangang kalagin sa pagkatirintas ang kanyang buhok maliban kung napakahigpit nang pagkakatali at baka hindi na makarating ang tubig sa anit ng ulo. Kapag huminto ang kanyang regla sa oras ng ṣalāh, kailangang magmadali siyang maligo upang maabutan niya ang pagsagawa ng ṣalāh sa oras nito. Kung siya naman ay naglalakbay at wala siyang makitang tubig o kung may tubig man ay nangangamba siya na baka makasama sa kanya ang paggamit ng tubig, o kung siya ay may-sakit na makasasama ang paggamit ng tubig, magsasagawa na lamang siya ng tayammum sa halip na maligo at kapag nawala na ang mga hadlang sa paligo ay saka siya maligo.

Ang Istiẖāḏāh

Ang Istiẖāḏah ay ang patuloy na pagdurugo na hindi na talaga humihinto o kung humihinto man ay sa loob lamang ng maikling panahon: isa o dalawang araw sa loob ng isang buwan. At ayon sa ibang mga Iskolar ng Islam ang pagdurugong humigit pa sa 15 araw ay Istiẖāḏah na maliban na lamang kung ang kanyang regular na period ng pagreregla ay mahigit sa 15 araw.

Ang Tatlong Kalagayan ng Babaeng may Istiẖāḏah

1. **Na mayroon siyang regular na period ng regla noong bago siya nagkaroon ng Istiẖāḏah.** Kaya naman siya ay babatay sa dating regular na period ng regla niya, ituturing niyang may regla siya sa panahong ito, masasaklawan siya ng mga alituntunin sa pagreregla, at ang iba pang pagdurugo ay Istiẖāḏah na saklaw naman ng mga alituntunin para sa babaeng may Istiẖāḏah.

   **Halimbawa:** May isang babae na dinadatnan noon ng regla tuwing ika-28 araw at nagtatagal ng anim na araw ngunit bigla siyang nagkaroon ng Istiẖāḏah at ang

pagdurugo ay patuloy nang dumarating. Kapag nagkaganito, ang regla niya ay anim na araw na nagsisimula tuwing ika-28 araw at ang pagdurugong iba pa rito ay Istihādah na. Kaya alinsunod dito, ituturing ng babaeng may Istihādah, na dati namang may regular na may regla, na may regla siya na kasingtagal ng dating regla. Pagkatapos nito ay maliligo na siya at saka magsagawa ng salāh at hindi na niya bibigyang pansin ang lumalabas na dugo.

2. **Na wala siyang regular na period ng regla noong bago siya nagkaroon ng Istihādah.** Ang Istihādah ay tuloy-tuloy na sa kanya mula noong unang makita niya na lumabas ang dugo sa unang pagkakataon. Sa ganitong kalagayan ay magsasagawa siya ng pagkikilatis: ang dugo ng regla ay nakikilala sa kaitiman ng kulay o kalaputan o pagkakaroon ng amoy. Kung mayroong kahit isa man lamang sa tatlong katangiang ito, ang dugo ay ituturing na regla na saklaw ng mga alituntunin sa regla at ang dugo naman na iba pa rito ay Istihādah na saklaw naman ng mga alituntunin sa Istihādah.

   **Halimbawa:** May isang babae na mula noong unang makita niya na lumabas ang dugo sa unang pagkakataon ay nagpatuloy na ito sa kanya subalit may nakikilatis siyang pagkakaiba:

   (1) napapansin niya na ang dugo sa loob ng sampung araw, halimbawa, ay kulay itim at sa nalalabing mga araw ng buwan ay kulay pula naman,
   (2) o napapansin niya na ito sa loob ng sampung araw, halimbawa, ay malapot at sa nalalabing mga araw ng buwan ay malabnaw naman,
   (3) o napapansin niya na ito sa loob nang sampung araw, halimbawa, ay may amoy at sa nalalabing mga araw ng buwan ay walang amoy naman.

   Sa ganitong kalagayan ang kanyang regla ay (**A**)ang dugong kulay itim sa unang halimbawa, (**B**) ang dugong malapot sa ikalawang halimbawa, at (**C**) ang may amoy sa ikatlong halimbawa; ang anumang iba pa sa mga ito ay Istihādah na.

3. **Na wala siyang regular na period ng regla at wala rin siyang angkop na batayan sa pagkikilatis.** Ang Istihādah ay tuloy-tuloy na sa kanya mula noong unang makita niya na lumabas ang dugo sa unang pagkakataon at ang dugo ay may isang katangian lamang (hindi nagbabago sa kulay o amoy o lapot) o may mga katangiang nakalilito na hindi maaaring maging katangian ng regla. Sa ganitong situwasyon, siya ay babatay sa period ng regla ng nakararaming babae kaya ang magiging period ng regla niya ay anim o pitong araw sa bawat buwan na nagsisimula sa unang araw ng period na una niyang nakita ang dugo. Ang dugo pagkatapos ng Period ay Istihādah na.

## Ang Mga Alituntunin sa Istihādah

Ang mga alituntuning sumasaklaw sa Istihādah ay katulad ng sa sumasaklaw kapag walang regla. Kaya walang pagkakaiba ang mga babaeng may Istihādah sa ang mga babaeng wala sa sandali ng pagreregla maliban sa mga sumusunod:

1. Kailangang magsagawa ng wudū' sa bawat salāh ang babaeng nasa sandali ng Istihādah,
2. Kapag nais niyang magsagawa ng wudū', kailangang hugasan niya muna ang bakas ng dugo sa *underwear* at maglalagay sa ari ng bulak (o *sanitary napkin*) na pampigil sa daloy ng dugo.

## Ang Nifās at ang mga Altuntunin Rito

Ang nifās ay dugong inilalabas ng matris dahil sa panganganak, na maaaring lumabas habang nanganganak, o matapos manganak, o mga dalawa o tatlong araw bago manganak at may kalakip na pananakit ng tiyan (*labor*). Ang babae ay tāhir[45] na kapag huminto na ang kanyang pagdurugo. Kapag sumobra pa sa 40 araw ang pagdurugo, maliligo na siya pagkatapos ng ika-40 araw sapagkat ito ang pinakamahabang panahon ng nifās kahit ang pagdurugo ay patuloy pa rin, maliban kung ang pagdurugo na sumobra sa 40 araw ay regla dahil kapag nagkagayon ay maghihintay siya hanggang sa matapos ang regla at pagkatapos ay maliligo siya.

Maituturing lamang na nifās ang pagdurugo kung nagluwal ang isang babae ng isang may malinaw na anyong tao. Kaya kung nakunan siya at nagluwal ng maliit na *fetus* na walang malinaw na anyong tao, ang pagdurugo matapos makunan ay hindi dugo ng nifās kundi dugong galing sa ugat at ang alituntuning sasaklaw sa kanya ay ang alituntunin sa Istihādah. Ang pinakamaikling panahon na magiging malinaw ang anyong tao ng *fetus* ay 80 araw mula nang

[45] Malinis na sa regla at maaari nang makipagtalik at magsagawa ng lahat ng mga gawaing panrelihiyon.

magdalang-tao at ang karaniwang panahon ay 90 araw. Ang mga alituntunin na sumasasaklaw sa nifās ay katulad ng sa mga alituntunin na sumasaklaw sa regla na nabanggit na.

### Ang Pampigil ng Regla at ng Pagbubuntis

1. Ang paggamit ng isang babae ng gamot na pampigil ng regla ay ipinahihintulot alinsunod sa dalawang kundisyong ito:
   A. Na walang kinatatakutang kapinsalaang maaaring mangyayari sa kanya ngunit kung may kinatatakutang kapinsalaang maaaring mangyari sa paggamit niyon, hindi ito ipinahihintulot;
   B. Na iyon may kapahintulutan ng kanyang asawa kung ang paggamit nito ay may makakaapekto sa kanyang asawa.
2. Ang paggamit ng pamparegla ay ipinahihintulot alinsunod sa dalawang kundisyong ito:
   A. Ang kapahintulutan ng asawa;
   B. Na ang layunin ng paggamit ay hindi upang takasan ang mga tungkuling pangrelihiyon gaya halimbawa ng paggamit nito upang takasan ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadān, ang pagsasagawa ng ṣalāh at iba pa.
3. Ang paggamit ng pampapigil sa pagbubuntis (*contraceptive*) ay dalawang uri:
   A. Ang anumang permamenteng makapipigil sa pagbubuntis ay hindi ipinahihintulot;[46]
   B. Ang anumang pansamantalang makapipigil sa pagbubuntis ay ipinahihintulot. Halimbawa: kung ang isang babae ay madalas magbuntis at ang pagbubuntis ay lubhang nagpapahirap sa kanya kaya ibig niyang limitahan ang kanyang pagbubuntis tuwing ikalawang taon, halimbawa, ito ay ipinahihintulot sa kundisyon na may kapahintulutan ng kanyang asawa at wala itong kapinsalaang maidudulot sa kanya.

### PAGSASANAY BLNG. VIII.

Tanong:

1. Ano ang gagawin ng isang Muslim o Muslima kung nais nitong matulog?
2. Ano ang dapat mong gawin kung ikaw ay maghihikab?
3. Ano ang iyong dapat na gawin kung ikaw ay bumahin at ano ang dapat mong sabihin kung may narining kang bumahin?
4. Ano ang dapat mong sabihin kung bumisita ka sa isang may sakit?
5. Ano ang sasabihin mo sa isang tao na nagbigay ng tulong sa iyo?
6. Kung ang kalamidad ay nanalasa sa isa sa mga mahal niya sa buhay , ano ang du'a na dapat mong sabihin sa taong ito?
7. Ano ang sasabihin mo pagkatapos mong magsagawa ng salah?
8. Ipaliwang kung papaano binibigyan respeto ang kababaihan sa Islam?
9. Ano ang biyaya ng isang Muslim na nagpunyaging mahimok ang isang tao tungo sa Islam?
10. Ano ang masasabi mo sa pagpapalit ng pangalan ng taong yumakap sa pananampalatyang Islam?

### SAGUTIN ANG MGA TANONG?

1. Bakit kailangan na ilubog ang langaw na nahulog sa inumin?
2. Bakit ipinagbabawal na kumain sa mga bagay na gawa ng ginto at pilak?
3. Bakit ipinagbabawal na kumain at uminom gamit ang kaliwang kamay?
4. Bakit kailangan takpan ang bibig kapag humihikab?
5. Bakit kailangan ayusin ang alitan ng magkapatid na Muslim bago matapos ang 3 araw?

---

[46] Gaya ng gamot o instrumento o operasyon na magbubunga ng permanenteng pagpigil sa pagbubuntis.

## PAGSUSULIT BLNG. VII.

PANGALAN: ______________________ PETSA: ______________
PANGALAN NG GURO: ______________________
LAGDA: ______________________ MARKA: ______________

### I. IBIGAY ANG DAPAT BIGKASIN O DU'A SA MGA SUMUSUNOD.

1) Sa paghikab.
______________________________
2) Sa pakikiramay sa namatayan.
______________________________
______________________________
3) Sa may sakit.
______________________________
4) Pagbukas ng pag-aayuno (Breaking the fast)
______________________________
______________________________
5) Bago kumain o uminom.
______________________________
______________________________
6) Pagkatapos kumain.
______________________________
______________________________
7) Pagkatapos nang paggawa ng isang pagsamba (Eid, Fasting, Umrah at Hajj).
______________________________
8) Sa pagpapasalamat sa sinuman.
______________________________
9) Sa tuwing binabanggit ang pangalan ni Propeta Muhammad.
______________________________
10) Kung ipahihintulot ni Allah (SWT).
______________________________

### II. IBIGAY ANG MGA SUNNAH.

1. Sa harap ng pagkain.
2. Sa pag-inom.
3. Sa paghatsing.
4. Sa pagbati.
5. Sa pagtulog.

### III. SAGUTIN ANG TANONG:

1. Mahirap ba ang isang Balik Islam? Ano ang malaking pagsubok na iyong dinanas at paano mo ito hinarap? ______________________________

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

2. Sa iyong kakayahan, ano ang magagawa mo para ma-ida'awah at imbitahan ang iyong mga mahal sa buhay, kaibigan at kakilala sa Islam? ______________________________

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

## IV. TAMA O MALI

______ 1. Takpan ng kamay ang bibig sa paghihikab.
______ 2. Sabihin kung mayroon hindi nagustuhan sa inihaing pagkain.
______ 3. Hindi maaaring tanggihan ng nag-imbita ang sinumang isama ng naimbitahan.
______ 4. Maaring kumain ng mag-isa subalit mas makakabuti na kumain sa karamihan
______ 5. Hindi maaring dumaan sa pagitan ng dalawang nag-uusap ng walang pahintulot.
______ 6. Mainam na sorpresahin ang asawa sa pag-uwi sa gabi.
______ 7. Hindi maaring magsuot ng ginto at silk ang kalalakihan.
______ 8. Sa pagtulog, na humiga sa kaliwang bahagi ng katawan.
______ 9. Mas maunang bumati ang mga bata sa nakakantada.
______ 10. Maunang bumati ang lumalakad sa nakasakay.
______ 11. Isang kautusan na alagaan ang mga magulang kahit hindi sila Muslim.
______ 12. Ang Pagbati ay isang sunnah.
______ 13. Ang pagsagot sa isang pagbati ay isa ding sunnah.
______ 14. Ang pag-ahit ng bigote at hayaan ang balbas ay isang makruh.
______ 15. Banggitin ang Bismillah sa pagnahatsing.
______ 16. Makakabuti na ayusin ang alitan sa pagitan ng dalawang magkapatid na Muslim ng hindi hihigit sa 3 oras.
______ 17. Ang Hajj ay bahagi ng Islam na kinakailangan gampanan minsan sa buhay ng isang Muslim.
______ 18. Kinakailangan na gampanan na magdasal (limang obligado) ang kalalakihan sa bahay.
______ 19. Ang paggawa ng dasal para sa Eid ay isang sunnah.
______ 20. Ang pagbigay ng Sadaqahtul fitri ay isang sunnah.
______ 21. Si Satanas ay isang kaffir.
______ 22. Mas mainam na mag dasal (salah) ang kababaihan sa Masjid.
______ 23. Ang Muslim ay ang taong mas gustong mamuhay ng may kapayapaan saan o kanino man
______ 24. Ang mabuting bahay ng Muslim ay yaong ang ulila ay inaalagaan.
______ 25. Ahitin ang lahat ng buhok sa katawan.
______ 26. Ang Mabuting Muslim ay yaong may mabuting disposisyon at ang pinakamabuti sa kanila ay yaong mabuti sa kanilang alipin.
______ 27. Ipinagbabawal sa kababaihan ang magasawa ng hindi Muslim.
______ 28. Mahalin natin ang ating kapitbahay pangalawa sa Maykapal.
______ 29. Ang Muslim ay yaong ang kanyang kapatid ay ligtas sa kanyang kamay at dila.
______ 30. Ang Layltul Qadr ay nasa unang sampung araw ng Ramadan.

## V. DAPAT NA BANGGITIN SA MGA SUMUSUNOD.

1. Sa paghikab. ______
2. Sa pakikiramay sa namatayan. ______
3. Sa may sakit. ______
4. Pagbukas ng pag-aayuno (Breaking the fast) ______
5. Pagkatapos kumain. ______
6. Pagkatapos ng Salah (Obligatory). ______
7. Pagkatapos ng paggawa ng isang pagsamba (Fasting, Umrah at Hajj). ______
8. Sa pagpapasalamat sa sinuman. ______
9. Sa tuwing binabanggit ang pangalan ni Propeta Muhammad. ______
10. Sa tuwing binabanggit si Allah. ______

## VI. IBIGAY ANG MGA HINIHINGI.

1. Tatlong (3) halimbawa ng Bid'ah (Kabaguhan).
   1) ____________ 3) ____________
   2) ____________
2. Tatlong (3) halimbawa ng Riya (Pagpapakitang Tao) o gawaing pakitang–tao.
   1) ____________ 3) ____________
   2) ____________
3. Apat (4) halimbawa ng Malaking shirk.
   1) ____________ 3) ____________
   2) ____________ 4) ____________
4. Anim (6) na tungkulin ng Muslims sa kapwa Muslim.
   1) ____________ 3) ____________
   2) ____________ 4) ____________
   5) ____________ 6) ____________
5. Tatlong (3) halimbawa na hindi kailangan sagutin ang isang pagbati.
   1) ____________ 3) ____________
   2) ____________
6. Tatlong (3) halimbawa na kailangan banggitin ang salitang "Bismillah".
   1) ____________ 3) ____________
   2) ____________
7. Tatlong) halimbawa na kailangan gamitin ang kanang kamay.
   1) ____________ 3) ____________
   2) ____________
8. Tatlong (3) halimbawa kung paano magkamit ng kayamanan o ari-arian sa masama o ilegal na pamamaraan.
   1) ____________ 3) ____________
   2) ____________
9. Tatlong (3) sunnah sa tamang pagkain o harap ng kainan.
   1) ____________ 3) ____________
   2) ____________
10. Tatlong (3) sunnah bago matulog.
    1) ____________ 3) ____________
    2) ____________
11. Tatlong (3) sunnah sa pag inom .
    1) ____________ 3) ____________
    2) ____________
12. Tatlong (3) kaibahan ng kalalakihan at kababaihan sa pananamit.
    1) ____________ 3) ____________
    2) ____________
13. Tatlong (3) gagawin kapag nahatsing.
    1) ____________ 3) ____________
    2) ____________
14. Ang kailangan gawin pagkatapos ng dasal (Salah).
    ____________
15. Ang mga karapatan ng kababaihan sa Islam.
    1) ____________ 3) ____________
    2) ____________ 4) ____________
    5) ____________ 6) ____________
16. Magbigay ng mga katangian ng isang Muslim.
    1) ____________ 3) ____________
    2) ____________ 4) ____________
    5) ____________ 6) ____________

**PAGSUSULIT BLNG. VIII.**

PANGALAN:_______________________________ PETSA: ______________
PANGALAN NG GURO: ________________________
LAGDA: ___________________________________ MARKA: ____________

**I. ISULAT SA PATLANG ANG TAMANG SAGOT.**

1. Ang Muslim ay hindi mapupunta sa paraiso hanggat hindi niya binabantayan ang nasa pagitan ng kanyang labi at pagitan ng kanyang _____________________________ sa pagkakasala.
2. Ang pinakamabuting bahay ng isang Muslim ay yaong kung saan ang ______________________ay inaalagaan.
3. Ang pinakamabuting Muslim ay yaong daw may maayos na pagiisip at payo, at ang pinaka mabuti sa inyo ay yaong pinaka-mabuti sa inyong_______________________.
4. Hindi nararapat na ang alitan ng dalawang Muslim ay magtagal ng higit sa _______________oras.
5. Walang sinuman ang may pananampalataya hanggat hindi niya ako (Propeta Muhammad)______________________ ng higit pa sa kanyang ama, mga anak at ng buong sanlibutan.
6. Ang Relihiyon ay magaan at madali, ang sinuman na nagpapahirap sa kanyang sarili at gumagawa ng higit sa inu-utos nito ay hindi niya ito _____________________.
7. Kung anu man ang ating ninanais sa ating sarili ay marapat din nating naisin sa ating __________________________.
8. Walang Muslim na hahantong sa Paraiso hanggat hindi niya naayos ang kanyang mga naiwanang_________________________.
9. Ang sinuman na umalis sa kanyang kinauupuan ay may karapatan na ito ay kanyang balikan, maliban na lamang kung ito ay kanyang ________________________.
10. Tulungan ang inyong kapatid sa kahirapan at _________________________ kung siya ay naliligaw.
11. Ang ___________________ ay parte ng katawan ng kung ito ay mabuti ang buong katawan ay mabuti, at kung ito ay masama, ang buong katawan, ito din ay masama.
12. Kung walang magandang sasabihin, makakabuti na ikaw ay ________________.
13. Ang taong hindi nagpapakita ng kahinhinan at __________________ ay hindi Muslim.
14. Ang pinaka masama sa inyo (Muslim) ay yaong nananakit ng alipin, hindi nagbibigay ng kawang gawa at kumakain ng __________________.
15. Ang Muslim ay hindi nakikilala sa tagal na siya ay Muslim kung hindi sa kanyang _________________.
16. Ang paraiso ng anak ay nasa ____________ ng ina.
17. Bigyan ng panahon at pagmamahal ang ina kaysa ama ng _______________beses.
18. Ang gantimpala ng sinumang mag-imbita ng isang tao sa pananampalatayang Islam ay katulad ng ____________________ ng taong iyon na tumanggap sa Islam.
19. Ang Muslim ay yaong ang kanyang kapwa Muslim ay ligtas sa kanyang kamay at ____________.
20. Sa pagpili ng mapapang asawang babae, piliin yaong may higit ang _______________.

**II. PUMILI NG 2 AT IPALIWANAG**

1. ANG KALIGTASAN (SALVATION) SA ISLAM.
2. ANG PANANAMPALATAYA SA ISLAM.
3. KATANGIAN NG ISANG TUNAY NA MUSLIM.
4. ISLAM ANG TUNAY NA RELIHIYON.
5. ANG KABABAIHAN SA ISLAM.
6. MENSAHE NG ISLAM.
7. SI HESUS SA ISLAM.
8. BAKIT KAILANGAN MAY MGA PROPETA.
9. ARAW NG PAGHUHUKOM.
10. ANIM NA HALIGI NG PANANAMPALATAYA.

## III. IBIGAY ANG TAMANG KASAGUTAN.

________ 1. Kailan ginaganap ang Eidul Fitr.?
________ 2. Kailan ginaganap ang Eidul Adha?
________ 3. Ang Salatul Eid ay may ilang takbir sa una at sa ika-lawang rak'ah?
________ 4. Ang tawag sa unang pagkain sa pagbukas o pagtapos ng pagaayuno?
________ 5. Ang (Arabe) ay isang tawag sa mga Muslim.
________ 6. Kailangan gawin pagkatapos ng buwanang regla o Post natal period?
________ 7. Sa kalalakihan mas mainam na gawin ang sunnah (prayer) sa?
________ 8. Ang taong nananampalataya sa iisang Diyos (Allah) at sumasaksi na Muhammad ang huling propeta ay tinatawag na?
________ 9. Ang biyaya ay higit na ipinagkakaloob doon sa kumakain sa?
________ 10. Ang mga Muslim ay tulad ng ________ na sumusuporta sa bawat isa?
________ 11. Ang ___ ay parte ng katawan na kung ito ay masama, ang buong katawan ay masama din?
________ 12. Kung walang magandang sasabihin makakabuti ?
________ 13. Sagutin ang pagbati ng hindi Muslim ng?
________ 14. Ang taong hindi nagpapakita ng kahinhinan at _____ ay hindi Muslim?
________ 15. Banggitin ang ________sa tuwing nababanggit ang pangalan ni Propeta Muhammad?
________ 16. Mga bagay na ipinagbabawal sa Islam?
________ 17. Mga bagay na ipinahihintulot sa Islam?
________ 18. Mga bagay na di-kanais nais sa Islam?
________ 19. Mga bagay na kinakailangan (obligatory) sa Islam?
________ 20. Ang paniniwala sa kaisahan ng pagka Diyos at pagsamba kay Allah?
________ 21. Ito ay katangian ng isang Muslim na may takot kay Allah (SWT)?
________ 22. Ito ay ang pananampalataya o paniniwala sa mga utos ni Allah (SWT) at ni Propeta Muhammad ng walang tanong o pag-aalinlangan?
________ 23. Magandang sambitin sa pagpapasalamat sa kaninuman?
________ 24. Ang mga gawain na hindi inutos at itinuro ni Propeta Muhammad (SAS)?
________ 25. Isang gabi sa buwan ng Ramadhan na katumbas ay isang libong buwang pagsamba?
________ 26. Dalawang bagay na ipinagbabawal na isuot sa mga kalalakihan?
________ 27. Ang taong nagtatambal (Arabe) ng ibang diyos kay Allah (swt.)?
________ 28. Tinipon na mga salita, tradisyon, gawa at katuruan ni Propeta Muhammad (SAS) mula sa kanyang mga asawa at Sahaba?
________ 29. Ang mga tradisyon, o gawain (Arabe) ni Propeta Muhammad (SAS)
________ 30. Ito ang naghihiwalay sa isang Muslim at hindi Muslim (Kafr)?
________ 31. Ang pagkukunwari o pagpapanggap na isang Muslim?
________ 32. Ang taong nagpapanggap o nagkukunwaring Muslim ngunit taliwas ang gawa at paniniwala sa kautusan ng Islam?
________ 33. Huling kain sa panahon ng pag-aayuno bago mag dasal ng Salatul Fajr?
________ 34. Ang mga sinugo ni Allah upang maging gabay ng mga tao?
________ 35. Pagtatambal at pagsamba ng ibang diyos maliban kay Allah(swt.)?
________ 36. Ito ay ang pagdagdag sa halaga na iyong hiniram o pinahiram?
________ 37. Ito ang tawag (sa Arabe) sa pagpapakitang tao sa kanyang ginagawa?
________ 38. Ito ay ang pananampalataya o paniniwala sa mga utos ni Allah (SWT) at ni Propeta Muhammad ng walang tanong o pag-aalinlangan?
________ 39. Taong hindi naniniwala kay Allah (SWT) at ni Propeta Muhammad (SAS)?
________ 40. Ang bagay o halaga (Arabe) na dapat ibigay ng lalaki sa kanyang mapapang-asawa?
________ 41. Ang natatangi, walang pagbabago at natitirang kasulatan , kautusan at salita ni Allah (SWT).
________ 42. Ang gabing paglalakbay sa Al Aqsa mosque at pag akyat sa langit ng Propeta Mohammad (SAS) at tanggapin ang utos tungkol sa Salah mula kay Allah (SWT).
________ 43. Ang isang gantipala sa nag-ayuno kung saan ilalayo ang kanyang mukha sa Apoy ng Impiyerno?
________ 44. Ang araw na kung saan ang mga Muslim ay magsusulit kay Allah (SWT)?
________ 45. Ang tawag sa tatlong ikot (Arabe) na mabilis sa pagsasagawa ng Tawaf?

## PANGWAKAS NA SALITA.

Ang isipan ay imbakan ng kaalam, ang puso ay imbakan ng saloobin at mga nakatagong sikreto ng ating buhay, ang mga labi ang sagka at ang dila ang nagsisilbing susi ng mga ito.

Kung patungkol sa paghahangad ng pagpapala na magmumula kay Allah, marapat na buksan ng susi ang kandado upang maipalaganap ang katotohanan hinggil sa natutunang kaalaman na ang imbakan ng karunungan ay gamiting sandata upang ang natatagong kaalaman ay maging mitsa sa papapalaganap ng Relihiyong Islam. Ang mga gawang ito ay marapat na ihandong, tangi sa Nag-iisang Diyos lamang – si Allah.

Subalit dapat na bantayan ng susi ang sagka upang ang saloobing nakaimbak sa kanyang puso na magiging mitsa ng pagkakawatakwatak ng kapatiran ay hindi maisiwalat at maging dahilan na makasakit ng damdamin ng kapuwa, marapat na ito ay bantayang huwang mabuksan hanggang sa kahulihulihang hininga ng isang tunay na may takot at nananampalataya kay Allah.

Ganoon pa man, ang taos pusong pasasalamat kay Allah (SWT) sa pagbibigay sa akin ng oras upang magampanan ang pagsisikap na ito na tipunin ang lahat ng mga datos na kinakailagan upang mabuo ang adhikaing ito. Ako ay dumadalangin sa Kanyang Kaluwahatian na patuloy Niya tayong gabayan upang tahakin ang wastong landas tungo sa Buhay na walang Hanggan – Ang paraiso.

Kasabay nito ang panalanging bigyan pa Niya ng wastong kaisipan at talino ang taong nanghimok at naging kaagapay ko sa pagbuo ng aklat na ito, walang iba kundi si ***Kapatid Sulayman Idrees Alojado*** ng Zulfi. Nawa ay patuloy na makapagbigay siya ng kaalaman sa mga kapatid nating yumakap sa pananampalatayang Islam.

Dalangin ko rin kay Allah na bigyan Niya tayo ng mahabang buhay at mapagtagumpayan ang adhikain tungo sa pagpapalaganap ng Islam sa buong sangkatauhan.

Ako ay sumasaksi na walang ibang dapat sambahin maliban sa Nag-iisang Diyos - Si Allah at ako ay sumasaksi na si Mohammad ay ang huling Sugo ng Diyos.

As Salam alaykum wa rahmatulahi wa barakatu.

Ang Inyong Kapatid sa Islam,

**Eisa "Rene" Saturno-Batallones**
Jubail Da'awah and Guidance Center
Jubail Kingdom of Saudi Arabia

مطابع الابتكار - الدمام: ٨٤٧٣٨٨٠
ردمك : ٩٩٦٠-٩٧٣٦-٥-٤